MAY LARAWANG GABAY



# Ang Gabay

## Para sa Bagong Muslim

Ang Mga Madadaling Patakaran At Mga Mahahalagang Alituntunin ng Islam Para Sa Mga Bagong Muslim Sa Lahat Ng Mga Aspeto Ng Buhay

Fahd Salem Bahammam



NEW MUSLIM GUIDE

MAY LARAWANG GABAY
Ang Gabay Para sa Bagong Muslim
Fahd Salem Bahammam

Filipino

Ang iyong Eeman



Ang iyong Taharah



Ang iyong Salaah



Ang iyong Pag-aayuno



Ang iyong Zakaah



Ang iyong Hajj



Ang Iyong Mga Pananalapi



Ang iyong pagkain at inumin



Ang iyong Pananamit



Ang iyong Pamilya



Ang Iyong Pag- uugali



Ang Iyong Bagong Buhay



# Ang Gabay Para sa Bagong Muslim

**Ang katangi-tanging gabay** na inilahad sa iyo ay siyang unang hakbang at tumatayo bilang isang bahaging batayan ng iyong pag-aaral sa dakilang pananampalataya na ito na walang alinlangang ito ang siyang pinakamarangal na pagpapalang iginagawad ng Allah sa tao. Ito ay nagkakaloob sa iyo ng mga alituntuning gagabay sa iyo sa lahat ng mga aspeto ng buhay na iyong kahaharapin, at tumutugon sa iyong mga mahahalagang katanungan, gayundin at susuporta sa iyo sa pakikitungo sa mga taong nasa iyong kapaligiran at matagumpay na pakikisalamuha sa iba't ibang kalagayan na karaniwan mong matatagpuan sa iyong sarili. Inilahad sa isang malinaw na pamamaraan, ang gabay na ito ay nagbibigay sa iyo nang may kaakibat na kaalamang nagmula sa Qur'an at sa Sunnah ng Propeta (ﷺ).

**Bukod pa sa pagkakaroon isang gabay** ng aklat na ito, ito ay kalugud-lugod sa pagbabasa at pagsasaliksik. Ito rin ay isang sangguniang gabay na maaari mong balikan sa bawa't sandali na iyong kahaharapin ang isang pangyayari [o kalagayan] o pangangalagaan upang iyong malaman ang batas o hatol ng Allah sa isang naturang usapin [o paksa].

www.newmuslimguide.com

9 660000 040089
ISBN. 978-603-00-9101-0

MODERN GUIDE

NEW MUSLIM GUIDE

# *Ang Gabay Para sa Bagong Muslim*

*Ang Mga Madadaling Patakaran At Mga Mahahalagang Alituntunin ng Islam Para Sa Mga Bagong Muslim Sa Lahat Ng Mga Aspeto Ng Buhay*

*Fahd Salem Bahammam*

© **Fahd Salim Bahmmam , 1433H**

***King Fahd National Library Cataloging-in-Publication Data***

Bahammam, Fahd Salim Omer

The New muslim guide. / Fahd Salem Omer Bahammam –Riyadh , 1433H

Pages: 280 ; size: 16.7/23.7 cm

ISBN: 978-603-00-9101-0

1-Islamic preaching a-Title

210,7 dc 1433/851

**L.D. no. 1433/851**

**ISBN: 978-603-00-9101-0**

**Sixth Edition**

1440/2019

All rights reserved for

**Modern Guide**

For charitable printing and distribution of the book
Please contact

**Modern Guide**

Birmingham UK
B11 1A
Tel: + 441214399144

K.S.A
Tel: + 966112922240
Fax: + 966112922205

بسم الله الرحمن الرحيم

| | |
|---|---|
| AUTHOR | FAHD SALEM BAHAMMAM |
| TRANSLATOR | MUHAMMAD TAHA ALI |
| PROJECT MANAGER | KHALED AHMED AL-AHMADI |
| EDITOR | AHMAD JIBREEL SALAS |
| FOLLOW-UP AND COORDINATION | AHMED KHALED ALKATHERI |
| DESIGN AND PRODUCTION | EL AMRI MEHDI |
| PHOTOGRAPHY | DPI STUDIO<br>ET AL. |
| PUBLISHING AND DISTRIBUTION | DAAR SAMAA' AL-KUTUB PUBLISHING AND DISTRIBUTION |
| ELECTRONIC PUBLISHING | MODERN GUIDE IT |

برعاية
Sponsored By

الشريك الإستراتيجي
أوقاف محمد بن عبد العزيز الراجحي
Awqaf Mohammed Abdulaziz Al-rajhi
نماء وعطاء

# *Ang Panimula Ng Tagapaglathala*

Ang lahat ng mga suriang-istatistika sa larangan ng relihiyon ay nagkakaisa na ang Islam ang siyang pinakamabilis o nangungunang relihiyon sa batay sa paglalahad na inyong matutunghayan sa ibaba:

Ang hanay-pahalang ay sumasagisag sa bilang ng mga yumayakap dito araw-araw, at ang hanay-patayo ay sumasagisag sa mga kadahilanan kung paano [at bakit] sila nahikayat na yumakap sa relihiyon at ang pagbibigay ng Islam ng panibagong sigla para sa kanilang buhay bilang mga bagong muslim.

At ito ay sa dahilang ang Islam ay relihiyong walang hanggan na sumasang-ayon sa [makatuwirang] isip, kaluluwa at umuugma sa likas na taglay ng tao.

Karagdagan pa nito ang ibayong pagpupunyagi [at pagsisikap] ng mga Islamikong tanggapan at mga masisigasig na da`iyah sa pag-aanyaya sa mga di-muslim sa lahat ng dako ng mundo sa pamamagitan ng iba't ibang makabagong pamamaraan at mga teknikalidad.

Nguni't ang karamihan sa naturang mga pagpupunyagi [at pagsisikap] ay nakatuon lamang sa pag-aanyaya [at panghihikayat] sa mga tao upang pumasok [o yumakap] sa Islam, subali't walang naibibigay na anumang babasahin na mayroong malilinaw na layunin para sa isang bagong muslim upang sila ay patnubayan sa landas na kanilang tatahakin na nagsisimula sa oras ng kanilang pagpapahayag ng Shahaadah [*Laa ilaaha illallaah Muhammadan rasulullaah*], at sadyang nangangailangan pa rin matutunan ang maraming mga aral [o alituntunin] upang maisakatuparan ito para sa lahat ng mga aspeto ng kanyang buhay.

At ikinararangal ng tanggapang Dar Samail Kutub ang makapaghandog ng isang aklat na pinamagatang (Gabay Para Sa Bagong Muslim) na kumakatawan bilang isa sa mga inihandang proyekto na binuo batay sa mapananaligang kaalaman sa Islam at matalinong pagtatangka na nakatuon para sa bagong Muslim sa buong daigdig na may sari-sariling kinikilalang wika.

At ang aklat na ito ay siyang nagsisilbing pamantayan na pinagbatayan na kung saan ang lahat ng kasamang proyekto nito kabilang ng internet, social working services, mga makabuluhang video at mobile program na may pinagtipunang layunin upang tumulong at mag-alalay sa mga bagong Muslim sa lahat ng dako ng mundo.

Ating idalangin sa Dakilang Allah na nawa'y patnubayan ang ating mga hakbangin at gawin Niyang maging tapat ang ating mga salita at gawa bilang paglilingkod para sa Kanya.



**Ang Tagapaglathala**

# Ang Mga Nilalaman ng Gabay

## Ang Pambungad




| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| **Ang Pinakadakilang Pagpapala** | 26 |
| Kung gayon, paano nga ba ang pagpapasalamat sa pagpapalang ito? | 27 |
| **Ang Layunin ng Ating Pagkakalikha [o Pagkakaroon ng Buhay]** | 28 |
| **Ang Islam ay pandaigdigang Relihiyon** | 29 |
| At dahil dito ay iginagalang ng Islam ang lahat ng kaugalian at kinagisnan ng mga tao | 29 |
| Ang lahat ng kalupaan ay pook ng pagsamba sa Allah | 29 |
| **Sa Islam ay walang tagapamagitan sa pagitan ng isang alipin at ng kanyang Panginoon** | 30 |
| Magkagayon, dumating ang Islam upang bigyang-dangal ang tao at itaas sa marangal at kagalang-galang na kalagayan. | 30 |
| At binigyang kalayaan ng Islam ang isip ng isang Muslim at hinikayat ito tungo sa pagmumuni-muni | 30 |
| **Ang Islam ay Relihiyon ng Buhay** | 31 |
| Ang Pagpapatayo ng Kabihasnan Sa Kalupaan | 31 |
| Ang Pakikihalubilo sa Mga Tao | 31 |
| Ang Relihiyon ng Kaalaman | 32 |
| **Ang Pag-aaral sa mga Batas ng Islam** | 32 |

| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| **Ang mga Islamikong Batas** | 33 |
| Waajib [Kailangan at Dapat] - Haraam [Bawal] Sunnah at Mustahabb [Kaaya-aya] - Makrooh [Kinamumuhian] - Mubaah [Pinahihintulutan] | 33 |
| Ang Limang Haligi ng Islam | 33 |
| **Paano Ko Malalaman [at Matutuhan] ang Mga Batas ng Relihiyong (Islam)?** | 35 |
| **Ang Islam ang Relihiyon ng Katamtaman [Walang Kalabisan at Walang Kakulangan]** | 36 |
| Ang Pananampalatayang Islam ay Sumasaklaw sa Lahat ng Mga Aspeto ng Buhay | 37 |
| **Ang Islam ay nararapat husgahan sa pamamagitan ng mga marangal na prinsipiyo at hindi batay sa mga masasamang asal ng ilang iresponsableng Muslim** | 38 |
| **Ang Limang Mahahalagang Pangangailangan** | 39 |
| Ang Relihiyon | 40 |
| Ang Buhay | 40 |
| Ang Isip | 40 |
| Ang Mga Anak [o mga Supling] | 40 |
| Ang Mga Ari-arian [at Kayamanan] | 41 |

# 1 Ang Iyong Eeman




| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| **Ang Shahadatain (Ang Dalawang Pagpapahayag o Pagsaksi): Ang Kahulugan at Mga Pangangailan-gan Nito.** | 44 |
| Bakit Laa ilaaha illallaah (walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah)? | 44 |
| Ang Kahulugan ng Laa ilaaha illallaah | 45 |
| Ang Mga Haligi ng Laa ilaaha illallaah (walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah) | 46 |
| **Ang Pagsasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah** | 48 |
| Ang Pagkilala sa Propeta ﷺ | 48 |
| Ang Kanyang Kapanganakan | 48 |
| Ang Kanyang Buhay at Paglaki | 48 |
| Ang Pagsugo sa Kanya | 49 |
| Ang Simula ng Kanyang Da`wah (Pag-papalaganap at Pag-aanyaya Tungo sa Pagsamba sa Allah) | 49 |
| Ang Kanyang Hijrah [Paglikas] | 50 |
| Ang Kanyang Pagpapalaganap ng Islam | 50 |
| Ang Kanyang Kamatayan | 51 |
| Ang Kahulugan ng Pagsasaksi na si Muhammad ay Tunay na Sugo ng Allah | 52 |
| Ang paniniwala sa lahat ng mga pahayag na kanyang ipinabatid sa lahat ng laran-gan, at ang mga ilan dito ay | 52 |
| Ang pagpapatupad sa kanyang ﷺ mga ipinag-uutos at ipinagbabawal, at ito ay sumasaklaw sa | 53 |
| Na hindi natin sasambahin ang Allah maliban nang ayon sa kanyang mga naitagubilin [bilang batas] sa atin, at napapaloob dito ang ilan sa mga bagay na kailangan munang tiyakin. | 53 |

| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| **Ang Eeman ay binubuo ng Anim na Haligi ng Paniniwala** | 55 |
| Ang Kahulugan ng Paniniwala sa Allah - ang Makapangyarihan at Kapita-pitagan | 55 |
| Ang Paniniwala sa Pagkakaroon ng Isang Tunay na Diyos – ang Allah | 55 |
| Ang Kalikasan ng Allah | 55 |
| Ang mga patunay sa pagkakaroon ng Diyos [ang Allah] ay higit na maliwanag kaysa sa banggitin at bilangin ang mga katibayan hinggil dito: at ang ilan sa mga ito | 56 |
| Ang Paniniwala sa Allah bilang Tanging Panginoon | 56 |
| Ang mga arabong Mushrik (mapagtam-bal sa Kaisahan ng Allah) sa kapanahu-nan ng Sugo ng Allah ay naniniwala sa Allah bilang Panginoon | 58 |
| Ang Paniniwala sa Ar-Rububiyyah (Allah bilang Tanging Panginoon) ay nagbibigay ng kapanatagan ng mga puso | 58 |
| Ang Paniniwala sa Allah Bilang Nag-iisang Diyos | 59 |
| Ang Kahalagahan ng Paniniwala sa Allah bilang Tunay at Nag-iisang Diyos | 60 |
| **Ano ang Kahulugan ng Ibaadah (gawaing pagsamba)?** | 61 |
| Ang Ibaadah (pagsamba) sa Lahat ng Mga Kalakaran ng Buhay | 61 |
| Ang Ibaadah (pagsamba) ang siyang wagas na layunin sa paglikha | 62 |
| Ang mga Haligi ng Ibaadah (gawaing pagsamba) | 62 |
| Ang Mga Patakaran ng Ibaadah (Pagsamba) | 63 |

| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| Ang Tuwirang Pagtuon ng Pagsamba sa Allah Nang Walang Pagtatambal [sa Kanya] | 63 |
| Ang Pagsang-ayon at Pagsunod sa Sunnah (katuruan) ng Sugo ng Allah ﷺ | 63 |
| **Ang Shirk (Pagtatambal sa Kaisahan ng Allah)** | 64 |
| Ang malaking Shirk | 64 |
| Ang maliit na Shirk | 65 |
| Itinuturing ba ang paghingi ng tulong sa mga tao at ang pagsusu-mamo sa kanila bilang isang Shirk? | 65 |
| **Ang Paniniwala sa mga Pangalan ng Allah at sa Kanyang mga Katangian** | 67 |
| Ang ilan sa mga Pangalan ng Allah | 67 |
| Ang Mga Bunga ng Paniniwala sa Mga Pangalan ng Allah at sa Kanyang mga Katangian | 68 |
| Ang Mga Pinakamataas na Antas ng Eeman (Pananampalataya) | 69 |
| Ang Ilan sa Mga Kabutihang Ibinubunga ng Paniniwala sa Allah | 69 |
| **Ang Paniniwala sa mga Anghel** | 70 |
| Ang Kahulugan ng Paniniwala sa mga Anghel | 70 |
| Ano ang Mga Napaloloob sa Paniniwala sa Mga Anghel? | 70 |
| Ang paniniwala sa kanilang mga katangian na ating napag-alaman, at ang mga ilan dito ay | 72 |
| Ang Mga Mabubuting Bunga ng Paniniwala sa Mga Anghel | 72 |
| **Ang Paniniwala sa Mga Kasulatan [o Kapahayagan]** | 73 |
| Ang Kahulugan ng Paniniwala sa Mga Kasulatan [o Kapahayagan] | 73 |
| Ano ang Mga Napaloloob sa Paniniwala sa Mga Kasulatan [o Kapahayagan]? | 73 |
| Ang Mga Kahigtan [o Kabutihan] at Katangian ng Dakilang Qur'an | 74 |

| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| Ano ang tungkulin natin para sa Banal na Qur'an? | 75 |
| Ano ang Katayuan Natin Tungkol sa kung ano ang nasa mga naunang Kasulatan? | 76 |
| Ang Mga Bunga ng Paniniwala sa mga Kasulatan | 77 |
| **Ang Paniniwala sa mga Sugo** | 78 |
| Ang Pangangailangan ng Sangkatauhan sa Mensahe | 78 |
| Ito ay Isa sa Mga Haligi ng Eeman (Pananampalataya) | 79 |
| Ang Kahulugan ng Paniniwala sa Mga Sugo | 79 |
| Ano ang Napaloloob sa Paniniwala sa Mga Sugo? | 80 |
| Ang ilan sa mga katangian ng mga Sugo | 81 |
| Ang mga Tanda ng mga Sugo at kanilang mga kapangyarihan | 82 |
| Ang paniniwala ng isang Muslim tungkol kay Isa (Hesus) – ipagkaloob nawa sa kanya ang kapayapaan | 82 |
| Siya ay tunay na isa sa pinakadakila sa mga Propeta at may mataas na katayuan | 82 |
| Si `Isa (Hesus) – ipagkaloob nawa sa kanya ang pagpapala at kapayapaan | 82 |
| Siya ay si Isa (Hesus) na anak na lalaki ni Maryam (Maria) | 82 |
| Katotohanang walang Sugo sa pagitan niya at kay Muhammad ﷺ | 83 |
| Tayo ay naniniwala sa mga kapangyarihan na pinapangyari ng Allah sa kanyang mga kamay | 83 |
| Hindi magiging ganap ang Eeman [paniniwala] ng isang tao hangga't hindi naniniwala na si `Isa (Hesus) ay alipin ng Allah at Kanyang Sugo | 83 |
| Tunay na siya ay hindi napatay at hindi naipako | 84 |

| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| Ang paniniwala na si Muhammad ﷺ ay isang Propeta at Sugo | 85 |
| Ang partikular na mga katangian ng Mensahe ni Muhammad | 86 |
| Ang Mensahe ni Muhammad ang siyang sagka o pinakahuli sa mga naunang Mensahe | 86 |
| Ang mensahe ni Muhammad ay nagpapawalang bisa sa mga naunang mensahe | 86 |
| Ang mensahe ni Muhammad ay sumasaklaw sa dalawang Thaqalain: Ang Jinn at Tao | 86 |
| Ang Mga Bunga ng Paniniwala sa Mga Sugo | 87 |
| **Ang Paniniwala sa Huling Araw** | 88 |
| Ang Kahulugan ng Paniniwala sa Huling Araw | 88 |
| Bakit binibigyang-diin ng Qur'an Ang Paniniwala sa Huling Araw? | 88 |
| Ano ang Napaloloob sa Paniniwala sa Huling Araw? | 89 |
| Ang paniniwala sa pagkabuhay na muli at pagtitipon | 89 |

| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| - Ang paniniwala sa pagsusulit [pagtutuos ng gawa] at pagtitimbang | 90 |
| Ang Paraiso at ang Apoy: ang Paraiso ay ang tahanan ng walang hanggang kaligayahan | 90 |
| Ang kaparusahan sa libingan at ang lubos na kaligayahan dito | 91 |
| Ang Mga Bunga ng Paniniwala sa Huling Araw | 92 |
| **Ang Paniniwala sa Al-Qadr (Tadhana)** | 94 |
| Ang Kahulugan ng Paniniwala sa Al-Qadr (Tadhana) | 94 |
| Ano ang napaloloob sa paniniwala sa Qadr (Tadhana)? | 94 |
| Ang tao ay may sariling pagpipilian, kakayahan at kagustuhan | 95 |
| Ang Paggamit ng Qadar [Tadhana] Bilang Dahilan Upang Gumawa ng Kasamaan | 97 |
| Ang Mga Kabutihan ng Paniniwala sa Qadar [Tadhana] | 98 |


## 2 Ang Iyong Taharah [Kalinisan at Kadalisayan]




| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| **Ang Kahulugan ng Taharah [Kalinisan at Kadalisayan]** | 102 |
| Ano ang hinihiling na kalinisan [na dapat tuparin at gampanan] para sa Salaah (pagdarasal)? | 103 |
| Ang Paglilinis mula sa Najasah (Karumihan) | 103 |
| At ang lahat ng bagay ay itinuturing na likas na malinis [o dalisay] | 103 |

| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| At ang mga bagay na marurumi [at salaula] | 103 |
| Ang paglilinis mula sa Najasah (Dumi) | 104 |
| Ang mga wastong pamamaraan o [kagandahang asal ng] Al-Istinja' (paghuhugas ng dalawang labasan [ng ihi at dumi] sa pamamagitan ng paggamit ng tubig] | 104 |
| Al-Hadath (Ang Kalagayan [o Antas ng] Karumihan) | 106 |

| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| Ang Hadath Asgar (maliit na antas ng karumihan) at ang [pangangailangan ng] Wudhu’ | 107 |
| Paano ako magsasagawa ng Wudhu’? | 108 |
| Ang Hadath Akbar (nasa kalagayan ng malaking dumi) at ang [pangangailangan ng] Ghusl (Paliligo) | 110 |

| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| Ang mga kinakailangan ng Ghusl (Paliligo) | 110 |
| Papaano maglilinis ang isang Muslim na nasa sa Janabah (sekswal na karumihan) o nasa kalagayan ng Hadath-Akbar [malaking antas ng karumihan]? | 111 |
| Ang Pagpunas sa Medyas | 111 |


# 3 Ang Iyong Salaah (pagdarasal)




| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| **Ang Salaah (Pagdarasal)** | 114 |
| Ang Kahulugan ng Salaah sa salitang-ugat | 114 |
| Ang Katayuan ng Salaah (pagdarasal) at Kahigtan nito | 114 |
| Ang Mga Kahalagahan ng Salaah (Pagdarasal) | 115 |
| Kanino ipinatutupad [at ipinag-uutos bilang tungkulin] ang pagsasagawa ng Salaah (Pagdarasal)? | 116 |
| **Ano ang mga patakaran na kailangang maisaalang-alang para sa Salaah (pagdarasal)?** | 117 |
| Ang paglilinis | 117 |
| Ang pagtatakip ng Awrah (mga maseselang bahagi ng katawan) | 117 |
| Ang babae - Ang batang lalaki - Ang lalaki | 117 |
| Ang Pagharap sa Qiblah (direksiyon sa Salaah) | 118 |
| Ang pagdating ng tamang oras ng Salaah (pagdarasal) | 118 |

| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| **Ang Limang Takdang Pagdarasal [Salaah] at Ang Mga Oras Nito** | 119 |
| Ang Lugar ng Salaah (Pagdarasal) | 120 |
| **Ang Pamamaraan ng Salaah** | 123 |
| Ang Niyyah (layunin) | 123 |
| Tumindig nang matuwid para sa Salaah | 123 |
| Bigkasin ang pambungad na Du`a (panalangin) bilang kaaya-ayang gawain | 123 |
| Bigkasin ang panimulang Surah (kabanata) Al-Fatihah | 124 |
| Ano ang gagawin ng isang hindi nakasasaulo ng Al-Fatihah at mga Dhikr (paggunita sa Allah) sa [oras ng] Salaah? | 124 |
| At ang kahulugan ng Surat (kabanata) Al-Fatihah ay ang sumusunod | 125 |
| Nakabubuti sa isang Muslim pagkatapos ng Salam mula sa Takdang Salaah | 129 |
| **Paano Ako magsasagawa ng Salaah?** | 130 |

| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| **Ang mga Rukn (haligi) ng Salaah, at ang mga Wajib (Pangangailangang Patakaran) na dapat gawin dito** | 134 |
| Ang mga Sunnah (kaaya-aya nguni’t hindi tungkulin) sa Salaah | 134 |
| Ang Sujud As-Sahu | 135 |
| **Ang Mga Nakakasira sa Salaah** | 136 |
| **Ang Mga Kinamumuhian sa [oras ng] Salaah** | 136 |
| **Ano ang mga Salaah na kalu-gud-lugod?** | 137 |
| **Ang mga oras na ipinagba-bawal dito ang pagsasagawa ng kusang-loob na Salaah** | 138 |
| **Ang Salaah na Jama`ah (sama-sama)** | 139 |
| Ang kahulugan ng pagsunod sa Imam | 139 |
| Sino ang Dapat Piliin na maging Imam? | 139 |
| Saan tatayo ang Imam (namumuno sa Salaah) at yaong mga Ma’mum (sumusunod sa Imam sa pagdara-sal)? | 139 |
| Paano Isagawa ang mga di-inabu-tang yunit [o bahaging di-naabu-tan] sa Salaah ng Imam? | 140 |
| Sa paano naaabutan ang Rak`ah? | 140 |
| **Ang Adhan (panawagan para sa Salaah)** | 141 |
| Ang pamamaraan ng Adhan at Iqamah | 141 |
| Ang Pag-ulit ng Anumang Binibi-gkas ng Muaddhin sa pagtatawag [Adhan] nito | 142 |
| **Ang Kataimtiman [at Pagpapakum-baba] sa Salaah** | 143 |

| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| Ang kataimtiman [at pagpakum-baba sa Salaah ang siyang katoto-hanan ng Salaah at pinakadiwa nito | 143 |
| Ang mga pamamaraan na nakatu-tulong sa Kataimtiman ng Salaah | 143 |
| **Ang Salaah sa Jumu`ah (Biyernes)** | 145 |
| Ang kabutihan ng araw ng Jumu`ah (Biyernes) | 145 |
| Sino ang Dapat Magsagawa ng Jumu`ah? | 146 |
| Ang Pamamaraan at Mga Alituntu-nin sa Salaah sa Jumu`ah | 146 |
| Sino ang pinapahintulutan na di dumalo sa Jumu`ah? | 147 |
| Ang tuloy-tuloy ba na gawain o tungkulin ay isang dahilan ng pagliban at hindi pagdalo sa Jumu`ah? | 147 |
| Kailan ipinahihintulot sa isang gawain o hanap-buhay ang pagli-ban sa Salatul-Jumu`ah? | 148 |
| **Ang Salaah (pagdarasal) ng maysakit o may karamdaman** | 148 |
| **Ang Salaah ng isang Musafir (naglalakbay)** | 149 |


# 4 Ang Iyong Pag-aayuno




| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| **Ang Pag-aayuno sa Buwan ng Ramadhan** | 152 |
| Ang Kahulugan ng Pag-aayuno | 152 |
| **Buwan ng Ramadhan** | 152 |
| Ang Kabutihan ng Buwan ng Ramadhan | 152 |
| **Ang Wagas na Layunin sa Pag-aayuno** | 153 |
| **Ang kabutihan ng Pag-aayuno** | 154 |
| **Ang Mga Bagay na Nakasisira sa Pag-aayuno** | 155 |
| Ang pagkain at pag-inom | 155 |
| Ang pagsasalin ng dugo sa pasyenteng may karamdaman na tumatanggap ng dugo at ang isang bahagi nito | 155 |
| Ang pakikipagtalik at Ang paglabas ng semilya | 155 |
| Ang sadyang pagsusuka | 155 |
| Paglabas ng dugo sanhi ng pagreregla o pagdurugo | 155 |
| **Sino ang pinahintulutan ng Allah na itigil ang pag-aayuno** | 156 |
| Ang may sakit | 156 |
| Ang walang kakayahan sa pag-aayuno dahil sa katandaan at karamdaman na walang pag-asang malunasan, | 156 |
| Ang naglalakbay | 156 |
| Ang dinatnan ng dugo sanhi ng pagreregla o panganganak | 156 |
| Ang nagbubuntis at nagpapasuso | 156 |
| Ano ang Hatol sa Isang Muslim na Itinigil ang Kanyang Pag-aayuno sa Ramadhan? | 157 |


| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| **Ang Mga Kusang-loob na pag-aayuno** | 157 |
| Ang Araw ng `Ashura’ | 157 |
| Ang Araw ng `Arafah | 157 |
| Ang Anim na Araw sa Shawwal | 158 |
| **Ang Pinagpalang Eidul Fitr** | 158 |
| Ano Ang Mga Itinatagubilin Para sa Araw ng Eid? | 159 |
| Ang pagsasagawa ng Salaatul Eid (pagdarasal sa Eid) | 159 |
| Ang Zakatul Fitr (Ang kawanggawa pagkatapos ng Ramadhan) | 159 |
| Ipinag-utos na palaganapin ang kaligayahan at pagsasaya sa buong pamilya | 160 |
| Ipinag-utos ang pagpupuri at pagdakila sa Allah sa gabi ng Eid (kinabukasan ay Eid) | 161 |

## 5 Ang Iyong Zakaah (Takdang kawanggawa)




| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| **Ang Mga Layunin ng Zakaah (Takdang Kawanggawa)** | 164 |
| **Ano ang mga kayamanan na kinakailangang patawan ng Zakaah?** | 165 |
| Ang ginto at ang pilak | 165 |
| Ang mga ari-arian at mga salaping papel | 165 |
| Ang Mga Paninda Para sa Kalakalan | 166 |
| Ang Mga Yamang-lupa tulad ng mga ani, mga bunga at mga butil. | 166 |
| Ang mga Yamang-Hayupan | 166 |
| **Kanino nararapat ibinibigay [at ipamahagi] ang Zakaah?** | 167 |
| At ang mga uri ng tao na karapat-dapat bahaginan [at tumanggap] ng Zakaah | 167 |


## 6 Ang Iyong Hajj (Ang Pilgrimahe)




| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| **Ang Mga Kabutihan at Katangian ng Makkah at Masjidil Haram (Ang Sagradong Bahay-dalanginan)** | 170 |
| **Ang Kahulugan ng Hajj (malaking Pilgrimahe)** | 172 |
| **Ang oras ng Hajj** | 172 |
| Sino Ang May Tungkuling Upang Magsagawa ng Hajj? | 172 |
| Ang Kakayahan ng isang Muslim Upang Magsagawa ng Hajj | 173 |
| Ang pangangailangan ng isang Mahram (lalaking malapit na kamag-anak) ng isang babae para sa pagsasagawa ng kanyang Hajj | 174 |
| **Ang Mga Kabutihan ng Hajj** | 174 |
| **Ang Mga Layunin ng Hajj** | 175 |
| **Ang Umrah (maliit na pilgrimahe)** | 177 |
| **Ang Pinagpalang Eidul Adha** | 178 |
| Ito ang pinakamainam sa mga araw ng taon | 178 |
| Ano ang Dapat Gawin sa Araw ng Eidul Adha? | 178 |
| Ang Udhhiyah | 178 |
| Ang mga Patakaran na Dapat Tuparin Para sa Hayop na Iniaalay Bilang Handog | 179 |
| **Ang Pagdalaw sa Lungsod ng Propeta (Madinah)** | 180 |
| Ano ang Mga Alituntunin na Dapat Tuparin Para sa Pagdalaw sa Lungsod ng Propeta (Madinah)? | 180 |

# 7 Ang Iyong Mga Pananalapi [at Mga Ugnayang-kalakalan]




| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| Ang Iyong Mga Ugnayang Pangkala-kalan at Pananalapi | 184 |
| Sa Pangkalahatang Pananaw ng Islam, ang Lahat ng Kalakalan [at Pananalapi] ay Ipinahihintulot | 185 |
| Ang Mga Bagay na Bawal Sanhi ng Likas na Karumihan Nito | 185 |
| Ang Mga Halimbawa ng Mga Bagay na Ipinagbabawal Sanhi ng Kanilang Karumihan | 185 |
| Ang Mga Bagay na Bawal Sanhi ng Maling Pamamaraan ng Pag-kamit [o Paghango at Pagkatamo] Nito | 185 |
| **Ang Riba (Pagpapatubo)** | 186 |
| Riba Ad-Dayn (pagpapatubo sa pautang) | 186 |
| Riba Al-Qard (pagpapatubo sa utang) | 186 |
| Ang Hatol ng Batas ng Islam Tungkol sa Riba | 186 |
| Ang Kaparusahang Nakapataw sa Riba | 187 |
| Ang Mga Panganib o Nakakapinsa-lang Naidudulot ng Riba sa Tao at sa Lipunan | 188 |
| Ito ay nagdudulot ng masidhing kawalan ng kaayusan sa pamamahagi ng yaman | 188 |
| Ito ay nag-aanyaya ng walang kabulu-hang pagtatapon ng yaman at pagmama-labis sa walang kapararakang gastusin | 188 |
| Ang Riba (pagpapatubo) ay pumipigil [at humahadlang] sa mga mayayamang namu-muhunan mula sa mga mabubuti at kapaki-pakinabang na pamumuhunang kalakalan sa bansa | 188 |

| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| Ang Riba ay isang dahilan ng pagkawala ng biyaya ng yaman at pagbagsak ng kabuhayan [ekonomiya] | 188 |
| Ano ang hatol kapag siya ay yuma-kap sa Islam, samantalang siya ay nakatali sa isang kasunduang patubuan? | 189 |
| **Ang Panlilinlang sa Pamamagitan ng Kamangmangan at Kawalang Katiyakan** | 190 |
| Ang Mga Halimbawa ng Bilihan na Kinasasangkutan ng Kawalang-kabatiran [o Kawalan ng Katiya-kan] | 190 |
| Ang Mga Pangyayari o [Mga Pagkakataong] Kung Saan ang Kawalang Kabatiran [o Kamuwangan] ay Makapagdulot ng Pag-aalinlangan sa Kasunduan | 190 |
| **Ang Dhulm (kawalang katarungan o katuwiran) at pagkamkam ng mga yaman at ari-arian ng mga tao sa paraang di-makatuwiran** | 191 |
| Ang pamimilit | 191 |
| Ang pandaraya at panlilinlang | 191 |
| Ang Paglalaro [o Panlilinlang] sa Batas | 192 |
| Ang Rishwah (Suhol) | 192 |
| Ano ang hatol ng Islam hinggil sa isang yumakap sa Islam na kumuha o tumatanggap ng yaman sa paraang di-makatuwiran noong panahon na hindi pa siya Muslim? | 193 |
| **Ang Sugal at Larong-sugal** | 193 |
| Ano ang Sugal at Larong-sugal? | 193 |
| Ang Hatol o Kapasiyahan ng Islam Hinggil sa Sugal: | 193 |

| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| Ang Mga Kapinsalaan ng Pagsu-sugal at Larong-sugal sa Tao at sa Lipunan | 194 |
| Ito ang nagtatanim ng galit at poot sa pagitan ng mga manunugal o manlalaro | 194 |
| Ang pagsusugal ang paninira sa mga ari-arian at paglulustay ng mga yaman | 194 |
| Ang pagkahumaling at pagkahilig sa sugal | 194 |
| Ang Mga Iba't Ibang Uri ng Sugal | 195 |
| **Ang Mga Wastong Pamamaraan ng Kalakalan na Binigyang-diin ng Islam** | 196 |
| Al-Amanah (ang Tiwala) | 196 |
| Ang Katapatan | 197 |
| Ang Kahusayan sa Paggawa | 197 |


## 8 Ang Iyong Pagkain at Inumin



| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| Ang Pangkalahatang Alituntunin Tungkol sa Pagkain at Inumin | 200 |
| **Ang Mga Pag-aanihan at mga Bunga** | 200 |
| **Ang Mga Inuming Nakalalasing at ang Alkohol** | 201 |
| Ang Pangangalaga sa Isip | 201 |
| Ang Kapasiyahan tungkol sa Khamr (Lahat ng Uri ng Inuming Nakalalasing) | 201 |
| **Ang Mga (Bawal na) Gamot** | 202 |
| **Ang Mga Pagkaing Hinango Mula sa Dagat** | 202 |
| **Ang Mga Hayop sa Kalupaan** | 203 |
| Ano ang Mga Hayop na Ipinahihintulot? | 203 |
| Ang Mga Ipinagbabawal Kainin Mula sa Mga Hayop | 204 |
| Ang Islamikong Pagkakatay | 204 |
| Ang Mga uri ng Karne Sa mga Kainan at mga Pamilihan | 205 |
| **Ang Pangangaso Ayon sa Batas ng Islam** | 206 |
| At mga patakaran para sa pangangaso ng mga hayop at maiilap [o mababangis na hayop] ay nararapat na tuparin kabilang na ang mga sumusunod: | 206 |
| **Ang mga kagandahang asal sa pagkain at pag-inom** | 207 |

# 9 Ang Iyong Pananamit [Kasuutan]




| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| **Ang Pananamit [o Kasuutan] sa Pananaw ng Islam** | 212 |
| Ang Pananamit ay Nagbibigay ng Maraming Bilang ng Mabuting Layunin | 212 |
| Ang Pangkalahatang Alituntunin Tungkol sa Kasuutan [Pananamit] | 213 |
| **Ang mga Kasuutan na Ipinagbabawal** | 213 |
| Ang anumang naglalantad ng `Awrah (bahagi ng katawan na kailangang takpan) | 213 |
| **Ang anumang kasuutang may pagkakahawig sa pagitan ng dalawang kasarian** | 214 |
| Ang anumang kasuutang may pagkakahawig sa mga di-muslim. | 214 |
| Ang anumang kasuutang nagpapahiwatig ng pagmamalaki at pagmamataas | 215 |
| Kapag ito ay mayroong sutla o ginto para sa mga kalalakihan | 215 |
| Ang anumang may kasamang pagmamalabis rito at paglulustay | 215 |


# 10 Ang Iyong Pamilya




| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| **Ang Katayuan ng Pamilya sa Islam** | 218 |
| Pinahalagahan ng Islam ang prinsipyo ng pag-aasawa at ang pagbuo ng pamilya | 218 |
| Ipinagkaloob ng Islam sa bawa't miyembro ng pamilya ang lubos na paggalang, maging ito man ay lalaki o babae | 218 |
| Sadyang masigasig ang Islam sa pagtatanim ng prinsipyo ng pagpapahalaga at paggalang para sa mga ama at mga ina | 219 |
| Ipinag-utos nito ang pangangalaga sa mga karapatan ng mga anak na lalaki at mga babae | 219 |
| Ipinag-utos nito sa isang Muslim na pag-ibayuhin ang ugnayan ng pagkakamag-anak | 219 |
| **Ang Katayuan ng Babae sa Islam** | 220 |
| Pinarangalan ng Islam ang babae at pinalaya mula sa pagkaalipin ng lalaki | 220 |
| Mga kababaihan na Ipinag-utos ng Islam ang Pag-aalaga sa kanila | 221 |
| Ang ina | 221 |
| Ang anak na babae | 221 |
| Ang asawang babae | 221 |
| Walang puwang sa pagitan ng dalawang kasarian [lalaki at babae] upang sila ay maglaban sa isa't isa | 222 |

| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| **Ang mga uri ng babae para sa lalaki** | 222 |
| Na ang babae ay magiging kanyang asawa | 222 |
| Na siya (ang babae) ay magiging isa sa kanyang mga Mahram | 222 |
| Na ang babae ay hindi kaanu-ano para sa kanya | 225 |
| **Ang mga patakaran ng ugnayan sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babaeng banyaga (hindi kaanu-ano)** | 225 |
| Ang pagbaba ng paningin | 225 |
| Ang pakikitungo ayon sa kaganda-hang asal at pag-uugali | 226 |
| Ang pagbabawal sa Al-Khulwah (pag-iisa) | 226 |
| Al-Hijab (Ang Pagsusuot ng Takip) | 227 |
| Ang Mga Hangganan ng Hijab (pagsu-suot ng Takip) | 227 |
| Ang Mga Patakaran ng Hijab na pantakip | 227 |
| **Ang Pag-aasawa sa Islam** | 228 |
| Ang Mga Patakaran ng Islam sa Babaeng Pakakasalan | 228 |
| Ang mga Patakaran ng Islam sa Lalaking Mag-aasawa | 229 |
| **Ang mga karapatan ng asawang lalaki at asawang babae** | 230 |
| Ang mga karapatan ng asawang babae | 230 |
| Ang paggugol at ang tahanan | 230 |
| Ang magandang pakikitungo | 231 |
| Ang pinamamahalaan at pagbabata (pagpapasan ng mga tungkulin [at pananagutan] | 231 |
| Ang pamamalagi [at pananatili sa kanya] sa gabi | 232 |
| Ang pagtatanggol sa kanya, sapagka't siya ay tunay na iyong dangal at karangalan | 232 |
| Hindi Nararapat na Ipinagkakalat ang mga Lihim ng Asawang Babae | 232 |

| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| Hindi Ipinahihintulot ang Marahas at Pagmamalabis sa Babae | 232 |
| Ang pagtuturo sa kanya at ang pagpapayo sa kanya | 233 |
| Ang pagiging masigasig sa mga patakaran [o pangangailangan] ng asawang babae | 233 |
| Ang Mga Karapatan ng Asawang Lalaki | 234 |
| Ang tungkulin ng pagsunod sa kabutihan | 234 |
| Ang Kakayahan ng Asawang Lalaki sa Pakikipag-ugnayang-sekswal sa Kanyang Asawa | 234 |
| Ang huwag pahintulutan ang sinumang kinasusuklaman ng asawang lalaki na pumasok sa bahay | 234 |
| Ang huwag lumabas ng bahay maliban sa kapahintulutan ng asawang lalaki | 234 |
| Ang paglilingkod ng babae sa kanyang asawa | 234 |
| **Ang Pag-aasawa Nang Higit sa Isang Babae** | 235 |
| Ang Katarungan | 235 |
| Ang kakayahan ng paggugol sa mga asawa | 236 |
| Ang Walang Pagmamalabis sa Pag-aasawa nang higit sa apat na babae | 236 |
| **Ang Talaq (Diborsiyo)** | 237 |
| Ang Islam ay nag-aanyaya na ang kasunduan ng pag-aasawa ay maging panghabambuhay | 237 |
| Bilang pangkalahatang alituntunin, ang diborsiyo ay nasa kamay ng lalaki at hindi sa kamay ng babae | 237 |
| **Ang Mga Karapatan ng Mga Magulang** | 238 |
| Ang panganib ng pagsuway sa mga magulang at pang-aabuso sa kanila | 238 |
| Ang pagsunod sa kanila sa hindi pagkakasala sa Allah | 239 |

| Ang Nilalaman | Ang pahina | Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|---|---|
| Ang pagiging mabuti sa kanila, lalung-lalo na sa kanilang panahon ng katandaan [at kahinaan] | 239 | Ang pagbigay sa kanila ng magagandang pangalan | 240 |
| Ang Mga Magulang na Hindi Naniniwala (Hindi Mga Muslim) | 239 | Ang pagbutihin ang pagdisiplina sa kanila at pagtuturo sa kanila sa mga prinsipyo ng pananampalataya at ibunsod sa kanila ang pagmamahal dito | 240 |
| **Ang Mga Karapatan ng Mga Anak** | 240 | Ang paggugol | 241 |
| Ang pagpili ng mabuting asawa upang maging isang huwaran at mabuting ina | 240 | Ang pagiging makatarungan sa pagitan ng mga anak, maging mga lalaki man o mga babae | 241 |


# 11 Ang Iyong Pag- uugali [At Kagandahang-asal] sa Islam




| Ang Nilalaman | Ang pahina | Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|---|---|
| **Ang Katayuan ng Kagandahang-asal [at Pag-uugali] sa Islam** | 244 | Ang magandang ugali ay hindi natatangi sa isang uri ng mga tao | 247 |
| Katotohanan ito ang Pinakamahalaga sa Mga Layunin ng Pagsugo kay Propeta Muhammad ﷺ para sa sangkatauhan | 244 | Ang Ugali [na Dapat Ilarawan] sa mga Hindi Muslim | 247 |
| | | Ang Kagandahang-asal sa Mga Hayop | 248 |
| | | Ang Kagandahang-asal [at Pag-uugali] Upang Mapangalagaan ang Kapaligiran | 249 |
| Katotohanang ang Kagandahang-asal [at pag-uugali] ay isang matibay na bahagi ng Eeman [paniniwala] at ng pananalig | 244 | Ang Kagandahang-asal [at Magandang Pag-uugali] sa Lahat ng Aspeto ng Buhay | 250 |
| | | Ang Pamilya | 250 |
| | | Ang Kalakalan | 250 |
| Katotohanan, ang pag-uugali ay nakaugnay sa lahat ng uri ng Ibaadah (mga gawaing pagsamba) | 245 | Ang Pagsisikap-Pangkabuhayan [o Industriya] | 251 |
| | | Ang Ilang Pag-uugali ng Islam sa [Panahon ng] Digmaan | 251 |
| Ang mga dakilang karangalan at malalaking gantimpala na inilaan ng Allah para sa mga nagtataglay ng magandang pag-uugali | 246 | Ilan sa Mga Larawan ng Talambuhay ng Propeta ﷺ at Kanyang Pag-uugali | 252 |
| **Ang Mga Kahigtan [o Katangian] ng Kagandahang-asal [at pag-uugali] sa Islam** | 247 | Ang Kababaang-loob | 252 |
| | | Ang Habag | 253 |

| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| Ang Kanyang Habag sa Mga Bata | 253 |
| Ang Kanyang Habag sa Mga Kababaihan | 254 |
| Ang Kanyang Habag sa mga Mahihina | 255 |
| Ang Kanyang Habag sa Mga Hayop | 255 |

| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| Ang Katarungan | 256 |
| Ang Pagmamagandang-loob at Pagiging Bukas-palad | 256 |


# 12 Ang Iyong Bagong Buhay




| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| **Paano pumasok ang tao sa Islam?** | 260 |
| Makakapasok ang tao sa Islam kapag siya ay nagpahayag ng Shahadatayn (dalawang pagsasaksi) | 260 |
| Ang Pagligo ng Bagong-Yakap sa Islam | 260 |
| **At-Tawbah (Ang Pagsisisi)** | 259 |
| Ano ang Mga Patakaran ng Wastong Pagsisisi [at Pagbabalik-loob]? | 259 |
| Ang Pagtigil [o Pagtalikod] Mula sa Mga Pagkakasala | 259 |
| Ang Mataos na Pagsisisi sa Mga Naunang mga Kasalanan at Pagkakasala | 259 |
| Ang Matatag na Pagpapasiya na hindi na ito babalikan pa | 260 |
| Ang Mga Hakbangin Upang Mabigyan ng Katotohanan ang Matatag na Pagpapasiya | 260 |
| Ano ang kasunod na hakbangin pagkatapos ng Tawbah (pagsisisi)? | 260 |
| Ang Tamis ng Eeman [Pananampalataya] | 261 |
| **Ang Pasasalamat sa Biyaya ng Patnubay at Pagsisisi** | 262 |

| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| Ang matatag [o mahigpit] na paghawak sa Paniniwala at pagtitiis sa kapinsalaan dito | 262 |
| Ang pagsusumikap sa pag-aayaya rito sa pamamagitan ng mahusay na karunungan at magandang pangangaral | 263 |
| **Ang Da`wah (pag-aanyaya) sa Islam** | 264 |
| Ang Mga Kabutihan ng Pag-aanyaya sa Allah | 264 |
| Ang pag-aanyaya sa Allah ay daan sa tagumpay at pagtatagumpay sa mundong ito at sa Huling Araw | 264 |
| Ang pananalita ng Da`iyah (tagapag-anyaya) ang pinakamabuti sa mga pananalita at ipinagkakapuri at pinakamamahal ng Allah | 264 |
| Ang Da`wah ay pagpapatupad sa Kautusan ng Allah na Tigib ng Kaluwalhatian | 264 |
| Tunay na ito ang tungkulin ng lahat ng Sugo | 264 |
| Ang Da`wah ay pinagmumulan ng walang katapusang kabutihan | 265 |
| Ang gantimpala ng Da`iyah (tagapag-anyaya) sa Allah ay higit na mabuti kaysa sa lahat ng karangyaan ng mundong ito | 265 |

| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| Ang Mga Pangangailangang [Katangian na Dapat Taglayin] ng Wastong Da`wah | 266 |
| Ang Tamang Pananaw at Kaalaman | 266 |
| Ang Hikmah (karunungan at mahusay na pamamaraan) sa Da`wah | 266 |
| Ang Pag-aanyaya sa pamilya | 267 |
| **Ang Iyong Kapaligiran at ang Iyong Pamilya** | 268 |
| **Ang pamilya pagkaraang yumakap sa Islam** | 268 |
| Kapag yumakap sa Islam nang sabay ang mag-asawa | 268 |
| Nguni't ano ang hatol kapag ang lalaki ay yumakap sa Islam at hindi yumakap sa Islam ang kanyang asawa? | 269 |
| Ang asawang babae ay Hudyo o Kristiyano | 269 |
| Ang Asawang Babae ay Hindi Hudyo o Kristiyano | 269 |
| Ang Iddah (panahon ng paghihintay) ng babaing hiniwalayan | 270 |
| Kung siya [babae] ay pinakasalan ng lalaki at siya [babae] ay hindi naangkin nito | 270 |
| Ang Iddah (panahon ng paghihintay) ng isang nagdadalang tao | 270 |

| Ang Nilalaman | Ang pahina |
|---|---|
| Kung siya ay hindi nagdadalang-tao at dinaratnan pa rin ng buwanang regal | 270 |
| Kung siya ay hindi nakararanas ng pagreregla sanhi ng kanyang kabataan, o katandaan nito at pagtigil ng pagreregla | 270 |
| Ano ang hatol kapag yumakap sa Islam ang babae at hindi yumakap sa Islam ang kanyang asawa? | 272 |
| Ang pagyakap sa Islam ng mga kabataan: | 273 |
| **Nakabubuti bang magpalit ng pangalan matapos ang pagya-kap sa Islam?** | 275 |
| Samakatuwid, itinatagubilin ang pagpapalit ng pangalan sa mga kalagayan na sumusunod | 275 |
| **Sunan Al-Fitrah (Ang Mga Mabubuting Likas na Kauga-lian)** | 276 |
| Ang pagtutuli | 276 |
| Ang pag-aahit | 277 |
| Ang paggupit ng bigote | 277 |
| Ang pagpapahaba ng balbas | 277 |
| Ang pagpuputol ng mga kuko | 277 |
| Ang pagbubunot sa kilikili | 277 |

## *Ang Pambungad*

Isang malugod na pagbati para sa iyo, na ikaw ay ginawaran ng Allah ng tagumpay at pagpapala sa pamamagitan ng Kanyang patnubay at paghango mula sa kadiliman tungo sa liwanag at sa dakilang pananampalataya [o relihiyon] na ito - ang Islam.

At isang malugod na pagbati para sa iyo nang dahil sa katatagan na iyong ipinamalas at sa iyong kawalang-kinikilingang pananaliksik [at paghahanap] sa katotohanan na siyang nagbunsod para sa iyo upang ikaw ay makapagtakda ng isang pinakamahalagang pagpapasiya para sa iyong buhay – ang iyong pagyakap sa dakilang pananampalatayang ito – ang Islam.

At isang taong bumili ng isang kagamitan o sumapi sa isang samahan o pangkat o kapisanan, ay likas na masigasig na matutunan at basahin ang tungkol sa kanyang karapatan at pananagutan at kung paano siya makitungo sa kanyang bagong hinarap na kalagayan.

Kaya, paano pa kaya ang isang ginawaran ng pagpapala ng Allah sa pamamagitan ng paghango sa kanya mula sa kadiliman tungo sa liwanag ng pananampalataya, samakatuwid walang alinlangan na siya ay lubhang umaasam na malaman [at matutunan] ang mga batas ng kanyang relihiyon upang sambahin ang Allah nang may [tamang] pananaw at kaalaman at kakayahang makipag-ugnayan sa lahat ng mga pagbabago sa kanyang kapaligiran batay sa Batas ng Islam sa [pamamaraang] kaaya-aya.


At ang mga magagandang balita na nararapat mong maramdaman habang ikaw ay nasa mga panahon ng iyong pag-aaral ay ang lahat ng mga kaalaman. Ang iyong natututunan ay kinabibilangan ng kabuuang pamana ng mga Propeta at mga Sugo [para sa sangkatauhan]; sapagka't walang kayamanan o ari-arian ang maaaring makuha mula sa pamana ng mga Propeta, bagkus ang nakukuhang pamana mula sa kanila ay ang Kaalamang nauukol sa pananampalataya [o relihiyon ng Allah]. Kaya sinuman ang nagsaliksik ay tunay na kanyang natamo ang dakilang bahagi ng kaalamang ito bilang pamana ng mga Propeta (Abu Daud 88).

Ang katangi-tanging gabay na inilahad sa iyo ay siyang unang hakbang at tumatayo bilang isang bahaging batayan ng iyong pag-aaral sa dakilang pananampalataya na ito na walang alinlangang ito ang siyang pinakamarangal na pagpapalang iginagawad ng Allah sa tao. Ito ay nagkakaloob sa iyo ng mga alituntuning gagabay sa iyo sa lahat ng mga aspeto ng buhay na iyong kahaharapin, at tumutugon sa iyong mga mahahalagang katanungan, at susuporta sa iyo sa pakikitungo sa mga taong nasa iyong kapaligiran at matagumpay na pakikisalamuha sa iba't ibang kalagayan na karaniwan mong matatagpuan sa iyong sarili. Inilahad sa isang malinaw na pamamaraan, ang gabay na ito ay nagbibigay sa iyo nang may kaakibat na kaalamang nagmula sa Qur'an at sa Sunnah ng Propeta ﷺ bukod pa sa pagkakaroon ng isang gabay ng aklat na ito, ito ay kalugud-lugod sa pagbabasa at pagsasaliksik. Ito rin ay isang sangguniang gabay na maaari mong balikan sa bawa't sandali na iyong kahaharapin ang isang pangyayari [o kalagayan] o pangangalagaan upang iyong malaman ang batas o hatol ng Allah sa isang naturang usapin [o paksa].


At humihiling kami sa Dakilang Allah para sa iyo ng karagdagang gabay at patnubay, at nawa'y Kanyang panatilihin ang iyong puso sa pagsunod sa Kanya at sa Kanyang relihiyon, at nawa'y ipagkaloob din sa iyo ang pagpapala saan ka man naroroon at tanggapin tayong lahat sa Paraiso kasama ng mga Propeta at mga matatapat na alipin ng Dakilang Allah [Ameen].

**Ang May-akda**





# *Ang Pambungad*



## Ang Mga Nilalaman Ng Pambungad:


**Ang Pinakadakilang Pagpapala Para Sa Mga Nilikha**

**Ang Layunin Ng Ating Pagkakaroon Ng Buhay**

**Ang Islam Ay Relihiyong Pandaigdigan**

**Walang Tagapamagitan Sa Pagitan Ng Diyos at Tao. [tulad ng pahina bilang 9]**

**Ang Islam Ay Relihiyon Ng Buhay**

**Ang Pag-aaral Sa Mga Batas Ng Islam**

**Ang Mga Islamikong Batas**

**Paano Ko Malalaman Ang Mga Alituntunin ng Islam?**

**Ang Islam ay Relihiyon ng Katamtaman [Walang Pagmamalabis at Pagkukulang]**

**Ang Relihiyong (Islam) ay Sumasaklaw sa Lahat ng mga Aspeto ng Buhay**

**Ang Islam ay Nararapat Hinuhusgahan Batay sa Dakilang Prinsipiyo nito at Hindi Batay sa Masasamang Asal ng Ibang mga Iresponsableng Muslim.**

**Ang Limang Pangangailangan.**

# > Ang Pinakadakilang Pagpapala

Ang Allah ay nagkaloob sa tao ng mga biyaya nang walang takdang bilang nito, kaya nananatiling nagtatamasa ang bawa't isa sa atin sa mga biyaya at kabutihang-loob ng Allah. Kaluwalhatian sa Kanya, Siya ang nagkaloob sa atin ng biyaya ng pandinig at paningin, pag-iisip, kalusugan, kayamanan at pamilya. Kanyang itinalaga sa atin [ang pangangasiwa] ng kabuuan ng sansinukob, ang araw, ang kalangitan, ang kalupaan nito at ang mga di-mabilang na bagay, tulad ng sinabi ng Allah: {At kung inyong bibilangin ang pagpapala ng Allah, kailanman ay hindi ninyo maitatakda ang bilang nito}. Surah An-Nahl (16): 18

Nguni't ang lahat ng mga pagpapalang ito ay may katapusan batay sa maikling buhay nating ito. Ang tanging pagpapala na maghahatid sa atin ng kasiyahan at kapanatagan sa mundong ito at umaabot ang [magandang] bunga nito hanggang sa kabilang buhay ay ang pagpapala bilang mabuting Muslim na [dulot ng] patnubay ng Islam. Ito ang pinakamalaking pagpapala na ipinagkaloob ng Allah sa Kanyang mga alipin.

At ito ang dahilan kung bakit iniugnay ng Allah ang pagpapalang ito sa Kanya bilang natatanging karangalan bukod sa iba pang pagpapala. Siya, ang Maluwalhati ay nagsabi:

{Sa Araw na ito, Aking ginawang ganap ang inyong relihiyon para sa inyo, ginawang lubos ang Aking pagpapala sa inyo at ikinalugod [o pinili] para sa inyo ang Islam bilang inyong relihiyon.} Surah Al-Maidah (5 ): 3



**> Ang Islam ang siyang pinakadakilang pagpapala [na Kanyang ipinagkaloob] sa mga nilikha.**

At anong pinakadakilang pagpapala ng Allah sa tao nang siya ay hanguin mula sa kadiliman tungo sa liwanag at siya ay patnubayan sa pananampalatayang Kanyang ikinalugod [na piliin] para sa kanya, upang mabigyan ng katotohanan ang layunin at tungkulin na siyang dahilan ng paglikha sa kanya at ito ay ang pagsamba sa Allah, upang kanyang matamo ang kasiyahan sa mundong ito at mabuting gantimpala sa kabilang buhay.

At anong dakilang pagpapala at kagandahang loob ng Allah sa atin nang tayo ay Kanyang piliin at itinangi upang tayo ang maging pinakamainam sa pamayanan na lumitaw sa sangkatauhan upang pasanin [at ibantayog] ang salitang “Laa ilaaha illallaah [Walang diyos (na dapat sambahin) maliban sa Allah], na siyang dahilan ng pagkasugo ng Allah sa lahat ng mga Propeta, [ipagkaloob nawa sa kanila ang pagpapala at kapayapaan].

At nang maisip ng ilang mangmang na ang kanilang pagiging Muslim ay kabutihang-loob sa kanila at ito ay kanilang itinuring bilang kabutihang-loob mula sa kanila [na kanilang ipinagkaloob] sa Propeta ﷺ. Sila ay kanyang binalaan na ang lahat ng karangalan at kabutihang-loob ay sa Allah lamang na kung saan ay Kanyang ginawang madali para sa kanila ang patnubay tungo sa pananampalatayang ito. Ang Allah ay nagsabi:

Kanilang itinuturing ito bilang kabutihang-loob sa iyo [O Muhammad] na sila ay yumakap sa Islam. Sabihin mo: {Huwag ninyong ituring ang inyong pagyakap sa Islam bilang kabutihang-loob sa akin. Bagkus, ang Allah ay naggawad ng kabutihang-loob sa inyo na kayo ay Kanyang pinatnubayan tungo sa paniniwala, kung tunay nga na kayo ay makatotohanan.} Surah Al-Hujurat (49): 17

Samakatuwid, ang mga pagpapala ng Allah ay marami, magkagayun man ang tanging pagpapala na binanggit ng Allah na Kanyang ipinagkaloob sa atin ay ang pagpapala ng Islam at ang kaakibat na patnubay nito sa pagsamba sa Kanya at sa Kanyang Kaisahan.

Nguni’t ang pagpapalang ito ay nangangailangan ng pasasalamat upang mapanatili at mapatatag. Tulad ng sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Kung kayo ay marunong magpasalamat, kayo ay Aking daragdagan [ng Aking biyaya]} Surah Ibrahim (14): 7

Kung gayon, paano nga ba ang pagpapasalamat sa pagpapalang ito?

**Ito ay magagawa sa pamamagitan ng dalawang bagay:**

1. Ang pagtangan nang mahigpit [o katatagan sa pagsunod] sa [mga tungkuling itinatagubilin ng] pananampalataya at ang pagtitiis sa mga pasakit na maaaring dadanasin [sa pagpapalaganap] nito. (tingnan ang pahina:264)

2. Ang pagpapakilala [o pagpapalaganap] sa Islam at pag-aanyaya rito batay sa karunungan at pagtitiis. (tingnan ang pahina:266)


## > Ang Layunin ng Ating Pagkakalikha (o Pagkakaroon ng Buhay)

Kapwa nalilito ang maraming pilosopo [matatalinong] tao at mga karaniwang tao sa pagsagot sa pinakamahalagang tanong sa buhay nating ito:

**Bakit ba tayo naririto (sa mundo)?**

**Ano ang layunin ng ating buhay?**

At sa katotohanan, binigyang-linaw ng Qur'an ang hangarin at layunin ng pagkakaroon ng buhay ng tao nang may lubusang pagpapaliwanag ayon sa sinabi ng Allah: {At hindi Ko nilikha ang Jinn at tao kundi upang Ako ay kanilang sambahin lamang}. Surah Az-Zariyat (51): 56. Samakatuwid,



ang Ibaadah (pagsamba) ang siyang layunin ng pananatili natin dito sa daigdig na ito at maliban dito ay mga karagdagang bagay lamang na ating ginagamit para sa pagsasakatuparan ng Ibaadah.

Nguni't ang Ibaadah ayon sa Islamikong konsepto (pananaw at kahulugan) ay hindi pagkakait at pagtatakwil sa mga karangyaan at kasiyahan ng buhay, bagkus ito ay sumasaklaw din sa pagsasagawa ng Salaah (pagdarasal), pag-aayuno at pagkakawanggawa, at lahat ng gawain ng tao, pakikipag-ugnayan, maging ang kanyang paglalaro at pagpapakaligaya, hangga't may kalakip itong mabuting layunin at mahusay na hangarin. At dahil dito ang Propeta ﷺ ay nagsabi: "Sa bawa't bahagi ng katawan ng isa sa inyo ay Sadaqah (kawanggawa)". Ang ibig sabihin nito, ang isang Muslim ay nagtatamo ng kabayaran at gantimpala maging sa kanyang pakikipagtalik sa kanyang asawa.

At sa gayon, ito ay nagiging [mga gawaing pagsamba] ang Ibaadah na siyang layunin ng buhay; mga katotohanang bahagi ng buhay , kaya ang isang Muslim ay palipat-lipat sa iba't ibang uri ng mga Ibaadah [pagsamba]. Tulad ng sinabi ng Allah: {Sabihin mo (O Muhammad): Katotohanan, ang aking pagdarasal, ang aking pagkatay ng hayop (bilang sakripisyo), ang aking buhay at ang aking kamatayan ay para sa Allah lamang, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang}. Surah Al-An`am (6): 162

## > Ang Islam ay Pandaigdigang Relihiyon

Ang Islam ay dumating bilang isang habag at patnubay para sa lahat ng lipon ng mga tao sa kabila ng pagkakaiba ng kanilang mga kultura, lahi, kaugalian at mga bansa. Tulad ng sinabi ng Kataas-taasang Allah: {At hindi ka Namin isinugo kundi bilang isang habag sa lahat ng nilalang}. Surah Al-Anbiya' (21): 107

At dahil dito, iginagalang ng Islam ang lahat ng kaugalian at kinagisnan ng mga tao, at hindi kinakailangang ito ay baguhin ng mga bagong Muslim maliban kung ito ay sumasalungat sa isa sa mga batas ng Islam. Kaya anumang kaugaliang sumalungat sa Islam ay kinailangang baguhin ito ayon sa kung ano ang sumasang-ayon dito, sapagka't ang Allah na nag-utos at nagbawal, Siya ang Higit na Nakaaalam, ang Nakababatid [at Tigib ng Kaluwalhatian at Kataas-taasan], at ang isa sa mga kahilingan ng pananampalataya natin sa Allah ay ang pagpapatupad natin sa Kanyang Batas.

At ipinapaalala na ang mga kaugalian ng mga Muslim na walang kaugnayan sa Islam at sa mga batas nito ay hindi ipinag-utos [o ginawang tungkulin] sa isang bagong Muslim na tularan ito o maging masigasig rito, sapagka't ito ay isang uri lamang ng kaugalian ng mga tao at bilang isang paraan ng kanilang pakikitungo na ipinahihintulot.

**Ang lahat ng kalupaan ay pook ng pagsamba sa Allah:**

At itinuturing ng Islam ang lahat ng kalupaan bilang pook na maaaring pamuhayan at pagsambahan sa Allah, at walang partikular na bayan o lugar na kailangan ng mga Muslim na sila'y lumikas dito at manirahan, sapagka't ang pinagbabatayan ay ang pagkakaroon ng kakayahan sa pagsamba sa Allah.

At hindi kinailangan para sa isang Muslim na lumipat at lumikas sa ibang lugar maliban na lamang kung siya ay pinipigilan [o inuusig dahil] sa pagsamba sa Allah, sa gayon siya ay nararapat lumipat sa isang lugar na magagawa niyang sambahin ang Allah. Tulad ng sinabi ng Kataas-taasang Allah: {O Aking mga alipin na naniniwala. Katotohanan, ang Aking kalupaan ay malawak, kaya Ako lamang ang inyong sasambahin}. Surah Al-Ankabut (29): 56



## > Sa Islam ay walang tagapamagitan sa pagitan ng isang alipin at ng kanyang Panginoon

Maraming relihiyon ang nagbigay ng pangako sa ilang mga kasapi nito, at iniugnay ang mga gawaing pagsamba ng tao at ang kanilang pananampalataya batay sa pagsang-ayon ng nasabing tao. Samakatuwid – ayon sa mga naturang relihiyon – sila [mga namumuno] ay mga tagapamagitan sa Diyos, kaya sila ay mapanghuwad na nagsasabing na sila ay makapagkakaloob ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan at nagsasabi ring sila ay may kaalaman sa mga bagay na hindi nakikita .

Magkagayon, dumating ang Islam upang bigyang dangal ang tao at itaas sa marangal at kagalang-galang na kalagayan nito, at palayain [at pawiin] mula sa kanila ang maling kaisipan na ang pagsamba, pagsisisi at kaligtasan ay nakasalalay sa kapasiyahan [at kapahintulutan] ng isang taong namumuno ng relihiyon gaano man siya katapat at mabuti.

Sa Islam, ang mga gawaing pagsamba ng isang Muslim ay tuwirang nakalaan para sa Allah, hindi ito nangangailangan ng isang tagapamagitan, sapagka't ang Allah ay napakalapit sa Kanyang mga alipin. Kanyang naririnig ang panalangin ng isang alipin at Kanyang tinutugunan at nakikita ang pagsamba nito at ang pagsasagawa ng Salaah nito at Kanyang ginagantimpalaan ito. At walang sinumang tao ang may karapatang magpahayag ng pagpapatawad o pagtanggap ng pagsisisi. Kung ang isang tao ay nagkasala at tapat na humingi ng kapatawaran sa Dakilang Allah, katiyakan siya ay magkakamit ng kapatawaran. At wala sa sinuman ang nagtataglay ng pambihirang kapangyarihan at makagagawang bigyang impluwensiya ang pangyayari sa sansinukob. Bagkus ang lahat ng bagay o kaganapan ay nasa Kamay o kapangyarihan ng Allah.

At binigyang kalayaan ng Islam ang isip ng isang Muslim at hinikayat ito tungo sa pagmumuni-muni, pag-unawa at pagsangguni mula sa hatol [pasiya] ng Qur'an at mula sa anumang pinagtibay na mga salita ng Propeta ﷺ. at ng kanyang mga gawa kung sakali mang nagkaroon dito ng pagkakasalungatan. At walang isa man sa mga tao ang may angking ganap na karapatan, na siya ay nararapat sundin sa kanyang pag-uutos sa lahat ng kanyang sinasabi maliban sa Sugo ng Allah ﷺ sapagka't hindi siya nagsasalita mula sa kanyang sariling kagustuhan, datapuwa't siya ay pinapatnubayan at pinaalalahanan ng Dakilang Allah. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang Allah: {At siya ay hindi nagsasabi ng sarili niyang pagnanasa (tungkol sa relihiyon), ito ay isa lamang inspirasyon (kapahayagan) na ipinahahayag sa kanya}. Surah An-Najm (53): 3-4

Sadyang dakila ang biyaya ng Allah sa atin sa pamamagitan ng pananampalatayang ito na hayag na tumutugma o umaakma sa likas na kalinisan ng puso ng tao, at siya ay ginawang pinuno ng kanyang sarili [may sariling paninindigan at pagpapasiya] at siya ay pinalaya sa pagiging alipin ng mga huwad na diyos at pagpapakumbaba sa iba maliban sa Allah [ang Tigib ng Kapangyarihan at Kapita-pitagan].

## > Ang Islam ay Relihiyon ng Buhay


Ang Islam ay isang relihiyon na tinitimbang ang pagitan ng buhay sa mundong ito at ng buhay sa Huling Araw. Samakatuwid, ang mundo ay tila isang bukirin na pinagtataniman ng isang Muslim ng mga kabutihan sa lahat ng mga aspeto ng buhay upang kanyang matamo ang gantimpala nito sa mundo at Huling Araw. Ang pagpupunla at pagtatanim na ito ay nangangailangan nang ganap na pagharap sa buhay sa pamamagitan ng tapat at sigasig ng sarili at matibay na pagpapasiya. At mapagmamalas ito sa mga sumusunod:

### Ang Pagpapatayo ng Kabihasnan sa Kalupaan:

Sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Kayo ay Kanyang ginawa (o nilikha) mula sa lupa at dito rin, kayo ay Kanyang pinatira}. Surah Hud (11): 61. Katotohanan, tayo ay nilikha ng Allah sa kalupaang ito at tayo ay Kanyang inutusan na paunlarin at pagyamanin ito sa pamamagitan ng pagsulong ng sibilisasyon upang maglingkod sa kapakanan ng tao at hindi sumalungat sa mga batas ng Islam na mapagparaya. Bagkus itinanghal ang pagtatayo at pagpapaunlad nito bilang isa sa mga layunin at gawaing pagsamba maging sa pinakamahirap at matinding mga kalagayan, at dahil dito ipinaalala ng Propeta ﷺ na kung magagawa lamang ng isang Muslim na makapagtanim ng isang halaman kahit papalapit na ang Araw ng Pagbabangong Muli, kailangan niyang magmadali sa pagtanim nito kung ito ay kanyang makakayanan upang magkaroon siya ng isang kawanggawa. (Al-Musnad 2712)

### Ang Pakikihalubilo sa Mga Tao:

Ipinag-aanyaya ng Islam ang pakikipaglahok ng tao sa pagtatayo [o pagpapaunlad] ng kabihasnan, sa pagsasaayos, sa pakikihalubilo sa kanila, at sa pakikipag-ugnayan sa kanila sa pamamagitan ng pinakamataas na antas ng pag-uugali at matatayog na asal sa kabila ng pagkakaiba ng kanilang mga agham at pananampalataya, at ipinaalala na ang paglisan at pag-iwas sa mga tao ay hindi pamamaraan ng mga da`iyah at mga matutuwid. At ito ang dahilan kung bakit itinuring ng Sugo ng Allah ﷺ na ang pakikihalubilo sa mga tao at pagtitiis sa anumang dumarating sa kanya na kapinsalaan mula sa kanila at mga pagkakamali (pasakit) ay higit na mabuti kaysa sa isang lumilisan at lumalayo sa kanila. (Ibn Majah: 4032)



> Walang kinalaman [at walang kaugnayan] ang Islam sa hidwaan sa pagitan ng relihiyon at agham tulad ng [hidwaan] sa pagitan ng ibang mga relihiyon

## Relihiyon ng Kaalaman:

Hindi isang sinadyang pangyayari na ang unang salita sa Qur'an na ipinahayag sa Propeta ﷺ ay ang Iqra' (Basahin mo), sa katotohanan, pinahalagahan at binigyang-diin ng Islam ang pagtataguyod sa iba't ibang uri ng karunungan na kapaki-pakinabang para sa tao hanggang sa kilalanin ang landas na tinatahak ng isang Muslim sa pagsasaliksik ng kaalaman at karunungan bilang isang daan at landas patungo sa Paraiso tulad ng sinabi ng Propeta ﷺ: "Sinuman ang tumahak sa isang landas upang magsaliksik ng kaalamam dito, gagawin para sa kanya ng Allah ang madaling landas tungo sa mga landas ng Paraiso". (Ibn Habba n: 84)

At walang kinalaman [at kaugnayan] ang Islam sa hidwaan na namamagitan sa pananampalataya at karunungan [agham] tulad ng kinasasangkutan ng ibang mga relihiyon, bagkus kabaligtaran nito, sapagka't ang pananampalataya ay siyang ugat ng karunungan [agham], tagapagtaguyod at tagapag-anyaya rito maging sa pag-aaral at pagtuturo hanggang ito ay mayroong naidudulot na kabutihan sa tao.

Bagkus pinarangalan ng Islam ang kahalagahan ng isang taong maalam na nagtuturo sa mga tao ng kabutihan at naggagabay sa pinakamataas na antas ng pagpaparangal, sapagka't ipinabatid ng Propeta ﷺ na ang lahat ng nilalang ay nananalangin para sa isang tagapagturo sa mga tao ng kabutihan (At-Tirmidhi: 2685)

## > *Ang Pag-aaral sa mga Batas ng Islam*

Nararapat sa isang Muslim ang maging masigasig sa pagsasaliksik at pag-aaral ng mga batas ng Islam upang ito ay kanyang maipatupad bilang Ibaadah para sa lahat ng mga aspeto ng kanyang buhay, sa kanyang mga pagsamba, mga transaksyong kalakalan at mga pakikipag-ugnayan nang ayon sa wastong karunungan at kaalaman, tulad ng sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: "Sinuman ang nais ng Allah na igawad sa kanya ang kabutihan, Kanyang palalawakin para sa kanya ang pang-unawa sa relihiyon (Islam)". (Al-Bukhari: 71 – Muslim 1037).

Kaya tungkulin niyang pag-aralan ang mga batas na ginawang tungkulin [na dapat tupdin] para sa kanya, tulad ng pamamaraan ng pagsasagawa ng Sah (pagdarasal), Taharah (paglilinis sa pamamagitan ng Wudu' o Ghusl), gayundin ang mga ipinahihintulot at ipinagbabawal sa mga pagkain at inumin at iba pa rito, nakabubuti rin para sa kanya ang pag-aaral sa mga katuruan na kaaya-aya sa Islam bagaman hindi naman ginawang tungkulin [na dapat tupdin] para sa kanya.



## > *Ang mga Islamikong Batas :*

Lahat ng salita ng tao at ng kanyang mga kilos ay inuuri sa batas ng Islam Batay sa limang kalagayan:

| | |
|---|---|
| **Waajib [Kailangan at Dapat]** | **Ito ay ang mga ipinag-uutos ng Allah na ang gumagawa [o tumutupad] nito ay Kanyang ginagantimpalaan at pinarurusahan ang hindi gumagawa [o tumutupad] nito, katulad ng [takdang] limang pagdarasal at pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan.** |
| **Haraam [Bawal]** | **Ito ay ang mga ipinagbabawal ng Allah na ginagantimpalaan Niya ang tumatalikod o umiiwas nito at pinarurusahan Niya ang gumagawa nito, katulad ng pangangalunya at pag-inom ng alak.** |
| **Mustahabb [tinawag din ito bilang Sunnah at Kaaya-aya]** | **Ito ay ang itinatagubilin ng Islam ang paggawa nito na kung saan ay ginagantimpalaan ang gumagawa nito at hindi pinarurusahan ang hindi gumagawa nito, tulad ng pagngiti sa pakikipagharap sa mga tao, at ang pagbati ng Salaam sa kanila, at ang pag-alis ng mga dumi sa daan.** |
| **Makrooh [Kinamumuhian]** | **Ito ay ang mga itinatagubilin ng Islam na iwasan na kung saan ay ginagantimpalaan ang umiiwas o hindi gumagawa nito, datapuwa't hindi pinarurusahan ang gumagawa nito, tulad ng paglalaro ng mga daliri habang nagsasagawa ng Salaah (pagdarasal).** |
| **Mubaah [Pinahihintulutan]** | **Ito ay nauukol sa mga gawain na hindi ipinagbabawal at hindi rin naman ipinag-uutos, tulad ng pagkain, pag-inom at pagsalita.** |

## > *Ang Limang Haligi ng Islam :*

Ang Propeta ﷺ ay nagsabi: "Itinayo ang Islam sa lima: Ang pagsaksi na walang Diyos (na dapat sambahin) maliban sa Allah at si Muhammad ay Sugo ng Allah, ang pagsasagawa ng Salaah (pagdarasal), ang pagbibigay ng Zakaah (kawanggawa), ang pagsasagawa ng Hajj (pilgrimahe) sa Tahanan (Ka`bah) at ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan". (Al-Bukhari: 8 – Muslim: 16)

At ang limang haligi na ito ang siyang mga saligan ng Relihiyon at mga dakilang batayan nito. Marahil ay sa susunod na mga kabanata na natin lilinawin ang mga ito at bibigyan ng paliwanag ang mga alituntunin nito.

At ang pangunahin nito ay ang paniniwala at ang Tawheed (Kaisahan ng Allah) na siyang susunod na kabanata na pinamagatang (Ang iyong pananampalataya).

At susunod dito ay ang Salaah (pagdarasal) na siyang pinakadakila at pinakamarangal sa mga Ibaadah (gawaing pagsamba). Sinabi niya ﷺ: "At ang haligi nito ay ang Salaah (pagdarasal)". (At-Tirmidhi: 2749) ang ibig sabihin: Ang haligi ng Islam na siyang sandigan ng pagkakatayo at pagkakabuo nito at wala ang Islam kung walang Salaah (pagdarasal).

Nguni't ang Salaah (pagdarasal) upang ito ay tatanggapin [bilang tungkulin ay] kinakailangang isagawa ng isang Muslim habang siya ay nasa ganap na kalinisan. At dahil dito, ang mga paksang-aralin ng (Ang iyong Eeman [pananampalataya]), ay makatuwirang sundan ng paksang-aralin tungkol sa iyong kalinisan at pagkatapos ay (Ang iyong pagdarasal) at ang iba pa.

1



Ang pagsasaksi na katotohanang walang Diyos (na dapat sambahin) maliban sa Allah, at na si Muhammad ay tunay na Sugo ng Allah

2



Ang Pagsasagawa ng Salaah (pagdarasal)

3



Ang Pagbibigay ng Zakaah (kawangggawa)

4



Ang Pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan

5



Ang Pagsasagawa ng Hajj (pilgrimahe) sa Tahanan (Kaabah)

| Ang Mga Haligi ng Islam | |
|---|---|
| 1 | **Ang pagsaksi sa katotohanang walang Diyos (na dapat sambahin) maliban sa Allah, at na si Muhammad ay tunay na Sugo ng Allah** |
| 2 | **Ang Pagsasagawa ng Salaah (Pagdarasal)** |
| 3 | **Ang Pagbibigay ng Zakaah (Kawangggawa)** |
| 4 | **Ang Pag-aayuno sa Buwan ng Ramadhan** |
| 5 | **Ang Pagsasagawa ng Hajj (Pilgrimahe) sa Tahanan (Kaabah)** |

## > *Paano Ko Malalaman [at Matutuhan] ang Mga Batas ng Relihiyong (Islam)?*

Sinuman ang dinapuan ng sakit at nais niyang magpagamot, katiyakang siya ay maghahanap ng pinakamagaling na manggagamot at dalubhasa upang makakuha mula rito ng mahusay na gamot, at kailanman ay hindi siya magpapabaya sa pagkuha ng anumang riseta mula sa kaninumang duktor sapagka't ang buhay niya ang siyang pinakamahalaga para sa kanya.

Walang alinlangan, ang pananampalataya [relihiyon] ang siyang pinakamahalaga sa atin sa lahat ng yaman, kaya tungkulin nating magsumikap sa pag-aaral ng ating pananampalataya, at magtanong sa mga bagay na hindi natin nalalaman mula sa mga Muslim iskolar na may taglay na malawak na karunungan, tamang kaalaman at tunay na mapagkakatiwalaan.

At ang pagbabasa sa aklat na ito ay isang hakbang tungo sa tamang daan. tulad ng sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Kaya magtanong kayo sa mga may kaalaman, kung hindi ninyo nalalaman}. Surah An-Nahl (16): 43. At kailangan mong sundan ito ng iba pang mga hakbangin kapag nakakaranas ng kalituhan sa mga bagay sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga Islamikong Tanggapan at mga Masjid na malapit sa iyo, at maaari mong alamin ang mga website ng mga ito at mga numerong direksiyon nito sa pamamagitan ng iyong pagbisita sa website ng -

www.islamicfinder.org

Gayundin na kinakailangan mong sumangguni sa mga website ng internet na mapagkakatiwalaan upang makapagbigay-linaw sa mga katotohanan ng Pananampalataya, tulad ng:

www.newmuslimguide.com

www.guide-muslim.com



> **Larawan ng isang Minaret: Dapat sa isang bagong Muslim na makipag-ugnayan sa mga Islamikong Tanggapan na malapit, at sumaliksik ng mga aklat at ng mga website ng internet na mapagkakatiwalaan.**

## > *Ang Islam ang Relihiyon ng Katamtaman (Walang Kalabisan at Walang Kakulangan):*

Ang Islam ay relihiyon ng katamtaman nang walang labis na pagpapaluwag at pagpapabaya o pagpapahirap at pagmamalabis, at ito ay matutunghayan mula sa lahat ng mga gawaing pagsamba at ritwal nito.

At dahil dito ay ipinag-utos ng Allah sa Kanyang Sugo ﷺ at sa mga kasamahan at sa mga naniniwala na panatilihin ang pagiging katamtaman na maaari lamang maipatutupad at magampanan sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa dalawang bagay:

1. Ang Pagsunod sa Relihiyong Islam, at Paggalang [at Pagdakila, Pagpuri at Pagbibigay-dangal] sa Mga Sagradong Ritwal nito.
2. Ang Pag-iwas sa Pagmamalabis at Pagsuway o Paghihimagsik.

Ang Makapangyarihang Allah ay nagsabi: {Kaya manatili sa matwid na landas tulad ng ipinag-utos sa iyo, at gayundin yaong kasama mong nagbalik-loob sa Allah, at huwag kayong magmalabis sa hangganan. Katotohanang Siya ang ganap na Nakakakita sa anumang inyong ginagawa}. Surah Hud (11): 112

Ibig sabihin: Manindigan ka sa pagtahak sa landas ng katotohanan hanggang sa abot ng iyong kakayahan nang walang pagmamalabis at pagdaragdag.

Kaya nang habang tinuturuan ng Sugo ng Allah ﷺ ang kanyang mga kasamahan sa isa sa mga gawain ng Hajj, binalaan niya sila tungkol sa pagmamalabis at pinaalalahanan na ito ang dahilan ng pagkawasak ng mga naunang pamayanan. Siya ﷺ ay nagsabi: "Maging maingat sa pagmamalabis sa pananampalataya, sapagka't ang dahilan ng pagkawasak ng mga nauna sa inyo ay ang pagmamalabis sa pananampalataya". (Ibn Majah: 3029)

At dahil dito sinabi niya ﷺ: "Inyong ipatupad lamang ang mga gawaing abot ng inyong kakayahan". (Al-Bukhari: 1100)

At katunayan, ipinaliwanag ng Sugo ng Allah ﷺ ang katotohanan ng Mensahe na siyang ipinag-utos sa kanya, [at na] ito ay hindi dumating upang patawan ng tungkulin ang mga tao nang higit sa abot ng kanilang kakayahan, bagkus ito ay dumating nang may pagtuturo, tumpak na karunungan at kaluwagan. Siya ﷺ ay nagsabi: "Katotohanang ang Allah ay hindi nagsugo sa akin upang maging marahas o magdulot ng pinsala, bagkus ako ay Kanyang isinugo bilang isang tagapagturo [ng kabutihan sa tao] at gawing magaan ang mga bagay [para sa kanila]". (Muslim: 1478)



## > Ang Pananampalatayang Islam ay Sumasaklaw sa Lahat ng Mga Aspeto ng Buhay

Ang Islam ay hindi lamang pangangailangang-ispiritual na tinutupad ng mga Muslim sa loob ng mga Masjid (bahay-dalanginan) sa pamamagitan ng pagdalangin at pagdarasal.

At hindi rin ito mga pinagtipunang hakahaka at mga paniniwala na niyakap [o bulag na sinusunod] ng mga Muslim.

Hindi rin ito malawakang pamamaraang nauukol sa pangkabuhayan.

At hindi rin ito mga batas at mga prinsipiyo para sa pagtatag ng lipunan at pamamaraan lamang.

At hindi rin ito mga pinagtipunang aralin tungkol sa Kagandahang asal para sa pakikitungo sa ibang tao.

Bagkus, ito ay isang pamamaraan na sumasaklaw sa lahat ng mga aspeto ng buhay nang walang nakahiwalay na anupaman.

At sa katotohanan, ginanap na ng Allah ang biyayang ito sa mga Muslim at pinili ang ganap na pananampalatayang ito para sa atin. tulad ng sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Sa Araw na ito ay ginawa Kong ganap ang inyong relihiyon para sa inyo, at nilubos Ko ang Aking biyaya para sa inyo, at Aking pinili para sa inyo ang Islam bilang inyong relihiyon}. Surah Al-Maidah (5): 3

At nang sabihin ng isa sa mga pagano bilang pangungutya sa isang kasamahan [ng Sugo ng Allah] na si Salman Al-Farisi: Ang inyong kasama ba (ibig sabihin ang Sugo ng Allah) ay tunay na nagtuturo sa inyo ng lahat ng bagay pati na ang kagandahang asal sa pag-ihi at pagdumi? Sinagot siya ni Salman: Oo, tunay na tinuruan kami, at pagkatapos ay binanggit niya sa kanya ang mga alituntunin ng Islam at ang magagandang asal nito tungkol sa bagay na ito.



> Ang Islam ay isang pamamaraan na sumasakop sa Lahat ng Mga Aspeto ng Buhay

## > Ang Islam ay nararapat husgahan sa pamamagitan ng mga mararangal na prinsipiyo at hindi batay sa mga masasamang asal ng ilang iresponsableng Muslim :

Kapag nakakita ka ng isang duktor na nagbibigay ng nakapipinsalang riseta o isang guro na mayroong taglay na masamang ugali; katiyakang ito ay iyong tututulan at hindi sasang-ayunan sa mga ganitong uri ng gawain na sadyang salungat sa panlipunang kalagayan at sa kaalamang kanilang natutunan. Nguni't sa kabila nito ay hindi mo babaguhin ang iyong pananaw tungkol sa kahalagahan ng kaalamang panggagamot para sa mga tao o ang kabutihan ng edukasyon na mayroong malaking pangkalahatang kapakinabangang idinudulot sa lipunan at kabihasnan.

At walang alinlangan na iyong mapag-aalaman na ang gayong duktor o guro ay maling paglalarawan ng tunay na kaalaman at kadalubhasaan o kakayahan na kanyang kinabibilangan [at propesyong kinasasapian].

At sa gayong halimbawa, kapag tayo ay nakakita ng ilang Muslim na gumagawa ng hindi kaaya-ayang asal o pag-uugali, maaaring ito ay mapagkamalan mo na ang gayong maling ugali ay pagpapahiwatig ng katuruan ng Islam na ang katotohanan naman ay hindi totoo at sadyang taliwas. Ang maling asal o masamang gawain ng isang duktor o ng isang guro, ay hindi dapat iugnay o iparatang sa propesyon ng panggagamot o sa larangan ng pagtuturo.



## > Ang Limang Mahahalagang Pangangailangan :



> Ipinag-uutos ng Allah ang pangangalaga sa buhay ng tao kahit pa ito ay humantong sa paggawa ng isa sa mga ipinagbabawal.

Ito ay mga napakahalagang pangangailangan na nararapat tamasahin at matamo ng tao upang siya ay tumahak at mamuhay nang marangal. Katotohanan, ang lahat ng mga batas ng Dakilang Allah ay nag-uutos para sa pangangalaga nito at pagbabawal sa anumang bagay na sumasalungat dito.

At katotohanang ang Islam ay nag-aanyaya sa mga Muslim na pangalagaan ang limang mahahalagang pangangailangang ito upang ito ay makatulong para sa kanilang kapakanan sa makamundong buhay at sa kabilang buhay at sa gayon sila ay mamuhay sa ganap na katiwasayan at kapayapaan.

At ang mga Muslim sa lahat ng dako ng mundo ay tumatayo bilang isang pamayanan na ang bawat kasapi nito ay tumatangkilik sa isa't isa tulad ng isang matibay na moog, bawat bahagi nito ay nagpapatibay at nagtataguyod sa isa't isa. At tulad ng katawan ng tao na kapag nakakaranas ng sakit ang isang bahagi nito, makakadama ng sakit ang buong katawan sanhi na kirot at hapding dinaranas. At ang limang pangangailangan ay maaaring panatilihin sa pamamagitan ng:

1. Pagtataguyod at pagkilala sa mga ito.
2. Pagtatanggol o pangangalaga rito laban sa anumang gawaing paglabag.

## 1 Ang Relihiyon:

At ito ang pinakamahalagang paksa na siyang dahilan ng paglikha ng Allah sa tao, at ng pagpapadala ng mga Sugo upang maihatid ito at mapangalagaan. Tulad ng sinabi ng Kataas-taasang Allah: {At katotohanang Kami ay nagsugo sa bawa't pamayanan ng isang Sugo (na nagsasabing): Sambahin ninyo ang Allah at iwasan ninyo ang mga Taghoot [mga huwad na diyos]}. Surah An-Nahl (16): 36

At katotohanan, ipinag-uutos ng Islam na pangalagaan ang relihiyon ng Allah [ito ang Islam] at pangalagaan ito laban sa anumang bagay na makasisira sa kawagasan nito tulad ng pagsamba sa mga huwad na diyos, paniniwala sa mga pamahiin at mga gawaing ipinagbabawal [tulad ng panghuhula, mahika].

## 2 Ang Buhay:

At katotohanan, ipinag-utos ng Allah ang pangangalaga sa buhay ng tao kahit pa man ito ay humantong sa paggawa ng kasalanan nang dahil sa makatuwirang pangangailangang managip [o magligtas] ng buhay. Tulad ng sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Datapuwa't, sinuman ang napilitan (bunga ng masidhing pangangailangan) na wala namang layon ng paglabag (sa kautusan) at paglagpas (sa hangganan), kung gayon, siya ay walang kasalanan. Katotohanan, ang Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, Maawain}. Surah Al-Baqarah (2) : 173

Kaya Kanyang ipinagbabawal ang pagpapatiwakal o anumang gawain laban sa kapinsalaan ng buhay ng tao, sapagka't sinabi ng Kataas-taasang Allah: {At huwag ninyong hahayaang ang inyong sariling mga kamay ang magtutulak sa inyo sa kapahamakan}. Surah Al-Baqarah (2) : 195

At Kanyang ginawa bilang batas ang mga kaparusahan na siyang susupil at pipigil upang umiwas ang mga tao mula sa di-makatarungang pamiminsala sa kapwa tao, kahit anupaman ang kanilang relihiyong kinaaaniban. Sapagka't sinabi ng Kataastaasang Allah: {O kayong mga naniniwala! Ang Qisas (batas ng katarungan o pagkapantay-pantay] ay itinakda para sa inyo sa kaso ng [krimen ng] pagpapatay}. Surah Al-Baqarah (2) : 178

## 3 Ang Isip:

Kaya, matatagpuan sa Islam ang pagbabawal sa lahat ng nagdudulot ng kasamaan sa pag-iisip at sumisira sa pang-unawa, sapagka't ang isip ay isa sa pinakamalaking pagpapala ng Allah sa atin, at itong kakayahang pangkaisipan ang nagbibigay ng karangalan sa tao at ito ang nagbibigay ng kahigtan sa kanya na hindi kailanman taglay ng ibang nilikha, kaya naman ito rin ang pangunahing dahilan upang tayo ay pumailalim sa pananagutan sa buhay na ito at sa kabilang buhay.

At dahil dito, ipinagbawal ng Allah ang lahat ng uri ng mga inuming nakalalasing at mga bawal na gamot, at itinuring ito bilang isang karumal-dumal na gawain ng Satanas. Ang Kataas-taasang Allah ay nagsabi: {O kayong mga naniniwala! Katotohanan, ang Khamr (lahat ng uri ng inuming nakalalasing), at pagsusugal, at Ansab (kung saan naroon ang mga imahen, na sa paligid nito ay inihahandog ang kanilang mga alay), at Azlam (mga busog o palaso na kung saan ay pinagsasanggunian nila ng kanilang kapalaran o kapasiyahan) ay karumal-dumal na gawain ni Satanas. Kaya iwasan ninyo ito (ang lahat ng gayong uring gawain), upang sakali inyong makamit ang tagumpay}. Surah Al-Maidah (5) : 90

## 4 Ang Mga Anak [o mga Supling]:

At binibigyang-diin ang kahalagahan sa pangangalaga ng mga anak o [supling] at ito ay nagsisimula sa pamamagitan ng pagkakaroon o pagbuo ng isang pamilya na

siyang magsisilbing haliging-gabay ng bagong henerasyon upang makakuha ng kagandahang asal at matutunan nito ang mga matatayog na adhikaing makapagtayo ng isang lipunan o pamayanang batay sa prinsipiyong nakatuon sa kabutihang asal. Ito ay malinaw na matatagpuan sa ilang bilang na sumusunod na alituntunin:

- Ang Islam ay humihimok sa pag-aasawa at hinihikayat ang mga Muslim na gawing maagap ito para sa mga walang asawa upang huwag dumanas ng kahirapan sa mga gastusin nito. Ang Kataas-taasang Allah ay nagsabi: {At inyong pakasalan ang mga malalaya [walang asawang] kabilang sa inyo}. Surah An-Nur (24): 32
- Ipinagbabawal ng Islam ang lahat ng mga makasalanang ugnayan at hinadlangan nito ang lahat ng mga daanan na umaakay patungo rito. Ang Kataas-taasang Allah ay nagsabi: {At huwag ninyong lapitan [at inyong iwasan] ang bawal na pakikipagtalik. Katotohanan, ito ay kahalayan at napakasamang landas.} Surah Al-Isra' (17): 32
- Ipinagbabawal nito ang paninirang-puri o paglapastangan sa angkan ng tao at ito ay itinuturing bilang isa sa mga malalaking kasalanan na ang sinumang gumagawa nito ay papatawan ng matinding kaparusahan sa mundo, lalung-lalo na sa mga haharapin niyang kaparusahan sa kabilang buhay.
- Ipinag-utos sa mga Muslim [lalaki at babae] ang pangangalaga ng kanilang dangal, at itinuring bilang isang Martir [Shaheed] ang napatay nang dahil sa pangangalaga [at pagtatanggol] ng kanyang sariling dangal at dangal ng kanyang pamilya. (tingnan ang pahina:218)


### 5 Ang Mga Ari-arian [at Kayamanan]:

Samakatuwid, hinikayat ng Islam ang mga Muslim na kanilang pangalagaan ang kanilang mga ari-arian at panatilihin ang kanilang mga kayamanan at ipinag-uutos sa kanila na maghanap-buhay at makipagkalakalan [at makipagpalitan ng pamilihan] sa paraang marapat, marangal at pinahihintulutan.



> Ang pangangalaga sa puri [at dangal] at sa mga supling ay isa sa mga pinakadakilang layunin ng Batas ng Islam.

At upang mapangalagaan ang kayamanan, ipinagbawal ang Riba (pagpapatubo), ang pandaraya, at ang pagkamkam ng mga kayamanan ng tao nang hindi makatuwiran. Ang Qur'an ay nagbabala ng kaparusahan sa sinumang gumawa nito (Tingnan ang pahina184)



# *Ang Iyong Eeman*

## *(Pananampalataya)*



# 1

Ang dinalang mensahe ng lahat ng mga Propeta sa kani-kanilang pamayanan ay Isa – ito ay ang pagsamba sa Dakilang Allah lamang na walang pagtatambal nang anupaman sa pagsamba sa Kanya at ang lubusang pagtakwil [at pagtalikod] sa lahat ng mga diyus-diyusan. Katotohanan, ito ang tunay na kahulugan ng pagpapahayag [at pagsaksi] ng Laa ilaaha illallaah (walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah) at Muhammad Rasulullaah (si Muhammad ay Sugo ng Allah), at ito ang salita na siyang nagsisilbing daan upang makapasok ang sinuman sa relihiyon ng Allah – [ang Islam].

## Ang Nilalaman ng Kabanata:

**Ang Shahadatain [Ang Dalawang Pagpapahayag at Pagsaksi]: Kahulugan at Mga Pangangailangan:**

- Bakit Laa ilaaha illallaah (walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah)?
- Ang kahulugan ng Laa ilaaha illallaah (walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah)
- Ang Mga Haligi ng Laa ilaaha illallaah (walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah)

**Ang Pagsaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah:**

- Ang Pagkilala sa Propeta ﷺ
- Ang Kahulugan Ng Pagpapahayag [at Pagsasaksi] na si Muhammad ay Sugo ng Allah

**Ang Anim na Haligi ng Eeman [Pananampalataya].**

**Ano Ang Kahulugan Ng Ibaadah (gawaing pagsamba)?**

**Ang Shirk (Pagtatambal sa Kaisahan ng Allah)**

**Ang Paniniwala sa Mga Pangalan ng Allah at sa Kanyang Mga Katangian**

**Ang Paniniwala sa Mga Anghel**

**Ang Paniniwala sa Mga [Banal na] Kasulatan**

**Ang Paniniwala sa Mga Sugo**

**Ang Paniniwala sa Huling Araw**

**Ang Paniniwala sa Tadhana o Takda (Masama Man o Mabuti)**

## > *Ang Shahadatain (Ang Dalawang Pagpapahayag o Pagsaksi): Ang Kahulugan at Mga Pangangailangan Nito.*

*Ash-hadu allaa ilaaha illallaah, wa ash-hadu anna Muhammadan Rasulullaah (Ako ay sumasaksi na walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah)*

### Bakit Laa ilaaha illallaah (walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah)?

- Sapagka't ito ang unang tungkulin ng isang Muslim. Kaya sinuman ang nagnanais na yakapin ang Islam ay nararapat magpahayag ng pagsaksi nito at [buong pusong] paniwalaan ito.

- Sapagka't sinuman ang magsabi nito nang may katapatan sa paniniwala [sa kanyang puso], hinahangad niya sa pamamagitan nito ang lugod ng Allah, ito ang magiging dahilan ng kanyang kaligtasan mula sa Apoy. Batay sa sinabi ng Propeta ﷺ : "Katotohanang ipagbabawal [ipagkakait] ng Allah sa Apoy ang sinumang [matapat na] nagsabi ng Laa ilaaha illallaah (walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah), hinahangad dito ang lugod ng Allah". (Al-Bukhari: 415)

- Sapagka't sinuman ang namatay habang [tapat na] pinaniwalaan ang salitang ito ay kabilang sa mga mananahan sa Paraiso, tulad ng sinabi ng Propeta ﷺ : "Sinuman ang namatay na lubusang nalalaman na walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, ay papapasukin sa Paraiso". (Ahmad: 464)

- At sapagka't ang Kaalaman nito at ang pangangailangan nito ay walang alinlangang pinakadakila at pinakamahalagang tungkulin ng isang Muslim hinggil sa Laa ilaaha illallaah (walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah).



## Ang Kahulugan ng Laa ilaaha illallaah:

Ang ibig sabihin nito: Walang ibang diyos [na dapat sambahin] maliban sa Allah. Katunayan, ang pahayag na ito ay nagtatakwil [o tumatalikod] sa pagkakaroon ng diyos bukod sa Allah at nagpapatunay na Siya lamang ang Tunay na Diyos at Siya ay walang katambal.

Ang Ilaah: ay tumutukoy sa anuman [o sinumang] sinamba [Al-Ma`bud), kaya sinuman ang sumamba sa anupaman [o sinuman], katotohanang siya ay nagturing nito bilang diyos bukod sa Allah, sapagkat ang lahat ng iyon ay kabulaanan maliban sa isang diyos [ang Allah], at Siya ang Rabb (Panginoon), ang Tagapaglikha na Tigib ng Pagpapala at Kataas-taasan.

Samakatuwid, Siya [ang Allah lamang] ang karapat-dapat sa pagsamba, at wala nang iba bukod sa Kanya, Siya ang sinasamba ng mga puso nang punong-puno ng pagmamahal, pagpaparangal at pagpipitagan at pagdakila, at pagpapakumbaba at pagsuko, pagkatakot at pagtitiwala at pananalangin. Kaya walang dapat na dinadalanginan [o tinatawagan] maliban sa Allah at walang nilalapitan [o hinihingian ng tulong] maliban sa Kanya, at walang pagkatay [bilang handog] malibang ito ay pagsunod sa Kanya, kaya nararapat maging matapat para sa Ibaadah (pagsamba) [na tanging] sa Kanya lamang. Tulad ng sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {At walang ipinag-utos sa kanila maliban na sila ay nararapat sumamba sa Allah, [maging] matapat sa Kanya sa relihiyon}. Surah Al-Baiyinah (98): 4



Kaya sinuman ang sumamba sa Allah nang tapat sa Kanya, nagpapatotoo sa kahulugan ng Laa ilaaha illallaah (walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Kanya), katiyakang siya ay magtatamo ng dakilang kaligayahan, kaluwagan ng loob, kasiyahan, marangal at mabuting buhay, samakatuwid walang tunay na kagalakan sa mga puso, kapanatagan at katahimikan ng isipan maliban sa pagsamba sa Allah lamang [at wala ng iba]. Tulad ng sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Sinuman ang gumawa ng kabutihan, maging lalaki man o babae, habang siya ay naniniwala (sa Kaisahan ng Allah), katotohanang Aming igagawad sa kanya ang isang mabuting buhay}. An-Nahl (16): 97

## Ang Mga Haligi ng Laa ilaaha illallaah (walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah):

**Ang dakilang salita na ito ay may dalawang bahagi na kailangang malaman [at maunawaan] upang maging maliwanag ang mga kahulugan at mga pangangailangan nito:**

**1**

Ang unang bahagi [o haligi] ay ang: Laa ilaaha (walang Diyos), ito ay nagpapahiwatig ng lubos na pagtakwil ng pagsamba sa iba maliban sa Allah, at ng pagpapawalang saysay ng Shirk (pagtatambal sa Kaisahan ng Allah), at ng pangangailangan ng pagtatakwil sa lahat ng sinasamba bukod sa Allah, maging ito man ay tao o hayop, rebulto o bituin o iba.

**2**

Ang ikalawang bahagi [o haligi]: illallaah (maliban sa Allah), ito ay ang pagpapatunay sa pagsamba sa Allah at tuwirang paglalaan sa Kanya ng lahat ng mga uri ng Ibaadah (pagsamba), tulad ng Salaah (pagdarasal), pagdalangin at pagtitiwala (at pananalig).

Samakatuwid, ang lahat ng uri ng Ibaadah (pagsamba) ay bukod tanging inilalaan [at iniaalay] sa Allah nang walang pagtatambal sa Kanya. Kaya sinumang magbaling [o maglaan] ng isang uri nito sa iba pa sa halip na ilaan sa Allah, samakatuwid siya ay isang di-naniniwala [o isang nagtakwil at tumalikod sa katotohanan].

Tulad ng sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {At sinuman ang manalangin (sumamba) sa iba bukod sa Allah, na wala naman siyang patunay hinggil dito, magkagayon, ang kanyang pagtutuos [o pananagutan] ay tanging [nakasalalay] sa kanyang Panginoon. Katotohanan, ang mga hindi naniniwala ay hindi magsisipagtagumpay!}. Surah Al-Mu'minun (23): 117

At katotohanang matatagpuan ang kahulugan ng Laa ilaaha illallaah (walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah) at ang mga bahagi [o haligi] nito mula sa sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Kaya sinuman ang hindi naniwala sa mga Taghut (mga huwad na diyus-diyusan at naniwala sa Allah, tunay na siya ay tumangan ng isang matibay na hawakan}. Surah Al-Baqarah (2): 256

Sa sinabi Niyang: {Kaya sinuman ang hindi naniwala sa mga Taghut (mga huwad na diyus-diyosan na sinasamba bukod sa Allah)}: ito ay [tumatayo bilang] kahulugan ng unang haligi na (walang Diyos), at sa sinabi Niyang: {At naniwala sa Allah}: ito naman ang siyang [tumatayo bilang] ikalawang haligi na (maliban sa Allah).




> **Ang Kadalisayan ng Puso at Katatagan [o Kapanatagan] ng Sarili sa Tawheedullah [Kaisahan ng All ah]**

# > Ang Pagsaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah


## Ang Pagkilala sa Propeta ﷺ

### 1 Ang Kanyang Kapanganakan:



Siya ay ipinanganak sa Makkah sa taong 570 G. naulila sa ama, at nawalay sa kanyang ina sa murang gulang, kaya siya ay kinupkop sa [ilalim ng] pangangalaga ng kanyang lolo na si Abdul Muttalib at sumunod pagkaraan [ng pagyao ng kanyang lolo] ay sa pangangalaga ng kanyang tiyuhin na si Abu Talib na kung saan siya ay lumaki.

### 2 Ang Kanyang Buhay at Paglaki:



Siya ay namuhay kapiling ng kanyang sariling Tribu na Quraish sa loob ng apatnapung taon bago siya naging isang propeta (taong 570 – 610 G.) Siya ay kilala bilang isang magandang halimbawa ng pagiging makatotohanan at matuwid, kaya ang kanilang taguri sa kanya ay As-Sadiq Al-Amin (ang makatotohanan, ang mapagkakatiwalaan) at siya ay naghahanapbuhay sa pamamagitan ng pagpapastol (ng tupa) at pagkaraan ay naghanap buhay [sa pamamagitan ng] pangangalakal.

At bago pa man dumating ang Islam [sa kanya], ang Sugo ng Allah ay isa nang Hanifa (tuwirang sumasamba sa Allah lamang) batay sa paniniwala [o pananampalataya] ni Propeta Ibrahim (Abraham), at siya ay nagtatakwil [ at tumatalikod] sa pagsamba sa mga imahen at sa mga paganong ritwal [mga kasanayan at mga kaugalian nito].

**Ang Pangalan ng Ating Dakilang Propeta:**

Siya ay si Muhammad na anak ni Abdullah na anak ni Abdul Muttalib na anak ni Hashim Al-Qurashi.
At siya ﷺ ang tunay na pinakamarangal sa lahat ng mga Arabo at di-Arabo, at ang pamilya na kanyang pinagmulan [o sinilangan] ay siyang pinakamarangal sa lahat ng angkan ng mga Arabo.

**Isang Sugo ng Allah sa buong sangkatauhan:**

Isinugo ng Allah ang ating Propeta na si Muhammad sa buong sangkatauhan, sa bawa't lipi, kulay at lahi, at Kanyang ginawa [bilang tungkulin] para sa lahat ng tao ang [ganap na] pagsunod [at pagtalima] sa kanya. Ang Allah ay nagsabi: {Sabihin mo (O Muhammad): "O sangkatauhan! Katotohanang ako ay isang Sugo ng Allah para sa inyong lahat}. Al-A`raf (7): 158

## 3 Ang Pagsugo sa Kanya:



Nang ang Sugo ng Allah ﷺ ay umabot na sa gulang na apatnapung taon, siya ay lagi nang nagtutungo [at nananatili] sa yungib ng Hira' sa taluktok na bundok ng Tur (isang bundok sa labas ng Makkah) at doon siya ay nagmumuni-muni at sumasamba sa Allah. At sa gayong panahon dumating sa kanya ang kapahayagan mula sa Allah, kaya nagsimulang ibinababa sa kanya ang Qur'an at ang unang ibinaba sa kanya mula sa Qur'an ay ang sinabi ng Allah:

{Basahin [o bigkasin] mo! Sa Ngalan ng iyong Panginoon na lumikha - lumikha sa tao mula sa isang namuong [kimpal ng] dugo. Basahin [o bigkasin] mo, at ang iyong Panginoon ay Lubos na Mapagbigay, na nagturo [sa paggamit] ng panulat, [Siya na] nagturo sa tao ng [mga bagay na] hindi niya nalalaman}. Surah Al Alaq– 96:1-4

Ang mga talatang ito ay naghatid ng bagong yugto ng kaalaman, [antas ng] pagbabasa, liwanag [sa puso at kaisipan], at patnubay sa sangkatauhan. At ang mga kapahayagan ng Qurán ay nagpatuloy na ibinababa sa kanya sa loob ng dalawampu't tatlong taon hanggang siya ay yumao.

## 4 Ang Simula ng Kanyang Da`wah (Pagpapalaganap at Pag-aanyaya Tungo sa Pagsamba sa Allah):

Nagsimula ang Sugo ng Allah sa pagpapalaganap at pag-aanyaya sa relihiyon ng Allah nang palihim sa loob ng tatlong taon, at pagkatapos ay ipinahayag ang Da`wah (pag-aanyaya) nang lantaran, kaya naipahayag niya ito sa loob ng sampung karagdagang taon bukod sa una. Dito ay tinamo ng Sugo ng Allah at ng kanyang mga Sahabah (kasamahan) ang napakatinding mga uri ng pag-uusig at pagmamalupit, pang-aabuso [at kawalang katarungan] mula sa kanyang mga katribung Quraish. Sa kabila nito, kanyang patuloy na inilalahad ang Islam sa ibang mga tribu na dumarating para magsagawa ng Hajj (pilgrimahe), at tinanggap naman ito ng mga taga Madinah, kaya nagsimula nang paunti-unti ang paglikas dito ng mga Muslim.

**Ibinaba [o ipinahayag] sa kanya ang Qur'an:**

Ipinahayag sa kanya ng Allah ang Qurán at ito ang pinakadakila sa lahat ng Kanyang mga Kasulatan. Ang Marangal na Qurán ay nagsabi: {Ang kabulaanan ay hindi makalalapit mula sa harapan nito [ng Qur'an] at maging sa likuran nito}. Surah Fussilat:41:42

**Ang Sagka (o Huling) Propeta at Sugo ng Allah:**

Isinugo ng Allah si Muhammad ﷺ bilang sagka [o huli sa kawing] ng mga Propeta, kaya wala nang propetang darating pagkalipas niya, tulad ng sinabi ng Kataas-taasang (Allah) bilang katibayan: {Datapuwa't siya ang Sugo ng Allah at sagka (panghuli) sa (kawing ng) mga Propeta}. Al-Ahzab (33): 40




## 5 Ang Kanyang Hijrah [Paglikas]:

Siya ﷺ ay lumikas mula sa Makkah patungong Al-Madinah Al-Munawwarah (ang lungsod ng liwanag) na tinatawag noon na Yathrib sa taong 622 G. Siya ay nasa ikalimampu't tatlong taon ng kanyang gulang. Siya ay lumikas pagkaraang hadlangan ng mga kinikilalang pinuno ng Quraish ang kanyang pag-aanyaya sa Islam at sila ay nagsikap na siya ay paslangin. At [sa Madinah] siya ay namuhay nang sampung taon dito, kanyang ginugol ang kanyang panahon sa pag-aanyaya sa Islam, at ipinag-utos ang Salah (pagdarasal), ang Zakaah (kawanggawa) at ang iba pang nalalabing mga alituntunin ng Islam.




## 6 Ang Kanyang Pagpapalaganap ng Islam:

Itinatag ng Sugo ng Allah ang panimula ng Islamikong kabihasnan [o pamayanan] sa Madinah pagkatapos ng kanyang paglikas (mula sa Makkah 622 – 632) at inilatag ang mga pamantayan ng [isang huwarang] Muslim na pamayanan, kaya't inalis ang bulag na pagkiling sa isang tribu at kanyang ipinalaganap ang karunungan at inilatag din ang mga prinsipyo ng katarungan, pagiging matuwid, [diwa ng] pagkakapatiran, pagtutulungan at ibang mga pamamaraan [ng pagsulong at kaunlaran sa ilalim ng Islamikong Batas]. Ang ilan sa mga tribu ay nagtangkang sugpuin ang Islam, kaya nagkaroon ng ilang mga digmaan at pangyayari, datapuwa't ipinagkaloob ng Allah ang tagumpay ng kanyang Relihiyon at Sugo, at pagkatapos ay nagkasunud-sunod na ang pagyakap ng mga tao sa Islam. Kaya yumakap na rin sa Islam ang (mga mamamayan ng) Makkah at ang karamihan sa mga karatig-bayan at mga tribu sa kapuluan ng mga arabo nang kusang loob at ganap na pagtanggap sa dakilang pananampalataya na ito.



## 7 Ang Kanyang Kamatayan:

Sa buwan ng Safar (ikalawang buwan sa Hijri [Islamikong kalendaryo] o Hunyo 632 CE), matapos maipalaganap ng Sugo ng Allah ang mensahe ng Islam at lubusang maipatupad ang tiwala na ipinagkaloob sa kanya [ng Allah] at maging ganap ang pagpapala ng Allah sa sangkatauhan sa pamamagitan ng kaganapan ng relihiyon. Ang Propeta ﷺ ay dinapuan ng lagnat at lumala ang kanyang sakit, at siya ﷺ ay binawian ng buhay sa hapon ng araw ng Lunes, buwan ng Rabi`ul Awwal (ikatatlong buwan sa Hijri [Islamikong kalendaryo] o Hunyo, 632 CE), sa gulang niyang 63 at siya ay inilibing sa pook na kanyang kinamatayan, ito ay sa bahay ni `Aishah sa tabi ng Masjid ng Propeta ﷺ.

## Ang Kahulugan ng Pagsaksi na si Muhammad ay Tunay na Sugo ng Allah:

Ito ay nangangahulugan na: nararapat paniwalaan ang kanyang mga pahayag [o salita] at sumunod sa anumang kanyang ipinag-uutos at umiwas sa anumang kanyang mga ipinagbabawal at sambahin ang Allah nang ayon sa pamamaraang kanyang itinagubilin at itinuro sa atin

## Ano ang pangangailangan [o kabuuan] ng aking paniniwala na si Muhammad ay Sugo ng Allah?

1 Ang paniniwala sa lahat ng mga pahayag na kanyang ipinabatid sa lahat ng larangan, at ang mga ilan dito ay:

- Ang mga bagay na may kaugnayan sa Al-Ghaib (bagay o pangyayaring lingid o di nakikita o anumang di-nakikita sa bahagi ng kalangitan at kalupaan at anumang nasa pagitan ng dalawang ito), ang Huling Araw, ang Paraiso at kagandahan [at karangyaan] nito, at ang Apoy (Impiyerno) at kasakit-sakit na kaparusahan at ang nilalaman nito.
- Ang lahat ng mga kaganapan na mangyayari sa Araw ng Pagbabangon at mga palatandaan nito, at ang lahat ng magaganap sa huling panahon (ng mundo).
- Ang mga kasaysayan ng mga sinauna at unang tao, at ang mga kaganapan sa pagitan ng mga Propeta – ipagkaloob nawa sa kanila ang kapayapaan – at sa kanilang mga tao.



> Kinakailangan sa isang Muslim ang maniwala sa lahat ng napatunayan mula sa Sunnah ng Sugo ng Allah ﷺ

## 2 Ang pagpapatupad sa kanyang ﷺ mga ipinag-uutos at ipinagbabawal, at ito ay sumasaklaw sa:

- Pagpapatupad sa lahat ng ipinag-utos niya ﷺ sa atin, at paniwalaan natin na siya ay hindi nagsasabi ng ayon sa sarili niyang pagnanais (patungkol sa relihiyon), bagkus ito ay isang rebelasyon (kapahayagan) mula sa Allah. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Ang sinumang sumunod sa Sugo (Muhammad), katotohanang kanyang sinunod ang Allah}. An-Nisa' (4): 80
- Ang pag-iwas sa lahat ng mga ipinagbabawal sa atin mula sa mga masasamang asal at mga nakapipinsalang kaugalian, at ang paniniwala natin na ang anumang ipagbabawal sa atin ay isa lamang itong makabuluhang layunin na nais ng Allah para sa ating mga sariling kapakanan, na kahit pa kung minsan ito ay nakalingid sa atin [at hindi natin ganap na nauunawaan].
- Ang paniniwala natin na ang pagpapatupad sa kanyang mga ipinag-uutos at ipinagbabawal ay nagbabalik sa atin ng kabutihan at kasiyahan sa mundo at sa Huling Araw. Tulad ng sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {At sundin ninyo ang Allah at ang Sugo (Muhammad) upang inyong makamit ang Habag (ng Allah)}. Al-`Imran (3): 132
- Ang paniniwala natin na sinuman ang sumalungat sa pag-uutos ng Propeta ﷺ, ay nararapat tumanggap ng kasakit-sakit na kaparusahan, batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Kaya sila na sumasalungat sa kanyang pag-uutos ay maging maingat, baka ang isang Fitnah (pagsubok, sakuna, lindol) ay dumating sa kanila, o isang masakit na kaparusahan ang tumama sa kanila.}. An-Nur (24): 63

## 3 Na hindi natin sasambahin ang Allah maliban nang ayon sa kanyang mga naitagubilin [bilang batas] sa atin, at napapaloob dito ang ilan sa mga bagay na kailangan munang tiyakin.

- Ang pagsunod sa kanya: Ang Sunnah ng Sugo ng Allah ﷺ, ang kanyang pamamatnubay at ang kanyang buhay - saklaw ang lahat ng kanyang mga salita, gawain, pagsasang-ayon at pagpapahintulot, ito ang huwaran natin sa lahat ng bagay na may kaugnayan sa buhay natin, at nagsisilbing isang paraan ng paglapit ng isang alipin sa kanyang Panginoon at nagpapataas ng mga antas sa kanyang Panginoon sa tuwing nararagdagan ang pagsunod sa Sunnah ng Propeta at ng kanyang patnubay. Ang Allah ay nagsabi: {Sabihin [O Muhammad]: "Kung tunay ngang minamahal ninyo ang Allah, ako ay inyong sundin, ang Allah ay magmamahal sa inyo at magpapatawad sa inyong mga kasalanan. Sapagka't ang Allah ay Lagi nang Mapagpatawad, Maawain}. Surah Al-`Imran (3): 31
- Ang Batas ng Islam ay ganap: Naihatid ng Sugo ng Allah ﷺ ang relihiyon at mga batas nang ganap at walang pagkukulang. Kaya hindi ipinahihintulot sa kaninuman na magparating ng makabagong Ibaadah (gawaing pagsamba) na hindi inihabilin sa atin [bilang batas] ng Sugo ng Allah ﷺ.
- Ang Batas ng Allah ay angkop [at akma] sa lahat ng panahon at lugar: Ang mga alituntunin ng pananampalataya at mga batas na dumating sa Aklat ng Allah (Qur'an) at sa Sunnah ng Sugo ng Allah ﷺ ay akma sa lahat ng panahon at lugar, kaya walang sinuman ang higit na nakakaalam sa mga kapakanan ng tao kaysa sa Kanya na lumikha sa kanila at nagbigay ng buhay mula sa kawalan.

- Ang pagsang-ayon sa Sunnah: Kinakailangan sa pagsasakatuparan ng mga Ibaadah (gawaing pagsamba) na ito ay may lakip na katapatan ng layunin sa Allah at ang naturang Ibaadah ay batay sa mga itinagubilin sa atin ng Sugo ng Allah ﷺ, batay sa sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Kaya sinuman ang umaasa sa pakikipagharap sa kanyang Panginoon, hayaan siya na gumawa ng kabutihan at huwag siyang magtambal ng anupaman sa pagsamba sa kanyang Panginoon}. Surah Al-Kahf (18): 110

  Ang ibig sabihin ng (kabutihan) ay: Wasto na sumasang-ayon sa Sunnah ng Propeta ﷺ.

- Ang pagbabawal sa pagbabago sa Relihiyon: Sinuman ang magparating ng bagong gawain o Ibaadah (gawaing pagsamba) na hindi kabilang sa Sunnah ng Propeta ﷺ at nais niyang mag-alay ng pagsamba sa Allah sa pamamagitan nito, tulad halimbawa sa kanya na nagsasagawa ng Salaah sa makabagong paraan maliban sa Islamikong pamamaraan, samakatuwid siya ay sumasalungat sa kanyang pag-uutos na nagkakasala dahil sa gawaing iyon, at ang kanyang gawain na iyon ay hindi tatanggapin sa kanya. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Kaya yaong mga sumasalungat sa kanyang pag-uutos ay maging maingat, baka ang isang Fitnah (pagsubok, sakuna, lindol) ay dumatal sa kanila, o isang masakit na kaparusahan ang tumama sa kanila}. Surah An-Nur (24): 63

  At sa sinabi niya ﷺ : "Sinuman ang magparating ng makabagong katuruan sa katuruan naming ito na hindi naman kabilang nito, sa gayun siya ay tatanggihan". (Al-Bukhari: 2550 – Muslim: 1718).




Nang ang Batas ng Islam ay binibigyang-diin ang pagbabawal sa pagbabago, pagdaragdag at pagpapalit sa mga Ibaadah (gawaing pagsamba), at ito ay dahil sa upang mapangalagaan ang pananampalataya mula pagkabaluktot at pagpapalit, at pinapanatili nito na huwag maging isang lugar na pagdarausan ng mga pithaya at hilig ng tao. Gayundin na hinihimok nito ang pagtuon ng isip ng tao tungo sa paglikha, pag-eksperimento at pagtutuklas sa mga sikreto ng sansinukob na ito na nasasaksihan sa lahat ng mga aspeto ng buhay na kung saan ay naglilingkod sa tao at nagpapaunlad sa kasalukuyan at kinabukasan nito.

## > *Ang Eeman [Pananampalataya] ay binubo ng Anim na Haligi ng Paniniwala*

### Ang Kahulugan ng Paniniwala sa Allah - ang Makapangyarihan at Kapita-pi-tagan:

Ito ay ang wagas na paniniwala sa Allah, at pagkilala sa Kanya bilang Panginoon, bilang Nag-iisang Diyos at pagkilala sa Kanyang mga Pangalan at mga Katangian.

At magkakaroon tayo ng talakayan sa mga bagay na ito nang puspusan sa mga sumusunod na babanggitin:

### 1 Ang Paniniwala sa Pagkakaroon ng Isang Tunay na Diyos – ang Allah:

#### Ang Kalikasan ng Allah:

Ang pagpapatotoo sa Allah, bilang Nag-iisang Diyos ay isang bagay na likas sa tao, hindi nangangailangan ng pagpapakahirap sa paghahanap ng katibayan nito, kung bakit ang karamihan sa sangkatauhan ay kumikilala sa pagkakaroon ng Diyos sa kabila ng kanilang pagkakaiba sa pananampalataya at mga prinsipiyo.

Kaya ating nadarama sa kaibuturan ng ating mga puso na Siya ay tunay na umiiral at [nananatiling buhay], tayo ay dumudulog sa Kanya sa oras ng mga kagipitan at mga kalamidad sa pamamagitan ng ating likas na paniniwala at likas na pananalig na itinanim ng Allah sa puso ng bawa't tao, at kahit pa subukan ng ilan sa mga tao ang alisin ito at magmaang-maangan dito.

Kaya ito tayo, naririnig natin at nasasaksihan natin ang ilan sa mga katugunan ng mga nananalangin, ang pagkakaloob Niya sa mga humihiling at ang Kanyang pagtugon sa mga nagigipit ay sadyang nagpapatunay nang may katiyakan ng pagkakaroon ng Isang Diyos.



Ang tao [sa mga bahagi ng kanyang katawan] ay isa sa mga dakilang katibayan ng pagkakaroon ng Isang Makapangyarihang Diyos [ang Allah] sa sinumang nagbibigay pansin, nagmumuni-muni at tumitingin sa lahat ng ipinagkaloob sa kanya ng Allah, tulad ng biyaya ng pagkakaroon ng pag-iisip, tamang damdamin, pagkaayos sa pagkakalikha at pagkaganap nito. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Alla): {At gayundin sa inyong sarili. Hindi ninyo nakikita?} Az-Zariyat (51): 21

**Ang mga patunay sa pagkakaroon ng Diyos [ang Allah] ay higit na maliwanag kaysa sa banggitin at bilangin ang mga katibayan hinggil dito: at ang ilan sa mga ito:**

- Ang kilala sa bawa't tao, na ang isang pangyayari ay kinakailangan na may isang nagpapairal nito, kaya ang napakaraming mga nilalang na ito na ating nakikita sa lahat ng oras kinakailangan na may isang Tagapaglikha na lumikha nito, Siya ang Allah na Napakadakila at Kapita-pitagan, sapagka't hindi matatanggap na may isang nilikha na walang manlilikha na lumikha nito, gayundin na hindi matatanggap na siya mismo ang lumikha sa kanyang sarili; sapagka't ang isang bagay ay hindi nakapaglilikha ng kanyang sarili. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Sila baga ay nilikha mula sa wala? O sila baga ang mga manlilikha (ng kanilang mga sarili)?}. At-Tur (52). 35

Ang kahulugan ng talata: Katotohanang sila ay hindi nilikha nang walang tagapaglikha na lumikha sa kanila, at hindi rin naman sila ang tagapaglikha na siyang lumikha sa kanilang sarili mismo, kaya maliwanaw na ang lumikha sa kanila ay ang Nag-iisang Diyos – ang Allah.

- Katotohanan, ang pagkakaayos nitong sansinukob sa pamamagitan ng kalangitan nito, ng kalupaan, ng mga bituin at ng mga punong-kahoy ay isang tiyak at matatag na katibayan na nagpapatunay na ang daigdig na ito ay mayroong Isang Tagapaglikha, at ito ay ang Allah. Ang Qur'an ay nagpahayag: {[Ito ay] gawa ng Allah na Siyang nagbigay kaganapan para sa lahat ng bagay}. Al-Naml (27): 88

Kaya ang mga planeta na ito at mga bituin – halimbawa – ay tumatahak ayon sa isang di-natitinag [hindi nagbabagong pamamaraan na hindi nasisira], at ang bawa't planeta ay tumatahak sa isang ligiran [orbito na hindi nito hinihigtan at nilalagpasan.

Ang Kataas-taasang Allah ay nagsasabi: {Hindi marapat na maabot ng araw ang buwan, gayundin ang gabi na maunahan ang maghapon. Ang bawa't isa (sa mga ito) ay tumatahak sa isang ligiran [orbit)}. Yasin (36): 40

## 2 Ang Paniniwala sa Allah bilang Tanging Panginoon:

### Ang Kahulugan ng Paniniwala sa Allah bilang Tanging Panginoon [ng lahat]:

Ito ay ang pagkilala at wagas na paniniwala na ang Allah ang Panginoon ng lahat ng bagay, ang Nagmamay-ari nito, ang Tagapaglikha nito at ang Tagapanustos nito, at na Siya ang tunay na Nagkakaloob ng buhay, ang Nagbabawi ng buhay, ang Nagbibigay ng kapakinabangan, ang Nagdudulot ng kapinsalaan, na Siyang nagmamay-ari ng lahat ng bagay, nasa Kanyang Kamay ang lahat ng kabutihan, at Siya ang May Kakayahan sa lahat ng bagay, Siya ay walang katambal dito.



Samakatuwid, ito kung gayon ang pagtatangi sa Allah sa Kanyang mga gawain, at dahil dito kinakailangang paniwalaan:

Na ang Allah lamang ang Nag-iisang Tagapaglikha ng lahat ng nasa sansinukob na ito, at walang ibang Tagapaglikha maliban sa Kanya. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Ang Allah ang Tagapaglikha ng lahat ng bagay}. Surah Az-Zumar (39): 62

Samantalang ang gawa ng tao ay isa lamang paglilipat, pagkakabit-kabit o pagsasaayos mula sa isang anyo [hugis] patungo sa iba, at [ito ay hindi pag-papahiwatig] ng likas na paglilikha o paglikha mula sa kawalan, ni hindi rin [ito pagpapatunay o pagpapahiwatig] ng pagkakaloob ng buhay pagkatapos ng kamatayan.

Siya ang Tagatustos ng kabuhayan sa lahat ng mga nilalang at walang nang iba pang nagtutustos maliban pa sa Kanya. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {At walang nilikha na gumagalaw sa kalupaan maliban na ang Allah ang tumutustos sa kanya}. Surah Hud (11): 6

At Siya ang Nagmamay-ari ng lahat ng bagay, at sa katotohanan wala nang Nagmamay-ari maliban sa Kanya. Kung saan ay sinabi ng Maluwalhating Allah: {Ang Allah ang nagmamay-ari ng kaharian ng mga kalangitan at kalupaan, at ng anumang napapaloob dito}. Surah Al-Maidah (5): 120

Siya ang Tagapangasiwa ng lahat ng bagay at wala nang ibang tagapangasiwa bukod sa Allah. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Siya ang nangangasiwa sa (lahat ng) pangyayari mula sa kalangitan tungo sa kalupaan}. Surah As-Sajdah (32). 5

Samantalang ang pangangasiwa ng tao sa mga bagay na ukol sa kanya, sa kanyang buhay at pagsasaayos nito, samakatuwid, ito ay nakahangga lamang sa mga bagay na kanyang pag-aari at sa kakayahan niya sa pamamagitan ng kanyang kamay at maaaring magtagumpay [o lumago] ang naturang pangangasiwa at maaari rin namang mabigo. Datapuwa't ang pangangasiwa ng Tagapaglikha na Tigib ng kaluwalhatian at Kataas-taasan ay pangkalahatan, walang nakalalabas dito na anuman, at naipapatupad nang walang nakahahadlang na anuman bukod sa Kanya at walang nakasasalungat sa Kanya na anuman. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Katotohanang sa Kanya ang pagmamay-ari ng [kakayahan ng] paglikha at ng pag-uutos. Maluwalhati ang Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilikha}. Surah Al-A`raf (7): 54



{At walang nilikha na gumagalaw sa kalupaan maliban na ang Allah ang Siyang tumutustos sa kanyang ikinabubuhay}. Surah Hud (11): 6

## Ang mga arabong Mushrik (mapagtambal sa Kaisahan ng Allah) sa kapanahunan ng Sugo ng Allah ay naniniwala sa Allah bilang Panginoon:

Tinanggap ng mga di-naniniwala sa panahon ng Sugo ng Allah ﷺ na ang Allah ang Siyang Tagapaglikha, Tagapagmamay-ari at Tagapangasiwa, nguni't sila ay hindi naturingan bilang mga Muslim. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {At kung sila ay iyong tatanungin [O Muhammad]: "Sino ang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan?", katiyakang sila ay magsasabi: "Ang Allah"}. Luqman (31): 25

Sapagka't sinuman ang tumanggap na ang Allah ang Panginoon ng lahat ng nilalang, ibig sabihin ay Siya ang kanilang Tagapaglikha, Tagapagmamay-ari at Tagapangasiwa sa pamamagitan ng Kanyang mga biyaya: Ipinag-utos sa kanya [bilang tungkulin] na sa Allah lamang tanging ipagkaloob ang [lahat ng uri ng] pagsamba at sa Kanya lamang ito ituon at ilaan], nang walang pagtatambal sa Kanya.

At paano nga ba matatanggap ng makatuwirang isip na ang isang tao ay kumikilala sa Allah bilang tunay na Tagapaglikha sa lahat ng bagay, Tagapangasiwa ng sansinukob, ang Nagkakaloob ng buhay, ang Bumabawi ng buhay, at sa kabila nito, ay kanyang ibinabaling ang isa sa mga uri ng Ibaadah (gawaing pagsamba) sa iba pa bukod sa Kanya? Ito ang pinakamasamang antas ng kawalang katarungan at pinakamalaking kasalanan. Kung bakit sinabi ni Luqman sa kanyang anak na lalaki, habang kanyang pinapayuhan ito at pinangangaralan: {O aking anak! Huwag kang magtambal (ng iba pa sa pagsamba) sa Allah; katotohanan, ang pagtatambal (ng iba pa sa pagsamba) sa Allah ay tunay ngang isang malaking kawalang katarungan (kamalian)}. Luqman (31): 13

Kaya nang tanungin ang Sugo ng Allah ﷺ : Ano ang pinakamalaking kasalanan sa Allah? Siya ay nagsabi: "Na ikaw ay magtalaga [o magturing] ng isang makatutulad sa Kanya, samantalang [nababatid mong] Siya ang lumikha sa iyo". (Al-Bukhari: 4207 – Muslim: 86)


## Ang Paniniwala sa Ar-Rububiyyah (Allah bilang Tanging Panginoon) ay nagbibigay ng kapanatagan ng mga puso:

Kapag nababatid ng isang alipin [tao] nang may katiyakan na walang sinuman sa mga nilalang ang maaaring lumabas [lumagpas] sa Takda ng Allah, sapagka't ang Allah ang Siyang Tagapagmamay-ari sa kanila, Siya ang Nangangasiwa sa kanila nang ayon Kanyang kaalaman o karunungan, Siya ang Tagapaglikha sa kanilang lahat, at ang lahat ng bagay ay nilikha maliban sa Kanya kaya lahat ng mga nilikha ay mahihirap at nangangailangan sa kanyang Tagapaglikha, at ang lahat ng pag-uutos ay nasa Kanyang mga Kamay, samakatuwid



> **Ang Paniniwala sa Allah Bilang Tanging Panginoon ay nagdudulot ng Kapanatagan ng Mga Puso.**

walang Tagapaglikha maliban sa Kanya, at walang Tagatustos maliban sa Kanya, at walang Tagapangasiwa sa daigdig maliban sa Kanya lamang, at walang kumikilos na isang Dhurra (napakaliit na bagay) maliban sa Kanyang pahintulot at walang ibang makapagpapatigil nito maliban sa Kanyang pag-uutos: ay mananatili sa kanyang puso upang manalig at manindigan para sa Allah at tanging sa Kanya ang paghingi ng tulong at pangangailangan, at ang pag-asa sa Kanya sa lahat ng bagay ukol sa buhay niya, at ang pagharap at pakikipagsapalaran kasabay ng pag-ikot ng buhay nang buong kapanatagan, kapasiyahan at katiyakan; sapagka't hanggang siya ay nananatiling nagsisikap sa paggawa ng mga dahilan upang matamo ang anumang ninanais sa mga bagay na ukol sa kanyang buhay, at nanalangin sa Allah upang mabigyan ng katuparan ang kanyang nilalayon, sa katunayan kanyang naipatupad ang anumang nararapat sa kanya, at dahil dito mapapanatag ang kanyang sarili sa pagmamanman sa kung ano ang nasa kamay ng ibang tao, samakatuwid ang lahat ng pag-uutos ay nasa Kamay ng Allah, Siya ay lumilikha sa anumang Kanyang naisin at napipili.



> Ang Tawhid [Pagkilala sa Allah bilang Nag-iisang Tunay na Diyos) at Pagsamba sa Kanya ang Siyang Tunay na Kahulugan ng Laa ilaaha illallaah (walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah)

## 3 Ang Paniniwala sa Allah Bilang Nag-iisang Diyos.

### Ang Kahulugan ng Paniniwala sa Allah Bilang Nag-iisang Diyos:

Ang wagas na paniniwala na ang Allah ang Siyang tanging karapat-dapat pag-ukulan ng lahat ng uri ng Ibaadah (gawaing pagsamba), maging lantad man ito o lihim, ay nangangailangan ng pagpapatunay nito sa atin, kaya dapat nating ilaan [o ituon] sa Allah ang lahat ng uri ng Ibaadah, tulad ng panalangin, pagkatakot, pag-asa, paghingi ng tulong, pagdarasal, pagkakawanggawa at pag-aayuno. Iyan ang diwa ng Laa ilaha illallah [Walang ibang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah]. Batay sa sinabi ng Dakilang Allah: {At ang inyong Panginoong (Diyos) ay Isang Diyos lamang. Laa ilaaha illaa Huwa (Walang ibang diyos na dapat sambahin maliban sa Kanya), ang Mahabagin, ang Maawain}. Surah Al-Baqarah (2): 163

Kaya Kanyang ipinabatid na Siya [ang Allah bilang Diyos] ay isang Diyos lamang, ibig sabihin ay Isang sinasamba lamang, kaya hindi ipinahihintulot ang magtakda [o magturing] ng iba pang diyos bukod sa Kanya, at walang dapat sambahin maliban sa Kanya.

## Ang Kahalagahan ng Paniniwala sa Allah bilang Tunay at Nag-iisang Diyos:

Matutunghayan ang kahalagahan ng paniniwala sa Allah bilang tunay at nag-iisang Diyos sa maraming aspeto:

1. Ito ang tunay na layunin ng pagkalikha sa Jinn at tao, samakatuwid sila ay hindi nilikha maliban upang sila ay sumamba sa Allah lamang nang walang pagtatambal sa Kanya, kung saan ang Tigib ng Kaluwalhatian ay nagsabi: {At hindi Ko nilikha ang mga Jinn at mga Tao maliban upang Ako ay kanilang sasambahin [tanging Ako lamang]}. Surah Az-Zariyat (51): 56

2. Ito ang layunin sa pagkasugo ng mga Sugo – ipagkaloob nawa sa kanilang lahat ang kapayapaan – at pagpapahayag ng mga banal na kasulatan, samakatuwid ang layunin dito ay ang pagtanggap na ang Allah ang Siyang karapat-dapat na sinasamba, at ang pagtakwil sa lahat ng sinasamba bukod sa Allah. Batay sa sinabi ng Maluwalhating Allah: {At katotohanang Kami ay nagsugo sa bawa't pamayanan ng isang Sugo (na nag-aanyayang): "Sambahin ninyo ang Allah [tanging Siya lamang], at iwasan ang mga Taghoot (lahat ng huwad at mga diyus-diyosan)"}. Surah An-Nahl (16): 36

3. Ito ang pangunahing tungkulin na ipinag-utos sa tao, tulad nang inilahad na habilin ng Propeta ﷺ kay Mu`ad ibn Jabal – naway kalugdan siya ng Allah – nang siya ay kanyang isugo sa Yemen na nagsasabi sa kanya: "Katotohanang ikaw ay patutungo sa mga taong nagmula sa lipon ng Angkan ng Kasulatan [Kristiyano at Hudyo], kaya ang una mong dapat na ipag-anyaya sa kanila ay ang pagsasaksi ng Laa ilaaha illallaah (walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah)". (Al-Bukhari: 1389 – Muslim: 19)

   Ibig sabihin: Anyayahan mo sila tungo sa Kaisahan ng Allah sa lahat ng mga uri ng Ibaadah (gawaing pagsamba).

4. Ang Paniniwala sa Al-Uluhiyyah (ang Allah bilang Nag-iisang Diyos) ang siyang tunay na kahulugan ng Laa ilaaha illallaah (walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah), samakatuwid ang kahulugan ng Al-Ilaah (ang Diyos) ay Al-Ma`bud (ang sinasamba), kaya walang dapat na sinasamba maliban sa Allah, at huwag natin ibaling [o ilaan] ang anuman sa mga uri ng Ibaadah (gawaing pagsamba) sa iba bukod sa Kanya.



5. Ang Paniniwala sa Al-Uluhiyyah (ang Allah bilang tunay at Nag-iisang Diyos) ang siyang makatuwirang bunga ng Paniniwala na ang Allah ang Siyang Tagapaglikha, ang Hari, may kalayaan gawin ang lahat ng bagay.

## > Ano ang Kahulugan ng Ibaadah (gawaing pagsamba)?

Ang Ibaadah: Ito ay isang katawagan na sumasaklaw sa lahat ng mga kinasisiyahan at kinalulugdan ng Allah mula sa mga salita at mga gawain na Kanyang ipinag-uutos at ipinag-aanyaya sa sangkatauhan, maging ito ay mula sa mga gawaing lantad, tulad ng Salaah (pagdarasal), Zakaah (kawang-gawa) at Hajj (pagdalaw sa Makkah), o mga gawaing nakalingid tulad ng pagmamahal sa Allah at sa Kanyang Sugo ﷺ, pagkatakot sa Allah, pag-asa sa Allah, ang paghingi ng tulong sa Kanya at iba pa rito.



**> Ang lahat ng mga gawain na may kalakip na tamang layunin ay itinuturing bilang mga Ibaadah (gawaing pagsamba) na ginagantimpalaan ang tao sa mga ito.**

### Ang Ibaadah (pagsamba) sa Lahat ng Mga Kalakaran ng Buhay:

Ang Ibaadah ay sumasaklaw sa lahat ng mga gawa o ikinikilos ng isang Naniniwala na ang kanyang layunin dito ay ang mapalapit sa Allah, samakatuwid ang Ibaadah sa Islam ay hindi lamang nakatuon sa mga kilalang ritwal, tulad ng pagdarasal, pag-aayuno at mga katulad nito, bagkus ang mga gawaing kapaki-pakinabang na may kaakibat na mabuting layunin at wastong hangarin ay isinasaalang-alang bilang Ibaadat (mga gawaing pagsamba) at ang tao ay ginagantimpalaan dito. Samakatuwid kung ang isang Muslim ay kumain o uminom o natulog nang may layuning lumakas at lumusog upang matatag niyang magampanan ang pagsunod sa Allah; sa katotohanan siya ay ginagantimpalaan para rito. At dahil dito ang isang Muslim ay nabubuhay sa kabuuan ng kanyang buhay para sa pagtalima sa Allah, siya ay kumakain upang pag-ibayuhin ang kanyang pananampalataya para sa pagsunod sa Allah, magkagayon ang kanyang pagkain na may ganitong layunin ay nagiging Ibaadah, gayundin naman ang kanyang pag-aasawa upang mapangalagaan ang kanyang sarili sa ipinagbabawal, kaya ang kanyang pag-aasawa ay nagiging Ibaadah, at dahil sa ganitong layunin ang kanyang kalakalan, trabaho at kinikitang kayamanan ay nagiging Ibaadah, gayundin ang kanyang pagtamo ng karunungan, katibayan [o diploma], pagsasaliksik, pagtutuklas at pag-iimbento ay nagiging Ibaadah, gayundin ang pangangalaga ng isang babae sa kanyang asawa, mga anak at tahanan ay nagiging Ibaadah, at gayundin naman sa lahat ng aspeto ng buhay, ang kanyang mga gawain at kapaki-pakinabang na mga bagay ukol sa kanya hanggang ang lahat ng ito ay may kalakip na mabuting layunin at magandang hangarin.

## Ang Ibaadah (pagsamba) ang siyang wagas na layunin sa paglikha:

Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {At hindi Ko nilikha ang mga Jinn at mga tao kundi upang Ako ay kanilang sambahin lamang, hindi Ako naghahangad ng anumang panustos mula sa kanila, at hindi Ako naghahangad sa kanila na Ako ay kanilang pakainin. Katotohanang ang Allah ang Tagapanustos, ang Nag-aangkin ng Pambihirang Lakas, na Hindi Nagwawakas}. Surah Az-Zariyat (51): 56-58

Kaya ipinabatid ng Maluwalhating Allah na ang wagas na layunin ng Kanyang paglikha sa mga Jinn at mga tao ay upang kanilang itaguyod ang pagsamba sa Kanya, bagaman Siya ay walang pangangailangan sa kanilang pagsamba sa Kanya. Katotohanan, sila ang nangangailangan sa pagsamba sa Kanya, sapagka't sila ang may pangangailangan sa Allah.

At kapag pinabayaan ng tao ang layuning iyon at siya ay nalulong sa kaakit-akit na karangyaan ng mundo nang walang pag-aalaala sa banal na layunin ng pagkakalikha sa kanya, siya ay magmimistulang isang nilalang na walang kaibahan mula sa iba pang mga nilalang sa planetang ito, sapagka't ang mga hayop ay kumakain at naglilibang din bagaman ang mga ito ay hindi kailanman mananagot sa Araw ng Paghuhukom hindi katulad ng mga tao. Sa katunayan ang Kataas-taasang Allah ay nagsabi:

{Nguni't yaong mga di-naniwala ay nasisiyahan [sa mundong ito] at [sila ay] nanginginaing tulad ng panginginain ng mga hayop. Subali't ang Apoy ang magiging kanlungan para sa kanila [sa kabilang buhay]}. Surah Muhammad (47): 12.

Katotohanang sila [mga taong di-naniwala] ay itinulad sa mga hayupan sa mga gawa nito at mga layunin, nguni't sila [mga di-naniniwala] ay mananagot sa anumang kanilang ginagawa sa dahilang sila ay may pag-iisip na marunong makaunawa na sadyang kaiba sa mga hayupan na walang pang-unawa.

## Ang mga Haligi ng Ibaadah (gawaing pagsamba):

Katotohanan, ang Ibaadah na ipinag-uutos ng Allah ay nakatayo batay sa dalawang napakahalagang haligi:

Una: Ang Kababaang-loob at Ganap na Pagkatakot [sa Allah].

Pangalawa: Ang Ganap na Pagmamahal sa Kanya – [Kaluwalhatian sa Kanya].


Samakatuwid ang Ibaadah na itinakda ng Allah para sa Kanyang mga alipin ay [isang tungkuling] nangangailangan ng ganap na pagsuko sa Allah, pagpapakumbaba sa Kanya at pagkatakot sa Kanya, na may lakip na pagmamahal, pag-asam at pag-asa sa Kanya rito.

At dahil dito, samakatuwid ang pagmamahal na walang kalakip na pagkatakot at pagpapakumbaba halimbawa ay tulad lamang ng pagmamahal sa pagkain at kayamanan – ay hindi [maituturing bilang] Ibaadah, gayundin ang pagkatakot na walang pagmamahal – tulad ng pagkatakot sa mabangis na hayop at mapaniil na hukom – hindi ibinibilang na Ibaadah, kaya kapag nagsanib o nagsama ang takot at pagmamahal sa isang gawain ay nagiging Ibaadah, at ang Ibaadah (pagsamba) ay walang dapat pagtuunan maliban sa Allah lamang.

## Ang Mga Patakaran ng Ibaadah (Pagsamba):

**Ang Dalawang Patakaran ng Ibaadah Upang ito ay matanggap at tama ay ang mga sumusunod:**

1. Ang Tuwirang Pagtuon ng Pagsamba sa Allah Nang Walang Pagtatambal [sa Kanya]
2. Ang Pagsang-ayon at Pagsunod sa Sunnah (katuruan) ng Sugo ng Allah ﷺ



> **Isinasakondisyon sa pagkawasto ng Ibaadah (gawaing pagsamba) ang pagiging tapat sa Allah at ang pagsunod sa Kanyang Sugo.**

Batay sa sinabi ng Kataas-taasang Allah: {(Mali ang kanilang pag-aakala!), Bagkus sinumang isinuko ang kanyang mukha (sarili) sa Allah habang siya ay Muhsin (mapaggawa ng kabutihan), kung gayon, para sa kanya ay gantimpala mula sa kanyang Panginoon, at sa kanila ay walang [mararanasang pangamba [o takot] at sila ay walang madaramang kalungkutan}. Surah Al-Baqarah (2): 112

Ang Kahulugan ng (isinuko ang kanyang mukha [sarili] sa Allah): Ibig sabihin ay napatunayan niya ang Tawheed (Kaisahan ng Allah), kaya nagawa niyang ituon ang pagsamba sa Allah.

At ang kahulugan ng (habang siya ay [Muhsin] mapaggawa ng kabutihan): Ibig sabihin ay sumusunod sa Batas ng Allah at sa anumang nailahad sa Sunnah ng Sugo ng Allah ﷺ.

Ang pagsunod sa Sunnah (katuruan) ng Propeta ﷺ ay nakatuon lamang sa mga Ibaadah (gawaing pagsamba), tulad ng pagdarasal, pag-aayuno at paggunita sa Allah at iba pa. Nguni't ang pangkahalatang kahulugan ng Ibadah, halimbawa nito ay ang mga nakaugalian at mga kilos ng isang Muslim ang Niyyah (layunin) nito ay kanyang isinasaayos upang matamo ang gantimpala mula sa Allah, tulad ng pagsasanay sa larangan ng palakasan [sport] upang siya ay maging malusog at malakas para sa pagsunod sa Allah, o ang kanyang pagsasanay sa pangangalakal upang kanyang gugulin ito para sa kabutihan ng kanyang pamilya at ng mga anak, dito ay hindi kailangan ang pagsunod [sa Sunnah], bagkus sapat na ang kawalan ng pagsalungat at hindi umaakay tungo sa mga gawaing ipinagbabawal [ng Islam at ng Sunnah].

# > Ang Shirk (Pagtatambal sa Kaisahan ng Allah)

- Ang Shirk (pagtatambal) ay nagpapawalang-bisa sa paniniwala sa Kaisahan ng Allah. Kung ang paniniwala sa Kaisahan ng Allah at ang pagtatangi sa Allah sa pagsamba ang siyang pinakamahalaga at pinakadakila sa lahat ng mga tungkulin [ng tao], magkagayon ang Shirk naman ang pinakamalaki sa mga pagkakasalang ginagawa ng tao sa Dakilang Allah, sapagka't ito ang nag-iisang kasalanan na hindi pinapatawad ng Allah maliban sa pamamagitan ng wagas na pagsisisi. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah):

{Katotohanang ang Allah ay hindi nagpapatawad (sa kasalanan) ng pagtatambal sa Kanya (sa pagsamba), datapuwa't Siya ay nagpapatawad bukod dito sa sinumang Kanyang naisin}. Surah An-Nisa' (4): 48

At nang tanungin ang Sugo ng Allah ﷺ kung ano ang pinakamalaking kasalanan [ng tao] sa Allah? Siya ﷺ ay nagsabi: "Ang ikaw ay magtakda ng kawangis [o ng pagtatambal] sa Allah na Siyang lumikha sa iyo". (Al-Bukhari: 4207 – Muslim: 86)

- Samakatuwid, ang Shirk ay sumisira sa mga gawaing pagsunod at pinapawalang saysay ang mga ito. Batay sa sinabi ng Maluwalhating Allah: {Datapuwa't kung sila ay nagtambal (sa Kaisahan ng Allah), ang lahat ng kanilang mga ginawa ay mawawalan ng saysay sa kanila}. Surah Al-An`am (6): 88

At itinakda para sa mga tumatangkilik at nagtataguyod ng Shirk na sila ay mananatili sa Apoy ng Impiyerno magpakailanman. Kung saan ay sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Katotohanan, ang sinumang magtakda ng pagtatambal sa pagsamba sa Allah, katotohanang ipagkakait ng Allah sa kanya ang Paraiso at ang Apoy ang kanyang magiging hantungan }. Surah Al-Maidah (5): 72

## Ang Shirk ay May Dalawang Uri, Malaki at Maliit:

1 **Ang malaking Shirk:** Ito ay ang pagtuon ng isang alipin sa isa sa mga gawaing pagsamba sa iba bukod sa Allah, samakatuwid ang bawa't salita o gawa na kinalulugdan [at minamahal] ng Allah, ay ang pagtuon nito [ng tao] sa Allah hinggil sa Kaisahan at paniniwala, samantalang ang pagtuon nito [ng tao] sa iba bukod sa Kanya ay tanda ng Shirk (pagtatambal) at [pagpapahiwatig ng] Kufr (kawalan ng paniniwala sa Kaisahan ng Allah] .

At ang halimbawa ng Shirk na ito: Ang manghingi ng tulong sa iba kaysa sa Allah o manalangin upang lunasan ang kanyang karamdaman o palawakin ang kanyang panustos, o siya ay magtiwala [o umasa at manalig] sa iba kaysa sa Allah, o magpatirapa sa iba kaysa sa Allah.

Sinabi ng Kataas-taasang Allah: {At ang inyong Panginoon ay nagsabi: "Manalangin kayo sa Akin, [at] Ako ay tutugon sa inyo (sa inyong mga panalangin)}. Surah Ghafir (40). 60

At sinabi pa ng Kataas-taasang Allah: {At sa Allah lamang ninyo iukol ang inyong pagtitiwala [o pananalig], kung tunay ngang kayo ay mga naniniwala}. Surah Al-Ma`idah (5): 23

At sinabi pa ng Kataas-taasang (Allah): {Kaya magpatirapa kayo sa Allah at Siya ay inyong sambahin (tanging Siya lamang)}. Surah An-Najm (53): 62

Kaya sinuman ang magtuon [ng pagsamba] sa iba kaysa sa Allah, siya ay naging isang Mushrik (mapagtambal sa Kaisahan ng Allah), na itinuturing bilang isang Kafir (hindi naniniwala).

2 **Ang Maliit na Shirk:** Ito ay ang lahat ng salita o gawain na naghahatid tungo sa malaking Shirk, at nagsisilbing daan sa pagkasadlak dito.

At ang halimbawa nito: Ang pakitang-tao [Riya' ], tulad ng kanyang pagpapahaba minsan ng Salaah [pagdarasal] upang siya ay makita ng mga tao, o kanyang itataas ang kanyang tinig sa pagbabasa o sa pagsambit ng Dhikr (pag-aalala sa Allah) minsan upang siya ay marinig ng mga tao at nang siya ay kanilang purihin. Batay sa sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ : "Katotohanan ang higit kong ikinatatakot sa inyo ay ang maliit na Shirk (pagtatambal)". Sila ay nagsabi: Ano po ang maliit na Shirk, O Sugo ng Allah? Siya ay nagsabi: "Ar-Riya' (ang pagpapakitang tao)". (Ahmad: 23630)

Samantalang kung siya ay nagdasal o nag-ayuno para lamang ipakita sa mga tao, samakatuwid, ito ay gawain ng mga Munafiqun (mapagkunwari), at ito ang malaking Shirk (pagtatambal sa Allah) na naghahatid sa kanya upang mapatiwalag sa Islam.

## Itinuturing ba ang paghingi ng tulong sa mga tao at ang pagsusumamo sa kanila bilang isang Shirk?

Katotohanan, ang Islam ay dumating upang palayain ang isip ng tao mula sa pamahiin [haka-haka] at kasinungalingan, at ang pagpapalaya sa kalooban nito mula sa pagpapakumbaba sa iba maliban pa sa Allah.

Samakatuwid, hindi ipinahihintulot kailanman ang paghingi ng tulong sa isang patay o walang buhay, gayundin ang pagpapasailalim at pagpapasakop sa kanya, sapagka't ito ay kabilang sa pamahiin at Shirk.

Samantalang ang paghingi ng tulong sa isang buhay at nasa kanyang harapan sa abot nang kanyang kakayahan, tulad ng kanyang pagtulong o pagligtas sa isang nalulunod o ang paghiling rito na manalangin sa Allah para sa kanya, samakatuwid ito ay ipinahihintulot.



**> Ang paghingi ng tulong sa isang buhay na nasa harapan sa abot kaya niya ay isang uri sa mga pakikipag-ugnayan sa mga tao at isang paraan na pang-araw-araw na pakikitungo ng bawa't isa ay ipinahihintulot.**

Ang pamamalimos ba at ang paghingi ng tulong sa isang walang buhay [tulad ng bato o estatuwa] o patay [na tao]?

**Oo**

Ito ay Shirk na sumasalungat sa Islam at paniniwala, sapagka't ang patay at walang buhay ay walang kakayahang makarinig sa paghihingi ng tulong, gayundin sa pagtugon dito. Ang panalangin ay Ibaadah (pagsamba), kaya ang pagbaling nito sa iba maliban sa Allah ay Shirk. Sa katotohanan, ang Shirk (pagtatambal) ng mga Arabo sa panahon ng pagsugo ay ang kanilang pagdalangin sa mga walang buhay at mga patay.

**Hindi**

Ang pananalangin at paghingi ng tulong sa isang buhay [tao] na nakakarinig ng iyong salita at iyong paghingi ng tulong. Siya ba ay may kakayahan sa pagsagot sa iyo tulad ng iyong paghingi ng tulong sa kanya na ikaw ay damayan at tulungan sa anumang kanyang pagmamay-ari at kakayahang gawin?

**Oo**

Ang ganitong paghingi ng tulong ay laganap, walang anuman. Ito ay isang bahagi lamang ng mga pakikitungo sa mga tao at pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan nila sa isa't isa.

**Hindi**

Katotohanan, ang paghingi ng tulong sa isang [taong] buhay para sa mga bagay na walang kakayahan gawin ito at hindi niya pagmamay-ari, tulad ng paghingi ng tulong ng isang baog mula sa isang nabubuhay na siya ay kanyang pagkalooban ng mabuting supling, samakatuwid ito ay malaking Shirk na sumasalungat sa Islam, sapagka't ito ay panalangin sa iba sa halip ay sa Allah.

# > Ang Paniniwala sa Mga Pangalan ng Allah at sa Kanyang Mga Katangian

Ang paniniwala sa lahat ng pinagtibay ng Allah para sa Kanyang Sarili mula sa Kanyang Aklat o sa Sunnah (katuruan) ng Kanyang Sugo tungkol sa mga Pangalan at mga Katangian nang ayon sa marangal na pamamaraang angkop para sa Allah.

Samakatuwid, ang Dakilang Allah ang may angkin ng mga Naggagandahang Pangalan at Pinakaganap na mga Katangian, walang makatutulad sa Kanya sa Kanyang mga Pangalan at mga Katangian. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Walang anupaman ang makakatulad sa Kanya, at Siya ang Lubos na Nakakarinig, ang Ganap na Nakakakita}. Surah Ash-Shura (42): 11

Samakatuwid, ang Allah ay malayong maitutulad sa alinman sa Kanyang mga nilikha sa lahat ng Kanyang mga Pangalan at mga Katangian.



## Ang Ilan sa Mga Pangalan ng Allah:

Ang Allah ay nagsabi: {Ar-Rahman (ang Mahabagin), Ar-Rahim (ang Maawain)}. Surah Al-Fatihah (1): 3

At sinabi pa ng Kataas-taasang (Allah): {At Siya ang As-Sami` (ang Lubos na Nakakarinig), Al-Basir (ang Ganap na Nakakakita)}. Surah Ash-Shura (42): 11

At sinabi pa ng Kataas-taasang (Allah): {At Siya ang Al-Aziz (ang Sukdol sa Kapangyarihan), ang Al-Hakim (ang Tigib ng Karunungan)}. Surah Luqman (31): 9

At sinabi pa ng Kataas-taasang (Allah): {Allah! Laa ilaaha illaa Huwa (Wala ng iba pang diyos na dapat sambahin maliban sa Kanya). Al-Hayyu (ang Laging Buhay), Al-Qayyum (ang Tagapagtaguyod ng lahat)}. Surah Al-Baqarah (2): 255

At sinabi pa ng Kataas-taasan (Allah): {Ang lahat ng pagpupuri at pasasalamat ay sa Allah (ang Tunay na Diyos), ang Panginoon ng lahat ng nilalang}. Surah Al-Fatihah (1): 2

## Ang Mga Bunga ng Paniniwala sa Mga Pangalan ng Allah at sa Kanyang mga Katangian:

1 Ang pagkakilala sa Allah. Kaya sinuman ang naniwala sa mga Pangalan ng Allah at sa Kanyang mga Katangian ay nararagdagan ang pagkakakilala sa Allah, kaya mararagdagan din ang kanyang pananampalataya [at paniniwala] sa Allah nang wagas, at lalakas ang kanyang pagsamba sa Allah (Tawheed), at isang karapatan ng sinumang nakaalam sa mga Pangalan ng Allah at Kanyang mga Katangian na mapuno ang kanyang puso bilang pagdakila, pagmamahal at pagpapakumbaba sa Kanya na Tigib ng Kaluwalhatian at Kataas-taasan.

2 Ang pagpuri sa Allah sa pamamagitan ng pagbanggit sa Kanyang mga Naggagandahang Pangalan nang palagian, at ito ang pinakamainam sa mga uri ng pagbibigay-alala [o paggunita] sa Kanya. Sinabi ng Kataas-taasan: {O kayong mga naniniwala! Alalahanin ninyo ang Allah nang madalas [o palagiang] pag-aalaala }. Surah Al-Ahzab (33): 41

3 Ang paghingi ng tulong sa Allah at pagdalangin sa Kanya sa pamamagitan ng Kanyang mga Pangalan at mga Katangian. Batay sa sinabi ng Dakilang Allah: {At taglay ng Allah ang mga Naggagandahang Pangalan, kaya manalangin kayo sa Kanya sa pamamagitan nito}. Surah Al-A`raf (7): 180

Ang halimbawa nito, na manalangin kayo sa Kanya sa pamamagitan ng pagsabi: Yaa Razzaaq Urzuqni (O Tagatustos, tustusan Mo po ako), Yaa Tawwaab Tub `alaiya (O Tagatanggap ng pagsisisi, tanggapin Mo po ang aking pagsisisi), at Yaa Raheem Irhamni (O Mahabagin, kahabagan Mo po ako).



## Ang Mga Pinakamataas na Antas ng Eeman (Pananampalataya):

Ang Eeman ay may mga antas. Nababawasan ang Eeman [pananampalataya] ng isang Muslim ayon sa sukat ng kanyang pagkalimot at pagsuway, samantalang nararagdagan ang Eeman [pananampalataya] nito sa tuwing nararagdagan ang pagsunod [at pagtalima] sa mga kautusan, pagsamba at pagkatakot sa Allah.

At ang pinakamataas sa mga antas ng Eeman [pananampalataya] ay ang tinatawag sa Batas ng Islam na Al-Ihsan (ang pagsasagawa ng pagsamba nang buong husay at wagas). Sa katunayan, ito ay ipinaliwanag ng Propeta ﷺ sa kanyang sinabi: "[Ang Ihsan] ay pagsamba sa Allah na wari bang Siya ay iyong nakikita, bagaman Siya ay hindi mo nakikita, katotohanang ikaw ay Kanyang ganap na nakikita". (Al-Bukhari: 50 – Muslim: 8)

Kaya alalahanin na sa iyong pagtindig, sa iyong pag-upo, sa [mga panahon ng] iyong kalakasan, sa [mga panahon ng] iyong kahinaan at sa lahat ng iyong mga kalagayan; ang Allah ay sumusubaybay sa iyo, nagmamasid sa iyo, kaya huwag mo Siyang suwayin samantalang iyong nababatid na ikaw ay Kanyang ganap na nakikita, at huwag mong hayaang ang pangamba at kawalan ng pag-asa na maghari [o mangibabaw] sa iyo, samantalang iyong nababatid na Siya ay kasama mo, at paano ka nakararamdan ng lungkot, samantalang ikaw ay nagsusumamo sa Kanya ng panalangin at pagpapala, at paano mahuhulog ang iyong sarili sa pagkakasala, samantalang ikaw ay naniniwala nang may katiyakan na Siya ay nakababatid sa iyong inililihim at inilalantad, at kung ikaw ay natisod at nagkamali, ikaw ay sumasangguni, nagbabalik-loob at humihingi ng kapatawaran, kaya tatanggapin sa iyo ng Allah ang pagsisisi.

## Ang Ilan sa Mga Kabutihang Ibinubunga ng Paniniwala sa Allah:

1. Na ang Allah ang Siyang nagtatanggol sa mga naniniwala sa lahat ng kapahamakan, at nagliligtas sa kanila sa mga kagipitan, at nangangalaga sa kanila mula sa mga balakin ng mga kaaway. Batay sa sinabi ng Kataas-taasan (Allah): {Katotohanang ang Allah ay nagtatanggol sa mga naniniwala}. Surah Al-Hajj (22): 38

2. Na ang Eeman (pananampalataya) ang siyang nagsisilbing dahilan ng pagkakaroon ng mabuting buhay, kaligayahan at kasiyahan. Sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Sinuman ang gumawa ng kabutihan, maging lalaki man o babae, habang siya ay naniniwala (sa Kaisahan ng Allah), katiyakang Aming igagawad sa kanya ang isang mabuting buhay (sa mundong ito)}. Surah An-Nahl (16): 97

3. Na ang Eeman (pananampalataya) ay pinalalaya ang kaisipan ng tao mula sa mga pamahiin, kaya sinuman ang naniwala sa Allah nang buong katotohanan, nagtiwala sa Allah at nanalig nang buong katapatan sa Kanya bilang Panginoon ng lahat ng nilalang, at tunay na Diyos nang walang pagtatambal. Bunga nito, siya ay walang sinumang kinatatakutan at ipinakikita ang kanyang pagsamba sa Allah lamang. Kaya pagkaraan nito siya ay nagiging malaya mula sa mga pamahiin at mga maling kaha-haka.

4. At ang Pinakamalaking Pagpapala na ibinubunga ng paniniwala sa Allah ay ang pagtamo sa lugod [pagmamahal at pagpapala] ng Allah, at ang pagpasok sa Paraiso, at ang pagkakaloob ng walang katapusang biyaya at habag ng Dakilang Allah.

# > Ang Paniniwala sa Mga Anghel:

## Ang Kahulugan ng Paniniwala sa mga Anghel:

Ang matatag na paniniwala ng pagkakaroon ng mga Anghel, na sila ay may sariling daigdig na lingid, bukod sa daigdig ng mga tao at daigdig ng mga Jinn, at sila ay mararangal, at mga alipin ng Allah na sumasamba sa Kanya, at sila ay tumatalima at tumutupad sa lahat ng mga ipinag-uutos sa kanila, at sila ay hindi sumusuway sa Allah kailanman.

Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Bagkus, sila (mga anghel) ay mga mararangal, Siya (Allah) ay hindi nila (mga anghel) pinangungunahan sa pagsasalita, at sila ay gumagawa nang ayon sa Kanyang pag-uutos}. Surah Al-Anbiya' (21): 26-27

At ang paniniwala sa kanila ay isa sa anim na mga haligi ng Eeman. Sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Ang Sugo (Muhammad) ay naniniwala sa anumang ipinahayag sa kanya mula sa kanyang Panginoon, at (gayundin) ang mga naniniwala. Ang bawa't isa ay naniniwala sa Allah, sa Kanyang mga anghel, sa Kanyang mga Kasulatan, at sa Kanyang mga Sugo}. Surah Al-Baqarah (2): 285


At siya ﷺ ay nagsabi tungkol sa [kahulugan ng] Eeman: "Ito ay binubuo ng paniniwala sa Allah, paniniwala sa Kanyang mga Anghel, paniniwala sa kanyang mga Kasulatan, paniniwala sa Kanyang mga Sugo, paniniwala sa Huling Araw at paniniwala sa Tadhana, maging ito man ay mabuti at masama". (Muslim: 8)

## Ano ang Mga Napaloloob sa Paniniwala sa Mga Anghel?

1. Ang paniniwala na mayroong mga anghel: Kaya tayo ay dapat maniwala na sila ay tunay na mga nilikha ng Allah, umiiral nang may katotohanan, sila ay Kanyang nilikha mula sa liwanag, at sila ay Kanyang inutusan para sa pagsamba at pagsunod sa Kanya.

2. Ang paniniwala sa pangalan ng sinumang napag-alaman natin mula sa kanilang lipon, tulad ng Anghel Jibreel (Gabriel), [nawa'y igawad sa kanya ang kapayapaan], at gayundin yaong hindi natin napag-alaman ang kanilang mga pangalan, sila ay dapat nating paniwalaan sa pangkalahatang pananaw bilang katuruang ipinag-uutos ng Islam.

3. Ang paniniwala sa kanilang mga katangian na ating napag-alaman, at ang mga ilan dito ay:



- Sila ay tunay na may sariling daigdig na lingid [sa ating mga paningin], sila ay mga nilalang na [patuloy] at lagi nang sumasamba sa Allah, kaya sila ay walang anupamang taglay na katangian [upang sila ay ituring bilang nag-aangkin ng] pagka-panginoon at pagka-diyos, bagkus sila ay mga alipin [o lingkod ng Allah] na ganap na napapailalim sa pagsunod sa Allah. Batay sa sinabi ng Dakilang Allah tungkol sa kanila: {Sila ay hindi sumusuway sa Allah sa anumang Kanyang ipinag-uutos sa kanila, bagkus kanilang ginagawa ang anumang Kanyang ipinag-uutos sa kanila}. Surah At-Tahrim (66): 6

- Sila ay tunay na nilikha mula sa liwanag. Sinabi niya – ipagkaloob nawa sa kanya ang pagpapala at kapayapaan: "Nilikha ang mga anghel mula sa liwanag". (Muslim: 2996)

- Tunay na sila ay mayroong mga pakpak. Katotohanang ipinabatid ng Allah na Siya ay lumikha sa mga anghel ng mga pakpak, sila ay magkakaiba nito sa bilang. Sinabi ng Maluwalhating Allah:

  {Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allah, ang (tanging) nagpasimula ng paglikha sa mga kalangitan at kalupaan, ang naghirang sa mga anghel bilang mga Sugo na may mga pakpak, dalawa o tatlo o apat. Siya ang nagdaragdag sa paglikha sa anumang Kanyang naisin. Katotohanang ang Allah ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay}. Surah Fatir (35): 1

4 Ang paniniwala sa ating napag-alaman hinggil sa anumang kanilang mga gawain na kanilang ipinatutupad sa pag-uutos ng Allah, at ang ilan dito:

- Ang inatasang mangasiwa para sa paghahatid ng Mensahe mula sa Allah tungo sa Kanyang mga Sugo – nawa'y ipagkaloob sa kanila ang kapayapaan, at ito ay si Jibreel (Anghel Gabriel) –nawa'y ipagkaloob sa kanya ang kapayapaan.

- Ang inatasang mangasiwa para sa paghugot ng mga kaluluwa, ito ay si Malakal Mawt (ang Anghel ng kamatayan) at ang kanyang mga kasamahan.

- Ang mga inatasang mangasiwa para sa pangangalaga ng gawain ng isang alipin at ang pagsulat nito, maging ito man ay mabuti o masama, at sila ang mararangal na mga tagapagsulat.

## Ang Mga Mabubuting Bunga ng Paniniwala sa Mga Anghel:

Ang Paniniwala sa mga Anghel ay mayroong mga dakilang bunga sa buhay ng isang naniniwala [Muslim]. Babanggitin natin ang ilan dito, ito ay ang mga sumusunod:

1. Ang mapag-alaman natin ang Kadakilaan ng Allah, ang Kanyang Lakas at Kaganapan ng Kanyang Kapangyarihan, sapagka't ang kadakilaan ng isang nilalang ay mula sa Kadakilaan ng Tagapaglikha, kaya bunga nito, ay nararagdagan ang ating pagpapahalaga sa Allah at higit pang pagdakila, na kung saan ang Allah ay nakalilikha ng mga anghel na may mga pakpak mula sa liwanag.

2. Ang manindigan [at matwid] sa pagsunod sa Allah, kaya sinuman ang naniwala na ang mga anghel ay nagsusulat ng lahat ng kanyang gawain, katotohanang ito ay nagbibigay sa kanya ng takot sa [parusang kanyang matatamo sa] Allah, kaya hindi niya magagawang sumuway, maging lantaran man at lihim.

3. Ang maging matiisin sa pagsunod sa Allah, at makaramdam ng kagalakan at kapanatagan sa sandaling ang isang naniniwala ay ganap na naniniwala na siya ay may kasamang libu-libong mga anghel sa napakalawak na sansinukob na ito na nagtataguyod sa pagsunod sa Allah nang ayon sa pinakamahusay na kalagayan at pinakaganap na katayuan.

4. Ang maging mapagpasalamat sa Allah sa Kanyang pangangalaga sa lahi ni Adam, na kung saan ay nagtakda Siya ng mga anghel na tumatayong tagapangalaga sa kanila at tagapagtanggol sa kanila.



**> Ipinabatid niya ﷺ na ang kalangitan ay tigib ng mga nilikhang naririto, kaya walang lugar dito maging kasing laki ng isang pulgada malibang mayroong mga anghel na nakatindig o nakayuko o nakapatirapa [sa pagsamba sa Allah].**

# > Ang Paniniwala sa Mga Kasulatan (o Kapahayagan)

## Ang Kahulugan ng Paniniwala sa Mga Kasulatan [o Kapahayagan]:

Ang matapat na paniniwala na ang Allah ay may mga Kasulatan na ibinaba [o ipinahayag] sa Kanyang mga Sugo para sa Kanyang mga alipin [mga tao], at na ang mga Kasulatan na ito ay Salita ng Allah na tunay Niyang sinalita nang angkop sa Kanyang Kaluwalhatian, at na ang mga Kasulatan na ito ay naglalaman ng katotohanan, liwanag at patnubay para sa sangkatauhan sa dalawang tahanan (sa mundo at sa kabilang buhay).

At ang paniniwala sa mga Kasulatan ay isa sa mga haligi ng Eeman (Pananampalataya). Batay sa sinabi ng Maluwalhating (Allah): {O kayong mga naniniwala! Maniwala kayo sa Allah at sa Kanyang Sugo (Muhammad), at sa Aklat (Qur'an) na Kanyang ibinaba [o ipinahayag] sa Kanyang Sugo, at sa mga Kasulatang naunang ibinaba [o ipinahayag]}. Surah An-Nisa' (4): 136



> Nabubuo ang pagsusulat sa marangal na Kasulatan (Qur'an) ayon sa pinakamahusay na mga patakaran ng pagsasaayos.

Kaya ipinag-utos ng Allah ang paniniwala sa Kanya, sa Kanyang Sugo at sa Kasulatan na Kanyang ibinaba [o ipinahayag] sa Kanyang Sugo ﷺ at ito ay ang Qur'an, gayundin na Kanyang ipinag-utos ang paniniwala sa mga Kasulatang ibinaba [o ipinahayag] nang una sa Qur'an.

At ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi tungkol sa [kahulugan ng] Eeman (Pananampalataya): "Ang ikaw ay maniwala sa Allah, maniwala sa Kanyang mga Anghel, maniwala sa Kanyang mga Kasulatan, maniwala sa Kanyang mga Sugo at sa Huling Araw, at maniwala sa Tadhana, maging ito man ay mabuti o masama". (Muslim: 8)

### Ano ang Mga Napapaloob sa Paniniwala sa Mga Kasulatan [o Kapahayagan]?

1. Ang Paniniwala na ang pagbaba [o pagpapahayag] ng mga ito ay totoong nagmula sa Allah.
2. Ang Paniniwala na ang mga ito ay Salita ng Allah –[ang Tigib ng Kaluwalhatian at Kataas-taasan].
3. Ang Paniniwala sa Mga Kasulatang pinangalanan ng Allah, tulad ng Dakilang Qur'an na ibinaba [o ipinahayag] sa ating Propetang si Muhammad ﷺ, at ang Tawrat (Torah) na ibinaba [o ipinahayag] kay Musa (Moises), ipagkaloob nawa sa kanya ang kapayapaan, at ang Injeel (Ebanghelyo) na ibinaba [o ipinahayag] kay Isa (Hesus), ipagkaloob nawa sa kanya ang kapayapaan.
4. Ang maniwala [tanggapin] sa anumang mga katotohanang napagtibay mula sa aklat na ito.

## Ang Mga Kahigtan [o Kabutihan] at Katangian ng Dakilang Qur'an:

Katotohanang ang Dakilang Qur'an ay siyang Salita ng Allah na ibinaba [o ipinahayag] sa Propeta at ang huwaran natin na si Muhammad ﷺ, kaya pagkaraan nito, ang isang naniniwala ay nararapat na dakilain ang Aklat na ito at magsumikap upang maitaguyod [at magampanan] ang mga alituntunin nito, gayundin ang pagbabasa nito at ang pagmumuni-muni [sa mga aral at babala] nito.

At sapat na, na ang Qur'an na ito ang siyang patnubay natin sa mundo, at siyang dahilan ng tagumpay natin sa Huling Araw:

At ang Dakilang Qur'an ay nagtataglay ng maraming kahigtan [o kabutihan] at iba't ibang katangian na namumukod sa iba pang mga naunang banal na Kasulatan, ang mga ilan dito ay:

1. Katotohanang ang Dakilang Qur'an ay naglalaman ng pinakabuod ng makadiyos na mga batas, at ito ay dumating bilang isang pagpapatibay at pagpapatunay sa lahat ng mga naunang Kasulatan hinggil sa pag-uutos sa pagsamba sa Allah lamang.

   Ang Allah ay nagsabi: {At Aming ibinaba sa iyo [O Muhammad] ang Aklat (Qur'an) sa katotohanan, na nagpapatunay sa mga Kasulatang nauna pa rito at tumatayo [bilang] saksi rito}. Surah Al-Ma`idah (5): 48

At ang kahulugan ng: {Na nagpapatunay sa mga Kasulatang una pa rito}: Ibig sabihin ay sumasang-ayon sa anumang mga salaysay na naipahayag sa mga naunang Kasulatan at sa anumang mga naipahayag dito na mga paniniwala at iba pang mga kautusan, at ang kahulugan naman ng {At tumatayo [bilang] saksi rito}: Ibig sabihin ay bilang isang katibayan at saksi sa mga naunang Kasulatan dito.

2. Na tungkulin ng lahat ng mga tao sa iba't-ibang mga wika at lahi na sundin [at panghawakan] ito at tuparin ang mga kahilingan nito gaano man katagal ang pagkahuli ng kanilang panahon sa panahon ng pagpapahayag sa Qur'an, kaiba sa mga naunang Kasulatan sapagka't ang mga naunang kasulatan ay para sa natatanging mga tao lamang sa gayong natatanging panahon. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {At ipinahayag sa akin itong Qur'an upang kayo ay aking bigyang-babala sa pamamagitan nito at ang sinumang abutan [ng mensahe nito]}. Surah Al-An`am (6): 19

3. Katotohanang ang Allah ang Siyang nangangasiwa sa pangangalaga sa Qur'an, kaya walang kamay ang maaaring makaabot nito upang magdulot ng kabaluktutan at kailanman ay hindi makaaabot dito. Batay sa sinabi ng Maluwalhati: {Katotohanang Kami ang nagbaba ng Dhikr (ang Qur'an) at katiyakan na ito ay Aming pangangalagaan [mula sa mga katiwalian]}. Surah Al-Hijr (15): 9


At dahil dito, katotohanang ang lahat ng salaysay nito ay tama, nararapat paniwalaan.


## Ano ang tungkulin natin para sa Banal na Qur'an?

- Ginawang isang tungkulin para sa atin ang pagmamahal sa Qur'an, ang pagdakila sa kahalagahan nito at ang paggalang dito, sapagka't ito ay Salita ng Tagapaglikha, na Lubos na Makapangyarihan at Kapitapitagan. Samakatuwid, ito ang pinakamakatotohanang Salita at pinakamainam.
- Ginawang isang tungkulin para sa atin ang pagbigkas at pagbabasa nito, na may pagmumuni-muni sa mga talata at kabanata nito, kaya magmuni-muni tayo sa mga aral [at babala] ng Qur'an, gayundin sa mga salaysay at mga kasaysayan nito, at isalang natin dito ang buhay natin upang maging maliwanag sa atin ang Katotohanan sa Kabulaanan.
- At ginawang isang tungkulin para sa atin ang pagsunod sa mga batas nito, at ang pagpapatupad sa mga pinag-uutos nito at sa mga [aral hinggil sa] kabutihang-asal nito, at itinalaga ito bilang isang panuntunan para sa buhay natin.

At nang tanungin si Aishah – kalugdan nawa siya ng Allah – tungkol sa pag-uugali ng Propeta ﷺ, siya ay nagsabi: "Ang kanyang pag-uugali ay ang Qur'an". (Ahmad: 24601 – Muslim: 746)

Ang kahulugan ng Hadith: Katotohanang ang Sugo ng Alalh ﷺ, sa kanyang buhay at mga gawain, ay nagsilbing pamantayan sa aktuwal na pagpapatupad ng mga alituntunin at batas ng Qur'an. Sa katunayan, nabigyan niya ﷺ ng katotohanan ang kaganapan ng pagsunod sa patnubay ng Qur'an, at siya ang magandang halimbawa upang sundin ng bawa't isa sa atin. Batay sa sinabi ng Maluwalhati: {Katotohanang nasa sa inyo sa Sugo ng Allah (Muhammad) ang isang magandang halimbawa ng sinumang umaasa (sa pakikipagtagpo) sa Allah at sa Huling Araw, at lagi nang nag-aalaala sa Allah}. Surah Al-Ahzab (33): 21






>Ang isang Muslim ay naniniwala na ang Tawrat (Torah) at Injeel (Ebanghelyo) ay ibinaba mula sa Allah, nguni't [sa paglipas ng maraming panahon] ito ay kapwa nahaluan ng maraming pagbabaluktot at pagpapalit, at wala tayong pinapatotohanan dito maliban kung ano ang sinang-ayunan ng Qur'an at ng Sunnah.

## Ano ang Katayuan Natin Tungkol sa kung ano ang nasa mga naunang Kasulatan?

Ang isang Muslim ay naniniwala na ang Tawrat (Torah) na ibinaba [at ipinahayag] kay Musa (Moises) – ipagkaloob nawa sa kanya ang kapayapaan, at ang Injeel (Ebanghelyo) na ibinaba [at ipinahayag] kay Isa (Hesus) – ipagkaloob nawa sa kanya ang kapayapaan, ay totoong nagmula sa Allah, at katotohanang kapwa nitong nasasaklawan ang mga batas, mga aral at mga balita upang patnubayan ang sangkatauhan at bigyang liwanag ang kanilang pamumuhay, sa mundong ito at sa Huling Araw.

Nguni't ipinabatid ng Allah sa pamamagitan ng Qur'an na ang Angkan ng Kasulatan mula sa lipon ng mga Hudyo at Kristiyano ay kanilang binago ang kanilang mga Kasulatan, kanilang dinagdagan ito at binawasan, kaya ang mga ito ay hindi na nananatili (mula sa dating orihinal na kapahayagan) tulad ng pagkakababa nito ng Allah.

Samakatuwid, ang Tawrat (Torah) na umiiral sa ngayon ay hindi na ang dating Tawrat na ibinaba [at ipinahayag] kay Musa (Moises) – ipagkaloob nawa sa kanya ang kapayapaan, sapagka't ito ay pinalitan [o binago] ng mga Hudyo, at kanilang pinaglaruan ang karamihan sa mga alituntunin nito, ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {Kabilang sa mga Hudyo ay yaong binabaluktot ang mga salita [o kahulugan] mula sa [tamang] kalagayan [o kahulugan o paggamit]}. Surah An-Nisa' (4): 46

At gayundin naman ang Injeel (Ebanghelyo) na umiiral sa ngayon, hindi ito ang dating Injeel na siyang ibinaba [at ipinahayag] kay Isa (Hesus) – ipagkaloob nawa sa kanya ang kapayapaan, sapagka't tunay na binago ng mga Kristiyano ang Injeel, at kanilang pinalitan ang karamihan sa mga alituntunin nito. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi tungkol sa mga Kristiyano:

{At katotohanan, kabilang sa kanila ay isang pangkat na binabago ang [kahulugan ng] Aklat [kapahayagan] sa pamamagitan ng [maling pagbigkas sa] kanilang mga dila upang inyong isipin na ito ay nagmula sa Aklat, subali't ito ay hindi nagmula sa Aklat. At sila ay nagsasabing: "Ito ay nagmula sa Allah," subali't ito ay hindi nagmula sa Allah. At sila ay nagsasalita ng kasinungalingan laban sa Allah bagaman [ito ay] kanilang nalalaman}. Surah Al-`Imran (3): 78

{At kabilang niyaong mga nagsasabing, "Kami ay mga Kristiyano," Aming kinuha [at tinanggap] ang kanilang kasunduan, subali't sila ay

nakalimot sa isang [mahalagang] bahagi ng anumang [aral na] ipinaalala sa kanila. Kaya, Aming pinangyaring [umiral ang masidhing] suklam at poot sa kanilang pagitan hanggang sa [pagsapit ng] Araw ng Pagkabuhay na Muli at sa kanila ay ipababatid ng Allah ang anumang [kasalanang] kanilang lagi nang ginagawa.} Surah Al-Maidah (5): 14

At dahil dito ay matatagpuan natin na ang tinatawag na banal na kasulatan na nasa mga kamay ng Angkan ng Kasulatan sa ngayon na napaloloob dito ang Torah at Ebanghelyo ay kinabibilangan ng napakaraming walang kabuluhang paniniwala at mga kabulaanang salaysay, at kasinungalingan na mga kasaysayan, kaya wala tayong pinaniniwalaan sa mga salaysay ng mga kasulatang ito maliban sa kung ano ang pinatunayan ng Banal na Qur'an o ng Wastong Sunnah (pahayag ng Propeta) at ating pinabubulaanan ang anumang pinabulaanan dito ng Qur'an at Sunnah, at manahimik tayo sa mga nalalabi, samakatuwid hindi natin papaniwalaan at hindi rin naman natin pabubulaanan.



At gayon pa man iginagalang ng isang Muslim ang mga Kasulatang iyon, hindi niya hinahamak at nilalapastangan; sapagka't sa kabuuan, tunay na naglalaman pa rin ito ng ilan sa mga nalalabing Salita ng Allah na hindi pa rin nabago.

## Ang Mga Bunga ng Paniniwala sa mga Kasulatan:

Ang Paniniwala sa mga Kasulatan ay Mayroong Maraming Kabutihang Ibinubunga, ang mga ilan dito ay:

1. Ang Kaalaman na pinangangalagaan ng Allah ang Kanyang mga alipin, at sa kaganapan ng Kanyang Habag, na kung saan Siya ay nagpadala sa bawa't pamayanan ng isang Aklat na nagpapatnubay sa kanila at nagbibigay sa kanila ng tunay na kaligayahan sa mundo at sa Huling Araw.

2. Ang pagkaalam sa wagas na layunin ng Allah sa Kanyang Batas, na kung saan ay nagtakda Siya ng Batas sa bawa't pamayanan na aangkop sa kanilang mga kalagayan at tutugma sa kani-kanilang pagkatao. Batay sa sinabi ng Allah: {Sa bawa't pamayanan sa inyo, Kami ay nagtalaga ng isang Batas at isang panuntunan ng buhay}. Surah Al-Maidah (5): 48

3. Ang pagpapasalamat sa biyaya ng Allah sa pagpapahayag sa mga Kasulatan na yaon, sapagka't ang mga kasulatan na ito ay isang liwanag at patnubay sa mundo at sa Huling Araw, kung kaya't pagkatapos nito marapat lamang na pasalamatan ang Allah sa mga dakilang biyayang ito.

## > Ang Paniniwala sa mga Sugo

### Ang Pangangailangan ng Sangkatauhan sa Mensahe:



Ang sangkatauhan ay nangangailangan ng isang makadiyos na mensahe na magpapaliwanag sa kanila ng mga batas at magpapatnubay sa kanila tungo sa kabutihan [at wastong pamumuhay], sapagka't ang Mensahe ang siyang inspirasyon [o patnubay] ng daigdig, ang liwanag at buhay nito, kaya ano pang kaayusan ang malalabi sa daigdig kapag nawala ang inspirasyon [o patnubay], ang buhay at ang liwanag?

At dahil dito ay tinawag ng Allah ang Kanyang Mensahe na inspirasyon [o liwanag at patnubay], sapagka't ang inspirasyon [o liwanag at patnubay] kapag ito ay nawala, mawawalan na rin ng halaga ang buhay. Ang Allah ay nagsabi: {At sa ganito Namin ipinahayag sa iyo ang isang inspirasyon [patnubay ng Qur'an) mula sa Aming pag-uutos. Hindi mo batid kung ano ang Aklat, at kung ano ang Eeman [Pananampalataya]? Datapuwa't ginawa Namin ito (Qur'an) na isang liwanag, pinapatnubayan Namin sa pamamagitan nito ang sinumang Aming naisin mula sa Aming mga alipin}. Surah Ash-Shura (42): 52

At ito ay dahil sa ang isipan kahit pa man nalalaman nito ang mabuti sa masama sa pangkalahatan, datapuwa't sa katotohanan, hindi kayang alamin nito ang detalye niyaon at ang mga baha-bahagi nito, gayundin ang pagsasagawa ng mga Ibaadah (gawaing pagsamba) at mga pamamaraan nito maliban sa pamamagitan ng kapahayagan at mensahe.

Kaya walang landas tungo sa kaligayahan at tagumpay sa dalawang buhay [ang buhay sa mundo at buhay sa kabila] maliban na ito ay nakasalalay sa mga kamay ng Sugo, at walang landas tungo sa kaalaman hinggil sa kalinisan at karumihan sa masusing paraan maliban mula sa pamamaraan na itinuro ng Sugo, kaya sinuman ang tumalikod sa mensahe, siya ay dadapuan ng ligalig, kalungkutan at kasamaan nang ayon sa sukat ng kanyang pagsalungat at pagtalikod mula rito.

## Ito ay Isa sa Mga Haligi ng Eeman (Pananampalataya):

Ang paniniwala sa mga Sugo ay isa sa anim na mga haligi ng Eeman (Pananampalataya). Ang Tigib ng Kaluwalhatian ay nagsabi: {Ang Sugo (Muhammad) ay naniniwala sa anumang ipinahayag sa kanya mula sa kanyang Panginoon, at (gayundin) ang mga naniniwala [na sumusunod sa kanya]. Ang bawa't isa ay naniniwala sa Allah, sa Kanyang mga anghel, sa Kanyang mga Kasulatan, at sa Kanyang mga Sugo. (At sila ay nagsasabi): "Kami ay hindi nagbibigay ng pagtatangi-tangi sa pagitan ng sinuman sa Kanyang mga Sugo}. Al-Baqarah (2): 285

Samakatuwid, ipinahiwatig ng ayah [o talata] ang paniniwala sa lahat ng Sugo bilang isang tungkulin – [ipagkaloob nawa sa kanilang lahat ang pagpapala at kapayapaan], nang walang pagtatangi-tangi, kaya hindi nararapat na paniwalaan natin ang ilan sa mga Propeta at itatakwil natin ang iba, tulad ng ginagawang pagtakwil ng mga Hudyo at Kristiyano.

At siya ﷺ ay nagsabi tungkol sa Eeman (Pananampalataya): "Ang maniwala ka sa Allah, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Kasulatan, sa Kanyang mga Sugo, sa Huling Araw at ang maniwala ka sa Tadhana, maging ito man ay mabuti at masama". (Muslim: 8)

## Ang Kahulugan ng Paniniwala sa Mga Sugo:

Ito ay ang tapat na paniniwala na ang Allah ay tunay na nagsugo sa bawa't pamayanan ng isang Sugo mula sa kanilang sariling lipon na mag-aanyaya sa kanila sa pagsamba sa Allah na walang pagtatambal sa Kanya, at tunay na ang lahat ng mga Sugo ay mga tapat, mga nagpapatotoo, mga banal, mga mapagkakatiwalaan, mga namamatnubay, mga napapatnubayan, at tunay nilang naihatid ang lahat ng mga naisugo sa kanila ng Allah, sila ay walang inilihim at binago, wala silang idinagdag dito na isang titik mula sa kanilang sariling kagustuhan at walang ibinawas. Batay sa sinabi ng Tigib ng Kaluwalhatian: {Kaya nga, mayroon pa bang ibang tungkulin ang mga Sugo maliban sa paghahatid ng maliwanag (na mensahe)?}. Surah An-Nahl (16): 35



## Ano ang Napapaloob sa Paniniwala sa Mga Sugo?

1 Ang paniniwala na ang kanilang mensahe ay totoong nagmula sa Allah, at na ang [diwa at kabuuan ng] lahat ng mga mensahe ay nagkaisa – ito ay ang pag-aanyaya tungo sa pagsamba sa Nag-iisang Diyos [ang Allah], wala Siyang katambal. Batay sa sinabi ng Maluwalhating (Allah): {At katotohanang Kami ay nagsugo sa bawa't pamayanan ng isang Sugo (na nagpapahayag): "Sambahin lamang ninyo ang Allah, at iwasan ang mga Thagoot (lahat ng diyus-diyusan na sinasamba maliban sa Allah}. Surah An-Nahl (16): 36

At maaaring nagkakasalungat ang mga batas ng mga Propeta sa mga sangay tungkol sa ipinahihintulot at ipinagbabawal nang ayon sa anumang umaangkop sa mga pamayanan na iyon. Batay sa sinabi ng Allah: {Sa bawa't isa sa inyo, Kami ay gumawa para sa inyo ng batas at isang malinaw na pamamaraan [na dapat tahakin]}. Surah Al-Maidah (5): 48

2 Ang paniniwala sa lahat ng mga Propeta at mga Sugo. Pinaniniwalaan natin ang sinumang pinangalanan ng Allah sa lipon ng mga Propeta, tulad halimbawa nina: Muhammad, Ibrahim (Abraham), Musa (Moises), Isa (Hesus) at Nuh (Noah), ipagkaloob nawa sa kanila ang pagpapala at kapayapaan. At tungkol naman sa kanila na hindi natin alam ang kanyang pangalan, siya ay atin ding pinaniniwalaan sa pangkalahatan, at sinuman ang nagtakwil sa mensahe ng isa sa kanila, katotohanang kanyang itinakwil silang lahat.

3 Ang patotohanan ang anumang napatunayan mula sa mga balita tungkol sa mga Sugo at sa kanilang mga kapangyarihang nakasaad sa Qur'an at Sunnah, tulad ng kasay-sayan ng paghati sa dagat bilang himala para kay Musa (Moises) – ipagkaloob nawa sa kanya ang kapayapaan.

4 Ang pagpapatupad sa mga batas ng Sugo na siyang isinugo sa atin, at siya ang pinakamainam sa kanila at panghuli sa kanila: si Muhammad ﷺ.



## Ang Ilan sa Mga Katangian ng Mga Sugo:

| | |
|---|---|
| 1 | Sila ay tunay na mga tao, ang pagkaiba lamang nila sa iba sa kanila, sila ay itinangi ng Allah sa pamamagitan ng kapahayagan at mensahe. Ang Kataas-taasang Allah ay nagsabi: {At wala Kaming isinugo [O Muhammad] bago pa sa iyo maliban na sila ay mga lalaki (na katulad mo) na Aming binigyan ng inspirasyon}. Surah Al-Anbiya' (21): 7<br>Samakatuwid, sila ay walang angking anumang katangian upang sila ay ituring bilang panginoon at diyos, sapagka't sila ay mga tao na inabot ang kaganapan ng panglabas na kaanyuhan, gayundin na inabot nila ang pinakatugatog sa kaganapan ng mga kaugalian, gayundin na sila ang may pinakamainam na angkan sa sangkatauhan, sila ay may angkin na ibayong isip at maliwanag na pananalita na siyang nagtalaga sa kanila na karapat-dapat magpasan ng mga kahihinatnan ng mensahe at magtaguyod ng mga pasanin ng pagka-propeta.<br>Ang tanging dahilan ng pagtalaga ng Allah sa mga sugo mula sa lipon ng tao ay upang siya ay maging isang huwaran mula sa sarili nilang lahi, at sa gayon ang pagsunod sa Sugo at paggaya sa kanya ay naaayon sa sarili nilang kakayahan at sa abot kaya nila. |
| 2 | Sila ay itinangi ng Allah sa pamamagitan ng mensahe, samakatuwid tunay na sila ay itinangi sa pamamagitan ng pagpapahayag na hindi ipinagkaloob sa ibang tao. Batay sa sinabi ng Allah – ang Tigib sa Kaluwalhatian: {Sabihin [O Muhammad]: "Ako ay isa lamang tao na katulad ninyo; sa akin ay ipinahahayag na ang inyong Diyos ay isang diyos lamang (ang Allah)}. Surah Al-Kahf (18): 110<br>Samakatuwid, ang pagka-propeta at mensahe ay hindi natatamo sa pamamagitan ng wagas o kalinisan ng kaluluwa, katalinuhan at pambihirang pag-iisip, sapagka't ang tungkulin ng pagiging propeta ay batay sa kapahintulutan ng Allah at Kanyang nababatid kung sino ang karapat-dapat italaga bilang Kanyang mga Sugo at sila ay Kanyang hinirang mula sa iba't ibang lipon ng mga tao. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Ang Allah ang higit na nakakaalam kung kanino Niya dapat ibigay ang Kanyang Mensahe}. Surah Al-An`am (6): 124 |
| 3 | Katotohanang sila ay ligtas mula sa kamalian sa kanilang inihahatid [na mensahe] tungkol sa Allah, samakatuwid sila ay hindi nagkakamali sa paghahatid [ng mensahe] tungkol sa Allah, at sila ay hindi nagkakamali sa pagpapatupad ng anumang ipinahayag sa kanila ng Allah. |
| 4 | Ang katapatan, samakatuwid ang mga sugo – ipagkaloob nawa sa kanila ang kapayapaan, ay mga tapat sa kanilang mga salita at gawa. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {Ito ang ipinangako ng Pinakamahabaging (Allah), at tunay ngang ang mga sugo ay nagsasabi ng katotohanan!}. Surah Ya-Sin (36): 52 |
| 5 | Ang pagkamatiyaga, katotohanang sila ay nag-anyaya tungo sa Relihiyon ng Allah bilang mga tagapaghatid ng magandang balita at tagababala, at tunay na sila ay dumanas ng iba't ibang uri ng pamiminsala at iba't ibang uri ng pagpapahirap, datapuwa't sila ay nagtiyaga at pinilit na kakayanin alang-alang sa landas na mangibabaw ang Salita ng Allah. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {Kaya maging matiisin ka [O Muhammad] tulad ng pagtitiis ng mga Sugo na may matatag na hangarin}. Surah Al-Ahqaf (46): 35 |

## Ang mga Tanda ng mga Sugo at kanilang mga kapangyarihan:

Sinuportahan ng Allah ang Kanyang mga Sugo – ipagkaloob nawa ang kapayapaan sa kanila – sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng mga katibayan, himala at patunay sa kanilang katapatan at pagka-propeta, at ang ilan dito ay ang pagtangkilik sa kanila sa pamamagitan ng mga kapangyarihan at maliliwanag na mga himala na wala sa kakayahan ng tao upang sa gayon ay ipagbigay-alam ang kanilang katapatan at patotoo ng kanilang pagka-propeta.

At ang tinutukoy dito na mga kapangyarihan ay: Ang mga pambihirang bagay na lagpas sa karaniwan na ipinamamalas ng Allah sa mga kamay ng Kanyang mga Propeta at mga Sugo sa paraan na hindi kaya ng tao na gumawa ng katulad nito.

At ang mga ilan dito:

- Ang pagiging ahas ng tungkod ni Musa (Moises) – ipagkaloob nawa sa kanya ang kapayapaan.
- Ang pagpahayag ni Isa (Hesus) – ipagkaloob nawa sa kanya ang kapayapaan, sa kanyang mga tao tungkol sa kung ano ang kanilang kinakain at kung ano ang kanilang inilalagak sa kanilang mga tahanan.
- Ang pagkahati ng buwan para sa Propeta natin na si Muhammad ﷺ.

## Ang Paniniwala ng isang Muslim tungkol kay Isa (Hesus) – ipagkaloob nawa sa kanya ang kapayapaan:

1. Siya ay tunay na isa sa pinakadakila sa mga Propeta at may mataas na katayuan, at sila ang may matatatag na pagpapasiya sa mga Sugo. Sila ay sina: Muhammad, Ibrahim (Abraham), Nuh (Noah), Musa (Moises) at `Isa (Hesus) – ipagkaloob nawa sa kanila ang pagpapala at kapayapaan. At sa katunayan, binanggit sila ng Allah sa Kanyang sinabi: {At (alalahanin) nang Aming kinuha sa mga Propeta ang kanilang Kasunduan, at sa iyo [O Muhammad], at kay Nuh (Noah), Ibrahim (Abraham), Musa (Moises), at `Isa (Hesus) na anak ni Maryam (Maria); Aming kinuha sa kanila ang isang matatag na Kasunduan}. Surah Al-Ahzab (33): 7

2. Si `Isa (Hesus) – ipagkaloob nawa sa kanya ang pagpapala at kapayapaan, ay isang tunay na tao mula sa angkan ni Adam (Adan), siya ay pinagkalooban ng Allah ng kalamangan at isinugo sa Angkan ng Israel at pinangyari sa kanyang mga kamay ang mga kapangyarihan, at wala siyang anumang katangian mula sa mga partikular na katangian ng pagka-panginoon at pagka-diyos. Batay sa sinabi ng Allah: {Siya (Hesus) ay hindi humigit maliban sa isang alipin lamang na Aming pinagkalooban ng biyaya, at siya ay ginawa Namin bilang isang halimbawa sa Angkan ng Israel}. Surah Az-Zukhruf (43): 59

   At siya – ipagkaloob nawa sa kanya ang pagpapala at kapayapaan, ay hindi nag-utos sa kanyang mga tao na ituring siya at ang kanyang ina bilang mga diyos bukod pa sa Allah, datapuwa't ang tanging sinabi niya sa kanila ay kung ano ang ipinag-utos sa kanya ng Allah: {Sambahin ninyo ang Allah, na aking Panginoon at inyong Panginoon}. Surah Al-Maidah (5): 117

3. Siya ay si Isa (Hesus) na anak na lalaki ni Maryam (Maria), at si Maryam na kanyang ina ay isang mabuting babae, matapat, masunurin, mapaglingkod sa kanyang Panginoon, maalaga sa kanyang pagkababae, malinis na babae, birhen, at tunay na kanyang ipinagbuntis si Isa – ipagkaloob nawa sa kanya ang kapayapaan, na walang ama sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Allah na Pinakamakapangyarihan,

Kapita-pitagan, kaya ang pagkakalikha sa kanya sa pamamagitan ng pambihirang kapangyarihan ay walang katapusan, tulad ng pagkakalikha kay Adam (Adan) na walang ama at ina. Batay sa sinabi ng Allah: {Katotohanan, ang kahalintulad ni `Isa (Hesus) sa (paglikha sa kanya ng) Allah ay katulad ni Adam (Adan). Siya [si Hesus] ay Kanyang Nilikha mula sa alabok, at pagkatapos ay nagsabi sa kanya: "Kun (Mangyari)!" At nangyari nga [na siya ay nalikha]}.Surah Al-`Imran (3): 59

4 Katotohanang walang Sugo sa pagitan niya at kay Muhammad ﷺ, at tunay na siya ang nagbigay ng magandang balita tungkol sa Propeta natin na si Muhammad – ipagkaloob nawa sa kanya ang pagpapala at kapayapaan. Batay sa sinabi ng Allah: {At (alalahanin) nang si `Isa (Hesus), na anak ni Maryam (Maria) ay nagsabi: "O Angkan ng Israel! Katotohanan, ako ay Sugo ng Allah na isinugo sa inyo, na nagpapatotoo sa Tawrat (Torah) na nauna sa akin, at nagbibigay ng magandang balita tungkol sa isang Sugo na darating pagkaraan ko, ang kanyang pangalan ay Ahmad. Datapuwa't nang siya ay dumating sa kanila na may maliwanag na mga katibayan, sila ay nagsabi: "Ito ay isang malinaw na salamangka!}. Surah As-Saff (61): 6

5 Tayo ay naniniwala sa mga kapangyarihan na pinapangyari ng Allah sa kanyang mga kamay, tulad ng pagpapagaling sa may ketong, bulag at pagbuhay sa mga patay, at gayundin sa mga ibinabalita niya tungkol sa kung ano ang kinakain ng mga tao at kung ano ang kanilang itinatago sa kanilang mga tahanan, at lahat ng ito ay ayon sa kapahintulutan ng Allah na Tigib ng Kaluwalhatian at Kataas-taasan, at ito ang ginawa ng Allah na maliwanag na katibayan sa pagpapatunay ng kanyang pagka-propeta at mensahe.


6 Hindi magiging ganap ang Eeman [pananampalataya] ng isang tao hangga't hindi naniniwala na si `Isa (Hesus) ay alipin ng Allah at Kanyang Sugo, at na siya ay walang kamalayan at malayo mula sa lahat ng masasamang paglalarawan sa kanya ng mga Hudyo at sa mga paratang laban sa kanya ay tandisang itinakwil ng Allah. Bilang Muslim, ating itinatakwil ang paniniwala ng mga Kristiyano na siya at ang kanyang ina ay kapwa mga diyos bukod sa Allah, na siya ay anak ng Diyos at siya ay bahagi o kabilang sa tatlong persona ng diyos. Luwalhati sa Allah at Siya ay Mataas sa anumang kanilang iniaakibat.



> **Naniniwala ang isang Muslim na si Hesus, nawa'y ipagkaloob sa kanya ang kapayapaan – ay isa sa mga pinakadakilang Sugo ng Allah, nguni›t siya ay hindi isang diyos, at siya ay hindi napatay at hindi naipako.**

7 Tunay na siya ay hindi napatay at hindi naipako, bagkus siya ay itinaas ng Allah sa langit nang siya ay pagtangkaang patayin ng mga Hudyo, at ipinalit ang iba na kanyang nakakahawig, kaya ito ang kanilang napatay at naipako sa pag-aakala nilang ito si `Isa (Hesus) – ipagkaloob nawa sa kanya ang kapayapaan. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang Allah: {At sa kanilang pagsasabi (nang may pagmamalaki): "Katotohanang aming pinatay ang Mesiyas si Hesus ang anak ni Maria, ang Sugo ng Allah." Datapuwa't siya ay hindi nila napatay, at siya ay hindi nila naipako sa krus, bagkus [may iba] na ginawa upang kanyang makawangis sa kanilang [paningin]. At katotohanan, yaong mga nagkakaiba-iba rito ay may agam-agam tungkol dito. Sila ay walang [tamang] kaalaman maliban sa pagsunod sa mga pag-aakala lamang. At siya ay hindi nila nagawang patayin para sa katiyakan [ng kanyang pagkakilanlan]. Bagkus, [ang katotohanan nito] siya [si Hesus] ay itinaas ng Allah patungo sa Kanyang Sarili. At ang Allah ay Lagi nang Ganap na Makapangyarihan, Tigib ng Karunungan. At walang isa man mula sa mga Angkan ng Kasulatan [mga Hudyo at Kristiyano] maliban na sila ay nararapat na maniwala sa kanya [kay Hesus] bago [sumapit kay Hesus] ang kanyang kamatayan. At sa Araw ng Pagkabuhay na Muli, siya ay magiging saksi laban sa kanila.}. Surah An-Nisa' (4): 157-159

Sa katotohanan, siya ay pinangalagaan at itinaas ng Tigib sa Kaluwalhatian at Kataas-taasan doon sa Kanya sa langit, at siya ay tiyak na bababa sa lupa sa huling panahon at siya ay maghuhukom nang ayon sa batas ng Propeta Muhammad ﷺ, pagkaraan nito, siya ay mamamatay at ililibing sa lupa [tulad ng karaniwan] at siya ay ibabangong muli tulad ng pagbabangon ng lahat ng anak ni Adam (Adan). Batay sa sinabi ng Allah: {Mula rito (lupa) ay Aming nilikha kayo, at dito kayo ay Aming ibabalik, at dito (rin) kayo ay Aming muling pababangunin (bubuhayin)}. Surah Ta-Ha (20): 55



## Ang paniniwala na si Muhammad ﷺ ay isang Propeta at Sugo:

- Naniniwala tayo na si Muhammad ﷺ, siya ay isang alipin ng Allah at Kanyang Sugo, at siya ang pangulo ng mga una at huli, at siya ay pinakasagka sa mga Propeta, kaya't wala nang Propeta pagkaraan niya, at tunay na kanyang naihatid ang Mensahe, at naipatupad niya ang Amanah (ipinagkatiwala), at pinayuhan ang buong pamayanan, at siya ay nakibaka sa Allah nang tunay na pakikibaka.

- At siya ay ating pinaniniwalaan sa lahat ng kanyang ipinabatid, at siya ay ating sinusunod sa lahat ng kanyang ipinag-uutos, at ating nilalayuan ang anumang kanyang ipinagbabawal, at sambahin natin ang Allah ayon sa kanyang Sunnah (kaparaanan) – ipagkaloob nawa sa kanya ng Allah ang pagpapala at kapayapaan – at na tayo ay sumunod sa kanya. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {Katotohanang nasa sa inyo sa Sugo ng Allah (Muhammad) ang isang magandang halimbawa ng sinumang umaasa (sa pakikipagharap) sa Allah at sa Huling Araw, at lagi nang nag-aalaala sa Allah}. Surah Al-Ahzab (33): 21

- At tungkulin natin na iuna ang pagmamahal sa Propeta ﷺ kaysa sa pagmamahal sa magulang, anak at sa lahat ng sangkatauhan, ayon sa sinabi niya ﷺ : "Hindi magiging ganap ang Eeman [paniniwala] ng isa sa inyo hangga't hindi ako ang nagiging higit na pinakamamahal niya kaysa sa kanyang magulang, anak at sa lahat ng sangkatauhan". (Al-Bukhari: 15 – Muslim: 44). At ang wagas na pagmamahal sa kanya ay ang pagsunod sa kanyang Sunnah at pagtahak sa kanyang pamamatnubay bilang huwaran. Ang tunay na kaligayahan at ganap na patnubay ay hindi nabibigyan ng katuparan o patunay maliban sa pamamagitan ng pagsunod sa kanya. Batay sa sinabi ng Maluwalhating Allah: {At kung kayo ay susunod sa kanya, inyong tatahakin ang tamang patnubay. At walang tungkulin na iniatang sa Sugo maliban upang ipaabot (ang mensahe) sa maliwanag na paraan}. An-Nur (24): 54

- Tungkulin natin na tanggapin ang anumang naiparating ng Propeta ﷺ, at na sumunod sa kanyang Sunnah, at na ituring ang kanyang pamamatnubay na isang lugar na pagpipitagan at pagdakila. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Hindi, bagkus Ako (Allah) ay nanunumpa sa iyong Panginoon na hindi magiging ganap ang kanilang paniniwala hanggang hindi ka nila tinatangkilik bilang tagahatol sa lahat ng mga hidwaan sa pagitan nila, at pagkatapos ay wala silang matagpuan sa kanilang sarili na anumang pag-aalinlangan o paninikip ng dibdib sa iyong naging pasiya, at maluwag nilang tanggapin ang mga ito nang ganap}. An-Nisa' (4): 65

- Kailangan nating maging maingat sa pagsalungat sa kanyang pag-uutos – ipagkaloob nawa sa kanya ng Allah ang pagpapala at kapayapaan; sapagka't ang pagsalungat sa kanyang pag-uutos ay isang dahilan ng paglaganap ng Al-Fitnah (malaking kaguluhan), pagkaligaw at masakit na pagdurusa, na kung saan ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {Kaya sinuman ang sumasalungat sa kanyang pag-uutos ay maging maingat, baka ang isang Fitnah (malaking kaguluhan) ay dumating sa kanila, o isang masakit na kaparusahan ang tumama sa kanila}. Surah An-Nur (24): 63

## Ang partikular na mga katangian ng Mensahe ni Muhammad:

Natatangi ang Mensahe ni Muhammad sa mga naunang Mensahe ayon sa iilang mga partikular na katangian at kahigtan, ang ilan dito:

- Ang Mensahe ni Muhammad ang siyang sagka o pinakahuli sa mga naunang Mensahe. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {Si Muhammad ay hindi naging ama ng sinuman sa inyong mga kalalakihan, datapuwa't siya ang Sugo ng Allah at sagka (panghuli) sa (lahat ng) mga Propeta}. Surah Al-Ahzab (33): 40
- Ang mensahe ni Muhammad ay nagpapawalang bisa sa mga naunang mensahe, kaya walang pananampalataya ang tatanggapin ng Allah mula sa kaninuman pagkaraan ng pagkasugo sa Propeta ﷺ maliban sa pamamagitan ng pagsunod kay Muhammad ﷺ, at hindi makakarating ang sinuman sa karangyaan ng Paraiso maliban sa pamamagitan niya, samakatuwid siya ﷺ ang pinakamarangal sa mga Sugo, at ang kanyang pamayanan ang pinakamainam sa lahat ng pamayanan, at ang kanyang Batas ang pinakaganap sa lahat ng mga batas. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {At sinuman ang maghangad ng iba pang relihiyon maliban sa Islam, ito ay hindi tatanggapin sa kanya magpakailanman, at sa Huling Araw, siya ay kabilang sa mga talunan}. Al-`Imran (3): 85

At siya ﷺ ay nagsabi: "Ako ay nanunumpa sa Kanya na may tangan sa buhay ni Muhammad, walang isa man na nakakarinig sa akin mula sa lipon ng pamayanan na ito, maging isang Hudyo o Kristiyano, pagkaraan ay namatay siya at hindi naniwala sa kung ano ang isinugo sa akin, kundi siya ay naging kabilang sa mga mananahan sa Apoy". (Muslim: 153 – Ahmad: 8609)

- Ang mensahe ni Muhammad ay sumasaklaw sa dalawang Thaqalain: Ang Jinn at Tao. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi patungkol sa sinabi ng isang Jinn: {O aming pamayanan! Magsitugon kayo sa tagapag-anyaya ng Allah (Muhammad)}. Al-Ahqaf (46). 31

At sinabi pa ng Kataas-taasang Allah: {At ikaw [O Muhammad] ay hindi Namin isinugo maliban na para sa buong sangkatauhan bilang tagapaghatid ng magandang balita, at tagapagbabala}. Saba' (34): 28

At siya (Muhammad ﷺ) ay nagsabi: "Ako ay binigyan ng anim na kalamangan sa mga Propeta: Ako ay ginawaran ng mga pangkalahatang salita (ang Qur'an), at ipinagkaloob sa akin ang tagumpay sa pamamagitan ng takot, at ipinahintulot sa akin ang mga Ghanimah (mga labing ari-arian ng digmaan), at itinalaga para sa akin ang kalupaan na malinis at Masjid (bahay-dalanginan), at ako ay isinugo sa lahat ng nilalang, at ako ang ginawang pinakahuli sa mga Propeta". (Al-Bukhari: 2815 – Muslim: 523)



## Ang Mga Bunga ng Paniniwala sa Mga Sugo:

Ang Paniniwala sa Mga Sugo ay may dakilang mga bunga, ang ilan dito:

1 Ang pagkilala sa habag ng Allah at ang Kanyang pangangalaga sa Kanyang mga alipin na kung saan ay nagsugo Siya sa kanila ng mga Sugo upang sila ay kanilang patnubayan tungo sa wastong landas at maipaliwanag sa kanila kung paano nila sambahin ang Allah; sapagka't ang isipan ng tao ay walang angking sariling kakayahan upang mapag-alaman ito. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi tungkol sa Propeta natin na si Muhammad ﷺ : {At ikaw [O Muhammad] ay hindi Namin isinugo, maliban bilang habag sa lahat ng mga nilalang}. Surah Al-Anbiya' (21): 107

2 Ang pagpapasalamat sa Kanya na Kataas-taasang (Allah) sa mga dakilang biyaya na ito.

3 Ang pagmamahal sa mga Sugo – ipagkaloob nawa sa kanila ang pagpapala at kapayapaan – ang pagdakila at pagpupuri sa kanila ayon sa kung ano ang umaangkop sa kanila; sapagka't sila ay nagsipagtaguyod sa pagsamba sa Allah, sa paghahatid ng Kanyang Mensahe at sa pagpapayo sa Kanyang mga alipin.

4 Ang pagsunod sa Mensahe na naiparating ng mga Sugo mula sa Allah, ito ay ang pagsamba sa Allah lamang, wala Siyang katambal, at ang pagsasagawa rito, kaya't mabibigyan ng katotohanan sa mga sumasampalataya sa kanilang pamumuhay ang tunay na kabutihan, kapatnubayan at kaligayahan sa dalawang tahanan (sa mundo at sa Huling Araw).

Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {Sa gayon sinuman ang sumunod sa Aking patnubay ay hindi maliligaw (sa mundo), at hindi magdurusa (sa Kabilang Buhay), at sinuman ang tumanggi sa Aking Paalaala (sa Qur'an o sa Kautusan), katotohanang sasakanya ang mahirap na buhay}. Surah Ta-Ha (20): 123-124



> **Ang Masjidul Aqsa (Bahay-Dalanginan sa Herusalem) ay may katayuan sa mga Muslim, ito ang ikalawang Masjid na itinayo sa lupa pagkatapos ng Al-Masjidil Haram (Bahay-Dalanginan sa Makkah), at katotohanang nakapagdasal dito ang Sugo ng Allah ﷺ at ang iba pang mga Propeta – ipagkaloob nawa sa kanilang lahat ang kapayapaan.**

# > Ang Paniniwala sa Huling Araw

## Ang Kahulugan ng Paniniwala sa Huling Araw:

Ang tapat na paniniwala na bubuhaying muli ng Allah ang mga tao mula sa mga libingan, pagkaraan ay sila ay Kanyang susulitin at gagantimpalaan sa kanilang mga gawa, hanggang sa ganap nang makapanirahan ang mga mananahan sa Paraiso sa kanilang mga tahanan, gayundin ang mga mananahan sa Apoy sa kanilang mga tahanan.

At ang paniniwala sa Huling Araw ay isa sa mga haligi ng Eeman (Pananampalataya), kaya hindi magiging ganap at wasto ang paniniwala maliban sa pamamagitan nito. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {Bagkus ang Birr [pagiging mabuti at matwid] ay ang naniwala sa Allah at sa Huling Araw}. Surah Al-Baqarah (2): 177

## Bakit binibigyang-diin ng Qur'an  Ang Paniniwala sa Huling Araw?

Binigyang-diin ng Banal na Qur'an ang paniniwala sa Huling Araw, at nagbigay din dito ng babala sa lahat ng pagkakataon, at binigyang-diin ang pagkakaganap nito sa iba't ibang paraan ng wikang arabik, at ang paniniwala rito ay iniugnay nito sa paniniwala sa Allah sa napakaraming kalagayan.

At ito ay dahil sa paniniwala sa Huling Araw ay isa sa bunga na kanais-nais sa paniniwala sa Allah at ng Kanyang pagkamakatarungan – Kaluwalhatian sa Kanya at Kataas-taasan. At ang paliwanag nito:

Katotohanang hindi kinikilala ng Allah ang kawalang katarungan, at hindi Niya hinahayaan ang mapaggawa ng kawalang katarungan nang walang karampatang kaparusahan, gayundin naman ang ginawan ng di-makatarungan nang hindi nito nakakamit ang katarungan, at hindi rin Niya hinahayaan ang mapaggawa ng kabutihan nang walang kabayaran at gantimpala, at Kanyang ibinibigay sa bawa't may karapatan ang karapatan nito, at tayo ay nakakakita sa buhay sa mundo na tao na namumuhay bilang mapaggawa ng katarungan at namamatay na mapaggawa pa rin ng kawalang katarungan nguni't hindi naparurusahan, at ng tao na namumuhay na ginawan ng kawalang katarungan at namamatay na ginagawan pa rin ng kawalang katarungan, nguni't hindi niya nakukuha ang kanyang karapatan. Samakatuwid, ano ang kahulugan nito, samantalang ang Allah ay hindi tumatanggap ng kawalang katarungan?



**> Pinangangaralan tayo ng Islam na lumayo tayo sa Apoy [ng Impiyerno] sa pamamagitan ng pagmamagandang-loob sa iba na kahit pa ito ay sa pamamagitan ng kawanggawang [nagkakahalaga ng] kalahating [bahagi ng] bungang-datiles.**

Ang ibig sabihin nito, tunay na kailangan ay may iba pang buhay liban sa buhay na ito na ating kinamumulatan, kinakailangan na may iba pang tipanan na ginagantimpalaan dito ang mapaggawa ng kabutihan at pinarurusahan dito ang mapaggawa ng kasamaan, at matamo ng bawa't may karapatan ang kanyang karapatan.

## Ano ang Napaloloob sa Paniniwala sa Huling Araw?

Ang paniniwala ng isang Muslim sa Huling Araw ay napaloloob ang ilang mga bagay-bagay, ang ilan dito:

1. Ang paniniwala sa pagkabuhay na muli at pagtitipon: Ito ay ang pagkabuhay muli ng mga patay sa kanilang mga puntod, at pagbalik sa mga kaluluwa tungo sa kanilang mga katawan, kaya't titindig ang mga tao sa (harapan ng) Panginoon ng lahat ng nilalang, at pagkatapos ay titipunin at pagsama-samahin sila sa iisang lugar na nakayapak at walang saplot, tulad ng pagkakalikha sa kanila noong una.

At ang paniniwala sa Pagkabuhay na Muli ay isa lamang sa mga ipinahiwatig ng Aklat (Qur'an) at Sunnah, ng isip at likas na taglay, kaya tayo ay naniniwala nang may katiyakan na bubuhaying muli ng Allah ang sinumang nasa mga libingan, at ibabalik ang mga kaluluwa sa mga katawan at magsisitindig ang mga tao sa (harapan ng) Panginoon ng lahat.

Ang Allah ay nagsabi: {At pagkatapos nito, katiyakang kayo ay mamamatay, at pagkatapos, katotohanang kayo ay ibabangon sa Araw ng Pagkabuhay na Muli (sa Kabilang Buhay)}. Al-Mu'minun (23): 15-16

At katotohanang nagkaisa rito ang lahat ng pangkalangitang kasulatan, sapagka't ito ang siyang kahilingan ng makabuluhang layunin; na kung saan sa pagkakalikha ng Allah sa nilalang na ito ay nangangailangan ng isang tipanan na rito ay Kanyang gagantimpalaan sila sa lahat na tungkulin na ipinataw sa kanila sa pamamagitan ng mga salita ng Kanyang mga Sugo. Ang Allah ay nagsabi: {Kayo ba ay nag-aakala na kayo ay Aming nilikha lamang bilang paglalaro (nang walang layunin), at kayo ay hindi muling ibabalik sa Amin?}. Surah Al-Mu'minun (23): 115

## Ang ilan sa mga katibayan ng Qur'an sa pagpapatunay sa Pagkabuhay na muli:

- Katotohanang nilikha ng Allah ang tao na may pasimula, samakatuwid ang Isang may kakayahan na magpasimula sa paglikha ay hindi manghihina sa paglikha ulit nito. Ang Allah ay nagsabi: {At Siya ang Tagapagsimula sa paglikha, at [Siya rin] ang magpapanumbalik nito (matapos ang kamatayan nito)}. Surah Ar-Rum (30): 27

At nagsabi pa ang Kataas-taasang Allah na nag-uutos sa pagsagot sa sinumang nagtatakwil sa pagkabuhay ng mga buto [o kalansay] kapag ito ay naging abo na: {Sabihin mo [O Muhammad]: "Siya (Allah) ang magbibigay-buhay sa kanila na lumikha sa kanila noong una! At Siya ang Ganap na Nakakaalam sa lahat ng mga nilikha}. Surah Ya-Sin (36): 79

- Katotohanang ang lupa ay tigang, walang buhay, walang sariwang punong-kahoy, at pagkaraan ay ibubuhos ng Allah dito ang ulan, kaya magbubukadkad ito nang luntian na may buhay. Ang Isa na makapagpalilitaw ng bawa't uri ng naggandahang halaman ay katiyakan na Kanya ring magagawang magbigay buhay sa dati ay tigang [o patay]. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {At Aming ibinaba ang pinagpalang ulan mula sa langit, at Aming pinangyaring tumubo sa pamamagitan nito ang mga halamanan at mga butil na pag-aanihan. At ang mga nagtataasang puno ng datiles na [hitik sa]

mga bungang nagkakalipumpunan, [bilang] panustos para sa mga alipin [ng Allah]. At Aming binigyang buhay sa pamamagitan nito ang [dati ay] tigang na lupa. Ganyan [nahahalintulad] ang paglabas [ng mga patay mula sa mga libingan sa Araw ng Pagkabuhay na Muli]}. Surah Qaf (50): 9-11

- Bawat makatuwirang tao ay tumatanggap na sinumang may kakayahang gumawa ng isang mahirap na gawain, may kakayahan din makagawa ng isang gawaing higit na magaan [o madali], at kung ang Allah ay may kakayahang magpasimula sa paglikha ng mga kalangitan, kalupaan at mga orbita sa kabila ng laki at lawak ng kalagayan nito at ang kahanga-hangang pagkakalikha nito, magkagayon Siya ay higit na may kakayahan sa pagbigay-buhay ng mga kalansay o butong naging abo na. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {Hindi ba Siya na lumikha ng mga kalangitan at kalupaan ay may kakayahan din na makalikha ng katulad nila? Oo nga! Bagkus, Siya ang Tagapaglikha, ang Ganap na Maalam}. Surah Ya-Sin (36): 81

2 Ang paniniwala sa pagsusulit [pagtutuos ng gawa] at pagtitimbang: Susulitin ng Allah ang mga nilalang sa kanilang mga gawa na kanilang nagawa sa buhay sa mundo, kaya sinuman ang mapabibilang sa lipon ng mga nagtataguyod ng Tawheed (Kaisahan ng Allah) at naging masunurin sa Allah at sa Kanyang Sugo, katotohanang ang kanyang pagsusulit ay magiging madali, datapuwa't sinuman ang mapabibilang sa lipon ng mga nagtataguyod ng Shirk (pagtatambal sa Allah) at pagsuway, samakatuwid ang kanyang pagsusulit ay magiging mahirap.

At titimbangin ang mga gawain sa dakilang timbangan, kaya ilalagay ang mga mabubuting gawa sa isang palad, at ang mga masasamang gawa ay sa isa namang palad, at sinumang ang kanyang mga kabutihan ay nakalamang sa kanyang mga kasamaan, siya ay mapabibilang sa mga mananahan sa Paraiso, datapuwa't sinuman ang kanyang mga kasamaan ay nakalamang sa kanyang mga kabutihan, siya ay mapabibilang sa mga maninirahan sa Apoy, at ang iyong Panginoon (Allah) ay hindi gumagawa ng kawalang katarungan sa kaninuman.

Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {At Aming itatatag ang mga timbangan ng katarungan sa Araw ng Paghuhukom, kaya walang sinuman ang pakikitunguhan ng kawalang-katarungan maging sa napakaliit na bagay. At kung mayroon mang (gawa na) katumbas ng bigat ng isang buto ng mustasa, ito ay Aming itatambad, at Kami ay sapat na bilang Tagapagtuos}. Surah Al-Anbiya' (21): 47

3 Ang Paraiso at ang Apoy: ang Paraiso ay ang tahanan ng walang hanggang kaligayahan, inilaan ito ng Allah para sa mga naniniwala at mga Muttaqi (may takot sa Allah), sumusunud sa Allah at sa Kanyang Sugo, naririto ang lahat ng iba't ibang uri ng walang hanggang kaligayahan na siyang pinagnanasaan ng mga puso at ikinasisiya ng mga mata mula sa lahat ng iba't ibang uri ng mga kinahuhumalingan.

Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi bilang panghihikayat sa pagsamba sa Kanya upang maging maagap sa pag-uunahan sa mga gawaing pagsunod at pagpasok sa Paraiso na ang lawak nito ay kasing lawak ng langit at lupa: {At maging maagap sa pag-uunahan tungo sa kapatawaran ng inyong Panginoon, at sa Paraiso na ang lawak nito ay kasing lawak ng mga kalangitan at kalupaan, na inihanda sa mga Muttaqun (may tunay na takot sa Allah)}. Surah Al-`Imran (3): 133

At ang Apoy naman ay ang tahanan ng walang katapusan na kaparusahan, ito'y inilaan ng Allah sa mga hindi sumasampalataya na nagsitakwil sa Allah at sumuway sa Kanyang mga Sugo, naririto ang iba't ibang uri ng kaparusahan, mga pasakit at pagdurusa na hindi pa sumagi sa isipan.

Ang Tigib ng Kaluwalhatian (Allah) ay nagsabi bilang pagbigay-babala sa Kanyang mga alipin laban sa Apoy na inilaan Niya sa mga hindi sumasampalataya: {Kung gayon, matakot kayo sa Apoy na ang mga panggatong nito ay mga tao at bato na inihanda para sa mga hindi naniniwala}.Surah Al-Baqarah (2): 24

O Allah! Katotohanang aming hinihiling sa Iyo na igawad mo ang Paraiso sa amin at ang anumang [gawaing] magpapalapit tungo rito sa salita at gawa, at kami ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa Apoy at ang anumang nagpapalapit tungo rito sa salita at gawa.

4 Ang kaparusahan sa libingan at ang lubos na kaligayahan dito: Tayo ay naniniwala na ang kamatayan ay totoo. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {Sabihin mo (sa kanila): "Ang anghel ng kamatayan na nakatalaga sa inyo ay (katiyakang) magtatangan ng inyong kaluluwa; at pagkatapos, kayong (lahat) ay muling ibabalik sa inyong Panginoon}. Surah As-Sajdah (32): 11

At ito ay isang bagay na nasasaksihan, walang pag-aalinlangan ang tungkol dito, at tayo ay naniniwala na ang lahat ng namamatay o napatay maging sa anupamang dahilan ng kanyang pagkamatay, na ito ay dahil sa kanyang kamatayan walang nabawas dito na anuman. Ang Allah ay nagsabi: {At ang bawa't pamayanan ay may taning na panahon (sa pagkawasak nito), kaya kapag sumapit na ang kanilang takdang panahon, hindi nila magagawang antalahin ito kahit na sa isang oras at gayundin ay hindi nila magagawang magpatiuna dito}.Surah Al-A`raf (7): 34



- At na ang sinumang namatay ay tunay na nagsimula nang tumayo ang kanyang muling pagbabangon at lumipat na sa Huling Tahanan.

- At katotohanang maraming mga mapananaligang Hadith (salaysay) ng Sugo ng Allah ﷺ na nagpapatunay hinggil sa katotohanan ng kaparusahan sa libingan para sa mga hindi naniniwala at sumusuway, at sa katotohanan ng kaligayahan dito para sa mga naniniwala at gumagawa ng kabutihan, kaya tayo ay nararapat maniwala rito, datapuwa't huwag nating talakayin ang tungkol sa kung paano ang kaganapan nito, sapagka't ang ating isip ay walang angking kakayahan upang alamin kung paano ang kaganapan nito at ang realidad nito, sapagka't ito'y kabilang sa bagay na nalilingid, tulad ng Paraiso at ng Apoy, at hindi kabilang sa bagay na nakikita, samakatuwid ang isip ng tao ay may kakayahan lamang maunawaan ang makatuwirang talakayan at magbigay ng paghatol tungkol sa mga bagay na mayroong magkakatulad na ugnayan at may batas na kinikilala sa hayag na mundo.

- Gayundin naman na ang mga kalagayang nagaganap sa libingan ay kabilang sa mga bagay na nalilingid na hindi kayang arukin ng pandama (o pang-unawa), at kung ito ay magagawang maarok sa pamamagitan ng pandama (o pang-unawa), tunay na mawawalan ng halaga ang paniniwala sa Ghaib (mga bagay o pangyayaring hindi nakikita at lingid), at mawawala ang layunin sa pag-aatas ng tungkulin na ilibing ng mga tao ang kanilang mga patay. Batay sa sinabi niya (Muhammad ﷺ.): "Kung hindi lamang kayo inililibing, tunay na aking hihilingin sa Allah na iparinig sa inyo ang ilang pagdurusa sa libingan tulad ng aking naririnig". (Muslim: 2868 – An-Nisai: 2058). At dahil sa layuning ito, ang mga hayop lamang ang may karapatan at kakayahang makarinig nito.

## Ang Mga Bunga ng Paniniwala sa Huling Araw:

1 Ang paniniwala sa Huling Araw ay mayroong napakatinding idinudulot bilang pangangaral sa tao, disiplina sa kanya at sa pananatili niya sa paggawa ng mabuting gawain, sa pagkatakot niya sa Allah at sa paglayo niya sa pagiging makasarili at pagpapakitang-tao.

At dahil dito, nagiging ganap ang ugnayan sa pagitan ng paniniwala sa Huling Araw at paggawa ng kabutihan sa maraming mga pagkakataon. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Ang tanging may karapatan na mangasiwa sa mga Masjid (bahay-dalanginan) ng Allah ay ang sinumang naniniwala sa Allah at sa Huling Araw}. Surah At-Taubah (9): 18

At sa Kanyang sinabi: {At sila na naniniwala sa Huling Araw ay naniniwala rin dito (sa Qur'an), at sila ay nananatili sa pangangalaga ng kanilang pagdarasal}. Surah Al-An`am (6): 92

2 Ang pagbibigay-babala sa mga nakakalimot [at nagpapabaya], mga abala sa mga bagay na nauukol sa buhay na ito at sa kabutihan ng pakikipagpaligsahan sa mga gawaing pagsunod sa kabutihan upang mapalapit sa Allah sa pamamagitan ng mga pagsunod tungo sa katotohanan ng buhay na ito at kaiklian nito, at na ang Huling Araw ang siyang tahanan na magtatagal at walang hanggang buhay.

At nang purihin ng Allah ang mga Sugo sa Qur'an at binanggit ang kanilang mga gawain, pinuri din sila sa dahilan na Siya ang nagtulak sa kanila para sa gayong mga gawain at mga kainaman, kaya Siya ay nagsabi: {Katotohanang sila ay Aming pinili nang dahil sa (kanilang) isang natatanging kabutihan, (ito ay) ang pag-aalaala sa Tahanan (ng Kabilang-Buhay)}. Sad (38): 46

Ibig sabihin, ang dahilan ng kainaman ng naturang mga gawain ay dahil sa sila ay natatangi sa pag-alaala sa Huling Araw, kaya ang pag-aalaala na ito ang nagtulak sa kanila sa mga gayong gawain at mga kalagayan.

At nang maging mabigat sa ilan sa mga Muslim ang pagpapatupad sa Kautusan ng Allah at Kanyang Sugo. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {Kayo baga ay higit na nalulugod sa buhay sa mundong ito kaysa sa Kabilang Buhay? Samantalang ang kasiyahan ng buhay sa mundong ito ay kakaunti lamang kung ihahambing sa Kabilang Buhay}. Surah At-Taubah (9): 38

Kaya sa oras na ang isang tao ay naniwala sa Huling Araw, katotohanang siya ay maniniwala nang may katiyakan na ang lahat ng kasiyahan sa mundong ito ay hindi maisusukat [o maihahambing] sa kasiyahan sa Huling Araw. At sa kabilang dako ay hindi maipapantay ang parusa sa Huling Araw kung ihahambing sa lahat ng pagdurusa sa mundong ito nang dahil sa pakikipaglaban sa Landas ng Allah.

3 Ang kapanatagan na tunay ngang matatagpuan ng tao ang kanyang bahagi, kaya't kapag lumagpas sa kanya ang isang bagay mula sa karangyaan ng buhay sa mundong ito, siya ay hindi nawawalan ng pag-asa at kinikitil ang kanyang sarili sa kapighatian, bagkus kailangan niyang magsikap at maniwala nang tiyak na ang Allah ay hindi winawala ang gantimpala ng sinumang nagpakabuti sa gawa, na kahit pa kinuha sa kanya ang kasing timbang ng isang mais sa pamamagitan ng di-makatarungan o pagdaraya, ito ay kanyang matatamo sa Araw ng Muling Pagbabangon sa mga sandaling higit na kakailanganin niya ito. Kaya't paano panghinaan ng loob ang sinumang nakakaalam na ang kanyang bahagi ay tiyak na daratal sa kanya nang walang pag-aalinlangan sa pinakamahalagang mga sandali at pinakamapanganib? At paano malulungkot ang sinumang nakakaalam na ang maghahatol sa pagitan niya at ng kanyang katunggali ay ang Pinakamakatarungan sa lahat ng mga makatarungan?

## > Ang Paniniwala sa Al-Qadr (Tadhana)

### Ang Kahulugan ng Paniniwala sa Al-Qadr (Tadhana):

Ito ay ang tapat na paniniwala na pagpapatotoo na ang lahat ng mabuti at masama ay nakasalalay sa Pagpapasiya ng Allah at sa Kanyang Pagtatakda, na Siya ay gumagawa ng anumang Kanyang ninanais, hindi magaganap ang isang bagay maliban kung Kanyang ninais, at walang nakalalabas na anumang bagay sa Kanyang kapasiyahan, at walang isa mang bagay sa daigdig na nakalalabas sa Kanyang pagtatakda, at walang nailalahad malibang ayon sa Kanyang pangangasiwa, at magkagayon pa man tunay na Kanyang inutusan ang Kanyang mga alipin at binawalan, at sila ay Kanyang ginawang may sariling pagpipilian sa kanilang mga gawain, hindi napipilitan lamang dito, bagkus ito ay nagaganap ayon sa sarili nilang kakayahan at kagustuhan, datapuwa't ang Allah ang lumikha sa kanila at lumikha sa kanilang kakayahan, Kanyang pinapatnubayan sa Kanyang habag ang sinumang Kanyang naisin, at hinahayaang maligaw batay sa Kanyang walang hanggang Karunungan ang sinumang Kanyang naisin, hindi Siya maaaring tanungin ng sinuman kung ano ang Kanyang ginagawa, bagkus sila ang tinatanong.

At ang paniniwala sa pagtatakda ng Allah ay isa sa mga haligi ng Eeman (Pananampalataya), batay sa sinagot ng Sugo ﷺ nang siya ay tanungin ng Anghel Gabriel – sumakanya nawa ang kapayapaan, ang tungkol sa Eeman. Siya ﷺ ay nagsabi: "Ang ikaw ay maniwala sa Allah, sa Kanyang mga anghel, sa Kanyang mga kasulatan, sa Kanyang mga Sugo at sa Huling Araw, at na ikaw ay maniwala sa Tadhana, maging ang mabuti nito o ang masama". (Muslim: 8)

### Ano ang napaloloob sa paniniwala sa Qadr (Tadhana)?:

Ang paniniwala sa Qadr (Tadhana) ay napaloloob ang apat na bagay:

- Ang paniniwala na ang Allah ang tanging nakababatid ng lahat ng bagay maging sa kabuuan o detalye nito, at Siya ang ganap na nakababatid sa lahat ng Kanyang mga nilikha bago pa man Niya ito likhain, at batid Niya ang kanilang mga ikinabubuhay, at ang mga taning ng kanilang buhay, at ang kanilang mga salita, at ang kanilang mga gawa, ang lahat ng kanilang mga galaw at pananahimik, ang kanilang mga itinatago at inilalantad, at kung sino sa kanila ang mapabibilang sa mga maninirahan sa Paraiso, at kung sino sa kanila ang mapabibilang sa mga maninirahan sa Apoy (Impiyerno). Ang Allah ay nagsabi: {Siya ang Allah, wala nang iba pang Diyos (na dapat sambahin) maliban sa Kanya, ang Ganap na Nakakaalam sa bagay na lingid at lantad}. Surah Al-Hashr (59): 22

- Ang paniniwala na Siya na Tigib ng Kaluwalhatian ay tunay na Kanyang naitala na una pa man sa Al-Lawhil Mahfuz (Talaan ng mga Gawa) ang lahat ng Kanyang Kaalaman. At ang patunay nito ay ang sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Walang sakuna na nagaganap sa kalupaan at sa inyong mga sarili maliban na ito ay nasa Talaan (ng mga gawa [Lawhil Mahfuz]) bago pa Namin [papangyarihing] ito ay ipatupad}. Surah Al-Hadid (57): 22

At ang sinabi ng Propeta ﷺ : "Itinala ng Allah ang mga tadhana ng Kanyang mga nilalang bago pa Niya nilikha ang mga kalangitan at kalupaan ng limampung libong taon". (Muslim: 2653)

- Ang paniniwala sa walang hanggang Kapasiyahan ng Allah, na walang anumang bagay ang maaaring pumigil nito, gayundin sa Kanyang kapangyarihan na walang anumang bagay ang maaaring makapanghihina nito, samakatuwid ang lahat ng mga pangyayari ay nagaganap nang ayon sa Kapasiyahan at Kapangyarihan ng Allah, anuman ang Kanyang naisin ay magaganap, at anuman ang Kanyang di-naisin ay hindi magaganap. Ang Kataas-taasang Allah ay nagsabi: At [ito ay] hindi ninyo magagawang naisin malibang pahintulutan ng Allah - ang Panginoon ng lahat [ng mga nilikha]. At-Takwir (81): 29

- Ang paniniwala na Siya ang nagpapairal [upang magkaroon ng buhay] ang lahat ng bagay, at Siya ang Nag-iisang Tagapaglikha, samakatuwid maliban sa Kanya ang lahat ng bagay ay Kanyang mga nilikha, at Siya ay may kakayahan sa lahat ng bagay. Siya ang Tigib ng Kaluwalhatian at Kataas-taasan ay nagsabi: [At Kanyang nilikha ang lahat ng bagay, pagkaraan ito ay pinagpasiyahan nang may [wastong] pagpapasiya.]» Surah Al-Furqan (25): 2

### Ang tao ay may sariling pagpipilian, kakayahan at kagustuhan:

Ang paniniwala sa Tadhana ay hindi itinatakwil ang pagkakaroon ng sariling pagpapasiya ang isang tao sa kanyang mga gawain na maaaring pagpipilian, at sariling kakayahan dito, sapagka't ang Batas ng Islam at ang aktuwal na kaganapan ay kapwang nagpapahiwatig sa pagpapatunay nito sa kanya.




> {Katotohanang siya [ang tao] ay Aming pinatnubayan sa (tamang) landas, maging siya man ay magpasalamat at hindi magpasalamat)}. Al-Insan (76): 3

Sa Batas ng Islam, katotohanang ang Allah ay nagsabi tungkol sa sariling pagpapasiya: {Ito ang Araw ng Katotohanan (na walang alinlangan). Kaya sinuman ang magnais ay maaaring tumahak sa landas patungo sa kanyang Panginoon (sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya sa buhay sa mundong ito)!}. An-Naba' (78): 39

At ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi tungkol sa sariling Kakayahan: {Ang Allah ay hindi nagbibigay ng anumang pasanin sa isang kaluluwa maliban sa abot ng kanyang makakaya. Makakamit niya ang anumang (kabutihan na) kanyang pinagsumikapan at kanyang papasanin ang anumang (kasamaan na) kanyang pinagsumikapan}. Al-Baqarah (2): 286. Ang Wus`a (sa abot ng kanyang makakaya), ang ibig sabihin nito ay ang pansariling kakayahan.

At tungkol naman sa mga pangyayaring nagaganap, tunay na ang bawa't tao ay nakababatid na siya ay may kalayaang magpasiya at kakayahang gawin ang anumang kanyang nais, at sa pamamagitan nito, siya ay malayang mamili sa pagitan ng mga bagay. Magagawa niya ang ibang mga bagay nang may pagkukusa tulad ng paglalakad, ngunit hindi niya maaaring gawin nang may sariling pagkukusa ang ibang bagay tulad ng panginginig at biglaang pagkahulog, nguni't maaari nating sabihin na ang pagpapasiya at kakayahan ay maaari lamang maganap nang ayon sa pagpapasiya ng Allah. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Para sa sinuman sa inyo na magnais tumahak sa matwid [na landas], at [ito ay] hindi ninyo nanaisin malibang pahintulutan ng Allah - ang Panginoon ng lahat [ng mga nilikha]. Surah At-Takwir (81): 28-29

Samakatuwid, pinatunayan Niya na may sariling pagpapasiya ang tao, at pagkatapos ay binigyang-diin na ito ay napapailalim sa Kanyang pagpapasiya, at sa dahilan ding na ang buong sansinukob ay pagmamay-ari ng Allah, kaya walang magaganap na anuman sa Kanyang Kaharian nang hindi naaayon sa Kanyang Kaalaman at Kapasiyahan.



> Kung ikaw ay dinaluhong ng isang tao, inagaw at ninakaw ang iyong salapi, at pagkatapos ay ikinakatuwirang ito ay itinakda sa kanya ng Allah, katiyakan na ito ay hindi mo tatanggapin sa kanya bagkus siya ay iyong parurusahan at kukunin mong muli sa kanya ang iyong salapi, sapagka't ginawa niya ito nang ayon sa kanyang kusang pagpili at kapasiyahan.

## Ang Paggamit ng Qadr [Tadhana] Bilang Dahilan Upang Gumawa ng Kasamaan.

Katotohanan, ang mga pananagutan sa pagsasakatuparan ng mga tungkulin, sa pagsunod sa mga banal na kautusan at sa pag-iwas sa mga ipinagbabawal ay karapatang nakaatang sa kalayaan ng tao at sa kakayahang isagawa ang anumang kanyang nais. Sa gayon nga, ang kanyang gawaing mabuti ay gagantimpalaan nang dahil sa kanyang pagpili [upang tumahak] sa landas ng kabutihan at ang kasamaan ay parurusahan nang dahil sa kanyang pagpili [upang tumahak] sa landas ng kamalian.

Samakatuwid, ang Allah na Tigib ng Kaluwalhatian ay hindi nagpapataw sa atin ng isang tungkulin nang higit sa ating makakayanan, at hindi Niya nais ang sinuman sa atin na magpabaya ng kanyang mga tungkulin sa pamamagitan ng paggamit ng Takdang Tadhana bilang dahilan o katuwiran.

Bukod dito, tayo ay pinagkalooban ng Dakilang Allah ng malayang kaisipan at kakayahang pumili ng [batay sa] ating mga sariling pagpapasiya at malinaw na itinuro sa atin ang landas ng kabutihan at ng kasamaan. Kaya kapag tayo ay sumuway sa mga sandaling iyon, samakatuwid tayo ang sariling pumili at ating papasanin ang anumang bunga ng pagpiling ito.

## Ang Mga Kabutihan ng Paniniwala sa Qadr [Tadhana]:

Ang Mga [mabubuting] bunga ng Paniniwala sa Qadr [Kapalaran at Tadhana] ay sadyang napakadakila sa buhay ng tao, ang mga ilan dito ay ang mga sumusunod:

1 Ang Tadhana ay isa sa pinakamalaking kapakinabangan [o Kabutihan] upang mamuhay [at tumahak sa landas ng pagiging matuwid] sa paraang makapagbibigay ng kasiyahan [at lugod] sa Dakilang Allah sa mundong ito.

Kaya ang mga naniniwala [mga Muslim] ay pinag-uutusan na gumawa ng anumang kanilang makakayanan, kalakip ng pagtitiwala sa Allah, at paniwalaan na ang anumang kanilang magagawa ay hindi magdudulot ng anumang bunga maliban sa kapahintulutan ng Allah, sapagka't ang Allah ang lumikha ng mga kaparaanan [magdudulot nito] at Siya rin ang lumikha sa mga ibubungang [kinahinatnan na dulot ng inyong mga gawain].

Ang Propeta ﷺ ay nagsabi: "Pahalagahan mo [at maging magpapasalamat] para sa anumang nagbibigay ng kabutihan sa iyo, at humingi ka ng tulong sa Allah, at huwag kang mawalan ng pag-asa [huwag kang sumuko], at kung dumating man sa iyo ang di kaaya-ayang pangyayari, huwag kang magsabi: Kung ginawa ko lamang sana ito, naging ganito sana ito at gayon. Bagkus [makabubuting] sabihin ang: Qadarullaahi wa maa shaa'a fa'ala [Ito ay] Takda ng Allah, at kung ano ang Kanyang ninais ay Kanyang ginagawa, sapagka't ang (salitang) "Kung sana" ay simula [ng pag-uudyok na] gawain ng Satanas". (Saheeh Muslim: 2664)

2 Ang paniniwala sa Qadr [Tadhana] ay nagdudulot sa tao upang kanyang malaman ang kanyang sariling kahalagahan [o kabuluhan], kaya hindi niya magawang makapagmalaki at magyabang, sapagka't nababatid niya na wala siyang kakayahang malaman ang naitakda sa kanya at ang kanyang kahihinatnan maliban kung ano lamang ang magaganap, at dahil dito ay natutunan ng tao ang kikilalanin ang kanyang sariling mga kahinaan at ang kanyang walang hanggang pangangailangang tulong [at pagdamay] mula sa kanyang Panginoon.

Samakatuwid, ang tao kapag dumating sa kanya ang mga mabubuting bagay ay nagiging mapagyabang at nalinlang dahil dito, at kapag dumating naman sa kanya ang masamang bagay at matinding kapighatian, siya ay nawawalan ng pag-asa [at sigla] at nalulungkot. Kaya ang paniniwala lamang sa Qadr [Tadhana] ang makapangangalaga sa tao mula sa pagmamalaki sa panahon ng kasaganaan at kawalan ng pag-asa sa panahon ng kahirapan, sapagkat nalalaman niya na ang lahat ng bagay ay nagaganap [at nangyayari] nang ayon sa tadhanang itinakda at ito ay napangungunahan ng Kanyang Kaalaman.

3 Ang paniniwala sa Qadr [Tadhana] ay tumutulong upang malagpasan ang bunga ng masasamang asal ng inggit, sapagka't ang isang naniniwala ay hindi naiinggit sa mga tao sa anumang biyayang ipinagkaloob sa kanila ng Allah sapagka't kanyang nababatid na ang Allah ang Siyang nagkakaloob ng mga biyaya sa kanila at Siya ring nagtakda sa kanila niyon. At ang pagiging mainggitin sa ibang tao ay nagpapahiwatig ng kanyang pagtatakwil sa Tadhanang itinakda at ipinasiya ng Allah.

4 Ang paniniwala sa Qadr [Tadhana] ay naghahatid sa katapangan ng puso sa pagharap ng mga suliranin [o kagipitan], at pinalalakas nito ang mga kahanga-hangang pagpapasiya, sapagka't ito ay tapat na naniniwala na ang mga panustos at ang taning [ng paglisan sa mundo o ang kamatayan] ay naitakda na, at kailanman ay walang darating sa tao maliban kung ano ang naitakda para sa kanya.

5 Ang paniniwala sa Qadr [Tadhana] ay nagtatanim sa puso ng isang naniniwala [Muslim] ng iba't ibang katotohanan ng pananampalataya, sapagka't siya ay lagi nang humihingi ng tulong sa Allah, umaasa sa Allah at nagtitiwala sa Kanya pagkaraan isagawa niya ang anumang hinihiling sa kanya [bilang isang tungkulin na dapat tuparin], at siya rin ay lagi nang umaasam [ng pangangailangan] sa kanyang Panginoon, humihingi ng karagdagang tulong mula sa Kanya upang siya ay maging matatag.

6 Ang paniniwala sa Qadr [Tadhana] ay naghahatid ng katiyakan at itinatanim sa kanyang puso ang kapayapaan at kapanatagan, sapagka't batid ng isang naniniwala [Muslim] na anumang hindi itinakda para sa kanya ay hindi darating sa kanya, at anumang dumating sa kanya ay itinakda para sa kanya.





# *Ang Iyong Taharah*

## *(Kalinisan at Kadalisayan)*



# 2

Ipinag-uutos ng Allah sa mga Muslim ang [pananatili ng] kalinisan at kadalisayan sa kanilang mga sariling [kalooban] mula sa Shirk (pagtatambal sa Kaisahan ng Allah) at mula sa mga sakit ng puso tulad ng inggit, pagmamalaki at [masidhing] galit [o poot], gayundin ang [pananatili ng] kalinisan at kadalisayan sa kanilang panlabas na bahagi ng katawan mula sa dumi at sa lahat ng uri ng karumihan [o kasalaulaan], kaya kapag naisakatuparan nila ang mga ito, sila ay magiging karapat-dapat sa pagmamahal ng Dakilang Allah. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Katotohanan ang Allah ay nagmamahal sa mga nagbabalik-loob sa Kanya sa pagsisisi at nagmamahal sa mga nagpapadalisay [ng kanilang sarili]}. Surah Al-Baqarah (2): 222

## Ang Nilalaman ng Kabanata:


**Ang Kahulugan ng Taharah (Kalinisan at Kadalisayan)**

**Ang Taharah [Kalinisan at Kadalisayan] Mula sa Karumihan:**

- Ang [Pamamaraan ng] Paglilinis Mula sa Karumihan.
- Ang Mga Wastong Pamamaraan [o Asal] ng Paglilinis [sa Pamamagitan] ng Tubig at Pagdudumi.

**Al-Hadath (Ang Kalagayan ng Karumihan):**

- Ang Hadath Asghar [Maliit na antas ng Karumihan] at Ang Pagsasagawa ng Wudhu' (Tamang Paghuhugas) rito.

**Paano Ako Magsagawa ng Wudhu'?**

- Ang Pagtanggal sa Hadath Asghar [Maliit na antas ng Karumihan]
- Ang Hadath-Akbar [Malaking antas ng Karumihan] at Ang Ghusl (Paliligo)
- Papaano naglilinis ang isang Muslim mula sa Janabah (sekswal na karumihan) o sa mga Hadath-Akbar [Malaking antas ng Karumihan]?
- Ang sinumang walang kakayahang gumamit ng tubig.

## > Ang Kahulugan ng Taharah (Kalinisan at Kadalisayan)

Ang Kahulugan ng Taharah ay nagpapahiwatig ng Kadalisayan, Kabanalan, Kalinisan at Kawagasan.

At katotohanang ipinag-utos ng Allah – [ang Tigib ng Kapangyarihan at Kapitapitagan], sa mga Muslim ang paglilinis sa kanilang mga sariling panlabas [na katawan] at sa lahat ng uri ng mga pisikal na karumihan, at gayundin ang kanilang panloob [na katawan] mula Shirk (pagtatambal sa Kaisahan ng Allah) at maging sa mga sakit ng puso, tulad ng inggit, pagmamalaki at matinding galit [poot], kaya kapag naisakatuparan nila ang mga ito, sila ay magiging karapat-dapat sa pagmamahal ng Allah.

Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Katotohanang ang Allah ay nagmamahal sa mga nagbabalik-loob sa Kanya sa pagsisisi at nagmamahal sa mga nagpapadalisay [ng kanilang mga sarili}. Surah Al-Baqarah (2): 222

At ipinag-uutos ng Allah [bilang tungkulin] ang paglilinis para sa pagsasagawa ng Salaah (pagdarasal), sapagka't ito ay nagsisilbing oras ng [tuwirang] pakikipagharap at pagsusumamo sa Allah - ang Tigib ng Kaluwalhatian]. At sa kasaysayan, ang tao ay likas na kilala [bilang isang nilikhang] naglilinis at nagsusuot ng kanyang pinakamagandang damit kapag siya ay nakikipagharap sa isang hari o pinuno. Magkagayon nga, paano pa kaya ang kanyang gagawin sa kanyang pakikipagharap sa Dakilang Diyos na Siyang Hari ng mga hari, ang Tigib ng Kaluwalhatian at Kataas-taasan?



**> Ipinag-uutos ng Allah sa isang Muslim ang paglilinis niya sa kanyang kalooban [isip, kaluluwa, puso] mula sa Shirk (pagtatambal sa Kaisahan ng Allah) at mula sa mga sakit ng mga puso [tulad ng pagkukunwari, galit at paninibugho], gayundin ang paglilinis sa kanyang panlabas [na bahaging pisikal] mula sa mga karumihan at mga kasalaulaan.**

## Ano ang hinihiling na kalinisan [na dapat tuparin at gampanan] para sa Salaah (pagdarasal)?

Ipinag-uutos ng Allah sa isang Muslim ang Islamikong paglilinis - sa partikular na kahulugan - ang pangangailangan [bilang tungkulin na dapat tuparin], kapag nais niyang magsagawa ng Salaah o humawak ng Qur'an o maglakad [mag-tawaf] sa palibot ng marangal na Ka'bah. At iminumungkahi [o ipinanghihikayat din] ito bilang isang kalugud-lugod na gawain sa maraming kalagayan, ang mga ilan dito ay: sa pagbabasa ng Qur'an na walang hawak na sapin sa naturang Kasulatan, sa [mga oras ng] panalangin, sa pagtulog at sa iba pang pagkakataon.

Kaya [bilang tungkulin] kinakailangan para sa isang Muslim na kapag nais niyang magsagawa ng Salaah (pagdarasal), ang paglilinis mula sa dalawang bagay:

1. An-Najasah (ang Karumihan). Ang Najasah ay nahahati sa dalawang [antas o] kalagayan.
2. Al-Hadath (Ang Kalagayan [o Antas ng] Karumihan].

## > Ang Paglilinis mula sa Najasah (Karumihan)

- An-Najasah: Ito ay nagpapahiwatig ng mga bagay na nakikita [o nasasalat o nararamdaman] na itinuring ng Batas ng Islam bilang marumi, [o masagwa, salaula, mahalay, malaswa at di-malinis] kaya naman tayo [bilang Muslim] ay inutusang maglinis [magtanggal] nito bago magsagawa ng Ibaadah (iba't ibang uri ng gawaing pagsamba).
- At ang lahat ng bagay ay itinuturing na likas na malinis [o dalisay], at ang pagiging marumi [malaswa, salaula at masagwa] ay hindi sinadyang mangyari [o nagawa]. Kaya kung tayo ay nag-alinlangan [o may agam-agam] halimbawa sa kalinisan ng isang damit samantalang wala naman tayong makitang patunay ng pagkaroon ng dumi, magkagayon [dapat na] isaalang-alang ito bilang malinis na bagay.
- At kapag nais natin magsagawa ng Salaah (pagdarasal), itinakda sa atin [bilang tungkulin] na maglinis mula sa mga karumihan ng katawan at damit, gayundin sa lugar na pinagsasagawaan natin ng Salaah.

### At ang mga bagay na marurumi [at salaula]:

| | |
|---|---|
| 1 | Ang ihi ng tao at ang kanyang dumi (tae). |
| 2 | Ang dugo, bagaman ipinagpapaumanhin ang kaunting (bahid ng) dugo. |
| 3 | Ang ihi at dumi (tae) ng lahat ng hayop na ipinagbabawal kainin. (Tingnan ang pahina203) |
| 4 | Ang aso at ang baboy. |
| 5 | Ang mga patay sa mga hayop (ang tinutukoy ay ang lahat ng mga hayop na namatay, maliban sa mga ipinahihintulot na kainin kung kinatay ito sa Islamikong Pamamaraan. (Tingnan ang pahina204), samantalang ang patay na tao, mga isda at mga kulisap, tunay na ang mga ito ay malilinis. |

## Ang Paglilinis Mula sa Najasah (Dumi):

Sa paghuhugas ng mga Najasah sa katawan, damit at lugar o iba pa rito – sapat na tanggalin ang mismong [bagay na nagdudulot ng] karumihan nito at ang pinagmumulan nito sa lugar na narumihan sa anupamang pamamaraan, maaari itong gawin sa pamamagitan ng paggamit ng tubig o iba pa, sapagka't ang Allah ay nag-utos na tanggalin ito at wala Siyang kondisyong itinakda sa paghuhugas ng dumi hinggil sa partikular na bilang [ng paglilinis] maliban sa dumi ng aso (ang laway, ang ihi at tae nito), sapagka't itinakda sa kondisyon dito ang [pangangailangan ng] pitong [ulit na] paghuhugas at ang isa rito ay sa pamamagitan ng lupa, samantalang ang nalalabing mga dumi ay sapat na ang pagtanggal sa mismong dumi nito at pinagmumulan nito. At walang idinudulot [na masama] ang pananatili ng kulay o ng amoy. Batay sa sinabi ng Propeta ﷺ sa isa sa mga babaeng Sahabah (kasamahan) tungkol sa paghuhugas ng dugo ng regla: "Sapat na sa iyo ang paghugas sa dugo at walang idudulot [na masama] sa iyo ang bakas [ng dugo] nito". (Abu Daud: 365)



> Sapat na sa pagtanggal ng Najasah (dumi) na mawala ang mismong dumi nito sa pamamagitan ng anumang tagatanggal.

## Ang Mga Wastong Pamamaraan o [Kagandahang asal ng] Al-Istinja' (Paghuhugas ng Dalawang Labasan [ng ihi at dumi] sa Pamamagitan ng Paggamit ng Tubig]:

- **Itinatagubilin bilang kaaya-**ayang gawain na kapag pumasok sa palikuran ay iuna [sa paghakbang] ang kanyang kaliwang paa, at magsabing: "Bismillaah, Allaahumma inni a`udhu bika minal khubuthi wal khabaa-ith (Sa Ngalan ng Allah, O Allah, ako po ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa mga masamang jinn, maging lalaki man o babae)."
- **At kapag lumabas mula** rito ay iuna [sa paghakbang] ang kanyang kanang paa, at magsabi: "Ghufranak (Hinihingi ko po ang Iyong kapatawaran)."
- **Kinakailangan [bilang tungkulin]** para sa kanya ang pagtatakip sa kanyang `Awrah (bahagi ng katawan na kailangang takpan) mula sa paningin ng mga tao sa sandali ng kanyang pagdumi.
- **At ipinagbabawal sa kanya** ang pagdumi [pag-ihi o pagdumi] sa mga lugar na kung saan [siya] ay makapagdulot ng kapinsalaan sa mga tao.

- **Ipinagbabawal sa kanya** na kung siya ay nasa parang [o disyerto] ang pagdumi sa isang lungga sa dahilang maaaring mayroong [namamahay] ditong isang hayop na maaari niyang mapinsala o siya ang mapipinsala nito [ng hayop na nasa lungga].

- **Marapat sa kanya na** huwag siyang humarap sa Qiblah (sa dakong kinaroroonan ng Ka`bah sa Makkah) at huwag din siyang tumalikod dito sa sandaling siya ay nagdudumi, habang siya ay nasa parang [o disyerto] at walang bakod [o pader] na mapagkukublihan [o magtatakip] sa kanya. Magkagayon itinagubilin [bilang tungkulin para] sa kanya iyon, ayon sa sinabi niya ﷺ : "Kapag nagtungo kayo sa silid-palikuran para magdumi, huwag kayong humarap sa Qiblah at huwag din kayong tumalikod dito sa [oras ng] pag-ihi, gayundin sa pagdumi". (Al-Bukhari: 386 – Muslim: 264)

- **Kinakailangan para sa kanya** ang ibayong pag-iingat upang huwag kumapit [o dumapo] sa kanyang damit at katawan ang anumang duming nagsisiliparan, at kinakailangan niyang hugasan ang anumang kumapit [o dumapo] sa kanya mula rito.

- **At kapag siya ay** nakapagdumi na, kinakailangan para sa kanya sa paglilinis ang paggamit ng isa sa dalawang bagay:

**Maaari**

niyang linisin ang bahagi ng ihi at dumi [na tumilamsik o kumapit] sa kanyang katawan sa pamamagitan ng tubig (ito ay tinatawag na Al-Istinja').

**O**

ito ay kanyang linisin nang tatlong ulit o higit pa sa pamamagitan ng paggamit ng mga pamunas [papel] o mga bato at ng anumang nakakatulad nito na nakapaglilinis sa katawan at nakapaglilinis nito mula sa mga karumihan (at ito ay tinatawag na Istijmar).

## > Al-Hadath (Ang Kalagayan [o Antas ng] Karumihan):




- **Ang Hadath** ay tumutukoy sa isang kalagayan o antas ng karumihan na hindi nakikita [o hindi nasasalat at nahihipo] na pumipigil sa isang Muslim upang siya ay makapagsagawa ng Salah (pagdarasal) malibang ito ay kanyang alisin sa pamamagitan ng paglilinis, at ito ay hindi isang bagay na [pisikal o] nakikita tulad ng Najasah (karumihan).
- At ang Hadath [Kalagayan ng karumihan] ay natatanggal mula sa isang Muslim kapag siya ay nagsasagawa ng Wudhu' (paghuhugas) o naligo sa pamamagitan ng tubig na Tahur (likas na malinis). At ang tubig na Tahur - ito ay tubig na hindi nahaluan ng Najasah (karumihan) at walang [anupamang masamang] idinudulot ang kulay nito, ang lasa nito at ang amoy nito.

**At ang Hadath [Kalagayan ng Karumihan] ay Nahahati sa Dalawang Antas:**

- Hadath na nangangailangan sa tao ng pagsasagawa ng Wudhu' upang ito ay matanggal mula sa kanyang sarili, at tinatawag natin itong (Hadath Asgar o maliit na antas ng karumihan].
- Hadath-Akbar - nangangailangan sa tao ng pagsasagawa ng ganap na paliligo at pagbabasa ng kanyang buong katawan ng tubig upang ito ay matanggal sa kanyang sarili, at tinatawag natin itong (Hadath-Akbar o malaking antas ng karumihan).

## Ang Hadath Asgar (Maliit na Antas ng Karumihan) at Ang [Pangangailangan ng] Wudhu':

Nawawala ang bisa ng Taharah [kalinisan at kadalisayan] ng isang Muslim kaya kinakailangan sa kanya na magsagawa ng Wudhu' (paghuhugas) para sa Salah (pagdarasal) kapag nangyari sa kanya ang isa sa mga sumusunod na nakapagpawalang-bisa:

1 Ang ihi at dumi at ang lahat ng mga lumalabas mula sa dalawang pinaglalabasan nito, tulad ng pag-utot. Ang Allah ay nagsabi tungkol sa pagbanggit sa mga nakapagpawalang-bisa sa Taharah (kalinisan at kadalisayan): {O ang isa sa inyo ay nanggaling mula sa palikuran}. An-Nisa' (4): 43

At siya ﷺ ay nagsabi sa sinumang nag-aagam-agam kung may Hadath [naganap na karumihan] sa kanya sa pagdarasal: "Siya ay hindi [dapat] umaalis hanggang makarinig siya ng tunog at kanyang maramdaman ang [paglabas ng] hangin (o ang pag-utot)". (Al-Bukhari: 175 – Muslim: 361)

2 Ang paghaplos sa maselang bahagi ng katawan nang walang sapin. Sapagka't katotohanan, siya ﷺ ay nagsabi: "Sinuman ang humaplos ng kanyang ari ay nararapat magsagawa ng [panibagong] Wudhu' (paghuhugas)". (Abu Daud: 181)

3 Ang pagkain ng karne ng kamelyo, at sa katunayan, ang Propeta ﷺ ay tinanong: "Kami ba ay [nararapat] magsagawa ng Wudhu' dulot ng [pagkain ng] karne ng kamelyo? Siya ay nagsabi: "Oo". (Muslim: 360)

4 Ang pagkawala ng malay sanhi ng pagkatulog, pagkabaliw o pagkalasing.



## > Paano Ako Magsasagawa ng Wudhu'?

Ang Wudhu' (paghuhugas) at Taharah (paglilinis) ay kabilang sa mga pinakamainam at pinakadakilang gawain. Sapagka't pinapatawad ng Allah sa pamamagitan nito ang mga kasalanan at kamalian hanggang nananatiling matapat sa layunin ang isang alipin sa paghahangad nito ng gantimpala mula sa Allah. Sa katunayan, sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: "Kapag nagsasagawa ng Wudhu' ang isang alipin [o Muslim] at kanyang hinugasan ang kanyang mukha, lumalabas mula sa kanyang mukha ang lahat ng kasalanan ng ginawang pagtingin ng kanyang mga mata kasama ng tubig, at kapag kanyang hinugasan ang kanyang dalawang kamay, lumalabas mula sa kanyang mga kamay ang lahat ng kasalanan ng ginawang pang-aabot ng kanyang mga kamay kasama ng tubig, at kapag kanyang hinugasan ang kanyang mga paa, lumalabas ang lahat ng kasalanan ng ginawang pang-aapak ng kanyang mga paa kasama ng tubig, hanggang siya ay lumabas na lubos ang kadalisayan mula sa mga kasalanan". (Muslim: 244)

### Papaano ako magsasagawa ng Wudhu' at tanggalin ang Hadath Asgar [maliit na antas ng karumihan]?

Kapag nais ng isang Muslim na magsagawa ng Wudhu', kinakailangan niyang isapuso ito, ibig sabihin ay kailangang magkaroon siya ng layunin [niyyah] sa kanyang puso't isipan sa kanyang gagawing pagtanggal sa Hadath (kalagayang marumi), sapagka't ang layunin ay kailangan [bilang kondisyon] para sa lahat ng mga gawain. Batay sa sinabi ng Propeta ﷺ: "Katotohanang ang mga gawain ay nakabatay sa mga layunin". (Al-Bukhari: 1 – Muslim: 1907), pagkatapos siya ay magsisimulang magsagawa ng Wudhu' nang ayon sa pagkakasunud-sunod, tuluy-tuloy na walang matagal na pagtigil sa pagitan ng mga naturang gawain:



**1**

Magsabi ng: (Bismillaah [sa Ngalan ng Allah]).



**2**

Hugasan ang dalawang kamay ng tubig nang tatlong ulit bilang kaaya-ayang gawain.



**3**

Magmugmog ng tubig, [ang kahulugan ay] ipasok ang tubig sa bibig at imumug ito sa loob at pagkatapos ay iluluwa, nakabubuti na gawin ito nang tatlong ulit, datapuwa't ang kailangan ay isang ulit lamang.



**4**

Singhutin [ang tubig], [ang kahulugan ay] singhutin ang tubig nang papasok sa ilong at pagkatapos ay isingha nang papalabas ang tubig mula sa ilong [itulak ang tubig papalabas sa pamamagitan ng pagbuga ng hangin na papalabas mula sa ilong], at nakabubuti na lubus-lubusin ito maliban kung ito ay magdudulot para sa kanya ng kapinsalaan, at makabubuti rin na gawin ito nang tatlong ulit, datapuwa't ang kailangan ay isang ulit lamang.



5

Hugasan ang mukha, at ito ay magsisimula sa pinakataas na bahagi ng noo, simula sa tinutubuan ng buhok nito hanggang sa ibabang bahagi ng baba, at simula sa isang tainga hanggang sa isa pang tainga. Datapuwa't ang dalawang tainga ay hindi [itinuturing bilang] sakop [na bahagi] ng mukha, at nakabubuti na gagawin ito nang tatlong ulit, datapuwa't ang kailangan ay ang isang ulit lamang.



6

Hugasan ang dalawang kamay, simula sa mga dulo ng mga daliri hanggang sa mga siko, ang dalawang siko ay [bahaging kabilang sa nararapat] hugasan, at nakabubuti na gawin ito nang tatlong ulit, datapuwa›t ang kailangan ay isang ulit lamang.



7

Haplusin ang ulo nang basang kamay simula sa unahan ng ulo hanggang sa hulihan ng ulo na kasunod ng batok, at iminumungkahi na haplusing pabalik patungo sa unahan ng ulo sa ikalawang pagkakataon, at hindi itinatagubilin bilang kaaya-ayang gawain na gawin ito nang tatlong ulit, tulad ng mga ibang bahagi ng katawan.



8

Sa pamamagitan ng mga basang daliri, haplusin ang pinakaloob na gilid ng mga tainga gamit ang hintuturong daliri at ng mga labas na bahagi gamit ang daliring hinlalaki at ito ay ginagawang minsanan.



9

Hugasan ang dalawang paa kasama ang magkabilang bukong-bukong, at itinatagubilin ito bilang kaaya-ayang gawain na gawin ito nang tatlong ulit, datapuwa›t ang kailangan ay isang ulit lamang. At kung siya ay nakasuot ng medyas, magkagayon ipinahihintulot ang pagpunas nito nang ayon sa ilang patakaran (Tunghayan ito sa pahina:111).



## Ang Hadath Akbar (nasa kalagayan ng malaking dumi) at ang [pangangailangan ng] Ghusl (Paliligo):

Ang mga kinakailangan ng Ghusl (Paliligo):

At ito [mga tinutukoy sa ibaba] ay ang mga bagay na kapag nagawa ng isang Muslim na kinakailangang maligo bago siya magsagawa ng Salah (pagdarasal) at Tawaf (pag-ikot sa palibot ng Ka`bah), at inilarawan dito ang isang Muslim na nasa kalagayan ng [malaking antas ng karumihan [Hadath-Akbar] bago ang kanyang pagligo.

**Ang mga bagay na ito ay ang sumusunod:**

1 **Ang paglabas ng Manee** (semilya) na pabulwak dahil sa kasiyahan [ng pagnanasa], maging sa anupamang pamamaraan, at sa lahat ng mga kalagayan, maging gising man o natutulog.

Ang Manee, ito ay puting likido na malapot na lumalabas sa sandaling nasa kainitan ng pagnanasa at kasiyahan.

2 **Ang pakikipagtalik,** na ang tinutukoy dito ay ang pagpasok ng ari ng lalaki sa ari ng babae. At kahit wala pang lumabas o bumulwak na Manee (semilya), sapat na ang pangangailangan ng Ghusl (paliligo) sa pagpasok ng ulo ng ari [ng lalaki]. Batay sa sinabi ng Allah: {At kung kayo ay nasa kalagayan ng Janabah (matapos makipagtalik sa asawa, o may lumabas na semilya), dalisayin ninyo ang inyong sarili (sa pamamagitan ng paghugas ng buong katawan)}. Al-Maidah (5): 6

3 **Ang paglabas ng dugo ng Hayd (regla) at Nifas (dugong lumalabas sa isang buntis sanhi ng panganganak o bago manganak):**

- Ang Hayd: Ito ay ang karaniwang dugo na lumalabas sa babae nang buwanan, at nananatili ito sa loob ng pitong araw, maaaring humigit o kumulang nang ayon sa pagkakaiba ng likas na katangian ng mga kababaihan.
- Ang Nifas: Ito ay dugo na lumalabas sa babae sanhi ng kanyang panganganak at nananatili ito ng ilang mga araw.

At ang mga babaeng may hayd [regla] at nifas [pagdurugo sanhi ng panganganak] sa panahon ng paglabas ng dugo, ay binigyan ng kaluwagan, kaya naman, dahil dito sila ay pansamantalang malaya mula sa pagsasagawa ng takdang Salah (pagdarasal) at Siyam (pag-aayuno) [hanggang sila ay maging malinis]. datapuwa't ang Siyam ay nangangailangan ng kapalit ng pag-aayuno [sa ibang araw bilang kapalit ng kanyang pagliban sa pag-aayuno], samantalang ang Salah ay hindi pinapalitan [ang pagliban sa pagdarasal sa panahon ng pagreregla] at hindi ipinahihintulot sa kanilang mga asawa ang makipagtalik sa kanila sa panahon na iyon, nguni't pinahihintulutan ang hindi hihigit dito, at itinatagubilin sa kanila ang Ghusl (paliligo) sa sandaling tumigil ang dugo.

Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {Kaya, lumayo kayo [huwag makipagtalik] sa mga kababaihan [mga asawa] sa panahon ng kanilang pagreregla, at sila ay huwag ninyong lalapitan [huwag makipagtalik sa kanila] hanggang sila ay maging malinis [matapos ang regla at nakapaligo]. At kung sila ay naging malinis na, sila ay maaari na ninyong lapitan [upang makipagtalik] sa bahagi na kung saan ay ipinag-utos ng Allah sa inyo}. Surah Al-Baqarah (2): 222

### Papaano maglilinis ang isang Muslim na nasa Janabah (sekswal na karumihan) o nasa kalagayan ng Hadath-Akbar [malaking antas ng karumihan]?

Sapat na para sa isang Muslim na magkaroon ng Niyyah (layunin) sa kanyang puso at isip - ang paglilinis at paghuhugas ng tubig sa kanyang buong katawan.

- Nguni't ang pinakamainam ay ang Istinja [paghuhugas ng tubig] tulad ng kanyang ginagawa pagkatapos ng pagdumi, pagkatapos ay magsasagawa ng Wudhu', at pagkatapos ay magbubuhos ng tubig sa iba pang bahagi ng kanyang katawan, sapagka't ito ang pinakamalaking gantimpala para sa kanya; dahil sa kanyang pagsunod sa Sunnah (o kaparaanan) ng Propeta ﷺ.
- At kapag nagsagawa ng Ghusl (paliligo) ang isang Muslim sanhi ng Janabah (sekswal na karumihan), magkagayon ito ay sapat na upang makapagsagawa ng Wudu', samakatuwid hindi na niya kailangang magsagawa ng Wudhu' kasama ng Ghusl, nguni't ang higit na mainam ay ang Ghusl na sumasaklaw sa Wudhu', tulad ng Sunnah ng Propeta ﷺ.

### Ang Pagpunas sa Medyas:

Kabilang sa kaluwagan ng Islam ay ang pagkakaroon ng kakayahan ng isang Muslim na haplusin ng kanyang mga basang kamay ang ibabaw ng kanyang medyas o sapatos na natatakpan ang lahat ng paa bilang kapalit ng paghuhugas sa kanyang paa sa Wudhu', sa kondisyon na sa pagsuot niya nito, siya ay nasa [bisa ng] Wudhu', at ito ay sa panahon na hindi humigit sa 24 oras para sa hindi naglalakbay, at 72 oras naman para sa naglalakbay.


Samantalang sa Ghusl (paliligo) sanhi ng Janabah (sekswal na karumihan), kinakailangan ang paghuhugas sa mga paa sa lahat ng kalagayan.



### Sa sinumang hindi kayang gumamit ng tubig:

At kapag ang isang Muslim ay hindi maaaring gumamit ng tubig sa Wudhu' o sa Ghusl sanhi ng karamdaman o [dahil sa] kawalan ng tubig, o walang tubig maliban sa [tubig na] sapat lamang para sa inumin: Kung gayon itinatagubilin ang pagsasagawa ng Tayammum (bilang kapalit ng Wudhu') sa pamamagitan ng [tuyong] lupa (alikabok) hanggang sa makatagpo ng tubig at makakaya niyang gumamit nito.

Ang pamamaraan ng pagsasagawa ng Tayammum: Idampi ang mga [palad ng] kamay sa [tuyong] lupa nang minsanang pagdampi, pagkatapos ay ihaplos ang nalalabing alikabok [ng kanyang palad] sa kanyang mukha, at pagkatapos ay ihaplos sa ibabaw ng kanang kamay ang kaliwang kamay, gayundin ang kaliwang kamay sa ibabaw ng kanang kamay.



# *Ang Iyong Salaah*
## *(Pagdarasal)*



# 3

Ang Salaah (pagdarasal) ang siyang haligi ng Pananampalatayang Islam at ang ugnayan ng isang alipin sa kanyang Panginoon at Diyos, at ang dahilan kung bakit ito ang pinakadakila sa mga Ibaadah at pinakamalaki sa katayuan, at tunay na ipinag-utos ng Allah sa isang Muslim ang pangangalaga [at pagsasakatuparan] nito sa lahat ng kanyang kalagayan, maging siya man ay nananatili sa kanyang sariling bayan o nasa paglalakbay, nasa kalusugan o siya ay nasa karamdaman.

## Ang Nilalaman ng Kabanata:


**Ang Katayuan ng Salaah (Pagdarasal) at Ang Mga Kabutihan nito**

**Ang Mga Kabutihan ng Salaah (Pagdarasal)**

**Ang Limang Takdang Salaah (Pagdarasal) at Mga Takdang Oras Nito**

**Ang Lugar ng Salaah (Pagdarasal)**

**Ang Pamamaraan ng Salaah (Pagdarasal)**

**Papaano Ako Magsasagawa ng Salaah (Pagdarasal)?**

**Ang Mga Haligi ng Salaah (Pagdarasal) at Mga Pangangailangan (Dapat na Gampanan) Dito**

- Ang Mga Nakasisira sa Salaah (Pagdarasal)
- Ang Mga Kasuklam-suklam [na Gawaing Dapat Iwasan] sa [Oras ng] Salaah (Pagdarasal)

**Ano Ang Mga Salaah (Pagdarasal) na Mustahab (Kaaya-aya Nguni't Hindi Obligado)?**

**Ang Salaah (Pagdarasal) na Sama-sama**

**Ang Adhan (Panawagan Para sa Salaah)**

**Ang Kataimtiman [Buong Pusong Pagpapakumbaba] sa [Oras ng] Salaah (Pagdarasal)**


**Ang Salaah (Pagdarasal) ng Jumu`ah (sa Araw ng Biyernes)**

**Ang Salaah (Pagdarasal) ng Taong Naglalakbay**

**Ang Salaah (Pagdarasal) ng Maysakit [o May Karamdaman]**

## Ang Salaah (Pagdarasal)

Ang Kahulugan ng Salaah sa salitang-ugat: Ad-Du`a (panalangin), at ito ang nagsisilbing ugnayan ng isang alipin sa kanyang Panginoon at Tagapaglikha, nasasaklawan nito ang pinakamatayog na katawagan sa kahulugan ng pagkaalipin, pagdulog sa Allah at paghingi ng tulong sa Kanya, kaya siya ay nananalangin sa Kanya, nagsusumamo at gumugunita sa Kanya. Kaya mapapadalisay niya ang kanyang sarili, at maalaala niya ang katotohanan niya, at ang katotohanan ng mundong ito na kanyang pinamumuhayan, at madarama niya ang Kadakilaan ng kanyang Panginoon at ang Habag Niya sa kanya, at pagkatapos ay igagabay siya ng Salaah (pagdarasal) na ito sa pagiging matuwid sa Batas ng Allah at paglayo sa kawalan ng katarungan, kahalayan at pagsuway. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Katotohanan, ang Salaah (Pagdarasal) ay nakapipigil sa paggawa ng (lahat ng) mga kahiya-hiya at masamang gawa}. Al-`Ankabut (29): 45



## > Ang Katayuan ng Salaah (pagdarasal) at Kahigtan nito

Ang Salaah (pagdarasal) ang pinakadakila sa mga pisikal na pagsamba at pinakamalaki sa katayuan, sapagka't ito ay isang Ibaadah (pagsamba) na sumasaklaw sa puso, isip at dila ng isang tao, at nakikita ang kahalagahan ng Salaah (pagdarasal) sa maraming bagay, ang mga ilan dito ay ang mga sumusunod:

### Ang Salaah (pagdarasal) ang mayroong pinakamataas na katayuan:

1 Sapagka't ito ang ikalawang haligi mula sa mga haligi ng Islam. Batay sa sinabi niya ﷺ : 'Itinayo ang Islam batay sa lima: Ang pagsasaksi na walang iba pang Diyos maliban sa Allah at na si Muhammad ay Sugo ng Allah, at ang pagsasagawa ng Salaah (pagdarasal)….' (Al-Bukhari: 8 – Muslim: 16)

At ang Salaah ay tumatayo bilang haligi ng gusali na siyang sandigang inaasahan nito at ito ay hindi makatatayo nang wala ito.

2 Ang mga Islamikong katibayan ay nagtakda na ang kaibahan sa pagitan ng mga Muslim at ng hindi Muslim ay ang pagsasagawa ng Salaah (pagdarasal). Batay sa sinabi ng Propeta ﷺ : 'Katotohanan, ang pagitan ng isang tao at ng Shirk (pagtatambal sa Kaisahan ng Allah) at ng kawalan ng paniniwala ay ang pagtalikod [at paglisan mula] sa Salaah (pagdarasal)'. (Muslim: 82)

At sinabi pa niya: 'Ang kasunduan na namamagitan sa amin (mga Muslim) at sa kanila (mga di-Muslim) ay ang Salaah (pagdarasal), kaya sinuman ang lumisan nito, tunay na siya ay tumalikod sa paniniwala'. (At-Tirmidi: 2621 – An-Nisai: 463)

3 Ang Allah na Tigib ng Kapangyarihan at Kapita-pitagan ay nag-uutos nito sa lahat ng mga kalagayan, maging siya ay nasa paglalakbay, nananatili sa kanyang lugar, nasa kapayapaan man o sa digmaan, at maging sa kalagayan ng kalusugan at ng karamdaman, ang Salaah ay ipinatutupad nang ayon sa abot ng kanyang kakayahan. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Pangalagaan ninyo ang [pagsasagawa ng] Salaah (ang limang takdang [pagdarasal na kailangang gampanan araw-araw)}. Al-Baqarah (2): 238

At Kanyang inilarawan dito ang Kanyang mga alipin na naniniwala sa Kanyang sinabi: {At sila yaong nagpapahalaga sa kanilang mga pagdarasal (ang limang ulit na pagdarasal)}. Al-Mu'minun (23): 9

## Ang Mga Kahalagahan ng Salaah (Pagdarasal):

Ang maraming katibayan hinggil sa mga kahalagahan ng Salaah (Pagdarasal) ay nakatala [at matutunghayan] mula sa Aklat (Qur'an) at Sunnah (ng Propeta), at ang ilan dito ay:


1 Tunay na ito ay nagpapawalang-sala [at nakapapawi] sa mga kasalanan. Batay sa sinabi ng Propeta ﷺ : «Ang limang takdang Salaah (Pagdarasal) at ang mga Salaah sa pagitan ng dalawang Jumu`ah ay nagpapawalang-sala, hangga't siya ay hindi nakagawa ng mga malalaking kasalanan.» (Muslim: 233 – At-Tirmidhi: 214)

2 Tunay na ito ay isang liwanag na tumatanglaw sa buhay ng isang Muslim sa kabuuan nito, tinataguyod siya nito tungo sa kabutihan at inilalayo siya nito sa kasamaan. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Katotohanan, ang Salaah (pagdarasal) ay pumipigil mula sa paggawa ng (lahat ng) mga kahalayan at ng masasamang gawain}. Al-`Ankabut (29): 45

3 Tunay na ito ang unang susuriin [sisiyasatin, bibilangin at susulitin] sa isang alipin [tao] sa Araw ng Pagbabangong Muli; kaya kung ito man ay naging mabuti at tinanggap mula sa kanya, ang lahat ng kanyang gawain ay tatanggapin sa kanya, datapuwa't kung ito ay tinanggihan, ang mga nalalabing mga gawain ay tatanggihan din. Batay sa sinabi niya ﷺ : «Ang kauna-unahang susuriin [sisiyasatin at susulitin] sa isang alipin [tao] sa Araw ng Pagbabangong Muli ay ang Salaah (Pagdarasal), kaya kung ito man ay naging mabuti, mapabubuti rin ang lahat ng kanyang gawain, datapuwa't kung ito ay nawalan ng saysay, mawawalan din ng saysay ang lahat ng kanyang gawain». (Al-Mu`jam Al-Awsat Lit Tabarani: 1859)

## Kanino ipinatutupad [at ipinag-uutos bilang tungkulin] ang pagsasagawa ng Salaah (Pagdarasal)?

Ipinag-uutos [bilang tungkulin] ang Salaah (pagdarasal) sa bawa't Muslim na may wastong pag-iisip, nasa tamang gulang, walang Hayd (regla sa mga kababaihan) at walang Nifas (dugong lumalabas sanhi ng panganganak), kaya siya ay hindi nararapat magsagawa ng Salaah sa mga oras ng kanyang Hayd o Nifas, at hindi rin niya ito dapat bayaran pagkatapos ng kanyang kalinisan at pagtigil ng dugo (Tunghayan ang pahina:110 )



> Ipinag-utos ng Allah na Tigib ng Kaluwalhatian at Kataas-taasan, ang pangangalaga [at pagsasakatuparan] ng Salaah (pagdarasal) sa lahat ng kalagayan ng tao maging sa oras ng digmaan at sa mga [panahon ng mga] kalamidad, sakit o karamdaman].

## At binigyang-hatol ang pagdadalaga sa sandaling maisaalang-alang ang isa sa mga palatandaan na sumusunod:

| |
|---|
| Ang pagsapit ng labing limang taon |
| Ang pagtubo o paglitaw ng mga bala-hibo sa harapan ng ari o sa likuran na daanan [ng ihi o dumi]. |
| Ang paglabas ng semilya habang na-tutulog o gising. |
| Ang pagreregla ng babae at pagbu-buntis. |

Ang Salaah (Pagdarasal) ang siyang pinakamasayang mga sandali para sa isang naniniwala [Muslim] habang siya ay nagsusumamo [nananalangin, dumudulog] sa kanyang Panginoon sa [mga oras ng kanyang] Salaah (pagdarasal), kaya siya ay nakakatagpo ng katiwasayan, [nakakaramdan ng] kapanatagan at [ibayong] kagalakan sa pakikipag-ugnayan sa Allah na Tigib ng Kapangyarihan at Kapita-pitagan.

At ito ang pinakadakilang kasiyahan para sa Propeta ﷺ, batay sa sinabi niya: «At ginawa itong Qurratu `ayni (kasiyahan para sa aking mga mata) ang Salaah (Pagdarasal)». (An-Nisai: 3940)

At siya [ang Sugo ng Allah] ay lagi nang nagsasabi sa kanyang Mu`adheen [ang tagatawag sa Saalah] na si Bilal (sumakanya nawa ang lugod ng Allah): «Pamahingahin mo kami sa pamamagitan nito, O Bilal». (Abu Daud: 4985)

At naging kaugalian ng Propeta ﷺ na kapag siya ay nababalisa [o naliligalig] sa isang bagay, siya ay humahayong nagtutungo sa pagsasagawa sa Salaah (pagdarasal). (Abu Daud: 1319)

## >*Ano ang mga patakaran na kailangang maisaalang-alang para sa Salaah (Pagdarasal)?*

1 **Ang paglilinis mula sa Hadath (karumihan) at Najasah (marumi):** Ito ay naipaliwanag na sa una at naidetalye (Tingnan ang pahina:103).

2 **Ang pagtatakip ng Awrah (mga maseselang bahagi ng katawan):** Ipinag-utos ang pagtatakip ng Awrah sa pamamagitan ng damit na hindi humahapit sa hubog ng katawan dahil sa kaigsihan at kanipisan nito.

**At ang Awrah ay mayroong tatlong uri:**

**Ang babae:** Ang Awrah ng babae na nasa tamang gulang sa Salaah (pagdarasal) ay ang lahat ng kanyang katawan maliban sa kanyang mukha at mga kamay.

**Ang batang lalaki:** Ang Awrah ng maliit na batang lalaki: Ang dalawang maselang bahagi ng katawan lamang [ang kanyang ari at puwit].

**Ang lalaki: Ang Awrah ng lalaki na nasa tamang edad:** Simula sa pusod hanggang sa tuhod.

Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {O mga anak ni Adan, magsuot kayo ng palamuti [o ng maayos na damit sa inyong pagtungo], sa bawa't Masjid (oras ng inyong pagdarasal)}. Al-A`raf (7): 31

Katotohanan, ang pagtatakip ng Awrah ay pinakamababang pamantayan ng pananamit. At ang kahulugan ng sa bawa't Masjid: ibig sabihin ay sa bawa't oras ng inyong pagdarasal [Salaah].



> **Kinakailangan para sa pagdarasal [Salaah] ng babaeng Muslim ang pagtakip sa lahat ng kanyang katawan maliban sa kanyang mukha at dalawang kamay.**

## 3 Ang Pagharap sa Qiblah (direksiyon sa Salaah):

Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {At kahit saan ka mang lugar maparoon (sa pag-aalay ng Salaah), iharap mo ang iyong mukha tungo sa direksiyon ng Masjidil Haram (Banal na Bahay-Dalanginan sa Makkah)}. Al-Baqarah (2): 149

- At ang Qiblah ng mga Muslim ay ang marangal na Ka`bah na itinayo ng ama ng mga Propeta na si Ibrahim (Abraham) – sumakanya nawa ang kapayapaan, at dito ay nagsagawa rin ng Hajj (pilgrimahe) ang mga Propeta – sumakanila nawa ang kapayapaan. At ating lubos na nababatid na ito ay tunay na mga bato lamang na hindi nakapipinsala at hindi nakakapagdulot ng kapinsalaan, nguni't tayo ay pinag-utusan ng Allah na humarap dito sa Salaah [bilang direksiyon] upang magkaisa ang lahat ng mga Muslim tungo sa iisang dako [ng pagdarasal], kaya makapagsasagawa tayo ng maayos na pagsamba sa Dakilang Allah sa pamamagitan ng pagharap dito.
- Nararapat para sa isang Muslim na siya ay humarap tungo sa Ka`bah, kapag ito ay kanyang nakikita sa kanyang harapan, nguni't kapag ito ay malayo mula sa kanyang kinaroroonan, sapat na humarap siya sa dakong gawing malapit sa kinaroroonan ng Makkah, samantalang ang kaunting paglihis sa pagharap ay walang masama rito. Batay sa sinabi ng Propeta ﷺ : «Ang pagitan ng silangan at kanluran ay Qiblah». (At-Tirmidi: 342)
- At kung hindi niya magagawang humarap dito sanhi ng kanyang karamdaman o iba pa rito, hindi niya kailangang humarap dito sapagka't hindi dapat isagawa ang isang tungkulin ng sinumang walang kakayahang tuparin o gampanan ito. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {Kaya matakot kayo sa Allah sa abot ng inyong kakayahan}. At-Taghabun (64): 16

## 4 Ang pagdating ng tamang oras ng Salaah (pagdarasal):

At ito ay isa sa mga patakaran upang maging wasto ang Salaah, sapagka't hindi tinatanggap ang Salaah bago ang pagdating ng tamang oras ng pagsasagawa nito, at ipinagbabawal din ang pagpapahuli sa takdang oras nito. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Katotohanan, ang pagdarasal ay ipinapatupad para sa mga naniniwala sa takdang oras (ng pagdating nito)}. An-Nisa' (4): 103

**At kailangan isaalang-alang ang paniniyak sa pagdating ng tamang oras ayon sa ilang mga bagay:**

- Ang pinakamainam sa pagsasagawa ng Salaah (pagdarasal) ay sa unang takdang oras nito.
- Ipinag-utos [bilang tugnkulin] ang pagsasagawa ng pagdarasal [Salaah] sa takdang oras nito, at ipinagbabawal ang pagpapahuli nito sa anupamang kadahilanan.
- Sinumang nakaligtaan o nakalagpas sa tamang oras ng kanyang Salaah (pagdarasal) sanhi ng pagtulog o pagkalimot, ipinag-uutos para sa kanya ang madaliang pagsasagawa nito [bilang] kabayarang-dasal kapag ito ay kanyang naalaala.



> Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {Katotohanan, ang pagdarasal ay ipinapatupad para sa mga naniniwala sa takdang oras (ng pagdating nito)}. An-Nisa' (4): 103

# > Ang Limang Takdang Pagdarasal [Salaah] at Ang Mga Oras Nito

Ipinag-utos ng Allah para sa isang Muslim [bilang tungkulin] ang pagsasagawa ng limang Salaah sa araw at gabi, ito ang mga haligi ng kanyang pananampalataya, at tumatayo bilang pinakamahalaga sa lahat ng kanyang mga tungkulin, at Kanyang tinakdaan ito nang maliwanag para sa pagsasakatuparan ng mga oras nito, tulad ng mga sumusunod:

**Ang Salaah (pagdarasal) sa Fajr (madaling araw):** Ito ay binubuo ng dalawang Rak`ah (yunit), at ito ay nagsisimula sa pagbubukang-liwayway [o madaling-araw] ang sandaling oras kapag ang unang bahagyang sinag ay lumilitaw, at nagtatagal hanggang sa pagsikat nito, [samakatuwid ito ay ang simula ng liwanag sa alapaap at nagtatapos sa pagsikat ng araw.)





**Ang Salaah (pagdarasal) sa Dhuhr (tanghali):** Ito ay binubuo ng apat na Rak`ah (yunit), at ang oras nito ay magsisimula kapag ang araw ay bumababang palihis sa dakong pakanluran mula sa gitnang himpapawid, at nagtatapos kapag ang anino ng isang bagay ay nagiging kasing haba ng sukat nito [ng bagay na iyon] at ang araw ay nasa kaitaasan nito.

**Ang Salaah (pagdarasal) sa `Asr (hapon):** Ito ay binubuo ng apat na Rak`ah (yunit), at magsisimula ang oras nito sa paglipas ng oras ng Dhuhr kapag ang anino ng lahat ng bagay ay maging katulad na nito [sa sukat], at ito ay nagtatapos sa paglubog ng araw, at marapat para sa isang Muslim na magmadali sa pagdarasal bago tuluyang humina ang tindi ng init ng araw at maging dilaw ang kulay nito





**Ang Salaah (pagdarasal) sa Maghrib (takip-silim):** Ito ay binubuo ng tatlong Rak`ah (yunit), at magsisimula ang oras nito sa paglubog ng araw at paglaho ng sinag nito sa alapaap, at magtatapos sa paglaho ng pulang takip-silim, na naglalaho pagkatapos ng paglubog.

**Ang Salaah (pagdarasal) sa Isha› (panggabi):** Ito ay binubuo ng apat na Rak`ah (yunit), at magsisimula ang oras nito sa paglubog ng pulang takip-silim, at magtatapos sa kalagitnaan ng gabi, at maaari ring isagawa ito bago sumapit ng Fajr (madaling araw) kung mayroong sapat o makatuwirang dahilan ng pagka-antala [pagkabalam].



**Ang isang Muslim ay maaaring umasa sa mga kalendaryo na nagpapahayag sa mga takdang oras ng Salah at hindi na niya kailangang tingnan ang pagpasok ng oras ng Salah sa sarili niya.**

# > Ang Lugar ng Salaah (Pagdarasal)



Ipinag-uutos ng Islam ang pagsasagawa ng Salaah nang sama-sama, at ipinanghihikayat nito na isagawa ito sa Masjid; upang ito ay maging isang pagtitipon at pagsasamahan ng mga Muslim, magkagayon madaragdagan ang bigkis ng pagkakapatiran at pagmamahalan sa kanilang pagitan, at itinakda ito na higit na mainam kaysa sa Salaah ng isang lalaki na nag-iisa. Batay sa sinabi niya ﷺ : «Ang Salaah ng isang lalaki sa sama-samang pagdarasal ay nakahihigit kaysa sa Salaah ng nag-iisa nang dalawampu't pitong antas». (Al-Bukhari: 619 – Muslim: 650 – Ahmad: 5921)

Nguni't ang Salaah ay maaaring isagawa sa lahat ng lugar, at ito ay kabilang sa habag ng Allah sa atin. Batay sa sinabi niya ﷺ : «At ginawa ang lupa para sa akin bilang lugar ng Masjid (bahay-dalanginan) at dalisay, kaya sinumang lalaki mula sa lipon ng aking pamayanan ang inabutan ng Salaah, magkagayon siya ay nararapat magsagawa ng Salaah». (Al-Bukhari: 328 – Muslim: 521)

## Ang Mga Patakaran ng Lugar Para sa Pagsasagawa ng Salaah:

Ipinag-utos ng Islam sa lugar na pinagsasagawaan ng Salaah na ang lupa nito ay nararapat na malinis. Ang Allah ay nagsasabi: {At Aming ipinag-utos kay Ibrahim (Abraham) at Ismail (Ismael) na dalisayin (linisin) ang Aking bahay [dalanginan] para sa mga nagsisipag-ikot sa palibot nito, at sa mga namamalagi rito (sa pag-aalaala sa Allah) at nagsisiyukod (sa kanilang pagdarasal), na nagpapatirapa (sa pagdalangin)}. Surah Al-Baqarah (2): 125

Bilang pangkalahatang Batas ng Islam, kapag tayo ay naglalayong magsagawa ng pagdarasal ating isinasaalang-alang ang lugar bilang malinis maliban na lamang kung ating nababanaagan dito ang karumihan at tayo ay nag-aalinlangan sa pagiging malinis nito samakatuwid, kung walang dahilan upang ang isang lugar ay ituring na marumi, magkagayon ating pinahihintulutang isagawa rito ang pagdarasal na wala ng kailangan pang sapinan ang lapag nito o gamitan ng pansapin.

**At may ilang mga pangkalahatang patakaran na kailangang pangalagaan, at ang ilan dito:**

1. Ang isang Muslim ay hindi dapat magsagawa ng pagdarasal sa isang lugar na kung saan ay maaari niyang abalahin ang mga tao tulad ng mataong lugar, dinaraanan ng tao o lugar na ipinagbabawal ang pag-istambay dito na nagiging sanhi ng pagka-abala at siksikan sa mga tao, samantalang ang Sugo ng Allah ﷺ ay ipinagbabawal ang pananakit at pamiminsala. Siya ay nagsasabi: «Walang pinsalang [dapat mangyari] at walang pamiminsalang [dapat iganti]». (Ibnu Majah: 2340 – Ahmad: 2865).

2. Ang lugar ay nararapat na malaya mula sa mga bagay na nagdudulot ng kaguluhan o pagkagambala sa Salaah, tulad ng mga larawan o mga malalakas na tinig at musika.

3. Sinumang Muslim ay hindi dapat magsagawa ng pagdarasal sa lugar na ang gawaing pagsamba ay pinagtatawanan, at kinukutya tulad ng isang lugar na kung saan naroroon ang mga naglalasing o ng mga mapanuya samantalang ang Allah ay ipinagbabawal ang panlalait sa mga sinasamba ng mga di-Muslim upang sila ay hindi mangahas na gumanting lapastanganin o alipustain ang Allah dahil sa kanilang kawalan ng kaalaman. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {At huwag ninyong alipustain [o lapastanganin] yaong kanilang mga tinatawagan (sinasamba) bukod sa Allah, baka kanilang alipustain [o lapastanganin] ang Allah nang walang kaalaman}. Al-An`am (6): 108

4. Sinumang Muslim ay hindi dapat magsagawa ng Salaah sa isang lugar na itinalaga o itinayo para sa mga gumagawa ng mga gawaing makasalanan, tulad ng mga bahay-aliwan at disco [o sugalan at mga beerhouse], magkagayon kinamumuhian ang pagsasagawa rito ng Salaah.



## > *Ang Lugar ng Salaah (Pagdarasal)*



May Kakayahan ka Bang Magsagawa ng Salaah sa Masjid (bahay-dalanginan) Nang sama-sama?

Hindi | Oo

Oo: Binibigyang-diin para sa lalaki ang pagsasagawa ng Salaah nang sama-sama, at ito ay kabilang sa mga pinakadakilang gawain at kalugud-lugod sa Allah, at ito ay ipinahihintulot sa mga kababaihan.

Hindi: Kapag hindi mo kayang isagawa ito sa Masjid, magkagayon ba'y ang ibang lugar ay Najs (marumi)?

Hindi | Oo

Oo: Ipinagbabawal ang pagsasagawa ng Salaah sa maruruming lugar, sapagka't ang Allah ay nag-uutos sa atin ng paglilinis para sa Salaah.

Hindi: Kapag ang lugar ay hindi marumi, ang pagsasagawa ba rito ng Salaah ay hindi nakapipinsala sa mga tao, sa kadahilang ito ay kanilang dinaraanan halimbawa?

Hindi | Oo

Oo: Ipinagbabawal ang pamiminsala [o pangagambala] sa mga tao at ang panggigipit sa kanila maging sa pamamagitan ng pagsasagawa ng Salaah, kaya dapat pumili ng ibang lugar na hindi makapipinsala o makakagambala sa mga tao.

Hindi: Mayroon bang mga nakakaabala [o nakakagambala] sa iyo sa lugar na iyong pinagsasagawaan ng Salaah, tulad ng mga larawan at malalakas na boses?

Hindi | Oo

Oo: Dapat na lumayo sa lahat ng nagbibigay ng pang-aabala [at paggambala] sa nagsasagawa ng Salaah, at mga bagay na nakapaglilihis sa kanya sa kataimtiman ng kanyang pagdarasal.

Hindi: Kabilang sa mga partikular na katangian ng pamayanang ito at habag ng Allah dito, ay ang pagtakda Niya sa Salaah na tanggap ito sa alinmang lugar sa kalupaan.

## > Ang Pamamaraan ng Salaah

1 Ang Niyyah (layunin):

Ang Niyyah ay isa sa mga kinakailangang patakaran ng kawastuhan ng Salaah at kung wala ito, ang Salaah ay hindi tinatanggap. Ibig sabihin – ito ay dapat isapuso ang pagsamba sa Allah sa pamamagitan ng Salaah, samakatuwid ay batid niya na ito ay Salaah sa Maghrib halimbawa o Isha', at hindi kinakailangang bigkasin [o sambitin] ang Niyyah na ito, bagkus ang isapuso at isipan ang kailangan para rito, samakatuwid ang pagbigkas dito ay isang pagkakamali, sapagka't hindi ito napatunayan sa Propeta ﷺ, gayundin sa kanyang mga mararangal na Sahabah (kasamahan).

2 Tumindig nang matuwid para sa Salaah, at bigkasin ang: (Allaahu Akbar [Ang Allah ay Dakila]), habang itinataas ang dalawang kamay hanggang sa tapat ng mga balikat o mas mataas, na ang palad ng kamay ay nakaharap sa dakong Qiblah (direksiyon ng pagdarasal).



At hindi tinatanggap ang Takbir maliban sa pamamagitan ng pagbigkas ng (Allaahu Akbar), at ang kahulugan nito ay ang pagdakila at pagluwalhati sa Allah, samakatuwid ang Allah ang pinakadakila kaysa sa lahat, higit na dakila kaysa sa mundong ito, sa lahat ng napaloloob ditong mga kasiyahan at mga karangyaan, kaya dapat nating isantabi ang lahat ng karangyaang iyon at humarap tayo sa Mahabaging Allah sa pagsasagawa ng Salaah nang buong puso at kataimtiman.

3 Pagkatapos ng Takbir, ilagay [o ipatong] ang kanang kamay sa ibabaw ng kaliwang kamay sa dibdib at ito ay gawin nang palagi sa pagtindig.

4 Bigkasin ang pambungad na Du`a (panalangin) bilang kaaya-ayang gawain: Subhaanakal laahumma wa bihamdik, wa tabaarakasmuk, wa ta`aalaa jadduk, wa laa ilaaha ghayruk (O Allah, sumaiyo ang kaluwalhatian at pagpupuri, maluwalhati ang Iyong pangalan, kataas-taasan ang Iyong karangalan, sapagka›t walang ibang diyos bukod pa sa Iyo).

5 At isunod at bigkasin ito: A`udhu billaahi minash shaytaanir rajeem (Ako ay nagpapakupkop sa Allah laban kay Satanas na isinumpa), ito ang siyang Isti`adhah (pagpapakupkop), at ang kahulugan nito: Ako ay dumudulog at humihingi ng kalinga sa Allah laban sa kasamaan ni Satanas.

6 Bigkasin ang: Bismillaahir rahmaanir raheem (Sa Ngalan ng Allah, ang Maawain ang Mahabagin), at ang kahulugan ng Basmalah: Ako ay nagsisimula na humihingi ng tulong, nagpapabiyaya sa pamamagitan ng Ngalan ng Allah.

### Ano ang gagawin ng isang hindi nakasasaulo ng Al-Fatihah at mga Dhikr (paggunita sa Allah) sa [oras ng] Salaah?

Sinuman ang bagong yakap sa Islam at hindi nakasaulo ng Al-Fatihah at mga Dhikr (paggunita) sa Salaah, magkagayon itinatagubilin para sa kanya ang mga sumusunod:

- Tungkulin niyang magsikap sa pagsasaulo ng mga kinakailagang Adhkar (paggunita) sa Salaah, at ito ay hindi matatanggap maliban sa pamamagitan ng wikang Arabik. At ito ay:

  Ang Al-Fatihah, ang Takbir, ang Subhaana rabbiyal `adheem, ang Sami`allaahu liman hamidah, ang Rabbanaa lakal hamd, ang Subhaana rabbiyal a`laa, ang Rabbigh fir lee, ang Tashahhud at ang Salaat `alan Nabi, ang Assalaamu `alaykum wa rahmatullaah.

- Kinakailangan para sa isang Muslim sa kanyang mga pagdarasal (Salaah) – bago maging ganap ang pagsasaulo – na uulitin niya ang anumang nalalaman niya rito na Tasbih (Subhaanallaah), Tahmid (Alhamdulillaah) at Takbir (Allaahu Akbar) habang kasalukuyang isinasagawa ang Salaah, o uulitin niya ang naturang ayah (talata ng Qur'an) na kanyang isinaulo habang nasa kalagayan ng pagtindig. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Kaya matakot kayo sa Allah sa abot ng inyong makakaya}. At-Taghabun (64): 16

- Dapat sa kanya sa pagkakataong ito na maging ganap na masigasig sa Salaah sa sama-samang pagsasagawa nito, upang ang kanyang Salaah ay ganap niyang maisaayos, at dahil na rin sa ang Imam (namumuno sa Salaah) ang mananagot sa ilang pagkukulang ng mga Ma'mum (sumusunod).

7. Bigkasin ang panimulang Surah (kabanata) Al-Fatihah, at ang Fatihah ay pinakadakilang Surah sa Aklat ng Allah.

- At sa katunayan, biniyayaan ng Allah ang Kanyang Sugo sa pamamagitan ng pagpapahayag nito, at Kanyang sinabi: {At katotohanang Aming ipinagkaloob sa iyo ang pitong talata [Al-Mathani ng Surah Al-Fatihah) at ang Dakilang Qur'an}. Al-Hijr (15): 87

  At ang pitong Al-Mathani, ito ang Al-Fatihah, at sa gayon pinangalanan, sapagka't ito ay naglalaman ng pitong talata.

- Kinakailangan para sa isang Muslim ang pag-aaral nito, sapagka't ang pagbasa nito ay isa sa haligi ng Salaah, para sa kanya na nagsasagawa ng Salaah na mag-isa, o sumusunod lamang sa Salaah na hindi pinalalakas ng Imam (namumuno sa Salaah) ang pagbabasa rito.

8. Ipinag-uutos para sa kanya matapos na basahin ang Fatihah o mapakinggan ito sa pagbabasa ng Imam na kanyang sasabihin: (Ameen) na ang kahulugan nito: O Allah! Nawa'y dinggin Mo.

9. Bumigkas ng ibang Surah o talata [ng Qur'an] pagkatapos mabigkas ang Fatihah sa unang dalawang Rak`ah (yunit), samantalang sa ikatlong Rak`ah at ikaapat ay bigkasin lamang ang Al-Fatihah.

- At ang pagbigkas sa Fatihah at ang mga kasunod na talata [ng Qur'an] dito ay karaniwang binibigkas nang malakas sa Salaah sa Fajr (sa madaling araw), Maghrib (sa takip-silim) at Isha' (sa gabi), samantalang sa Dhuhr (sa tanghali) at Asr (sa hapon) ay pinahihina [ang pagbigkas].
- At ang mga Dua at Dhikr (panalangin at paggunita) sa Salaah ay binibigkas nang mahina.

At ang kahulugan ng Surat (kabanata) Al-Fatihah ay ang sumusunod:

**Alhamdu lillaahi rabbil `aalameen {Ang lahat ng pagpupuri ay sa Allah, ang Rabb (Panginoon) ng lahat ng mga nilalang}:**

Ako ay pumupuri sa Allah sa lahat ng Kanyang mga Katangian, mga gawain at mga biyaya, maging lantad man ito o nakalingid kalakip ng pagmamahal at labis na pagdakila sa Kanya. Ang Rabb (Panginoon): Siya ang Tagapaglikha, ang Hari, ang May Kapangyarihan, ang Tagapagkaloob ng mga biyaya. At ang `Aalameen (lahat ng mga nilalang): Tinutukoy nito ang lahat ng bagay maliban sa Allah na Tigib ng Kapangyarihan at Kapita-pitagan, mula sa mga daigdig ng tao, ng Jinn, ng mga Anghel at mga hayop at iba pa.

**Ar-Rahmaanir raheem {Ang Mahabagin, Ang Maawain}:**

Dalawang pangalan mula sa mga Pangalan ng Allah. Ang Ar-Rahman ay nangangahulugan na Siya ay nagtataglay ng pangkalahatang habag na sumasaklaw sa lahat ng bagay. Samantalang ang Ar-Raheem ay ang nagtataglay ng katangiang habag na nakalaan lamang para sa Kanyang mga alipin na naniniwala.

**Maaliki yawmiddeen {Ang Hari ng Araw ng Paghuhukom}:**

Ibig sabihin ay ang Hari, ang May Kapasiyahan sa Araw ng Paggawad ng gantimpala at Pagsusulit, samakatuwid naririto bilang paalaala sa isang Muslim tungkol sa Huling Araw, at paghihikayat sa kanya sa paggawa ng kabutihan.

**Iyyaaka na`budu wa iyyaaka nasta`in {Ikaw (lamang) ang aming sinasamba at Ikaw (lamang) ang aming hinihingan ng tulong}:**

Sa Iyo lamang kami naglalaan ng pagsamba, O aming Panginoon, kami ay hindi nagbibigay sa Iyo ng katambal bukod sa Iyo sa anumang uri ng Ibaadah (pagsamba), at sa Iyo lamang kami humihingi ng tulong sa lahat ng mga bagay na ukol sa amin. Samakatuwid, ang lahat ng bagay ay nasa Iyong Kamay, walang sinumang nagmamay-ari nito kahit kasing bigat ng isang butil ng mais.

**Ihdinas siraatal mustaqim {Patnubayan Mo po kami sa matuwid na landas}:**


Ituro Mo sa amin, ipatnubay at igabay sa matuwid na landas at panatilihin dito hanggang sa aming pagharap sa Iyo. Ang matuwid na landas, ito ang maliwanag na pananampalatayang Islam na naghahatid tungo sa lugod ng Allah at sa Kanyang Paraiso, na siyang itinuro ng pinakahuli sa mga Propeta at Sugo na si Muhammad ﷺ, at walang daan tungo sa kasiyahan ng isang alipin kundi sa pamamagitan ng pagiging matwid dito.

**Siraatal ladhina an `amta `alayhim {Ang Landas ng Iyong mga pinagpala}:**

Ibig sabihin ay landas ng sinumang Iyong pinagpala sa kanila sa pamamagitan ng pamamatnubay at pagpapakatuwid mula sa lipon ng mga Propeta at matutuwid na nakababatid ng katotohanan at kanilang sinunod.

**Ghayril magh dhubi `alayhim wa lad dhaallin {Hindi (ang landas ng) mga nagkamit ng (Iyong) matinding poot at ng mga nangaligaw}:**

Ibig sabihin ay ilayo Mo po kami at iligtas mula sa landas ng sinumang Iyong kinapootan at kinasusuklaman sa kanila, sapagka't kanilang nababatid ang katotohanan, nguni't ito ay kanilang pinawalang-bahala, at sila yaong mga Hudyo at ang sinumang mga katulad nila, at ilayo Mo kami sa landas ng mga nangaligaw, at sila yaong mga hindi napatnubayan tungo sa katotohanan dahil sa kanilang kamangmangan, at sila yaong mga Kristiyano at ang sinumang gumagaya sa kanila.



10 Pagkatapos ay magsagawa ng Takbir (pagbigkas ng Allaahu Akbar) para sa Ruku` (pagyukod) habang itinataas ang mga kamay sa magkabilang balikat o mas mataas pa rito, na ang palad ng mga kamay ay nakaharap sa dakong Qiblah (direksiyon sa Salaah), tulad ng ginawa sa unang Takbir.

11 Magsagawa ng Ruku` (pagyuko) sa pamamagitan ng pagbaluktot ng likod sa dakong Qiblah, na ang likod at ulo ay magkapantay, at ilagay ang mga kamay sa mga tuhod, at bigkasin ang: Subhaana rabbiyal `adheem (Kaluwalhatian sa aking Panginoon na Pinakadakila), at nakabubuting gawin nang tatlong ulit ang naturang Tasbih (pagluwalhati). Datapuwat ang ipinag-uutos ay isang ulit lamang, at ang Ruku` (pagyuko) ay isang kalagayan ng pagdakila at pagpipitagan sa Allah.

Ang kahulugan ng (Subhaana rabbiyal `adheem): Ang ibig sabihin ay ipinahahayag ko sa Allah, na Siya ay Malaya sa mga kakulangan [o kapintasan] at aking kinikilala ang Kanyang kaganapan habang ako ay nakayuko, nagpapakumbaba sa Allah na Tigib ng Kapangyarihan at Kapita-pitagan.



12 Mula sa pagkayuko ay muling bumalik sa pagkakatayo habang itinataas ang mga kamay sa tapat ng mga balikat at ang mga palad nito ay nakaharap sa dakong Qiblah (direksiyon sa Salaah) tulad ng una at bigkasin ang: Sami allaahu liman hamidah (Dinidinig ng Allah ang sinuman na nagpupuri sa Kanya), kung siya ang Imam (namumuno sa Salaah) o mag-isa, at pagkatapos [ang lahat] ay bigkasin ang: Rabbanaa walakal hamd (Aming Panginoon, at sa Iyo po lamang nauukol ang pagpupuri), at nakabubuti na bigkasin bilang dagdag pagkatapos nito ang: Hamdan kathiran tayyiban mubaarakan feeh mil as samaa wa mil al ardi wa mil a maa shita min shay in ba`d (pagpupuring marami, masagana, tigib ng pagpapala, pumupuno sa kalangitan at pumupuno sa kalupaan at pumupuno sa anumang bagay na naisin Mo).

13 Magpatirapa sa lupa na ang pitong bahagi ng katawan - ang nuo kasama ng ilong, ang dalawang kamay (palad), ang dalawang tuhod, at ang dalawang paa ay nakasayad sa lapag [o lupa]. At nakabubuti sa kanya na ilayo [at huwag idikit] ang kanyang mga kamay sa magkabilang tagiliran, at ilayo [o huwag idikit] ang tiyan sa mga hita, at ilayo ang mga hita sa mga paa sa kanyang pagpapatirapa, at itaas ang mga braso sa lupa.



14 At bigkasin sa pagpapatirapa ang: Subhaana rabbiyal a`alaa (Kaluwalhatian sa aking Panginoon, ang Kataas-taasan) nang isang ulit [ayon sa iping-utos] nguni't nakabubuti rin namang ulitin ito nang tatlong ulit.

Ang Sujud (pagpapatirapa) ay isa sa pinakamarangal na kalagayan na kung saan ang pagdalangin ay ipinagkakaloob sa Allah, kaya pagkaraang bigkasin ang nararapat na Du'a [panalangin] na binanggit sa itaas, itinatagubilin na magsumamo sa Alllah at pakumbabang humingi sa Kanya ng anumang ninanais na kabutihan sa mundong ito at sa Huling Araw. Sinabi niya ﷺ : «Ang pinakamalapit na kinalalagyan ng isang alipin sa kanyang Panginoon ay habang siya ay nakapatirapa, kaya inyong dalasan ang inyong Du`a (panalangin)». (Muslim: 482)

Ang kahulugan ng Subhaana rabbiyal a`laa (Luwalhati sa aking Panginoon ang Kataas-taasan): Pinupuri ko ang Kabanal-banalan ng Allah na Pinakamataas, sa Kanyang Kadakilaan at Kanyang Kataas-taasang Katayuan sa ibabaw ng Kanyang mga kalangitan mula sa lahat ng mga kakulangan at mga kapintasan, at dito ay mayroong paalala sa nagpapatirapa na nakadiit sa lupa bilang pagpapakumbaba at pagkaaba, upang kanyang maalaala ang kaibahan sa kanyang pagitan at ng kanyang Tagapaglikha na Kataas-taasan, kaya siya ay mangangayupapa sa kanyang Panginoon at magpapakumbaba sa Kanya bilang Mawla (ang Allah bilang Tagapagtangkilik).

15 Pagkatapos ay bigkasin ang Takbir (Allaahu Akbar), at maupo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa, at nakabubuti na upuan ang kaliwang paa at habang pinananatili naman ang kanan nito na ang mga daliri nito ay nakatukod, at ilagay ang mga kamay sa dulong bahagi ng kanyang mga hita malapit sa mga tuhod

- At ang lahat ng mga pag-upo sa oras ng Salaah ay nararapat na gawin sa ganitong pamamaraan sa pag-upo, maliban sa huling Tashahhud, sapagka't nakabubuti na itukod din ang kanan, nguni't ilalabas niya ang kaliwa sa ilalim nito at ang pagkakaupo niya ay sa lupa.





- Sinuman ang walang kakayahan na umupo sa Salaah sa paraan na nabanggit sa unang Tashahhud o sa ikalawa, sanhi ng karamdaman sa kanyang mga tuhod o dahil sa hindi na nasanayan ito, magkagayon, maupo ayon sa pinakamalapit na katayuan nito na kung saan ay maginhawa ang pag-upo rito.

16 Bigkasin sa pagkaka-upo sa pagitan ng dalawang Sujud (pagpapatirapa): Rabbigh firlee war hamnee wahdinee war zuqnee waj bur nee wa `aafinee (Panginoon ko, ako po ay Iyong patawarin, ako po ay Iyong kaawaan, ako po ay Iyong patnubayan, ako po ay Iyong tustusan sa aking mga pangangailangan, ako po ay Iyong aliwin, at ako po ay Iyong pagalingin).

17 Pagkatapos ay magpatirapa sa ikalawang ulit, tulad ng unang pagpapatirapa.

18 Pagkatapos ay tumayo mula sa ikalawang pagkakapatirapa tungo sa kalagayang pagkakatindig na nagsasabi: Allaahu Akbar (Ang Allah ay Dakila).

19 At isagawa ang Salaah na ikalawang Rak`ah (yunit), tulad ng sa una nang walang pagkaiba.

20 Pagkatapos ng ikalawang pagpapatirapa sa ikalawang Rak`ah (yunit), maupo para sa unang Tashahhud at bigkasin: Attahiyyaatu lillaahi was salawaatu wat tayyibaatu assalaamu alayka ayyuhan nabeyyu wa rahmatul laahi wa barakaatuh. Assalaamu alaynaa wa alaa ibaadillaahis saaliheen. Ashhadu allaa ilaaha illallaah wa ashhadu anna Muhammadan abduho wa rasooluh (Ang mga pagbati, mga dasal, at mga mabubuting bagay sa buhay ay sa Allah. Sumaiyo ang kapayapaan, O Propeta at gayon din ang habag at mga pagpapala ng Allah. Ang kapayapaan ay mapasaamin at mapasakanila na mga matutuwid na lingkod ng Allah. Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos maliban pa sa Allah, natatanging Siya lamang, wala Siyang katambal. At ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kanyang Sugo at lingkod).

21 Pagkatapos ay tumayo para sa natitira pang Salaah, kung ang Salaah ay binubuo ng tatlo o apat na Rak`ah (yunit), nguni't sapat na bigkasin lamang sa ikatlo at ikaapat na Rak`ah ang Al-Fatihah.

- Samantalang kung ang Salaah ay binubuo ng dalawang Rak`ah (yunit) tulad ng Fajr (sa madaling araw), magkagayon isagawa ang huling Tashahhud (pagsasaksi), tulad ng sumusunod.

22 Pagkatapos, sa huling Rak`ah (yunit) matapos ang ikalawang Sujud (pagpapatirapa), maupo para sa huling Tashahhud, at ang pamamaraan nito ay tulad ng sa unang Tashahhud, nguni't idaragdag ang paghiling ng pagpapala sa Propeta, batay sa pamamaraan na susunod: Allaahumma salli `alaa Muhammad wa `alaa aali Muhammad kamaa sallayta `alaa Ibraaheema wa `alaa aali Ibraheema innaka hameedun majeed, wa baarik `alaa Muhammad wa `alaa aali Muhammad kamaa baarakta `alaa Ibraheema wa `alaa aali Ibraheema innaka hameedun majeed (O Allah, pagpalain Mo po si Muhammad

at ang kanyang mag-anak tulad ng pagpala Mo kay Ibrahim at sa kanyang mag-anak, tunay po na Ikaw ay kapuri-puri at maluwalhati. Biyayaan Mo po si Muhammad at ang kanyang mag-anak, tulad ng pagbiyaya Mo kay Ibrahim at kanyang mag-anak, tunay po na Ikaw ay kapuri-puri at maluwalhati).

At nakabubuting bigkasin pagkatapos nito: A`udhu billaahi min `adhaabi jahannam wa min `adhaabil qabri wa min fitnatil mahyaa wal mamaat wa min fitnatil maseeh addajjaal (Ako ay nagpapakupkop sa Allah laban sa kaparusahan ng Impiyerno, at sa kaparusahan sa libingan, at sa tukso ng buhay at kamatayan, at sa tukso ng bulaang Kristo), at manalangin sa kung ano ang ninanais.

23 Pagkatapos ay ibaling ang ulo sa dakong kanan na nagsasabi: Assalaamu `alaykum wa rahmatullaah (Ang kapayapaan ay sumainyo at ang Habag ng Allah), pagkaraan ay sa dakong kaliwa na katulad din nito.

At sa pamamagitan ng Taslim (Assalaamu `alaykum wa rahmatullaah) ay magtatapos ang isang Muslim sa kanyang Salaah. Batay sa sinabi niya ﷺ : «Ang panimula nito ay ang Takbir (Allaahu Akbar) at ang pagtatapos nito ay ang Taslim (Assalaamu `alaykum wa rahmatullaah). (Abu Daud: 61 – At-Tirmidi: 3)

Ibig sabihin ay magsisimula ang pagpasok sa Salaah sa pamamagitan ng unang Takbir at magtatapos ito sa pamamagitan ng Taslim.

24 Nakabubuti sa isang Muslim pagkatapos ng Salam mula sa Takdang Salaah, na siya ay magsabi [bilang panalangin]:

1. Astaghfirullaah (Ako'y humihingi ng kapatawaran sa Allah), nang tatlong ulit.
2. At bigkasin ang Du'a na : Allaahumma antas salaamu wa minkas salaamu tabaarakta yaa dhal jalaali wal ikraam (O Allah, Ikaw po ang Kapayapaan at sa Iyo rin po nagmumula ang kapayapaan, Ikaw po ay Banal, Ikaw na nagtataglay ng Kadakilaan at Karangalan) Allaahumma laa maani`a lima a`atayta wa laa mu`tiya limaa mana`ta wa laa yanfau dhal jaddi minkal jad (O Allah, wala pong makapipigil sa Iyong pagkakalooban at wala pong makapagbibigay kapag pinigilan Mo. At hindi po makapagbibigay ng kapakinabangan sa taong may magandang kapalaran ang magandang kapalaran sapagka't sa Iyo po ito nagmumula).
3. Pagkatapos ay bigkasin ang: Subhaanallaah (Kaluwalhatian sa Allah), gawin ito nang 33 ulit, at Alhamdulillaah (Ang pagpupuri ay sa Allah) 33 ulit, at Allaahu Akbar (Ang Allah ay Dakila) 33 ulit, at buuin ito ng isang daan sa pamamagitan ng pagbigkas ng: Laa ilaaha illallaahu wahdahu laa shareeka lah, lahul mulku wa lahul hamdu wa huwa `alaa kulli shay-in qadeer (Walang ibang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, tanging Siya lamang, wala Siyang katambal, sa Kanya lamang ang paghahari at sa Kanya lamang ang pagpupuri. At Siya ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay).



## > Paano Ako magsasagawa ng Salaah? (Al-Qiyam [Pagtindig] – Ar-Ruku` [Pagyukod] – As-Sujud [Pagpapatirapa])



1

Tumayo nang matuwid at bigkasin ang: Allaahu Akbar (Ang Allah ay Dakila), habang itinataas ang mga kamay hanggang sa maitapat ito sa pagitan ng mga balikat at mga tainga.



2

Ipatong ang kanang kamay sa ibabaw ng kaliwa sa tapat ng kanyang dibdib, bigkasin ang Surat Al-Fatihah at isunod ang anumang talata [o kabanata] sa Qur'an, kung nasa unang Rak`ah (yunit) o sa ikalawa.



3


Bigkasin ang Takbir (Allaahu Akbar) habang itinataas ang mga kamay, pagkatapos ay iyukod ang likod sa dakong Qiblah, at ilagay ang mga kamay sa kanyang mga tuhod at bigkasin ang: Subhaana rabbiyal `adhim (Kaluwalhatian sa aking Panginoon, ang Dakila) nang tatlong ulit.





4 Tumayo nang matuwid mula sa pagkakayukod habang itinataas ang mga kamay tulad ng kalagayan ng Takbir, at bigkasin, kung siya ay Imam (namumuno sa Salaah) o nag-iisa: Sami `allaahu liman hamidah (Dinidinig ng Allah ang sinumang pumupuri sa kanya), [at magsasabi ang lahat pagkatapos niyon ng: Rabbanaa wa lakal hamd (Aming Panginoon, ang papuri ay para sa Iyo lamang).

5 Magdahan-dahang paluhod para sa pagpapatirapa nang walang pagtataas ng kanyang mga kamay, at magpapatirapa na nakalapat [o nakasayad sa lapag] ang pitong bahagi ng katawan: ang noo at ilong, ang dalawang kamay, ang dalawang tuhod at ang dalawang paa, at bigkasin: Subhaana rabbiyal a`alaa (Kaluwalhatian sa aking Panginoon, ang Kataas-taasan) nang tatlong ulit.



6 Maupo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa na nakatukod ang kanang paa, habang inuupuan naman ang kaliwa na nakapatong ang kanyang mga kamay sa unahan ng kanyang mga hita, at bigkasin: Rabbig firlee war hamnee (Panginoon, nawa'y patawarin Mo po ako at kahabagan Mo po ako), pagkatapos ay muling magpapatirapa tulad ng ginawa niya sa una.



## > *Paano ako magsasagawa ng Salaah? (Ang ikalawang Rak`ah – Ang Tashahhud – ang Salaam)*

7

Tumayo mula sa pagkakapatirapa at tumindig nang matuwid para sa ikalawang Rak`ah, at gawin dito ang mga ginawa sa unang Rak`ah nang ganap, simula sa pagtindig, pagbigkas, pagyukod, pag-angat mula rito at pagpapatirapa.



8

Pagkatapos makapagsagawa ng ikalawang Sujud sa ikalawang Rak`ah, umupo para sa unang Tashahhud, tulad ng pagka-upo sa pagitan ng dalawang Sujud at bigkasin ang: Attahiyyaatu lillaahi was salawaatu wat tayyibaat, assalaamu `alayka ayyuhan nabiyyu wa rahmatullaahi wa barakaatuh, assalaamu `alaynaa wa `alaa `ibaadil laahis saalihin, ash hadu allaa ilaaha illallaah, wa ash hadu anna muhammadan `abduhu wa rasuluh (Ang mga pagbati ay sa Allah, gayundin ang mga dasal at mga mabubuting bagay sa buhay. Sumaiyo ang kapayapaan, O Propeta at gayun din ang habag at mga pagpapala ng Allah. Ang kapayapaan ay mapasaamin at mapasakanila na mga matutuwid na lingkod ng Allah. Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos maliban pa sa Allah, natatanging Siya lamang, wala Siyang katambal. At ako ay sumasaksi rin na si Muhammad ay Kanyang lingkod at Sugo).



9

Kung ang Salaah ay binubuo ng tatlong Rak`ah o apat, tumayo sa ikatlong Rak`ah, at gawin rito ang mga ginawa sa una at ikalawang Rak`ah, nguni't huwag magbabasa ng anumang Surah pagkatapos ng Al-Fatihah, samantalang ang natitirang mga gawa at salita ay isagawa ng tulad sa una.

10 Sa huling Rak`ah, maupo pagkatapos ng Sujud at bigkasin ang unang Tashahhud, pagkatapos ay bigkasin din ang Salat para sa Propeta ﷺ , at ang pamamaraan nito ay: Allaahumma salli `alaa muhammadin wa `alaa aali muhammad, kamaa sallayta `alaa ibraaheema wa `alaa aali ibraaheem, innaka hameedum majeed, wa baarik `alaa muhammadin wa `alaa aali muhammad, kamaa baarakta `alaa ibraaheema wa `alaa aali ibraaheema, innaka hameedum majeed (O Allah, pagpalain Mo po si Muhammad at ang kanyang mag-anak tulad ng pagpala Mo kay Ibrahim at sa kanyang mag-anak, tunay po na Ikaw ay kapuri-puri at maluwalhati. Biyayaan Mo po si Muhammad at ang kanyang mag-anak tulad ng biyayang ipinagkaloob Mo kay Ibrahim at kanyang mag-anak, tunay po na Ikaw ay kapuri-puri at maluwalhati).





11 Pagtakapos ay magsasagawa ng Taslim sa pamamagitan ng pagbaling sa bahaging kanan na nagsasabi: Assalaamu alaykum wa rahmatullaah (Sumainyo nawa ang kapayapaan at habag ng Allah), at pagkatapos ay sa bahaging kaliwa naman na nagsasabi: Assalaamu alaykum wa rahmatullaah (Sumainyo nawa ang kapayapaan at habag ng Allah).

## > Ang mga Rukn (Haligi) ng Salaah, at ang mga Wajib (Pangangailangang Patakaran) na dapat gawin dito

**Ang mga Rukn ng Salaah:** Ito ang mga pangunahing bahagi ng Salaah na maaaring masira ang Salaah dahil sa pag-iwan dito, maging sinasadya man o sanhi ng pagkakamali.


At ito ay tulad ng mga sumusunod:

Ang Takbiratul Ihram (panimulang Takbir), ang pagtayo hanggang makakaya, ang pagbigkas sa Al-Fatihah sa hindi Ma'mum (sumusunod), ang pagyukod, ang pag-angat mula sa pagkakayukod, ang pagpapatirapa, ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa, ang huling Tashahhud at pag-upo para rito, ang kapanatagan at ang Taslim (pagsabi ng assalaamu `alaykum wa rahmatullaah).

**Ang mga Wajib (nararapat at kailangang) gawain sa Salaah:** At ito ay ang mga kailangang bahagi sa Salaah, na maaaring makasira sa Salaah dahil sa pag-iwan dito nang sinasadya, nguni't kung nakalimutan o nakaligtaan ito, magkagayon ipinag-uutos sa kanya kung ano ang makapagpapaganap sa kakulangan na ito sa pamamagitan ng Sujud As-Sahu (dalawang karagdagang pagpapatirapa sanhi ng pagkakamali), tulad ng mga sumusunod:

**Ang mga Wajib (nararapat at kailangang) gawin sa Salaah ay tulad ng sumusunod :** Ang lahat ng mga Takbir maliban sa Takbiratul Ihram, ang pagbigkas ng Subhaana rabbiyal `adheem nang isang beses, ang pagbigkas ng Sami `allaahu liman hamidah para sa nag-iisang nagdarasal o Imam, ang pagbigkas ng Rabbanaa wa lakal hamd para sa lahat, ang pagbigkas ng Subhaana rabbiyal a`alaa nang isang beses sa pagpapatirapa, ang pagbigkas ng Rabbigh fir lee nang isang beses sa pagkakaupo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa, sa unang Tashahhud. Samakatuwid ito ang mga Wajib [kailangan] na maaaring palagpasin sa pamamagitan ng As-Sahu, subali't mahigpit na itinatagubilin nito ang pagsasagawa sa Sujud As-Sahu.

**Ang mga Sunnah (kaaya-aya nguni't hindi tungkulin) sa Salaah:** Ang lahat ng hindi kabilang sa mga Rukn at mga Wajib sa Salaah, maging mga salita o mga gawa, ito ay Sunnah (hindi tungkulin) na nagsisilbing pangganap sa Salaah, na dapat pangalagaan, nguni't ang Salaah ay hindi nasisira dahil sa di-pagtupad nito.



## Ang Sujud As-Sahu:

Ito ay dalawang pagpapatirapa na itinagubilin ng Allah upang mapunan [at gampanan] ang pagkukulang at pagkakamali sa Salaah.

**Kailan itinagubilin?**

Ipinag-utos ang Sujud As-Sahu sa mga kalagayang sumusunod:

1. Kapag nakapagdagdag ang sinuman sa Salaah ng isang pagyukod, o pagpapatirapa, o pagtayo, o pag-upo bunga ng di-sinadyang pagkalimot o pagkakamali, magkagayon siya ay magsasagawa ng Sujud As-Sahu.
2. Kapag nabawasan ng isa ang mga Rukn (haligi ng Salaah), sa gayon tungkuling isagawa ang nabawas na Rukn, at magsagawa ng Sujud As-Sahu sa hulihan ng kanyang Salaah.
3. Kapag nakapag-iwan siya ng isa sa mga Wajib [kailangan] ng Salaah, tulad ng unang Tashahhud sanhi ng pagkakamali o pagkalimot, sa gayon kailangan niyang magsagawa ng Sujud As-Sahu.
4. Kapag nag-alinlangan sa bilang ng mga Rak`ah, sa gayon siya ay magpapasiya kung ano ang pinakatiyak, at ito ay ang pinakamababang bilang [ng Rak'ah na kanyang nagawa], kaya dapat magsagawa ng Sujud As-Sahu.

**Ang pamamaraan ng naturang Sujud (pagpapatirapa):** Magpatirapa ng dalawang pagpapatirapa, maupo sa pagitan nito tulad ng pagpapatirapa at pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa sa Salaah.

**Ang oras ng Sujud (pagpapatirapa):** Ang Sujud As-Sahu ay may dalawang oras, maaari niyang isagawa ito alinmang nais rito:

- Bago ang Salaam (Taslim) at pagkatapos ng huling Tashahhud, magpatirapa at pagkatapos ay magsagawa ng Taslim.
- Pagkatapos ay magsagawa ng Taslim sa Salaah, dapat magsagawa ng dalawang pagpapatirapa bilang Sujud As-Sahu, pagkatapos ay muling magsagawa ng Taslim.



Ang Iyong Salaah

## Ang Mga Nakakasira sa Salaah:

1. Mawawalan ng saysay ang Salaah dahil sa di-pagsagawa sa isang Rukn (haligi ng Salaah) o Shart (patakaran), samantalang kaya niya itong isagawa, maging sinadya o nagkamali.
2. Mawawalan din ito ng saysay dahil sa di-pagsagawa sa isa sa mga Wajib (kailangang gawain) sa Salaah nang sinasadya.
3. Mawawalan ng saysay ang Salaah dahil sa pagsasalita nang sinasadya.
4. Mawawalan ng saysay ang Salaah dahil sa Qahqahah, ito ay ang pagtawa na may tinig.
5. Mawawalan ng saysay ito dahil sa mga walang kabuluhang paggalaw, kapag ito ay marami na magkasunud-sunod na hindi naman kanais-nais.

## Ang Mga Kinamumuhian sa [oras ng] Salaah:

Ito ay ang mga gawain na nakapagbabawas ng gantimpala ng Salaah, at pinapawi nito ang kapakumbabaan at kataimtiman nito. At ito ay tulad ng sumusunod:

1. Kinamumuhian ang paglingun-lingon habang nasa Salaah; sapagka't ang Propeta ﷺ ay tinanong tungkol sa paglingun-lingon sa Salaah? Siya ay nagsabi: "Ito ay pagnanakaw na ninanakaw ni Satanas sa Salaah ng isang alipin". (Al-Bukhari: 718)
2. Kinamumuhian ang paglalaro sa pamamagitan ng kamay at mukha, at ang paglagay ng kamay sa baywang, at pagpilipit ng kanyang mga daliri, at pagpapalagutok nito.
3. Kinamumuhian ang sinumang pumapasok sa Salaah, samantalang siya ay nagagambala ng mga bagay tulad ng kanyang pangangailangan upang tumugon sa tawag ng pangangailangan [pagtungo sa palikuran upang umihi o dumumi], o ang kanyang pangangailangan sa pagkain. Batay sa sinabi ng Propeta ﷺ: "Walang [dapat isagawang] Salaah kapag inilalapag na ang pagkain, at gayundin kapag siya ay nasa tawag ng pangangailangan (ang ihi at dumi)". (Muslim: 560)



> Kinamumuhian ang paglalaro sa mukha o kamay habang isinasagawa ang Salaah.

# > *Ano ang mga Salaah na kalugud-lugod ?*

Ipinag-uutos para sa isang Muslim na magsagawa ng limang Salaah lamang sa bawa't araw at gabi.

At magkagayon pa man, samakatuwid ang Islam ay humihimok din sa isang Muslim na magsagawa ng mga karagdagang Salaah, sapagka't ito ang nagsisilbing dahilan ng pagkamit sa pagmamahal ng Allah sa isang alipin, at pagganap sa mga kakulangan ng mga obligadong Salaah.

**Ang mga kusang loob na Salaah ay marami, at ang pinakamahalaga rito:**

1 **As-Sunan Ar-Rawatib:** At ito ay pinalanganan nang gayon, sapagka't ito ay lagi nang nakaugnay sa mga obligadong Salaah, lagi nang kaakibat nito, at dahil sa ang isang Muslim ay hindi iniiwanan ito.

At sa katunayan, siya ﷺ ay nagsabi: "Walang isa mang alipin [Muslim] na nagsasagawa ng Salaah para sa Allah sa bawa't araw ng labing dalawang Rak`ah bilang kusang loob, [hindi obligado] maliban na siya ay ipagpapatayo ng Allah ng isang bahay sa Paraiso". (Muslim: 728)

At ito ay tulad ng sumusunod:

| | |
|---|---|
| 1 | Dalawang Rak`ah bago ang Salaah sa Fajr (madaling araw). |
| 2 | Apat na Rak`ah bago ang Dhuhr, magsagawa ng Taslim pagkatapos ng bawa't dalawang Rak`ah, at pagkatapos ay dalawang Rak`ah pagkatapos ng Dhuhr. |
| 3 | Dalawang Rak`ah pagkatapos ng Maghrib. |
| 4 | Dalawang Rak`ah pagkatapos ng `Isha'. |

2 **Al-Witr:** At ito ay pinangalanan nang gayon sapagka't ang mga bilang ng Rak`ah nito ay gansal, at ito ang pinakamainam sa mga kusang loob na Salaah. Siya ﷺ ay nagsabi: "Magsagawa kayo ng Witr, O mga tagasunod ng Qur'an". (At-Tirmidi: 453 – Ibn Majah: 1170)

At ang pinakamainam na oras nito ay sa huling bahagi ng gabi, at ito ay maaaring isagawa ng isang Muslim sa alinmang oras pagkatapos ng Salaah sa `Isha at hanggang sa Salatul-Fajr (madaling araw).

Ang bilang ng mga Rak`ah nito ay walang takda, at ang pinakamababa nito ay isang Rak`ah, datapuwa't ang pinakamainam ay tatlong Rak`ah, at maaaring dagdagan ito kahit ilan ang nais, at ang Sugo ng Allah ﷺ ay lagi nang isinasagawa ito ng labing isang Rak`ah.

At ang mga yunit ng kusang-loob na Salaah ay binubuo ng tigdadalawang Rak`ah, kaya magsasagawa ng dalawang Rak`ah at sinusundan ng Taslim, at gayundin ang Salaah sa Witr, nguni't kapag nais ng tapusin ang kanyang Salaah, siya ay magsasagawa ng isang Rak`ah sa huli, itinatagubilin sa kanya rito matapos ang kanyang pag-angat mula sa pagkayuko at bago ang pagpatirapa: na bumigkas ng natatanging du'a habang nakataas ang mga kamay, nakabukas ang mga palad sa kanyang harapan, at ito ang tinatawag na Du`a Al-Qunut.

### Ang mga oras na ipinagbabawal dito ang pagsasagawa ng kusang-loob na Salaah:

Ang lahat ng mga oras ay ipinahihintulot para sa tao na magsagawa rito ng kusang-loob na Salaah nang walang pasubali maliban sa mga oras na ipinagbabawal ng Islam na magsagawa rito ng Salaah; sapagka't ito ang oras ng pagsambang itinataguyod at ginagawa ng mga di-naniniwala [hindi-Muslim], kaya hindi maaaring magsagawa rito ng Salaah maliban sa mga nakaligtaang Salaah na dapat pagbayaran mula sa mga obligadong Salaah o kusang-loob, tulad ng Tahiyyatul Masjid (pagbigay galang sa Masjid), at ito ay sa Salaah lamang natatangi, samantalang ang paggunita (Dhikr) sa Allah at ang pagdalangin sa Kanya ay sa lahat ng oras at sandali.

**At ang mga oras na ipinagbabawal ay tulad ng sumusunod:**

| | |
|---|---|
| 1 | Mula sa oras na sinundan ng Salaah sa Fajr hanggang sa pagsikat ng araw sa bahaging itaas ng alapaap na ang sukat ay isang dipa ng sibat, isang maikling sandali na itinakda ng Batas ng Islam na halos katumbas ng 20 minuto sa mga bansa na mayroong katamtamang klima. |
| 2 | Mula sa oras na ang araw ay nasa kaitaasan [o taluktok] hanggang ito ay bumabang kumiling na pakanluran mula sa kalagitnaan ng himpapawid, at ito ay napakaigsing sandali na sinusundan ng pagpasok ng oras ng Dhuhr. |
| 3 | Simula sa pagkatapos ng Salaah sa `Asr hanggang sa paglubog ng araw. |



> **Ipinagbabawal ang pagsasagawa ng Salaah na kusang-loob pagkatapos ng Salaah sa `Asr hanggang sa paglubog ng araw**

## > *Ang Salaah na Jama`ah (sama-sama)*

Ipinag-uutos ng Allah sa mga kalalakihan ang sama-samang pagdarasal sa limang takdang Salaah, at sa katunayan, Siya ay nangako ng malaking gantimpala sa sinumang magsasagawa nito. Siya ﷺ ay nagsabi: "Ang Salaah na Jama`ah (sama-samang pagdarasal) ay higit na mainam kaysa sa Salaah ng nag-iisa nang dalawampu't pitong antas". (Al-Bukhari: 619 – Muslim: 650)

At ang pinakamababang bilang nito ay dalawa: ang isa sa kanila ay tatayo bilang isang Imam (namumuno sa Salaah) at isang Ma'mum (sumusunod), magkagayunman sa pagdami ng bilang ng Jama`ah, ito ay higit na kalugud-lugod para sa Allah.

### Ang kahulugan ng pagsunod sa Imam:

Yaong mga nagsisipagdasal sa likuran ng Imam ay nararapat sumunod sa anumang ginagawa nito sa oras ng pagdarasal sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng paggalaw at katayuan nito, kaya dapat sumunod sa kanyang pagyukod, sa kanyang pagpapatirapa, at makikinig sa kanyang pagbigkas, at huwag siyang pangunahan o salungatin sa isa man sa mga ito, bagkus isagawa ang gawain pagkatapos kaagad ng kanyang Imam.

Siya ﷺ ay nagsabi: "Itinalaga lamang ang Imam upang sumunod sa kanya, kaya kapag siya ay nagsagawa ng Takbir, magsasagawa rin kayo ng Takbir, at huwag kayong magsasagawa ng Takbir hanggang siya ay magsasagawa ng Takbir, at huwag kayong magsisiyuko hanggang siya ay yuyuko, at kapag siya ay nagsabi: Sami `allaahu liman hamidah, kayo ay magsasabi: Rabbanaa wa lakal hamd, at kapag siya ay magpapatirapa, magpapatirapa rin kayo at huwag kayong magpapatirapa hanggang siya ay magpatirapa…" (Al-Bukhari: 701 – Muslim: 414 – Abu Daud: 603).



### Sino ang Dapat Piliin na maging Imam?

Ang karapat-dapat na maging Imam ay ang pinakamahusay sa kanila sa pagkakasaulo sa Aklat ng Allah, pagkatapos ay ang higit na karapat-dapat at sumunod ang karapat-dapat. Batay sa sinabi niya ﷺ : "Ang namumuno (bilang Imam sa Salaah) para sa mga tao ay yaong pinakamahusay sa kanila sa pagbigkas [o pagbasa] sa Aklat ng Allah, at kung sila ay magkapantay sa pagbigkas [o pagbasa], magkagayon [inyong piliin] ang pinakamaalam sa kanila sa Sunnah." (Muslim: 673)

### Saan tatayo ang Imam (namumuno sa Salaah) at yaong mga Ma'mum (sumusunod sa Imam sa pagdarasal)?

Dapat na tumayo sa harapan ang Imam, at magsisipaghanay ang mga Ma'mum ng isang linya sa kanyang likuran, at dapat nilang punuin ang unang linya, pagkatapos ay ang susunod na linya, at kung ang Ma'mum ay iisa, siya ay tatayo sa bahaging kanan ng Imam.

## Paano Isagawa ang mga di-inabutang yunit [o bahaging di-naabutan] sa Salaah ng Imam?

Kapag ang Salaah ay nagsimula na, ang huling mga nagsirating ay dapat nakisabay sa Salaah ng Imam, sa kalagayang kanyang naratnan hanggang ang Imam ay magsagawa ng Taslim, at pagkatapos ay kanyang punan ang anumang bahaging hindi niya naabutan sa kanyang Salaah.

At ibilang ang anumang naabutang bahagi ng pagdarasal ng Imam sa unahan ng kanyang Salaah at anumang kanyang nagawa matapos niyon sa hulihan ng kanyang Salaah.

## Sa paano naaabutan ang Rak`ah?

Dapat bilangin ang bilang ng mga Rak`ah, at sinuman ang umabot sa Ruku` ng Imam, ay tunay na kanyang inabot ang naturang Rak`ah bilang isang buong Ra'kah, datapuwa't sinuman ang lumagpas [at hindi naaabutan] ang Ruku`, magkagayon maaari siyang sumabay sa Imam, nguni't ang mga natitirang mga bahagi [ng Salaah na di naabutan] at mga salita sa Rak`ah na iyon na lumagpas sa kanya ay hindi ibibilang sa kanyang mga Rak`ah.

**Ang halimbawa ng pagbuo [o pagkumpleto] ng sinumang nakalagpas sa kanya ang unang Salaah ng Imam**

Ang sinumang inabutan ang Imam sa ikalawang Rak`ah ng Salaah sa Fajr, matapos na makapagsagawa ng Salam ang Imam, ay dapat siyang tumindig upang buuin ang natitirang Rak`ah at hindi siya magsasagawa ng Salam hanggang kanyang mabuo at matapos ito; sapagka't ang Salaah sa Fajr ay binubuo ng dalawang Rak`ah, samantalang wala siyang inabutan kundi isa.

Ang sinumang inabutan ang Imam habang siya ay nasa huling Tashahhud sa Salaah sa Maghrib, matapos na makapagsagawa ng Salam ang Imam, dapat magsagawa ng tatlong buong Rak`ah; sapagka't inabutan niya ang Imam sa huling Tashahhud, samantalang maituturing lamang na naabutan ang Rak`ah kung kanyang inabutan ang Ruku` (pagkayukod) ng Imam.

Ang sinumang inabutan ang Imam habang siya ay nasa Ruku` sa ikatlong Rak`ah sa Salaah sa Dhuhr, katotohanang inabutan niya ang dalawang Rak`ah sa Imam (at ito para sa Ma'mum [sumusunod] ang siyang itinuturing na una at ikalawang Rak`ah sa Dhuhr), kaya kapag nakapagsagawa ng Salam ang Imam, dapat sa kanya na tumindig at buuin ang mga natitira sa kanya, at ito ang itinuturing dito na ikatlo at ikaapat na Rak`ah, sapagka't ang Dhuhr ay Salaah na binubuo ng apat na Rak`ah.

## > Ang Adhan (panawagan para sa Salaah)



> Ang Adhan ay isa sa pinakadakilang mga gawain sa Allah.

Isinabatas ng Allah sa mga Muslim ang Adhan para sa pagtawag sa mga tao sa Salaah at pagbigay alam sa kanila sa pagpasok ng oras nito, at isinabatas din ang Iqamah para sa pagbibigay alam sa kanila sa oras ng simula ng Salaah at umpisa nito. At sa katotohanan, ang mga Muslim noon ay nagtitipun-tipon at naghihintay para sa Salaah, nguni't walang nananawagan nito sa kanila ni isa man, kaya't sila ay nag-usap-usap sa isang araw tungkol dito, ang ilan sa kanila ay nagsabi: Gumawa kayo ng kampanilya ng katulad ng kampanilya ng mga Kristiyano, at ang iba naman ay nagsabi:

Bagkus isang tambuli na katulad ng tambuli ng mga Hudyo. Si Umar ay nagsabi: Hindi ba kayo magpapadala ng isang lalaki na mananawagan sa Salaah, kaya't ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: "O Bilal! Tumayo ka't manawagan sa Salaah". (Al-Bukhari: 579 – Muslim: 377)

### Ang pamamaraan ng Adhan at Iqamah:

- Isinasatungkulin ang Adhan at Iqamah sa Jama`ah (sama-samang pagdarasal) hindi sa indibiduwal na nag-iisa, at kapag tinalikuran nila ito nang sadya, ang kanilang Salaah ay wasto pa rin, datapuwa't may kalakip na pagkakasala.
- At isinasabatas ang pagtawag sa Adhan sa pamamagitan nang malakas na boses, maganda upang marinig ng mga tao, at sila ay magsisipagdatingan para sa Salaah.
- At sa katunayan, naisaad sa Adhan at Iqamah ang ilang pamamaraan na napatunayan sa Propeta ﷺ. Ang pinakatanyag nito ay ang mga sumusunod:

**Ang Adhan:**

1. Allaahu akbar, Allaahu akbar, Allaahu akbar, Allaahu akbar.
2. Ashhadu allaa ilaaha illallaah, Ashhadu allaa ilaaha illallaah.
3. Ashhadu anna muhammadar rasoolullaah, Ashhadu anna muhammadar rasoolullaah.
4. Hay `alas salaah, Hay `alas salaah.
5. Hay `alal falaah, Hay `alal falaah.
6. Allaahu akbar, Allaahu akbar.
7. Laa ilaaha illallaah.

**Ang Iqamah:**

1. Allaahu akbar, Allaahu akbar.
2. Ashhadu allaa ilaaha illallaah.
3. Ashhadu anna muhammadar rasoolullaah.
4. Hay `alas salaah.
5. Hay `alal falaah.
6. Qad qaamatis salaah, Qad qaamatis salaah.
7. Allaahu akbar, Allaahu akbar.
8. Laa ilaaha illallaah.

## Ang Pag-ulit ng Anumang Binibigkas ng Muaddhin sa pagtatawag [Adhan] nito:

At nakabubuti sa sinumang nakaririnig ng Adhan na ulitin ang anumang binibigkas pagkatapos ng Muaddhin, kaya siya ay dapat bumigkas ng katulad ng anumang binibigkas ng Muaddhin nang ganap, maliban kapag sinabi ng Muaddhin: Hay `alas salaah, o Hay `alal falaah, siya ay dapat bumigkas ng: Laa hawla wa laa quwwata illaa billaah.

Pagkaraan ng Adhan, itinatagubilin para sa sinumang nakarinig ng Adhan na bigkasin ang panalanging ito: Allaahumma rabba haadhi-hid da`watit taamah, was salaatil qaa-imah, aati muhammadan al-waseelata wal fadheelata wab `ath-hul maqaamal mahmood alladhee wa `adtah.



> Ginagantimpalaan ng Allah ang isang Muslim sa bawa't hakbang na kanyang naihahakbang patungo sa Masjib.

# > Ang Kataimtiman (at Pagpapakumbaba) sa Salaah



> Ang pinakamalapit na kalagayan ng isang alipin sa kanyang Panginoon ay habang siya ay nakapatirapa.

Ang kataimtiman [at pagpakumbaba sa Salaah ang siyang katotohanan ng Salaah at pinakadiwa nito, at ang ibig sabihin nito ay ang pagkakaroon ng puso sa harapan ng Allah sa Salaah sa pamamagitan ng kataimtiman at pagpapakumbaba, nadarama kung ano ang binibigkas na mga aayat (talata ng Quran), mga Du`a (panalangin) at mga Dhikr (paggunita at pagpuri sa Allah).

At ito ay isa sa pinakamainam na Ibaadat (mga gawaing pagsamba) at pinakadakila sa mga gawaing pagsunod; at dahil dito binigyang-diin ng Allah sa Kanyang Aklat na ito ay isa sa mga katangian ng mga naniniwala. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Katotohanang ang mga naniniwala [mga Muslim] ay nagtatagumpay, sila yaong may kataimtiman at pagpapakumbaba sa kanilang Salaah (pagdarasal)}. Al-Mu'minun (23): 1-2

At sinumang mataimtim sa pagsasagawa ng Salaah, ay kanyang nalalasap ang kasiyahan ng Ibaadah (pagsamba) at Eeman (pananampalataya). At dahil dito ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsasabi: "At ginawa itong Qurratu `ayni (kasiyahan sa aking mga mata) sa Salaah". (An-Nisai: 3940)

Ang Qurratul `ayn ay nangangahulugan ng lubos na kagalakan, kaligayahan, katahimikan at kasiyahan.

## Ang mga pamamaraan na nakatutulong sa Kataimtiman ng Salaah:

May maraming pamamaraan na nakatutulong sa kataimtiman sa pagsasagawa ng Salaah, ang mga ilan dito:

### 1 Ang paghahanda para sa Salaah ng mga nararapat na kailangan.

At magaganap ito sa pamamagitan ng maagang pagtungo rito sa Masjid para sa mga kalalakihan, at ang pagsasagawa sa mga kusang-loob na Salaah nauuna sa takdang Salaah, at pagsusuot ng magaganda at malilinis at angkop na damit, at ang paglalakad tungo rito sa pamamagitan nang mahinahon at panatag.

### 2 Ang pag-iwas mula sa mga Gawain o bagay na nakakagambal at nakakaabala:

Samakatuwid, hindi dapat magsagawa ng Salaah habang nasa kanyang harapan ang anumang nakakaabala sa kanya tulad ng mga larawan at mga bagay na nakakagambala, o habang siya ay nakaririnig ng anumang tinig na nakakaabala sa kanya, at huwag siyang magtangkang magsagawa ng Salaah habang siya ay nangangailangan ng

palikuran, o siya ay nagugutom o nauuhaw dahil sa paglapag sa pagkain at inumin, at lahat ng ito ay upang maging maliwanag ang isipan ng taong nagsasagawa ng Salaah at magpakumbaba sa isang napakadakilang bagay na kanyang haharapin, at ito ay ang kanyang pagdarasal at pagdalangin nang taimtim sa kanyang Panginoon.

## 3 Ang Kapanatagan sa Salaah:

At sa katunayan, ang Propeta ﷺ ay lagi nang nagpapanatag sa kanyang Ruku` (pagyukod) at Sujud (pagpapatirapa) hanggang sa ang lahat ng buto ay bumalik sa kinalalagyan nito, at kanyang inuutusan ang sinumang hindi nagsasaayos ng Salaah na maging mataimtim sa lahat ng mga galaw o kilos sa oras ng Salaah, at kanyang ipinagbawal ang pagmamadali, bagkus inihalintulad niya ito sa pagtuka ng isang uwak.

At ang Propeta ﷺ ay nagsabi: "Ang pinakamasamang pagnanakaw ay ang nagnanakaw sa kanyang Salaah", sila ay nagsabi: O Sugo ng Allah, at paano nga ba siya nakakapagnakaw sa kanyang Salaah? Siya ay nagsabi: "Ito ay bunga ng hindi niya paggaganap sa kanyang Ruku` at sa kanyang Sujud [nang walang kataimtiman]". (Ahmad: 22642)

At ang isang hindi napapanatag sa kanyang pagdarasal ay hindi maaaring magkaroon ng kataimtiman; sapagka't ang pagmamadali ay nag-aalis ng kapakumbabaan, at ang katulad ng pagtuka ng uwak ay nag-aalis ng gantimpala.

## 4 Ang pagpapairal ng pagdakila sa sinumang tumatayo sa Kanyang Harapan:

Kaya kanyang maaalaala ang Kadakilaan ng Tagapaglikha at Kanyang Kaluwalhatian, gayundin ang kahinaan ng kanyang sarili at kababaan nito, at na siya ay titindig sa harapan ng kanyang Panginoon, dumudulog sa Kanya at nananalangin sa Kanya bilang aliping nagpapakumbaba, nagpapahabag, at kanyang maaalaala ang anumang ipinangako ng Allah sa mga naniniwala na gantimpala at anumang ipinangako Niya sa mga Mushrik (nagtatambal sa Kanya) na kaparusahan, at maaalaala niya ang kanyang magiging katayuan sa harapan ng Allah sa Huling Araw.

Kaya kapag napairal ito ng isang naniniwala sa kanyang Salaah, siya ay magiging katulad ng mga inilarawan ng Allah sa Kanyang Aklat: mula sa lipon ng mga yaong nag-iisip na kanilang makakaharap ang kanilang Panginoon. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {At tunay na ito ay sadyang mabigat at mahirap maliban sa mga (tao na) may takot (sa Allah), sila yaong lagi nang nag-iisip na tunay ngang kanilang makakaharap ang kanilang Panginoon at sa Kanya sila ay magbabalik}. Al-Baqarah (2): 45-46

At kapag marubdob ang pagsasagawa ng Salaah, ang Allah ay nakaririnig sa kanya, nagkakaloob at tumutugon sa kanya, magaganap sa kanya ang kataimtiman ayon sa sukat ng kanyang pagiging marubdob.

## 5 Ang pagmumuni sa mga binibigkas na mga Ayat (Talata) at iba pang mga Dhikr sa Salaah at ang pagiging masigasig rito:

Ang Qur'an ay ibinaba upang mapagmuni-muni: {(Ito ang) isang Aklat (Qur'an) na Aming ibinaba sa iyo na tigib ng biyaya, upang sila ay makapagmuni-muni sa mga Talata nito, at upang makaalaala ang mga may pang-unawa}. Sad (38): 29

At hindi maisasakatuparan ang pagmumuni-muni maliban sa pamamagitan ng pagkaroon ng kaalaman sa kahulugan ng mga nababasa na mga ayaat (Talata), mga Dhikr (paggunita) at mga Du`a (panalangin), kaya sa sandaling iyon magkakaroon siya ng kakayahang mag-isip sa kanyang kalagayan at sa kanyang kasalukuyang ki-

nakaharap sa isang dako, at sa mga kahulugan ng naturang mga Ayaat at mga Dhikr sa kabilang dako, kaya magdudulot ito ng kapakumbabaan, kababaang-loob at kahinaan, at maaaring aapaw ang kanyang mga mata ng luha, at walang mga talata na dadaan sa kanya nang walang ibubungang masidhing damdamin. Batay sa sinabi ng Allah: {At yaong, kapag pinaaalahanan ng mga Ayaat [o kapahayagan] ng kanilang Panginoon, sila ay hindi humahantong sa pagbingi-bingihan at pagbulag-bulagan}. Surah Al-Furqan (25): 73

## > Ang Salaah sa Jumu`ah (Biyernes)

Ipinag-utos ng Allah sa araw ng Biyernes sa oras ng Salaah sa Dhuhr ang isang Salaah na isa sa pinakadakilang sagisag ng Islam, at pinakamabigat sa mga pag-uutos nito, dito ay nagtitipuntipon ang mga Muslim nang minsanan sa isang linggo, at nakakarinig sila rito ng mga aral at mga paalaala na inilalahad sa kanila ng Imam sa Jumu`ah, pagkatapos ay magsasagawa sila ng Salaah sa Jumu`ah.



### Ang kabutihan ng araw ng Jumu`ah (Biyernes):

Ang araw ng Jumu`ah ang pinakadakila sa mga araw ng linggo at ito ay nagtataglay ng pinakamatayog na karangalan, at sa katotohanan, ito ay pinili ng Allah nang higit sa iba pang mga araw bukod dito, at binigyan pa Niya ng kabutihan [o katangian] sa iba pang mga oras bukod dito ng ilang mga kabutihan [o katangian], ang ilan dito:

- Katotohanang nagbigay ng pagtangi ang Allah sa pamayanan ni Muhammad na hindi matatagpuan sa ibang mga pamayanan. Batay sa sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: «Hinayaan ng Allah na maligaw ang Jumu`ah ng mga nauna sa atin, kaya ang araw ng Sabado ang naging para sa mga Hudyo, at ang araw naman ng Linggo ang naging para sa mga Kristiyano, at pagkatapos ay dinala sa atin, kaya tayo ay Kanyang pinatnubayan sa araw ng Jumu`ah». (Muslim: 856)
- Katotohanang sa Araw na ito nilikha si Adam (Adan), at sa araw ding ito magsisimula ang Oras (ng Paghuhukom). Batay sa sinabi niya ﷺ : «Ang pinakamainam na araw na sinikatan ng araw ay ang araw ng Biyernes, sa araw na ito nilikha si Adam, at sa araw ding ito siya pinapasok sa Paraiso, at sa araw ding ito siya pinagtabuyan mula rito, at hindi magsisimula ang Oras maliban sa araw ng Biyernes". (Muslim: 854)


## Sino ang Dapat Magsagawa ng Jumu`ah?

Ipinag-uutos [bilang tungkulin] ang Salaah sa Jumu`ah para sa sinumang may kakayahang sumunod:

1. **Sa lalaki:** Samakatuwid, hindi ipinag-uutos [bilang tungkulin] para sa babae.
2. **May pananagutan:** Samakatuwid, hindi ipinag-uutos [bilang tungkulin] para sa isang baliw, gayundin sa isang paslit na wala pa sa tamang gulang.
3. **Ang nakatira (tumatahan):** Samakatuwid, hindi ipinag-uutos [bilang tungkulin] para sa isang naglalakbay, gayundin sa sinumang naninirahan sa mga malalayong labas ng mga lungsod at baryo.

## Ang Pamamaraan at Mga Alituntunin sa Salaah sa Jumu`ah:

1. Nakabubuti para sa isang Muslim ang paliligo bago ang Salaah sa Jumu`ah, at ang pagiging maaga sa pagtungo sa Masjid bago magsimula ang Khutbah (sermon), gayundin, itinatagubilin ang pagsusuot ng pinakamagandang damit.
2. Nagtitipon ang mga Muslim sa isang Jaami` (pangkalahatang Masjid) at sila ay pinamumunuan ng isang Imam, siya ay aakyat sa Mimbar [lugar ng pagkukhutbah] at haharap sa mga nagsasagawa ng Salaah, at siya ay magbibigay sa kanila ng dalawang bahagi ng Khutbah (sermon), ito ay papagitnaan ng dalawang panandaliang pag-upo, magpapaalaala sa kanila tungkol sa Taqwah (pagiging may takot) sa Allah, at magbibigay sa kanila ng mga gabay, mga aral at mga ayaat (talata ng Qur'an bilang paalala).
3. Ipinag-uutos para sa mga nagsasagawa ng Salaah ang makinig sa Khutbah, at ipinagbabawal sa kanila ang pagsasalita o ang paggambala sa di pagpapakinabang dito, maging kahit ito'y sa pamamagitan ng paglalaro ng karpet o bato, at lupa.
4. Pagkatapos ay bababa ang Imam mula sa Mimbar, at uumpisahan ang pagsasagawa sa Salaah, at pangungunahan niya ang mga tao sa Salaah na binubuo ng dalawang Rak`ah, palalakasin niya rito ang pagbigkas.
5. Ang Salaah sa Jumu`ah ay ipinag-uutos lamang sa pamamagitan ng pagtitipon ng ilang bilang ng mga tao, kaya sinuman ang lumagpas sa kanya ito o di dumalo rito, magkagayon siya ay magsasagawa ng Salaah sa Dhuhr bilang kapalit nito, at hindi tatanggapin sa kanya ang Jumu`ah.



6 Sinuman ang nahuli sa Salaah sa Jumu`ah, at walang inabutan sa Imam kundi mas mababa kaysa [o kulang] sa isang Rak`ah, magkagayon nararapat niyang buuin ang Salaah bilang Salatul-Dhuhr.

7 Lahat ng binigyang-laya upang lumiban [at huwag dumalo] ng Jumu`ah [dahil sa mahalagang dahilan], tulad ng babae at ng mga naglalakbay ay hindi dapat magsagawa ng Salatul-Dhuhr kung sila ay nakadalo sa Jumu'ah sa Masjid.

## Sino ang pinapahintulutan na di dumalo sa Jumu`ah?:

Binigyang-diin ng Batas ng Islam ang pagdalo sa Salaah sa Jumu`ah bilang tungkulin para sa sinuman sa kanila, at nagbigay-babala sa pagpapakaabala dahil sa karangyaan ng mundong ito. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {O kayong mga naniwala, kapag [ang Adhan ay] tinawag na para sa pagdarasal sa araw ng Jumu'ah [Biyernes], inyong simulan ang pag-alaala sa Allah at [pansamantalang] lisanin ang pamilihan [o palitan ng kalakalan]. Iyan ay higit na mabuti para sa inyo, kung ito ay inyo lamang nababatid!}. Al-Jumu`ah (62): 9

At binigyang babala ang sinumang lumiliban at hindi dumadalo rito na wala namang lehitimong dahilan na ang kanyang puso ay tatakpan [o lalagyan ng takip]. Sapagka't sinabi niya ﷺ : "Sinuman ang tumalikod [o lumiban] nang tatlong Jumu`ah nang walang sapat na dahilan ay papasakan [tatakpan] ng Allah ang kanyang puso". (Abu Daud: 1052 – Ahmad: 15498).

Ang kahulugan ng papasakan ng Allah ang kanyang puso: Ibig sabihin ay tatatakan ito at tatakpan sa kanya, at itatalaga rito ang pagkamangmang at kasiraan, katulad ng puso ng mga mapagkunwari at mga suwail.

At ang kadahilanan na ipinahihintulot sa hindi pagdalo sa Jumu`ah: Lahat ng maaaring magdulot sa iyo rito ng matinding pagpapahirap na hindi pangkaraniwan, o kinatatakutan dito ang malubhang pinsala sa kanyang kabuhayan at kalusugan.

## Ang tuloy-tuloy ba na gawain o tungkulin ay isang dahilan ng pagliban at hindi pagdalo sa Jumu`ah?

Sa pangkalahatang pananaw ng Islam, ang mga gawain at hanap-buhay na nangangailangan ng tuloy-tuloy na paggawa maging sa oras ng Jumu'ah ay hindi isang dahilan para sa isang Muslim upang siya ay lumiban sa Salaah ng Jumu`ah. Sapagka't ipinag-uutos sa atin ng Allah na talikdan natin ang ating mga gawain at ituon natin ang sandaling oras nito sa Salaah. Siya ay nagsasabi: {O kayong mga naniwala, kapag [ang Adhan ay] tinawag na para sa pagdarasal sa araw ng Jumu'ah [Biyernes], inyong simulan ang pag-alaala sa Allah at [pansamantalang] lisanin ang pamilihan [o palitan ng kalakalan]. Iyan ay higit na mabuti para sa inyo, kung ito ay inyo lamang nababatid!}. Surah Al-Jumu`ah (62): 9

At dapat piliin ng isang Muslim ang mga gawain o mga hanap-buhay upang siya ay magkaroon ng kakayahang tuparin ang mga kautusan [sagisag] ng Allah at kahit pa ang materyal na bagay na nakukuha niya mula rito [tulad ng sahod] ay mas mababa kaysa sa iba bukod dito.

Sapagka't ang Allah ay nagsasabi: {At sinuman ang may takot sa Allah – Kanyang gagawin para sa kanya ang daang papalabas [mula sa hirap]. At Kanyang ipagkakaloob para sa kanya [ang biyaya] na kung saan ay hindi niya inaasahan [na darating]. At sinuman ang magbigay ng kanyang tiwala sa Allah, samakatwid, Siya [ang Allah] ay sapat na para sa kanya.} Surah At-Talaq [65]:2-3

**Kailan ipinahihintulot sa isang gawain o hanap-buhay ang pagliban sa Salatul-Jumu`ah?:**

Ang mga gawain o hanap-buhay na nangangailangan ng patuloy na paggawa maging sa oras ng Jumu'ah ay maaari lamang isaalang-alang ang pagliban dito maliban sa dalawang kalagayan:

1. Na ang gawain ay nasa malaking kapakanan, hindi ito maipatutupad maliban sa kanyang pamamalagi o pananatili sa gawain at hindi pagdalo sa Jumu`ah, at ang kanyang pagtalikod sa kanyang gawain ay magdudulot ng malaking kapinsalaan o kasiraan, at wala ring matatagpuang isang papalit sa kanya sa gawain na iyon.

**Halimbawa:**

- Ang isang doktor sa ambulansya na nanggagamot ng iba't ibang mga kalagayan at pinsala na pangmadalian.
- Ang isang tagapagbantay o pulis na nangangalaga sa mga ari-arian ng mga tao at sa kanilang mga bahay laban sa pagnanakaw at mga gawaing krimen.
- Sinumang mayroong katungkulang hinahawakang mga tauhan sa mga mamalaking kompanya na nangangailangan ng palagiang pagsubaybay o pagbabantay sa bawa't sandali.

2. Kapag ang isang hanap-buhay o gawain ay siyang tanging inaasahan at pinagkukuhanan ng kanyang ikinabubuhay upang pasanin ang mga gastusin tulad ng pagkain, inumin at iba pang pangunahing pangangailangan ng kanyang pamilya, at wala siyang anumang maaaring makapupuno sa kanyang mahalagang panustos ng bukod pa rito, sa gayon maaari siyang manatili sa gawain, at huwag dumalo para sa Salaah sa Jumu`ah hanggang sa makatagpo siya ng ibang gawain, o makatagpo ng anumang makapupuno sa kanyang pangangailangan mula sa pagkain at inumin at mga mahahalagang bagay na sasapat sa kanya at sa sinumang kanyang ginagastusan, magkagayon pa man, ipinag-uutos pa rin sa kanya [bilang tungkulin] ang walang tigil na paghahanap ng isang gawain o pinagkukuhanan ng ibang kabuhayan.

## > *Ang Salaah (Pagdarasal) ng Maysakit o May Karamdaman*

Ang Salaah ay tungkulin ng isang Muslim sa lahat ng kanyang mga kalagayan habang siya ay nasa kanyang tamang pag-iisip at kamalayan, subalit pinangalagaan ng Islam ang bagay na nauukol sa pagkakaiba-iba ng mga kalagayan ng tao at ang kanilang mga pangangailangan, ang ilan dito ay ang kalagayan ng maysakit o may karamdaman.

**At upang mabigyan ng linaw ito, sinasabi:**

- Ipinapahintulot ang hindi pagtindig sa Salaah ng isang may karamdaman na walang kakayahang tumindig, o ang pagtindig ay magbibigay-hirap para sa kanya, o magpapabagal sa kanyang paggaling, kaya siya ay dapat na magsagawa ng Salaah nang nakaupo, nguni't kung wala siyang kakayahang gawin ito, magkagayon sa kanyang tagiliran. Siya ﷺ ay nagsabi: "Isagawa mo ang Salaah nang nakatindig, at kung wala kang kakayahan para rito, kung gayon ay paupo, at kung wala kang kakayahan para rito, kung gayon ay gawin mong patagilid". (Al-Bukhari: 1066)

- Sinuman ang walang kakayahang magsagawa ng Ruku` (pagyukod) o Sujud (pagpapati-rapa), magkagayon siya ay maaaring humilig sa abot nang kanyang kakayahan.
- Sinuman ang nahihirapan sa pag-upo sa lapag o lupa, siya ay pinahihintulutang maupo sa silya o sa nakakatulad nito.
- Sinuman ang nahihirapan sa paglilinis sa bawa't Salaah dahil sa kanyang karamdaman, magkagayon ipinahihintulot sa kanya na pagsamahin ang Dhuhr at ang `Asr, ang Maghrib at ang `Isha'.
- Sinuman ang nahihirapan sa paggamit ng tubig dahilan sa karamdaman, ipinahihintulot sa kanya ang Tayammum (paghuhugas sa pamamagitan ng buhangin o alikabok bilang kapalit ng Wudhu') upang makapagsagawa ng Salaah.


## > Ang Salaah ng Isang Musafir (Manlalakbay)

- Nakabubuti bilang kaaya-ayang gawain para sa isang Musafir sa mga sandali ng kanyang paglilipat-lipat o sa kanyang pansamantang pagtigil na bababa sa apat na araw, na kanyang paigsihin ang Salaah na may apat na mga Rak`ah na ito ay gawing dalawang Rak`ah lamang. Samakatuwid isagawa ang Salaah sa Dhuhr, `Asr at `Isha' na tig-dadalawang Rak`ah sa halip na apat na Rak`ah, maliban kung kanyang isasagawa ito kasama ng Imam na hindi Musafir, sa gayon kailangan niyang sumunod sa Salaah nito at isasagawa niya ang Salaah nang apat na Rak`ah na katulad niya.
- Itinatagubilin para sa kanya na huwag nang isagawa ang As-Sunan Ar-Rawatib (labing dalawa na kusang-loob na pagdarasal) maliban sa Sunnah ng Fajr.
- Ipinahihintulot para sa kanya na pag-isahin ang Dhuhr at ang `Asr, ang Maghrib at ang `Isha' sa oras ng isa sa mga ito, lalung-lalo na kung ito ay sa mga sandali ng kanyang paglilipat-lipat at paglalakbay bilang kaluwagan, habag at pagpawi ng kahirapan.





# *Ang Iyong Pag-aayuno*



# 4

Ipinag-utos ng Allah [bilang tungkulin para] sa mga Muslim ang pag-aayuno ng isang buwan sa loob ng isang taon. Ito ay ang pinagpalang buwan ng Ramadhan. At ito ay Kanyang itinalaga bilang ikaapat na haligi mula sa mga haligi ng Islam. Ang Allah ay nagsabi: {O kayong mga naniwala, ang Sawm [pag-aayuno] ay itinatagubilin sa inyo tulad ng itinagubilin sa mga nauna sa inyo upang sakali kayo ay matakot [sa Allah nang may tunay na pagkatakot sa Kanya]. Al-Baqarah (2): 183

## Ang Nilalaman ng Kabanata:


Ang Kahulugan ng Pag-aayuno

Ang Kahalagahan ng Pag-aayuno sa Buwan ng Ramadhan

Ang Wagas na Layunin ng Pag-aayuno

Ang Kahalagahan ng Pag-aayuno

Ang Mga Nakasisira sa Pag-aayuno

Ang taong pinahintulutan ng Allah na itigil ang pag-aayuno

- Ang May Karamdaman [at Maysakit]
- Ang Walang Kakayahan
- Ang Mga Manlalakbay
- Ang Babaing Dinatnan ng Regla at Panganganak
- Ang Buntis at Ang Inang Nagpapasuso

Ang Kusang Pag-aayuno

Ang Pagdiriwang ng [Eid] Al-Fitr

- Ano Ang Mga Ipinag-uutos sa Araw ng Eid?

# Ang Pag-aayuno sa Buwan ng Ramadhan

### Ang Kahulugan ng Pag-aayuno:

Ang Kahulugan ng Pag-aayuno sa Islam: Ito ay isang uri ng Ibaadah [o gawaing pagsamba] sa Allah sa pamamagitan ng pagpigil at pag-iwas mula sa pagkain, inumin, pakikipagtalik at sa iba pang nakasisira sa pag-aayuno simula sa pagsapit ng Fajr (madaling araw) – ito ay ang pagtawag ng Adhan sa madaling araw – hanggang sa paglubog ng araw – at ito ay ang oras ng pagtawag ng Adhan sa Maghrib.

## > Ang Kabutihan ng Buwan ng Ramadhan

Ang buwan ng Ramadhan ay ikasiyam na buwan sa mga lunar na buwan ng Islamikong Kalendaryo, at ito ang pinakamainam sa mga buwan ng taon. Itinangi ng Allah dito ang maraming kabutihan bukod sa iba pang mga buwan, at ang ilan sa mga naturang kabutihan nito ay:

1. Ito ang buwan na itinangi ng Allah dahil sa kapahayagan ng pinakadakila at pinakamarangal mula sa mga Banal na Kasulatan: ang Qur'an. Ang Allah ay nagsabi: {Buwan ng Ramadhan [nang] ipinahayag ang Qur'an, [ito ay nagsisilbing] patnubay para sa sangkatauhan at [bilang] mga malilinaw na katibayan ng patnubay at pamantayan [sa pagitan ng wasto at mali]. Kaya, sinuman sa inyo ang nakatanaw sa [bagong buwan ng] buwan [ng Ramadhan], siya ay nararapat na mag-ayuno}. Al-Baqarah (2): 185

2. Sinabi ng Propeta ﷺ : «Kapag sumapit ang Ramadhan, binubuksan ang mga pintuan ng Paraiso at isinasara ang mga pintuan ng Impiyerno at ikinakadena ang mga demonyo». (Al-Bukhari: 3103 – Muslim: 1079), tunay na inihanda ng Allah para sa Kanyang mga alipin ang pagsalubong dito sa pamamagitan ng pagpapatupad sa mga gawaing Kanyang ipinag-uutos at pag-iwas sa mga ipinagbabawal Niya.

3. Na sinuman ang nag-ayuno sa maghapon nito at nagsagawa ng mga pagdarasal sa bawa't gabi ng buwan nito, patatawarin sa kanya ang mga nauna niyang kasalanan. Sinabi ng Propeta ﷺ : «Sinuman ang nag-ayuno sa Ramadhan nang may paniniwala at pag-asang pagpalain ay patatawarin sa kanya ang mga nauna niyang kasalanan». (Al-Bukhari: 1910 – Muslim: 760). At sinabi pa niya ﷺ : «Sinuman ang nagtaguyod ng Ramadhan nang may paniniwala at pag-asang pagpalain ay patatawarin sa kanya ang mga nauna niyang kasalanan». (Al-Bukhari: 1905– Muslim: 759)

4. Na naririto ang pinakadakila sa lahat ng mga gabi ng buong taon: ang Laylatul Qadr (ang Dakilang Gabi o ang Gabi ng Kapasiyahan), na ipinabatid ng Allah sa Kanyang Aklat na ang isang nagagawang mabuting gawa rito ay higit na mabuti kaysa sa isang nagawa sa maraming panahon. Siya ay nagsabi: {Ang Laylatul Qadr ay higit na mabuti kaysa sa isang libong buwan}. Al-Qadr (97): 3, kaya sinuman ang nagtaguyod nito nang may paniniwala at pag-asang pagpalain, patatawarin sa kanya ang mga nauna niyang kasalanan, at ito ay sa gabi ng huling sampung gabi ng Ramadhan at walang sinuman ang nakakaalam nang may katiyakan sa takdang oras nito.

# > Ang Wagas na Layunin sa Pag-aayuno

Ipinag-utos ng Allah [bilang tungkulin para sa mga Muslim] ang pag-aayuno sa maraming mga layunin at iba't ibang dahilan sa relihiyon at sa mundong ito. At ang mga ilan dito:

## 1 Ang pagkakaroon ng tunay na takot sa Dakilang Allah:

Ang pag-aayuno ay isang Ibaadah (pagsamba) na nagbibigay-daan ng pagpapalapit ng isang Muslim sa kanyang Panginoon sa pamamagitan ng kanyang pagtalikod sa kanyang mga kinahuhumalingan at pagpigil sa kanyang mga pagnanasa, at upang kanyang masanay ang sarili sa kabanalan sapagka't kanyang nababatid na ito ay ganap na nakikita ng Allah sa lahat ng lugar at panahon, gayundin ang kanyang panloob at panlabas. At dahil dito ang Allah, ang Maluwalhati ay nagsasabi: {O kayong mga naniwala, ang Sawm [pag-aayuno] ay itinatagubilin sa inyo tulad ng itinagubilin sa mga nauna sa inyo upang sakali kayo ay matakot [sa Allah nang may tunay na pagkatakot sa Kanya].} Surah Al-Baqarah (2): 183

## 2 Pagsasanay sa pag-iwas [at pagtalikod] mula sa mga pagkakasala at mga gawaing masama:

Kaya kapag nakayanan ng isang nag-aayuno ang pagpigil sa mga ipinahihintulot bilang pagpapatupad sa Kautusan ng Allah, tiyak na siya ay higit na may kakayahan sa pagpigil sa kanyang mga pagnanasa mula sa mga pagkakasala at kasalanan, at pagpigil sa mga hangganan ng Allah at di-pagmamalabis sa kasinungalingan (kasamaan). Sinabi niya ﷺ : «Sinumang hindi lumisan mula sa mga salitang kasinungalingan at sa paggawa nito. Samakatuwid, hindi kailangan ng Allah na kanyang lisanin ang kanyang pagkain at inumin». (Al-Bukhari: 1804). Ibig sabihin, sinumang hindi tumigil sa kasinungalingan maging sa salita at gawa, tunay na hindi niya napatunayan ang mahalagang layon ng pag-aayuno.

## 3 Pag-alaala sa mga nangangailangan [o kapus-palad] at naghihimok sa atin ng pagdamay at pagtulong sa kanila:

At sapagka't ang nag-aayunong tao ay nakararanas ng matinding kakulangan, ng gutom at uhaw, ito ay naghahatid sa kanya upang kanyang maramdaman kahit pansamatala lamang ang matinding bunga ng gayong kahirapan na nararanas ng mga tunay na naghihikahos mula sa mga pangunahing pangangailangan ng buhay sa mahabang panahon. Ito ay nagbibigay paalaala ng isang tao tungkol sa tunay na kalagayan ng kanyang mga kapatid na dumaranas ng dalawang mahihirap at mapapait na kalagayan, ang gutom at ang uhaw, kaya siya ay magsisikap na makapag-abot sa kanila ng anumang tulong upang maibsan ang hirap ng buhay.



**> Ang isang nag-aayuno ay may dalawang pagkakataong makaranas ng kasiyahan: Ito ang kanyang kasiyahan sa pagkain sa oras ng Iftar (pagkain pagkaraan ng kanyang maghapong pag-aayuno) at ang kanyang kasiyahan sa sandaling makaharap niya ang kanyang Panginoon (Allah).**

## > Ang Kabutihan ng Pag-aayuno


Sa pag-aayuno ay mayroong maraming kabutihan ang ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:

1 Na ang sinumang mag-ayuno sa buwan ng Ramadhan nang may paniniwala sa Allah at bilang pagsunod sa Kanyang mga kautusan at nakatitiyak sa gantimpala ng Allah sa kabilang buhay, na patatawarin ang kanyang mga naunang kasalanan. Tulad ng sinabi niya ﷺ : «Sinuman ang nag-ayuno sa buwan ng Ramadhan nang may paniniwala at pag-asang pagpalain, patatawarin sa kanya ang mga nauna niyang kasalanan». (Al-Bukhari: 1910 – Muslim: 760).

2 Katotohanang ang nag-aayuno ay makararanas ng labis na kaligayahan sa Kabilang buhay nang dahil sa mga tatamuhing gantimpala at ang kaligayahang kanyang tatamasahin ng dahil sa kanyang pag-aayuno. Tulad ng sinabi niya ﷺ : «Ang isang nag-aayuno ay mayroong dalawang kasiyahan: kasiyahan sa sandaling siya ay kakain ng kanyang Iftar (hapunan pagkaraan ng pag-aayuno), at ang kasiyahan sa sandaling makakaharap niya ang kanyang Panginoon [sa kabilang buhay]». (Al-Bukhari: 1805 – Muslim: 1151)

3 Katotohanang mayroon sa Paraiso na isang pintuan na tinatawag na Al-Rayyan, walang nakakapasok dito maliban sa mga nag-aayuno. Siya ﷺ ay nagsabi: «Katotohanang mayroon sa Paraiso na isang pintuan na tinatawag na Al-Rayyan na papasok dito ang mga nag-aayuno sa Araw ng Pagkabuhay na Muli, walang makakapasok dito na sinuman maliban sa kanila. Sasabihin: Nasaan ang mga nagsipag-ayuno? Kaya sila ay magsisitindig, walang makakapasok dito na sinuman maliban sa kanila, at kapag sila ay nakapasok na rito, ito ay isasara, kaya wala nang makakapasok pa rito na sinuman». (Al-Bukhari: 1797 – Muslim: 1152)

4 Katotohanang bawat gawaing pagsamba ay mayroong nakalaang gantimpala maliban sa pag-aayuno na ang Allah ay magbibigay ng masaganang gantimpala para sa mga nag-ayuno bilang paggawad sa kanila ng Kanyang walang hanggang habag at biyaya. Kaya sinuman ang magtatamo ng kanyang kabayaran at gantimpala mula sa Kanya ay balitaan nang nakasisiya tungkol sa mga inilaan sa kanya ng Allah. Siya ﷺ ay nagsabi na sinabi ng Allah: «Lahat ng gawain ng anak ni Adam ay para sa kanilang sarili maliban sa pag-aayuno, sapagka't ito ay para sa Akin kaya Ako ang maggagawad nito ng gantimpala». (Al-Bukhari: 1805 – Muslim: 1151)



> Ang buwan ng Ramadhan ang ikasiyam na buwan sa mga lunar na buwan sa islamikong kalendaryo.

## > Ang Mga Bagay na Nakasisira sa Pag-aayuno

At ito ay ang mga bagay na kailangang iwasan ng isang nag-aayuno, sapagka't ang mga ito ay nakasisira sa pag-aayuno. Ito ay ang mga sumusunod:

1. **Ang pagkain at pag-inom.** Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {At magsikain kayo at magsiinom hanggang ang puting hibla [o sinag] ng bukang liwayway ay maging malinaw kaya inyong buuin ang pag-aayuno hanggang sa gabi [pagsapit ng takip-silim]}. Surah Al-Baqarah (2): 187

At sinuman ang kumain o uminom sanhi ng pagkalimot, magkagayunman ang kanyang pag-aayuno ay buo [hindi pa rin nawalan ng saysay] at hindi itinuturing [ang pagkalimot] bilang kasalanan. Tulad ng sinabi ng Propeta ﷺ : «Sinuman ang nakalimot habang siya ay nag-aayuno, siya ay napakain o napainum. Magkagayun, nararapat niyang ipagpatuloy ang kanyang pag-aayuno, sapagka't siya [sa gayong pagkakataon] ay pinakain ng Allah at pinainom». (Al-Bukhari: 1831 – Muslim: 1155).

2. **Ang anumang nakakatumbas ng pagkain at pag-inum, at ang halimbawa nito ay ang mga sumusunod:**

- Ang mga iniiniksyong likidong katumbas na pagkaing pampalusog (nutrient solution) at pagkaing itinuturok na umaabot sa katawan upang punuan ang mga pagkukulang nito sa mineral at bitamina. Kaya ito ay tumatayong katumbas ng pagkain at inumin.
- Ang pagsasalin ng dugo sa pasyenteng may karamdaman na tumatanggap ng dugo at ang isang bahagi nito; sapagka't ang dugo ang kumakalat at lumalaganap sa isang bahagi ng katawan ng pasyente, ito ay nagdadala ng hangin at pagkain sa buong katawan kaya ito ay nakakatulad ng isang kumakain at umiinom.
- Ang paninigarilyo sa iba't ibang pamamaraan at uri nito, tunay na ito ay nakasisira sa pag-aayuno, sapagka't binibigyan nito ng lason ang katawan sa pamamagitan ng paglanghap ng usok.

3. **Ang pakikipagtalik** sa pamamagitan ng pagpasok ng ari ng lalaki sa ari ng babae, maging nilabasan ng semilya ang lalaki o hindi.

4. **Ang paglabas ng semilya sa sarili** niyang kagustuhan sa pamamagitan ng pagyakap o paglalaro ng kanyang sariling ari, at ng nakakatulad pa nito.

Samantala, ang panaginip na may mga nakaaantig na pagnanasa [wet dreams] na nagbunga ng paglabas ng orgasmo, ito ay hindi nakasisira.

At ipinahihintulot sa lalaki ang paghalik sa kanyang asawa at ng nakakatulad nito, kung nababatid niyang may kakayahang siyang pigilin ang sarili, upang hindi mahulog sa pakikipagtalik.

5. **Ang sadyang pagsusuka,** samantalang ang hindi sinadyang pagsusuka ay hindi nakasisira ng pag-aayuno. Sinabi niya ﷺ : « Ang sinumang nagsuka nang hindi sinasadya habang siya ay nag-aayuno, magkagayon siya ay walang pananagutang ulitin ito [bilang kabayaran], datapuwa't ang sinumang sinadya ang pagsusuka, samakatuwid tungkulin niyang magbayad». (At-Tirmidi: 720 – Abu Daud: 2380)

6. **Paglabas ng dugo sanhi ng pagreregla o pagdurugo** anumang oras o bahagi ng maghapon kapag ang naturang pagdurugo ay nagsimula. Anumang oras na ang gayong pagdurugo ay nagsimula, maging ito man ay nagsimula bago magtakip-silim, katotohanang ang pag-aayuno ng isang babae ay

nawalan ng saysay, batay sa sinabi ng Propeta ﷺ : «Hindi baga kapag siya ay dinatnan ng regla, siya ay hindi magdarasal at hindi mag-aayuno». (Al-Bukhari: 1850)

Samantalang ang dugo na lumalabas sa babae sanhi ng karaniwang karamdaman, bukod sa buwanang pagreregla at pagdurugo sanhi ng panganganak, ito ay hindi nakapipigil sa pag-aayuno.

## > Sino ang pinahintulutan ng Allah na itigil ang pag-aayuno

Nagbigay ng pahintulot ang Allah sa ilang mga uri ng tao upang maaari nilang itigil ang pag-aayuno sa Ramadhan bilang pagpapagaan, habag at pagpapaluwag sa kanila. Sila ay ang mga sumusunod na babanggitin:

1 **Ang may sakit o karamdaman** na maaaring lumala ang sakit kung ipagpapatuloy ang pag-aayuno. Kaya maaari niyang ipagliban ang kanyang pag-aayuno, datapuwa't kailangan niyang bayaran ito pagkatapos ng Ramadhan.

2 **Ang walang kakayahan** sa pag-aayuno dahil sa katandaan at karamdaman na walang pag-asang malunasan, sa gayon maaari niyang itigil ang pag-aayuno, datapuwa't kailangan niyang magpakain sa bawat araw ng isang mahirap, ibibigay nito sa kanya ang katumbas ng isang kilo at kalahati mula sa pangunahing pagkain ng bansa.

3 **Ang naglalakbay sa panahon** ng kanyang paglalakbay at sa pansamantala niyang pagtigil na bababa sa apat na araw, sa gayon maaari niyang itigil ang pag-aayuno, datapuwa't kailangan niyang bayaran ito pagkatapos ng Ramadhan. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {Nguni't sinuman ang may karamdaman o nasa paglalakbay, ang katumbas na bilang ng araw ng pag-aayuno sa ibang araw ay dapat tuparin [bilang kabayaran ng pagliban]. Hangad ng Allah na ito ay gawing magaan para sa inyo at hindi Niya hangaring ito ay gawing mahirap para sa inyo.} Al-Baqarah: (2): 185

4 **Ang dinatnan ng dugo sanhi** ng pagreregla o panganganak, ipinagbabawal sa kanila ang pag-aayuno at hindi ito matatanggap sa kanila, datapuwa't kailangan nilang bayaran ito pagkatapos ng Ramadhan (Tingnan ang pahina:110).

5 **Ang nagbubuntis at** nagpapasuso, kung sila ay nangangamba para sa kanilang sarili o sa bata, magkagayon, kailangan nilang itigil ang pag-aayuno, datapuwa't nararapat nilang bayaran ang [bilang ng] araw na kanilang ipinagpaliban.



## Ano ang Hatol sa Isang Muslim na Itinigil ang Kanyang Pag-aayuno sa Ramadhan?

Ang pagtigil sa pag-aayuno nang walang makatuwirang dahilan ay isang malaking kasalanan na nagpapahiwatig ng pagsuway sa Dakilang Allah. Samakatuwid, ito ay nangangailangan para sa kanya ng pagsisisi at pagbabalik-loob sa Allah dahil sa kanyang nagawang malaking kasalanan at kanyang pagsuway sa kautusan ng Tagapaglikha, at ipinag-uutos para sa kanya ang pagbabayad sa araw na iyon lamang, maliban kung ang dahilan ng kanyang pagtigil ay dahil sa kanyang pakikipagtalik sa araw ng Ramadhan, sa gayon babayaran niya ang araw na iyon at bukod doon ay tungkulin pa niyang magbayad-sala sa naturang pagkakasala sa pamamagitan ng pagpapalaya ng isang alipin – ibig sabihin nito ay sa pamamagitan ng pagtubos sa isang alipin na Muslim (sa kamay ng mga kaaway) at pagkatapos ay kanyang palalayain ito. Sapagka't binibigyang-diin ng Islam ang kahalagahan ng pagpapalaya sa isang tao mula sa pagiging alipin sa lahat ng pagkakataon, datapuwa't kapag wala siyang natagpuang alipin tulad ng panahon ngayon, siya ay nararapat mag-aayuno ng dalawang buwan na magkakasunod, at kung hindi niya kaya, magkagayon siya ay nararapat magpapakain ng animnapung mahihirap.

## *> Ang Mga Kusang-loob na Pag-aayuno*

Ipinag-utos ng Allah ang mag-ayuno ng isang buwan sa loob ng isang taon [i.e Ramadhan bilang tungkulin], nguni't Siya ay naghihimok ng kusang-loob na pag-aayuno [hindi obligado] sa iba pang mga araw sa sinumang matatagpuang may kakayahan sa kanyang sarili at hangarin rito bilang pagnanais ng karagdagang pabuya at gantimpala, ang ilan sa mga araw na ito ay binabanggit sa ibaba:

1. Ang Araw ng `Ashura' at isang araw sa unahan nito o sa hulihan nito. Ang Araw ng `Ashura' ay siyang ikasampung araw sa buwan ng Muharram - ang unang buwan ng Islamikong Kalendaryo. Ito ang araw na iniligtas ng Allah ang Kanyang Propetang si Musa (Moises) mula kay Fir`aun (Paraon) at Kanyang nilunod si Paraon kasama ang mga kawal nito. Kaya pinag-aayunuhan ito ng isang Muslim bilang tanda ng pasasalamat sa Allah sa Kanyang pagkaligtas kay Moises at bilang pagsunod natin sa ating Propeta (Muhammad ﷺ) nang kanyang pag-ayunuhan ito at kanyang sinabi: «Inyong pag-ayunuhan ito ng isang araw sa unahan nito o ng isang araw sa hulihan nito». (Ahmad: 2154), at nang tanungin siya ﷺ tungkol sa pag-aayuno niya rito, siya ay nagsabi: «Pinapawi nito ang [mga nagawang kasalanan ng] nakaraang taon». (Muslim: 1162)

2. Ang Araw ng `Arafah. Ito ay ang ikasiyam na araw sa buwan ng Dhul Hijjah, ang ikalabing dalawang buwan sa Islamikong Kalendaryo. Sa araw na ito ay nagtitipun-tipon ang mga nagsasagawa ng Hajj sa Tahanan ng Allah sa `Arafah, na nananalangin sa Allah at nagsusumamo sa Kanya. Ito ang siyang pinakamainam sa lahat ng mga araw ng taon. At itinatagubilin din para sa mga hindi nagsasagawa ng Hajj ang pag-aayuno rito, sapagka't nang tanungin siya ﷺ tungkol sa kabautihan ng pag-aayuno sa araw ng `Arafah, siya ay nagsabi: «Pinawawalang-sala nito ang mga kasalanang nagawa ng nakaraang taon at ng susunod». (Muslim: 1162)

Ang Iyong Pag-aayuno

3 Ang Anim na Araw sa Shawwal. Ang Shawwal ay siyang ikasampung buwan ng taon. Siya ﷺ ay nagsabi: «Sinuman ang nag-ayuno sa Ramadhan at pagkaraan ay kanyang sinundan ito ng anim na araw na pag-aayuno sa Shawwal, siya ay tila nag-ayuno ng isang taon». (Muslim: 1164)

## > *Ang Pinagpalang Eidul Fitr*

Ang mga Eid (pagdiriwang) ay kabilang sa mga malilinaw na sagisag ng pananampalataya [ng Islam]. Nang dumating ang Propeta ﷺ sa Madinah at kanyang makita yaong mga Muslim na taga Madinah na tinawag na Ansar– na nagsisipaglaro at nagsisipagsaya sa dalawang araw sa loob ng isang taon, siya ay nagtanong: «Ano ang dalawang araw na ito»? Sila ay nagsabi: Kami ay dating naglalaro [o nagsasaya] rito sa panahon ng Jahiliyah [panahong wala pa ang Islam], at ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: «Katotohanan [ang inyong pagsasayang] ito ay pinalitan sa inyo ng Allah nang higit na mainam kaysa rito: ang araw ng (Eid o pagdiriwang ng) Adha at ang araw ng (Eid o pagdiriwang ng) Fitr». (Abu Daud: 1134), at sinabi niya ﷺ bilang pagpapaliwanag na ang mga pagdiriwang ang siyang mga sagisag ng mga relihiyon [o pananampalataya]: «Katotohanang sa bawa't pamayanan ay may sariling pagdiriwang, at ito ang ating Eid (pagdiriwang)». (Al-Bukhari: 909 – Muslim: 892)

### Ang Mga Eid (Pagdiriwang) sa Islam:

Ang Eid sa Islam ay araw ng pagdiriwang at pagsasaya dahil sa ganap na pagsasakatuparan ng Ibaadah (gawaing pagsamba) bilang tanda ng pasasalamat sa Dakilang Allah sa paggawad ng Kanyang patnubay at Kanyang paggabay sa mga naturang Ibaadah. Itinatagubilin dito ang pagbibigay ng kasiyahan sa puso ng mga tao sa pamamagitan ng pagsusuot ng pinakamagandang kasuutan at pagmamagandang-loob sa mga nangangailangan, at pagsasaya sa mga paraang ipinahihintulot, tulad ng mga pagdiriwang at paligsahan ng paggawa ng mga kasiyahan sa lahat at kanilang pag-aalaala sa biyayang ipinagkaloob sa kanila ng Dakilang Allah.

### Ang Mga Eid (Pagdiriwang) ng Mga Muslim:

Ang mga Muslim ay mayroon lamang dalawang Eid (pagdiriwang) na kanilang idinaraos sa loob ng isang taon, at hindi ipinahihintulot para sa kanila na magtakda ng isang [karagdagang] araw na maaaring ituring ng mga tao bilang Eid maliban sa dalawang ito, at ito ay ang Eidul Fitr na ipinagdiriwang sa ika-1 araw ng buwan ng Shawwal, at ang Eidul Adha na ipinagdiriwang sa pagsapit ng ika-10 araw ng buwan ng Dhul Hijjah.



## Ang [Pagdiriwang] Eidul Fitr:


Ito ay ang ika-1 araw ng buwan ng Shawwal – ang ikasampung buwan ng Kalendaryong Hijri, dumarating ito pagkatapos ng huling gabi ng buwan ng Ramadhan. Ito ay tinawag na Eidul Fitr, sa dahilang ang mga tao ay nag-aalay ng pagsamba sa Allah sa pamamagitan ng pagtigil ng pag-aayuno sa araw na ito, tulad ng kanilang pagsagawa ng pagsamba sa Allah sa pamamagitan ng pag-aayuno sa Ramadhan. Sila ay nagdaraos ng pagdiriwang [o ng Eid] bilang tanda ng pasasalamat sa Dakilang Allah sa Kanyang pagkakaloob sa kanila ng lahat ng biyaya at kagandahang-loob na kung saan ay Kanyang ginawang madali para sa kanila ang pag-aayuno upang kanilang mabuo nang ganap ang pagsasakatuparan ng pag-aayuno sa pinagpalang buwan ng Ramadhan. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi:

{(At hindi lamang iyon), bagkus [hangad Niya] para sa inyo na buuin ang mga itinakdang araw [ng pag-aayuno] at upang inyong dakilain ang Allah para sa anumang Kanyang ipinatnubay sa inyo at upang sakali kayo ay [matutong] magpasalamat [sa Kanya]}. Surah Al-Baqarah (2): 185

## Ano Ang Mga Itinatagubilin Para sa Araw ng Eid?

1 Ang pagsasagawa ng Salaatul Eid (pagdarasal sa Eid): Ito ay isang Salaah (pagdarasal) na pinahahalagahan ng Islam at inaanyayahan at hinihimok ang mga Muslim na lumabas upang isagawa ito kasama ng mga kababaihan at ng mga bata. Ang oras nito ay nagsisimula sa [sandaling] tumaas ang [sinag ng] araw na kasing haba ng sibat matapos sumikat ang araw hanggang ito ay lumihis sa katanghaliang tapat.

Ang pamamaraan nito: Ang Salatul Eid (pagdarasal sa Eid) ay binubuo ng dalawang rak`ah (yunit), binibigkas ng Imam nang malakas ang kanyang pagbabasa sa dalawang ito, at pagkaraan ay tumatalakay ng dalawang sermon pagkatapos ng pagdarasal, at itinatagubilin sa Salatul Eid ang pagdaragdag ng Takbir (pagbigkas ng Allaahu Akbar) sa simula ng bawa't rak`ah, kaya siya ay magbibigkas ng Allaahu Akbar (ang Allah ay Dakila) sa unang rak`ah bago bumigkas ng anim na Takbir bukod sa Takbiratul Ihram (ang panimulang Takbir), at sa ikalawang ra'kah ay magbibigkas ng limang Takbir bukod sa [pagbigkas ng] Takbir ng pagtayo mula sa pagkakapatirapa.



2 Ang Zakatul Fitr (Ang kawanggawa pagkatapos ng Ramadhan): Katotohanang ipinag-utos ng Allah [bilang tungkulin] para sa sinumang nagtataglay ng labis mula sa kanyang mga pangangailangan sa Araw ng Eid at ng gabi nito tulad ng pagkain na kanyang ipamamahagi sa sukat ng isang saa` (3 kilo) mula sa pagkain ng mamamayan ng isang bansa, tulad ng bigas o trigo, o tamr (bungang datiles) para sa mga dukha at mahihirap na mga Muslim upang wala nang mangangailangan dito sa Araw ng Eid.

Ang oras nito: Magsisimula sa Maghrib (paglubog ng araw) sa huling araw ng Ramadhan hanggang sa isagawa na ang Salatul Eid (pagdarasal sa Eid), at maaari din naman na ipamahagi ito nang maaga bago ang Eid nang isang gabi o dalawang gabi.

At ang sukat nito ay isang Saa` mula sa pangunahing pagkain ng mamamayan ng isang bansa, tulad ng trigo o bigas, datiles o ng nakakatulad nito. At ang Saa` ay sinusukat sa takalan, nguni't ang pagsusukat nito sa pamamagitan ng timbang ay mas madaling iakma sa makabagong pamantayan, at ito ay tumutumbas sa timbang na halos tatlong kilo.

At ipinag-uutos para sa kanyang sarili [bilang tungkulin] at para sa lahat ng nakaugnay sa kanya, tulad ng kanyang asawa at mga anak, at para sa mga sanggol na nasa sinapupunan ng ina, samakatuwid ipamamahagi ito para sa bawa't isang tao ang isang Saa` – ibig sabihin ay katumbas halos ng 3 kilo, mula sa pagkain ng isang bansa.

At ito ay tunay na itinagubilin ng Sugo ng Allah ﷺ «Bilang pagpapadalisay ng isang nag-aayuno mula sa (mga nagawa niyang) walang kabuluhang pananalita habang siya ay nasa oras ng pag-aayuno, at bilang pagpapakain sa mga mahihirap. Kaya sinuman ang nagbigay nito bago ang Salaah (pagdarasal), samakatuwid ito ay isang katanggap-tanggap na Zakah (katungkulang kawanggawa), datapuwa't sinuman ang nagbigay nito pagkatapos na ng Salaah, ito ay magiging isa lamang karaniwang Sadaqah (hindi katungkulang kawanggawa)». (Abu Daud: 1609)



3 Ipinag-utos na palaganapin ang kaligayahan at pagsasaya sa buong pamilya, maging maliit man o malaki, lalaki man o babae sa lahat ng ipinahihintulot na paraan ng pagsasaya at pagdiriwang, kabilang na ang pagsusuot ng pinakamaganda at pinakamagarang damit, at ang pagsamba sa Allah sa pamamagitan ng Iftar (pagtigil sa pag-aayuno) sa araw na ito at pagkain sa maghapon, at dahil dito ipinagbabawal ang pag-aayuno sa Eid.



4 Ipinag-utos ang pagpupuri at pagdakila sa Allah sa gabi ng Eid (kinabukasan ay Eid) at sa paglabas patungo sa Salatul Eid (pagdarasal para sa Eid), at magpatuloy sa pagsasagawa nito [ng pagpupuri at pagdakila sa Allah] hanggang lumitaw ang Imam para sa pagdarasal ng Eid bilang pagpapahayag ng kasiyahan dahil sa ganap ng nagampanan ang pag-aayuno sa pinagpalang Ramadhan at bilang pasasalamat sa Biyaya ng Allah sa atin at pagpapatnubay Niya sa atin sa pag-aayuno. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {Bagkus upang inyong magampanan nang ganap ang mga itinakdang araw, at inyong purihin at dakilain ang Allah sa mga ipinagkaloob Niyang patnubay sa inyo at upang kayo ay matutong magpasalamat (sa Kanya)}.
Surah Al-Baqarah (2): 185

Ang pamamaraan ng Takbir (Pagpuri at pagdakila sa Allah): Allaahu Akbar Allaahu Akbar, Laa ilaaha illallaah, Allaahu Akbar Allaahu Akbar wa lillaahil hamd (ang Allah ay Dakila, ang Allah ay Dakila, walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, ang Allah ay Dakila, ang Allah ay Dakila at para sa Allah lamang ang mga papuri).

At binibigkas din ang: Allaahu akbar kabiran, walhamdu lillaahi kathiran, wa subhaanallaahi bukratan wa asila (ang Allah ay Dakila, at sa Allah [nararapat] ang maraming papuri at pasasalamat, at sa Allah [nauukol] ang pagluwalhati sa umaga at sa hapon).

At itinakda [bilang tagubilin] dito ang pagpapataas ng tinig ng mga kalalakihan sa pamamaraang hindi makakapinsala sa mga tao at hindi rin makabubulahaw sa kanila, samantalang ang mga kababaihan naman ay [nararapat na] ibaba ang kanilang mga tinig.



# Ang Iyong Zakaah

## (Takdang kawanggawa)



# 5

Ang Zakaah (takdang kawanggawa) ay ipinag-utos ng Allah [bilang isang tungkulin para sa mga Muslim], at ito ay Kanyang itinakda bilang ikatlong haligi mula sa mga haligi ng Islam, at Kanyang pinaghandaan ng matinding kaparusahan ang sinumang magtakwil [at magkait] nito, at Kanyang pinag-ugnay ang [diwa ng] pagkakapatiran sa pagitan ng mga Muslim sa pamamagitan ng pagsisisi, pagsasagawa ng Salaah (pagdarasal) at pagbibigay ng Zakaah, tulad ng sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Subali't kung sila'y magsisi, magsagawa ng pagdarasal at magbigay ng Zakaah, magkagayon, sila ay inyong mga kapatid sa relihiyon.} At-Taubah (9): 11

At sinabi niya ﷺ : «Ang Islam ay itinayo batay sa lima … ang pagsasagawa ng Salaah at ang pagbibigay ng Zakaah». (Al-Bukhari: 8 – Muslim: 16)

## Ang Nilalaman ng Kabanata:


Ang Mga Layunin sa Zakaah (Takdang Kawanggawa)

Ang Mga Kayamanan na Kinakailangang patawan ng Takdang Zakaah:

- Ang Ginto at Pilak
- Ang Mga Ari-arian at Salaping Papel
- Ang Mga Paninda Para sa Kalakalan
- Ang Mga Yamang-lupa.
- Ang Mga Yamang-Hayupan (tulad ng kamelyo, baka at tupa)

Kanino Nararapat ibinibigay [at ipamahagi] ang Zakaah?

# Az-Zakaah (ang Takdang Kawanggawa)

## Ang Mga Layunin ng Zakaah (Takdang Kawanggawa):

**Ipinag-utos ng Allah ang pagbabayad [at pamamahagi ng] Zakaah sa mga Muslim para sa mga natatangi [at dakilang] layunin. Magbabanggit tayo ng ilan sa mga ito:**

1 Tunay na ang pagmamahal sa kayamanan ay isang ugaling likas na taglay ng tao upang siya ay maging lubhang mahigpit sa pangangalaga at bigyan ng higit na pagmamalasakit dito. Kaya itinakda ng batas ng Islam [bilang tungkulin] ang pagbibigay [at pamamahagi] ng Zakaah bilang pagpapadalisay sa sarili mula sa karamutan at kagahaman, at pinapawi nito ang pagmamahal sa mundo at ang labis na pagkahumaling sa mga karangyaan [o palamuti] nito. Ang Allah ay nagsabi: {"Kumuha ka ng kawanggawa [Sadaqah] mula sa kanilang yaman upang sila ay maging malinis at sila ay pagpalain nito}. At-Taubah (9): 103

2 Ang pagbibigay ng Zakaah ay nagpapatunay sa diwa ng pagtutulungan at pagmamalasakitan [o pagdadamayan ng bawat isa], sapagka't ang tao ay likas na nahahatak sa pagmamahal sa sinumang nagmagandang loob sa kanya, at dahil dito ang mga kasapi ng pamayanang Muslim ay namumuhay nang may pagmamahalan, pagkakaisa na wari bang mga gusali na magkakadikit, nagtutulungan sa isa't isa, at binabawasan nito ang mga magaganap na pagnanakaw, pandarambong at [mga pagmamalabis at walang kabuluhang] paglulustay.

3 Pinatotohanan nito ang kahulugan ng pagka-alipin at tunay na pagpapakumbaba at ganap na pagsuko sa Allah bilang Panginoon ng lahat ng nilalang, sa sandaling ipinamamahagi ng isang mayaman ang Zakaah ng kanyang kayamanan, samakatuwid siya ay tumutupad sa Batas ng Allah, sumusunod sa Kanyang Kautusan, at ang kanyang pamamahagi nito ay tanda ng pasasalamat sa Tagapagkaloob ng biyayang ito. {Kung kayo ay tumanaw ng utang na loob [o ng pasasalamat], katiyakang kayo ay higit Kong dadagdagan (ng Aking mga Biyaya)}. Ibrahim (14): 7

4 Sa pamamagitan ng pagbibigay [at pamamahagi] nito, nabibigyan ng katotohanan ang konsepto ng panlipunang pangangalaga at pagkapantay-pantay na ugnayan sa pagitan ng mga uri o pangkat ng tao sa pamayanan, kaya sa pamamagitan ng pamamahagi nito sa mga may karapatan nito, hindi mananatiling nakabunton ang pananalaping yaman sa mga natatanging pangkat ng pamayanan upang kanilang sarilinin ang yamang ito. Ang Allah ay nagsasabi: {Upang ito ay hindi maging isang kayamanan na nagpapalipat-lipat sa pagitan ng mayayaman sa inyo}. Al-Hashr (59): 7




> Ang pagmamahal sa kayamanan ay isang likas na ugali ng tao, at sa katotohanan ang Islam ay nag-aanyaya sa pagpapadalisay sa sarili at hinihikayat ang tao na huwag magmamalabis sa pagkahumaling rito.

## Ano ang mga kayamanan na kinakailangang patawan ng Zakaah?

Hindi kinakailangang patawan ng Zakaah ang anumang pagmamay-ari ng isang tao na kanyang pansariling gamit, tulad ng kanyang tinitirahang bahay gaano man kalaki ang pagkakahalaga nito, gayundin ang kanyang pansariling gamit na sasakyan kahit gaano man ito kamahal, at gayundin naman ang kanyang mga damit, pagkain at inumin.

Ang tanging kinakailangang patawan ng Zakaah na ipinag-utos ng Allah [bilang tungkulin] ay ang mga uri ng kayamanan na hindi nabibilang sa kanyang mga pansariling pangangailangang gamit, at ang [mga yamang] nagmula sa kalikasan na pinaparami at pinalalago. Tulad ng mga sumusunod:

**1 Ang ginto at ang pilak na hindi ginagamit sa pananamit at palamuti:**

Ito ay hindi pinapatawan ng Zakaah maliban kung ito ay umabot sa takdang Nisab [pamantayan o batayan ng sukat na halaga]) at tumagal ito nang buong isang lunar na taon [sa kanya], na ang katumbas nito ay 354 na araw.

At ang Nisab (Pamantayan o Batayang Sukat ng Halaga) ng Zakaah dito ay tulad ng mga sumusunod:

Ang ginto ay halos katumbas ng 85 gramo, at ang pilak ay 595 gramo.

Kapag ang isang Muslim ay may pag-aari ng ganitong halaga at tumagal [sa kanya] ng isang taon, kinailangan niyang ilabas ang Zakaah nito na 2,5%.








**2 Ang mga ari-arian at mga salaping papel sa iba't ibang uri nito, maging ito ay nasa kamay niya o nakalagak sa mga banko:**

Ang paglabas sa Zakaah nito: Tinutuos ang Nisab ng mga ari-arian at mga salapi ayon sa katumbas nito sa [halaga ng] ginto, kaya kung ito ay umabot sa Nisab ng ginto o higit pa rito, ito ay halos 85 gramo sa oras na kinakailangang patawan ng Zakaah, at tumagal ang kayamanan ng isang taon habang ito ay nasa kanyang pagmamay-ari, kaya kinakailangang ilabas niya rito ang 2,5%.

Tulad halimbawa: Ang halaga ng ginto ay paiba-iba, kaya kung ipagpapalagay natin na ang halaga ng isang gramo na ginto sa sandaling kinakailangang patawan ng Zakaah ay umabot na ng (25) dollar, ang magiging Nisab ng kayamanang dapat tuusin tulad ng sumusunod:


25 (ang halaga ng isang gramo na ginto na nag-iiba-iba) 85 (ang bilang ng mga gramo na hindi nag-iiba-iba) = 2125 dollar ang Nisab ng kayamanan.



### 3 Ang Mga Paninda Para sa Kalakalan:

Ang kahulugan dito ay: Lahat ng inilaan [o inihanda] para sa kalakalan mula sa mga pinagpuhunan, tulad ng real state, mga gusali, mga paupahang bahay, o mga paninda tulad ng mga pagkain at mamimili.

Paano inilalabas ang Zakaah nito: ang pagtutuos sa halaga ng lahat na kanyang itinakda para pangangalakal kapag lumipas dito ang isang buong taon, at ang pagtutuos ay magaganap batay sa [kasalukuyang] halaga ng pamilihan sa araw na ring iyon na nais niyang magbigay ng Zakaah, kaya kapag umabot ito sa Nisab ng ari-arian, babayaran niya rito ang ikaapat na bahagi ng sampu 2,5% bilang Zakaat.



### 4 Ang Mga Yamang-lupa tulad ng mga ani, mga bunga at mga butil.

Ang Allah ay nagsabi: {O Kayong mga naniniwala [mga Muslim] Gumugol kayo mula sa mga mabubuting bagay na inyong kinita (nang marangal), at mula sa mga [biyaya ng] lupa na Aming pinatubo para sa inyo.} Al-Baqarah (2): 267

At kinakailangang patawan ng Zakaah ang isang natatanging uri ng mga ani at hindi ang lahat nito, sa kondisyon na ito ay umabot sa itinakdang sukat ng Batas ng Islam.

Sa pagsasalang-alang ng mga kalagayan ng tao, ang halaga ng Zakaah ay ipinapataw para sa mga ani ay magkakaiba ayon sa halagang ginugol at sa panahong inilaan para sa patubig.



### 5 Ang Zakaah ay nararapat kung ang mga yamang-hayupan, tulad ng baka, kamelyo at kambing ay malayang nanginginain sa pastulan at inaalagaan, at hindi nagkakagastos rito ang may-ari ng damuhang pagkukumpayan upang pakainin.

Samakatuwid, kung siya ay nagdadala rito ng pakanin sa kabuuan ng taon o higit sa kalahating taon, sa gayon hindi kinakailangang patawan ito ng takdang Zakaah.

Ang Nisab ng Zakaah nito at dami o halaga ng Zakaah ay may pagkadetalye, maaaring sumangguni sa mga aklat ng Fiqh (tumatalakay sa mga alituntunin).

### Kanino nararapat ibinibigay [at ipamahagi] ang Zakaah?

**Inilarawan [at kinilala] ng Islam ang mga karapat-dapat bahaginan [at bigyan] ng Zakaah.** At ipinahihintulot sa isang Muslim na ipamigay ito sa isang uri [mula sa 8 uri taong dapat tumanggap] o higit pa mula sa mga uri na ito, o ibigay niya ito sa mga butihing institusyon at mga samahan na kumakatawan sa pamamahagi nito sa mga karapat-dapat tumanggap nito sa mga muslim, at ang pinakamainam ay ang ipamamahagi ito sa kinaroroonang bansa [na kung saan naninirahan ang taong dapat pagbigyan].

**At ang mga uri ng tao na karapat-dapat bahaginan [at tumanggap] ng Zakaah ay ang sumusunod:**


1. **Ang mga dukha at mahihirap,** sila yaong ang kanilang kinikita ay hindi sapat para makatugon sa kanilang pangunahing pangangailangan.
2. **Ang sinumang naglilingkod** para sa paglikom ng Zakaah at pamamahagi nito.
3. **Ang isang alipin na naghahangad** na bilhin ang kanyang sariling kalayaan mula sa kanyang pinagliling-kurang amo, siya ay nararapat bigyan ng kaukulang tulong mula sa Zakaah upang siya ay maging malaya.
4. **Ang sinumang baon sa pagkakautang** at walang kakayahang magbayad, maging ang pagkakautang ay para sa pangkalahatang kapakanan, paggawa ng kabutihan sa mga tao o sa sarili niyang kapakanan.
5. **Ang mga nagpupunyagi [at nakikipaglaban sa Landas ng Allah],** sila yaong nakikipaglaban para ipagtanggol ang kanilang pananampalataya [Islam] at mga bayan, at nasasaklawan din nito ang lahat ng gawain sa pagtataguyod at pagpapalaganap ng Islam upang mangibabaw ang Salita ng Allah.
6. **Ang mga malalapit ang puso sa Islam, sila ang mga dating di-muslim na yu**makap sa Islam kamakailan lamang, o ang isang taong inaasahan ang pagyakap sa Islam mula sa lipon ng mga di-muslim. Ang uring ito ay hindi binibigyan mula sa panig ninuman, bagkus ito ay tungkulin ng tagapag-alaga sa mga Muslim o sa mga nangangalagang institusyon na makapagtataguyod ng kanilang kapakanan.
7. **Ang dayuhang naglalakbay na kina**pos ng kakayahang gumugol sa gitna ng paglalakbay, kaya siya ay nangangailangan ng sapat na salapi upang kanyang maipagpatuloy ang paglalakbay, at kahit pa siya ay nagmamay-ari ng maraming kayamanan sa kanyang sariling bayan.

Ang Allah ay nagpaliwanag [at binanggit ang pamamaraan ng pagbibigay ng Zakah] sa sinumang karapat-dapat tumanggap ng katungkulang Zakah: {Katotohanan, ang kawanggawa ay nakalaan lamang para sa mga dukha at maralita at sa mga kawaning naglilikom [ng kawanggawa] at sa mga taong ang puso ay malalapit [sa Islam]; at sa pagpapalaya ng mga bilanggo [o alipin] at sa mga may pagkakautang; at sa Landas ng Allah [para sa mga Mujahideen na nakikipaglaban] at sa mga naglalakbay [na nagigipit]; isang tungkulin [na iniatang] ng Allah}. Surah At-Taubah (9): 60



> Ang mga Fuqara, sila yaong hindi kinikita ang kasapatan ng kanilang kabuhayan mula sa mahahalagang bagay at mga pangunahing pangangailangan.

Ang Iyong Zakaah



# *Ang Iyong Hajj*

## *(Ang Pilgrimahe)*



# 6

Ang pagsasagawa ng Hajj (Pilgrimahe) sa Makkah ay ika-limang haligi mula sa mga haligi ng Islam, at ito ay isang Ibaadah (gawaing pagsamba) na kung saan ay pinagsama-sama rito ang iba't-iba pang uri ng Ibaadah, pisikal [kalusugan], ispirituwal [puso at isip] at mga pananalaping kakayahan, at ipinag-utos ang pagsasagawa nito sa sinumang may angking kakayahang pangkalusugan at pananalapi minsan sa tanang buhay.

Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {At tungkulin sa Allah ng sangkatauhan ang pagsasagawa ng Hajj sa sagradong Tahanan (Ka'bah) sa sinumang may kakayahang maglakbay dito, kaya sinuman ang magtakwil nito. Katotohanan, ang Allah ay tigib ng pagpapala mula sa lahat ng nilalang}. Al-Imran (3): 97

## Ang Nilalaman ng Kabanata:


**Ang Mga Kabutihan at Katangian ng Makkah at Masjidil-Haram (Ang Sagradong Bahay-dalanginan)**

**Ang Kahulugan ng Hajj (Malaking Pilgrimahe)**

**Ang Kakayahan ng Isang Muslim Para Magsagawa ng Hajj**

**Ang Isang Babae ay Nangangailangan ng Mahram [Makakasamang Lalaking Malapit na kamag-anak sa Paglalakbay sa Makkah] Para sa Pagsasagawa ng Hajj**

**Ang Mga Kabutihan ng [Pagsasagawa ng] Hajj**

**Ang Mga Layunin ng Hajj**

**Ang Umrah (maliit na Pilgrimahe)**

**Ang [Pagdiriwang ng] Eidul Adha:**

- Ano Mga Nararapat Gawain sa Araw ng Eid?
- Ang Mga Patakarang Dapat Kailangang Tuparin Para sa Hayop na Kakatayin.
- Ano Ang Dapat Gawin Para sa Udhiyah (Mga Hayop na Kakatayin Bilang Handog)?

**Ang Pagdalaw sa Lungsod ng Propeta (Madinah)**

# Ang Hajj (malaking Pilgrimahe)

## Ang Mga Kabutihan at Katangian ng Makkah at ng Masjidil Haram (Ang Sagradong Bahay-Dalanginan)

**Ang Masjidil-Haram sa Makkah Al-Mukarramah ay nakatayo sa dakong kanluran ng kapuluang Arabia, ito ay nagtataglay ng maraming katangian sa Islam, ang ilan dito ay:**

### 1 Dito nakatirik ang marangal na Ka'bah:

Ang Ka'bah ay isang kuwadradong gusali at halos parang kubo, na nakalagay sa gitna ng Masjidil-Haram sa Makkah Al-Mukarramah.

Ito ang Qiblah (direksiyon) na hinaharap ng mga Muslim sa sandaling isinasagawa ang Salaah at iba pang mga Ibaadah (gawaing pagsamba) na ipinag-uutos ng Allah.

At katotohanan, ito ay itinayo ni Propeta Abraham [Ibrahim Al-Khalil sa arabik] at ng kanyang anak na si Propeta Ismael, nawa'y ipagkaloob sa kanila ang pagpapala at kapayapaan – bilang pagsunod sa kautusan ng Makapangyarihang Allah. Paglipas ng mahabang panahon, ito ay dumanas ng maraming ulit na pagbabago [pagkumpuni].

Ang Allah na Makapangyarihan at Kapita-pitagan ay nagsabi: {At [banggitin mo] nang itayo nina Abraham at [ng kanyang anak na si] Ismael ang haligi ng [sagradong] bahay-dalanginan [ang Ka'bah] [at sila ay nanalangin]: "Aming Panginoon, tanggapin Mo po [ang paglilingkod na] ito mula sa amin. Katotohanan, Ikaw ang Lubos na Nakaririnig, ang Maalam."} Al-Baqarah (2): 127



> Sa Pintuan ng Kaabah ay May nakatitik na ilang mga Talata ng Banal na Qur'an.

At katotohanan, nang ito ay kanilang muling kinumpuni, tumulong ang Propeta Muhammad ﷺ sa paglagay ng Al-Hajarul Aswad (itim na bato) sa kinalalagyan nito kasama ng mga tribu sa Makkah Al-Mukarramah.

### 2 Ito ang kauna-unahang Masjid (Bahay dalanginan) sa ibabaw ng lupa:

Sapagka't, nang tanungin ng isang dakilang Sahabah (kasamahan ng Propeta) na si Abu Dar – kalugdan nawa siya ng Allah – ang Sugo ng Allah ﷺ : O Sugo ng Allah! Aling Masjid (bahay dalanginan) ang kauna-unahang itinayo sa lupa? Siya ay nagsabi: «Ang Masjidil Haram (bahay dalanginan sa Makkah)», sinabi niya (Abu Dar): aking sinabi: Alin ang sumunod? Siya ay nagsabi: «Ang Masjidil Aqsa (bahay dalanginan sa Herusalem)», aking sinabi: Ilan ang naging pagitan ng mga ito? Siya ay nagsabi: «Apatnapung taon, at saan ka mang maabutan ng Salaah (pagdarasal) simula ngayon, iyong isagawa ito, sapagka't naroroon ang kabutihan». (Al-Bukhari: 3186 – Muslim: 520)

**3** **Dinaragdagan nang maraming ulit ang gantimpala ng mga pagdarasal [Salaah] dito:**

Sapagka't katotohanang sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ : «Ang isang Salaah sa aking Masjid – ibig sabihin ay ang Masjid sa Madinah – ay higit na mainam kaysa sa isang libong [1,000] pagdarasal [Salaah] na isinasagawa sa iba pang mga Masjid maliban sa Masjidil-Haram, sapagka't ang isang Salaah sa Masjidil Haram ay katumbas ng isang daang libong [100,000] Salaah na isinasagawa sa iba pa rito». (Ibn Majah: 1406 – Ahmad: 14694)

**4** **Ito ay sagradong pook ng Allah at Kanyang Sugo:**

Ang Allah ay nagpahayag:

{[Sabihin mo, O Muhammad], "Ako ay napag-utusan na sambahin ang Panginoon ng lungsod na ito [ang Makkah], na Kanyang ginawang sagrado at Siyang nagmamay-ari ng lahat ng bagay. At ako [si Muhammad] ay napag-utusan na maging isa sa mga Muslim [na tumatalima sa Allah]. Surah An-Naml (27): 91

Ang ayah [o talata ng Qur'an] ay nagpahayag na ang Makkah ay isang sagradong sambahan, kaya ipinagbawal ng Allah sa mga mamamayan dito ang magpadanak ng dugo, o maghasik ng kawalang katarungan kaninuman, o magsasanay dito ng pangangaso, o mamutol dito ng anuman sa mga kahoy nito at mga damo nito.

Sinabi niya ﷺ :«Katotohanang ang Makkah ay ginawang banal ng Allah, subali't ito'y hindi ginawang banal ng mga tao, kaya hindi nararapat para sa isang taong naniniwala sa Allah at sa Huling Araw na siya ay magpadanak ng dugo rito, gayundin na magpuputol dito ng anumang kahoy». (Al-Bukhari: 104 – Muslim: 1354)


**5** **Ito ang pinakamamahal na bayan para sa Allah at sa Kanyang Sugo ﷺ**

Sinabi ng isa sa mga Sahabah (kasamahan ng Propeta): Nakita ko ang Sugo ng Allah ﷺ habang siya ay nakasakay sa kanyang kamelyo na nakatindig sa Hajurah (isa sa mga purok sa Makkah) na nagsasabi: «Sumpa man sa Allah! Katotohanang [O Makkah] ikaw ang pinakamainam at pinakamamahal na lupa ng Allah, at kung hindi lamang ako ipinagtabuyan mula sa iyo, tunay na hindi ko magagawang iwanan ka.» (At-Tirmidhi: 3925 – An-Nisai sa Al-Kubra: 4252)

**6** **[Bilang tungkulin] ipinag-utos ng Dakilang Allah ang pagsasagawa ng Hajj (Pilgrimahe) sa Kanyang banal na tahanan sa sinumang may kakayahan pumarito:**

Sa katunayan, si Propeta Abraham [Ibrahim] – nawa'y ipagkaloob ang kapayapaan sa kanya – ay nanawagan sa sangkatauhan na kanilang isagawa ang Hajj, kaya dumagsa ang mga tao mula sa lahat ng lugar, at maging ang mga Propeta ay nagsipaggawa ng Hajj – tulad ng ipinabatid dito ng Sugo ﷺ . Ang Allah ay nagsabi bilang kautusan kay Ibrahim: {At ipanawagan mo sa sangkatauhan [O Abraham] ang [kahalagahan ng] Hajj; sila ay darating sa iyo na nakayapak at nakasakay sa bawa't kamelyo, at sila ay magsisirating mula sa bawa't [matatarik at] malalayong daan}. Al-Hajj (22): 27

## > Ang Kahulugan ng Hajj (Pilgrimahe):



> Ang Tawaf (pag-ikot) sa palibot ng Ka'bah nang pitong ulit ay isa sa mga Haligi ng Hajj at Umrah.

Ang Hajj ay pagtungo sa banal na Tahanan ng Allah upang isagawa ang mga rituwal, ito ay mga gawain at salita na napatunayan sa Propeta ﷺ tulad ng Al-Ihram (pagpasok sa kalagayan ng Hajj), At-Tawaf (pag-ikot) sa palibot ng banal na tahanan (Kabah) nang pitong ulit, As-Sa`ey (paglalakad) sa pagitan ng dalawang bundok na tinaguriang As-Safa at Al-Marwah, Al-Wuquf (pagtigil) sa `Arafah, at ang Rami - paghagis ng mumunting mga bato sa Mina atbp.

At mayroon itong malalaking kapakinabangan para sa mga Muslim, tulad ng paghahayag sa Kaisahan ng Allah, ang pagtamo ng dakilang pagpapatawad na ipagkakaloob sa mga nagsasagawa ng Hajj, ang pagkakakilala sa pagitan ng mga Muslim at ang pag-aaral sa mga alituntunin ng Relihiyon atbp.

**Ang oras ng Hajj:** Nakatuon ang mga gawain ng Hajj sa pagitan ng araw ng ikawalo at ikalabingtatlo sa buwan ng Dhul Hijjah, na siyang ikalabindalawang buwan sa mga lunar na buwan sa Islamikong Kalendaryo.

### Sino Ang May Tungkulin Upang Magsagawa ng Hajj?

[Bilang tungkulin], ipinag-utos ang Hajj para sa isang Muslim na may kakayahan (dapat niyang nababatid ang kanyang mga legal na pananagutan para sa kanyang mga gawain [mukallaf] at may kakayahang gawin ito. Ang legal na pananagutan [takleef] ay nangangahulugang siya ay nasa wastong pag-iisip at at wastong gulang).

**At Ang Kahulugan ng May Kakayahan ay:**

Ang kakayahang makaabot pagtungo sa banal na Tahanan sa tamang pamamaraan at naaalinsunod sa Batas [ng Islam], at ang pagsasakatuparan sa mga rituwal ng Hajj nang wala gaanong danasing paghihirap nang higit kaysa sa natatamong paghihirap ng karaniwang paglalakbay, kalakip ang kaligtasan ng sarili at kayamanan, at na ang lahat ng kanyang gastusin para sa kanyang Hajj ay hindi pabigat kaysa sa kanyang pangunahing pangangailangan at hindi nagbibigay-pasakit sa mga taong tungkulin niyang tinutustusan.

## > Ang Kakayahan ng isang Muslim Upang Magsagawa ng Hajj


1. **Ang makayanan niyang isagawa ang Hajj sa kanyang sarili.** Ibig sabihin ay makakayanan niyang makaabot patungo sa Tahanan sa sarili niya nang walang daranasing labis na paghihirap kaysa sa karaniwang paglalakbay, at mayroon din siyang sapat na kayamanan para sa paggugol dito, kaya nararapat niyang isagawa ang tungkulin ng Hajj sa sarili niya.

2. **Ang kakayahang pananalapi upang isagawa ito para sa kanya.** Ito ay nauukol para sa mga Muslim na walang kakayahang isagawa ito nang sarili sanhi ng karamdaman o katandaan, nguni't mayroon siyang kakayahan upang magtalaga ng iba upang isagawa para sa kanya ang Hajj bilang kanyang kapalit, sa gayon tungkulin niyang gastusan ng salapi ang sinumang magsasagawa ng Hajj para sa kanyang sarili.

3. **Ang walang kakayahang isagawa ang Hajj,** maging sa sarili niya mismo o sa iba bukod sa kanya. Kaya sa kanya ay hindi ipinag-uutos ang pagsasagawa ng Hajj hanggang wala siyang kakayahan dito.

Ang halimbawa nito ay ang taong walang kayamanang labis sa kanyang mga sariling pangunahing pangangailangan at pagtustos ng kabuhayan sa kanyang pamilya na sasapat sa kanya upang ito ay kanyang gamitin para sa pagsasagawa ng Hajj.

At hindi niya kailangang maglikom ng kayamanan upang magkaroon ng kakayahang isagawa ang Hajj, datapuwa't kung kailan siya magkaroon ng kakayahan, samakatuwid, ipinag-uutos sa kanya ang Hajj [bilang tungkulin].



## > Ang pangangailangan ng isang Mahram (lalaking malapit na kamag-anak) ng isang babae para sa pagsasagawa ng kanyang Hajj

Bilang tungkulin, ang pagkakaroon ng Mahram ng isang babae para sa pagsasagawa ng kanyang Hajj ay isang pangunahing pangangailangan, kaya hindi tungkuling isagawa ang Hajj ng isang babae maliban kung mayroon siyang makakasama sa Hajj na isa sa kanyang mga Mahram, tulad ng kanyang asawa o ang isang hindi niya maaaring maging asawa sa kanya tulad ng kanyang ama, lolo, anak, pamangkin, mga kapatid at kanilang mga anak na lalaki, tiyuhin maging sa panig ng ama o ina. (Tunghayan ang pahina:224)

**At kung nagsagawa ng Hajj ang isang babae na walang Mahram sa paraang ligtas ang kanyang sarili rito, ang kanyang Hajj ay wasto at tinatanggap ito sa kanya.**

## > Ang Mga Kabutihan ng Hajj

**Nakapaloob sa pagsasagawa ng Hajj ang maraming Katangian at Kabutihan, at ang ilan dito ay dahil sa:**

1. Ito ay isa sa mga pinakamabuting gawain. Nang tanungin ang Propeta ﷺ : Ano ang pinakamabuting mga gawain? Siya ay nagsabi: «Ang paniniwala sa Allah at sa Kanyang Sugo». May nagsabi: Ano po ang kasunod? Siya ay nagsabi: «Ang pagpupunyagi [at pakikipaglaban] sa Landas ng Allah». May isa na namang nagsabi: Ano pa po ang kasunod? Siya ay nagsabi: «Ang Hajj Mabrur (katanggap-tanggap na Hajj)». (Al-Bukhari: 1447 – Muslim: 83)

2. Ang Hajj ay Isang Dakilang Panahon para sa paghingi ng kapatawaran. Sinabi niya ﷺ : «Sinuman ang nagsagawa ng Hajj at hindi nagsalita ng malalaswa (o nakipagtalik sa kanyang asawa sa panahon ng Hajj), at hindi nakagawa ng pagsuway [o paghihimagsik]. Siya ay uuwing katulad ng araw na siya ay ipanganak ng kanyang ina». (Al-Bukhari: 1449 – Muslim: 1350). Ibig sabihin: Siya ay uuwi nang walang bahid ng kasalanan, wari bang siya ay bagong silang.

3. Ito ay isang malaking pagkakataon para sa kalayaan (o kaligtasan ng isang Muslim) mula sa Apoy. Sinabi ng Sugo ﷺ : «Wala nang iba pang araw na pinalalaya ng Allah ang nakararami sa Kanyang alipin mula sa Apoy maliban sa araw ng `Arafah». (Muslim: 1348)

4. Ang gantimpala nito ay ang Paraiso. Sinabi niya ﷺ : «Ang Hajj na Mabrur (katanggap-tanggap) ay wala nang iba pang gantimpala maliban sa Paraiso». (Al-Bukhari: 1683 – Muslim: 1349)


Ang mga kabutihang ito at ang iba pang kabutihan ay matatamo lamang niyaong mga nagsigawa nito para sa kasiyahan ng Allah sa pamamagitan ng pagsunod sa yapak ng Sugo ng Allah ﷺ

## > Ang Mga Layunin ng Hajj

Ang Hajj ay mayroong mga di-mabilang na dakilang layunin at hangarin sa sarili at sa pamayanan. Pagkaraang bigyan ng alituntunin ang mga nagsasagawa ng Hajj hinggil sa mga hayop na iaalay, sila ay nararapat na hanapin ang pamamaraang mapalapit sa Dakilang Allah sa Araw ng An-Nahr (araw ng pagkakatay sa mga hayop na iniaalay bilang handog):

{Kailanman ay hindi nakakarating sa Allah ang mga laman nito, gayundin ang dugo nito, datapuwa't ang inyong Taqwa (pitagang takot sa Allah) ang nakakarating sa Kanya}. Al-Hajj (22): 37

Siya ﷺ ay nagsabi: «Itinalaga lamang ang Tawaf (pag-ikot) sa palibot ng Ka'bah, at (ang paglakad) sa pagitan ng As-Safa at Al-Marwah at ang pagbato sa Jamarat upang itaguyod ang paggunita sa Allah». (Abu Daud: 1888)



> Kinakailangan sa sinumang nais magsagawa ng Hajj (malaking pilgrimahe) o Umrah (maliit na pilgrimahe) na mag-aral ng mga Islamikong Alituntunin para maipatupad ito sa paraang itinakda ng Islam.

### At ang ilan sa mga layunin nito ay:

#### 1 Ang paglalarawan ng ganap na pagsuko [o pagtalima] pagpapakumbaba sa Allah

At ito ay natututuhan lamang kapag ang isang Hajji (nagsasagawa ng Hajj) ay lumisan sa lahat ng uri ng karangyaan at palamuti, bagkus siya ay nagsusuot lamang ng isang simpleng kasuutang Ihram bilang tanda ng kanyang lubos na pangangailangan at umaasa lamang sa habag ng kanyang Panginoon, at umiiwas sa mga makamundong kasiyahan na maaaring makapaglihis sa kanya sa marubdob na pagsasagawa ng matapat na pagsamba sa kanyang Panginoon, upang kanyang matamo ang Kanyang kapatawaran at habag, at ang paglalarawan ng ganap na pagsuko [o pagtalima] ay higit na nagiging malinaw sa kanyang pagtindig sa araw ng `Arafah habang nagsusumamo sa kanyang Panginoon, nagpupuri, nagpapasalamat sa Kanyang mga biyaya at kabutihang-loob, at humihingi ng kapatawaran sa kanyang mga kasalanan at pagkakamali.

#### 2 Ang Pagpasalamat sa Mga Biyaya at Pagpapala:

Nailalarawan ang pagpapasalamat sa pagsasagawa ng tungkuling Hajj sa dalawang panig: Pagpapasalamat sa biyaya ng yaman, at pagpapasalamat sa kaligtasan ng katawan, na ang mga ito ang pinakadakilang biyaya at pagpapala ng mundo na siyang ikinaliligaya ng tao. Samakatuwid sa Hajj ay pagpapasalamat sa dalawang dakilang biyaya na ito, na kung saan ay nagpapakahirap ang

tao sa kanyang sarili at gumugugol ng kanyang kayamanan alang-alang sa pagsunod sa kanyang Panginoon at pagpapalapit sa Kanyang Kaluwalhatian, at walang pag-aalinlangan na ang pagpapasalamat [at pagkilala] sa mga ipinagkaloob na biyaya ay isang tungkulin, na ipinahahayag ng makatuwirang isip at ipinaag-uutos rin ng relihiyon.

## 3 Ang Pagtitipon ng Mga Muslim:

Nagkakatipun-tipon ang mga Muslim mula sa apat na sulok ng daigdig sa panahon ng Hajj. Sila ay nagkakakilala sa isa't isa at nagkakapalagayan ng loob, dito ay pinapawi ang pagkakaiba sa pagitan ng mga tao tulad ng pagkakaiba sa kasaganaan at kahirapan, pagkakaiba sa kasarian at kulay, pagkakaiba sa salita at wika, ngunit nagkakaisa sa pinakamalaking pagtitipong ito, nagkakaisa sa kabutihan, sa kabanalan, sa pagpapayuhan sa katotohanan at sa pagiging matiisin.

## 4 Ang Paggunita sa Huling Araw:

Sa Hajj ipinaaalaala nito sa isang Muslim ang tungkol sa Araw ng Pakikipagharap [ng tao sa kanyang Panginoon [Allah], ito ay kapag nakapaghubad na ang isang Hajji (nagsasagawa ng Hajj) ng kanyang kasuutan at nagsimulang mag-Talbiyah (binibigkas ang mga ipinag-utos na bigkasin para sa Hajj) bilang isang Muhrim (nasa kalagayan ng Hajj) at nakatindig sa kapatagan ng Arafah at nakita ang pagkarami-raming mga tao na ang kanilang mga kasuutan ay iisa na para bagang natutulad sa mga sapot (damit na ginagamit sa paglilibingl), at dito ay sasagi sa isipan niya ang isang kalagayan na tiyak na kahaharapin ng isang Muslim pagkatapos ng kanyang kamatayan, kaya't ito ang maghikayat sa kanya upang paghandaan ito at maghanda ng baon bago ang pakikipagtagpo sa Allah.

## 5 Ang paghahayag sa Kaisahan ng Allah at ang pagtatangi sa Kanya sa pagsamba - maging sa salita at gawa:


Kung gayon ang sagisag ng mga nagsasagawa ng Hajj ay ang Talbiyah : Labbaykal laahumma labbayk, labbayka laa shareeka laka labbayk, innal hamda wan ni`mata laka wal mulk, laa shareeka lak (Naririto po ako sa Iyong paglilingkod, O Allah, naririto po ako sa Iyong paglilingkod, Ikaw ay walang katambal; sa Iyo lamang ang papuri at pagdakila. Ikaw ay walang katambal [sa pagiging Diyos]). At dahil dito nagsabi ang isang dakilang Sahabi (kasamahan ng Propeta) tungkol sa paglalarawan sa Talbiyah ng Propeta ﷺ : «At siya ﷺ ay nagbubunyi sa [kahalagahan at] kadakilaan ng Tawhid (Kaisahan ng Allah)». (Muslim: 1218), at katunayan, ang diwa ng Tawhid [Kaisahan ng Allah] ay malinaw ipinakita sa lahat ng mga ritwal ng Hajj, sa mga gawain at sa mga salita.

## > *Ang Umrah (Maliit na Pilgrimahe)*

Ito ay ang pagtataguyod sa pagsamba sa Allah sa pamamagitan ng Al-Ihram (pagpasok sa kalagayan ng Hajj), At-tawwaf (pag-ikot) sa palibot ng Ka'bah nang pitong ulit, As-Sa`ey (paglakad) sa pagitan ng As-Safa at Al-Marwah ng pitong ulit, at pagkatapos ay ang pag-aahit o pagputol ng buhok.

**Ang Hatol nito:** Ito ay ipinag-uutos para sa lahat ng may kakayahan nang minsan sa tanang buhay, at kaaya-aya itong isagawa nang ilang ulit.

**Ang oras nito:** Maaaring isagawa ito sa loob ng isang taon, nguni't sa buwan ng Ramadan nagkakaroon ito ng kahigtang gantimpala. Batay sa sinabi niya ﷺ : «Ang isang Umrah sa Ramadan ay tumutumbas ng isang Hajj». (Al-Bukhari: 1764 – Muslim: 1256)



> **Isinasatungkulin ang Umrah sa taong may kakayahan nang minsan sa tanang buhay**

# *Ang pinagpalang Eidul Adha*

Ito ang siyang ikalawang Eid ng mga Muslim at ito ay dumarating sa ikasampung araw sa buwan ng Dhul Hijjah (ang ikalabing dalawang buwan sa Islamikong kalendaryo), at katotohanan tinipon nito ang maraming kabutihan, ang ilan dito:

1. Ito ang pinakamainam sa mga araw ng taon: Samakatuwid ang pinakamainam sa mga araw ng taon ay ang unang sampung araw sa buwan ng Dhul Hijjah. Batay sa sinabi niya ﷺ : «Walang mga araw na ang mabuting gawa rito ay higit na kaaya-aya sa [paningin ng] Allah kaysa sa sampung (araw na) ito». Sila ay nagsabi: At maging ang Jihad (pagpupunyagi) sa Landas ng Allah? Siya ay nagsabi: «At maging ang pagpupunyagi [Jihad] sa Landas ng Allah, maliban sa isang lalaki na humayo sa kanyang sarili at yaman, at pagkatapos ay walang nakabalik dito nang kahit bahagya». (Al-Bukhari: 926 – At-Tirmidhi: 757)

2. Ito ang araw na tinaguriang Al-Hajjul Akbar (ang dakilang Pilgrimahe): Naririto ang pinakadakila sa mga gawain ng Hajj, ang pinakamahalaga at pinakamarangal, tulad ng At-Tawaf (pag-ikot) sa palibot ng Ka'bah, pagkatay ng Hady (hayop na iniaalay bilang handog) at ang pagbato sa Jamratul Aqabah (ang pinakamalaki sa mga Jamarat).

## Ano ang Dapat Gawin sa Araw ng Eidul Adha?

Ipinag-utos sa araw ng Eidul Adha sa mga hindi nagsasagawa ng Hajj ang lahat ng ipinag-utos na kaaya-ayang gawin sa pinagpalang araw ng Eidul Fitr, at sa katunayan nauna nang nabanggit ito sa (pahina 158), maliban sa pagbibigay ng Zakatul Fitr, sapagka't ito ay natatangi lamang para sa araw ng Eidul Fitr.

At ang naiibang katangian ng Eidul Adha ay ang kaaya-ayang pag-aalay ng Udhhiyah bilang isang paraang mapalapit sa habag at biyaya ng Allah.

**Ang Udhhiyah:** Ito ay tumutukoy sa alinmang pastulang hayop mula sa lipon ng kamelyo, baka o kambing na kinakatay sa araw ng Eid-ul-Adha na ang layunin ay mapalapit sa Allah. Ang simula ng pag-aalay ay pagkatapos ng pagdarasal sa Eid hanggang sa lumubog ang araw sa ikalabing tatlo mula sa buwan ng Dhul Hijjah. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {Kaya ikaw ay marapat na mag-alay ng Salaah (pagdarasal) sa iyong Panginoon at maghandog ng sakripisyo (bilang pag-aalay)}. Al-Kauthar (108): 2

Sa katunayan, ito'y binigyang paliwanag na ang kahulugan ng talatang binanggit sa itaas ay ang pagsasagawa ng Salaah sa araw ng Eid-ul-Adha at ang pag-aalay ng Udh-hiyah.

Ang Hatol Nito: Ito ay Sunnah Muakkadah (kaaya-ayang gawain na binibigyang-diin) sa sinumang may kakayahan, kaya maaaring mag-alay ng Udh-hiyah ang isang Muslim para sa kanyang sarili at mga kasambahay.

At ang isang Muslim na naglalayong mag-alay ng Udh-hiyah [hayop] ay nararapat na umiwas mula sa pagputol ng kanyang buhok o paggupit ng kanyang mga kuko o pag-alis sa kanyang balat kahit kaunti, simula sa unang araw sa buwan ng Dhul Hijjah hanggang sa makatay niya ang alay na Udh-hiyah sa 10th ng Dhul-Hijjah.

## Ang mga Patakaran na Dapat Tuparin Para sa Hayop na Iniaalay Bilang Handog:

1 Ipinag-utos na ito ay nagmula sa lipon ng mga alagang [pinapastulang] hayop, tulad ng kambing, baka o kamelyo, samakatuwid hindi tinatanggap ang Udh-hiyah sa ibang mga hayop o mga ibon.

Sapat na ang isang tupa o kambing para sa isang lalaki kabilang ng kanyang mag-anak [o mga kasambahay], at maaaring magsama-sama ang pitong katao para sa isang baka o isang kamelyo.

2 Ang hayop ay nararapat na nasa tamang gulang. Sa tupa ang gulang nito ay dapat na anim na buwan, at sa kambing ay isang taon, at sa baka ay dalawang taon at sa kamelyo ay limang taon.

3 Ang Kawalan ng Hayag na Kapintasan [o Kapansanan] ng Hayop. Sinabi niya ﷺ : «Apat ang hindi tinatanggap para sa mga Udh-hiyah: Ang hayop na bulag na sadyang lantarang ang pagkabulag nito, ang hayop na may sakit na sadyang lantaran ang sakit nito, ang pilay na lantaran ang pagkapilay nito at ang patpatin [o labis na payat] na walang utak [ang buto nito]». (An-Nisaai: 4371 – At-Tirmidhi: 1497)

## Ano ang Nararapat Gawin Para sa Udh-hiyah?

- Ipinagbabawal na ipagbili ang anumang bahagi ng Udh-hiyah.
- Higit na mabuti na ipamahagi ang karne nito sa tatlong bahagi, ang unang ikatlong bahagi nito ay para sa kanyang pagkain at ang ikalawang ikatlong bahagi nito ay dapat ipamigay bilang handog, at ang huling ikatlong bahagi ay dapat ipamahagi sa mga mahihirap bilang kawanggawa.
- Ipinahihintulot sa taong (nag-aalay) na ipagkakatiwala ito sa iba o ibigay ang kayamanan sa mga mapagkakatiwalaang institusyon ng kawanggawa na tumatayo [bilang tagapan-gasiwa] sa pagkatay sa Udh-hiyah at sa pamamahagi nito sa mga nangangailangan.



> Ipinag-utos ng Islam na ang Hayop na gagamiting Udh-hiyah [bilang pag-aalay] ay nararapat na Walang Kapintasan, [at Kapansanan].

# *Ang Pagdalaw sa Lungsod ng Propeta (Madinah)*

Ang siyudad ng Propeta (Madinah) ang siyang bayan na pinaglikasan ng Propeta ﷺ noong siya ay lumisan sa Makkah sanhi ng pang-aabuso ng mga pagano sa kanya.

At ang kauna-unahang ginawa ng Propeta ﷺ doon ay ang pagpapatayo ng marangal na Masjid (bahay dalanginan) ng Propeta na siyang naging sentro ng pagpapaunlad ng kaalaman [ng Relihiyon], pag-aanyaya (Da`wah) at pagpapalaganap ng kabutihan sa pagitan ng mga tao.

Pinahahalagahan ang kabutihan ng pagdalaw sa Masjid ng Propeta, maging sa panahon ng Hajj o sa ibang panahon.

Ang pagdalaw dito ay walang kaugnayan sa mga rituwal ng Hajj, at hindi natatangi sa partikular na oras.

Sinabi ng Propeta ﷺ : «Walang paglalakbayan maliban sa tatlong Masjid: ang Al-Masjid Al-Haram (sa Makkah), ang Masjid kong ito (Al-Masjid An-Nabawi) at ang Al-Masjid Al-Aqsa (sa Herusalem)». (Al-Bukhari: 1139 – Muslim: 1397 – Abu Daud: 2033)

At sinabi pa niya ﷺ : «Ang isang Salaah (pagdarasal) sa Masjid kong ito (sa Madinah) ay higit na mainam kaysa sa isang libong Salah sa ibang Masjid, maliban sa Masjidil Haram». (Al-Bukhari: 1133 – Muslim: 1394)



**> Ang Masjid ng Propeta Muhammad sa Madinah Munawarah**

## Ano ang Mga Alituntunin na Dapat Tuparin Para sa Pagdalaw sa Lungsod ng Propeta (Madinah)?

Nararapat na ang magiging layunin ng isang Muslim sa kanyang pagdalaw sa Madinah ay ang pagdalaw sa Masjid ng Sugo ng Allah ﷺ at ang pagdarasal dito, at kapag siya ay sumapit na sa Madinah, ipinag-uutos sa kanya ang pagdalaw sa ilang mga pook. Ang ilan dito:

1. Ang pagsasagawa ng Salaah sa marangal na hardin: At ito ay isang partikular na pook sa unahang bahagi ng Masjid sa pagitan ng bahay ng Propeta ﷺ at ng kanyang Mimbar (lugar ng pinagku-khutbahan), na tinawag na ar-Rawdah ash-Shareefah [ang marangal na hardin] samakatuwid ang pagdarasal dito ay may dakilang kabutihan. Sinabi niya ﷺ : «Sa pagitan ng aking bahay at ng aking Mimbar ay isang hardin mula sa mga hardin ng Paraiso». (Al-Bukhari: 1137 – Muslim: 1390)

2 Ang pagbati ng Salaam (kapayapaan) sa Sugo ng Allah ﷺ : Magtungo sa puntod ng Propeta ﷺ at tumindig sa harap ng puntod nito na nakaharap dito, samantalang ang Qiblah (kinaroroonan ng Ka'bah) ay nasa kanyang likuran, at magsasabi nang may galang at mahinang tinig: Assalaamu alayka yaa rasulallaahi wa rahmatullaahi wa barakaatuh, ash-hadu annaka kad ballagh-tar risaalah wa addaytal amaanah wa nasahtal ummah wa jaahadta fillaahi haqqa jihaadih, fa jazaakallaahu `an ummatika afdhala maa jazaa nabiyyan `an ummatih (Ang kapayapaan ay sumaiyo O Sugo ng Allah, gayundin ang Habag ng Allah at Kanyang Pagpapala. Ako ay sumasaksi na tunay mong naihatid ang Mensahe at iyong naipatupad ang Amanah (ipinagkatiwala sa iyo), at iyong pinayuhan ang buong sambayanan, at ikaw ay nagpunyagi [o nakibaka] sa Allah ng pambihirang pagpupunyagi [o pakikibaka]. Kaya sumaiyo nawa ang gantimpala ng Allah sa ngalan ng iyong pamayanan nang higit kaysa sa gantimpala ng alinmang propeta sa ngalan ng kanyang pamayanan).

Sa katunayan, sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: «Walang isa man na bumabati sa akin ng Salaam maliban na ibinabalik ng Allah sa akin ang aking kaluluwa upang matugunan ko siya ng pagbati ng Salaam». (Abu Daud: 2041)

Pagkatapos ay tumungo sa bahaging kanan upang bumati ng Salaam kay Abu Bakr As-Siddiq – kalugdan nawa siya ng Allah – ang humalili sa Sugo ng Allah at pinakamainam sa mga Sahabah (kasamahan ng Propeta) pagkaraan niya.

Pagkatapos ay umusog nang kaunti sa bandang kanan upang bumati naman kay Umar – kalugdan nawa siya ng Allah – na siyang ikalawang humalili bilang Khalifah pagkaraan ng Sugo ng Allah at pinakamainam sa kanyang mga kasamahan bukod kay Abu Bakr.

At ang Sugo ng Allah ﷺ ang siyang pinakadakila sa lahat ng tao, nguni't siya ay walang angking kakayahan upang magdulot ng anumang kapakinabangan sa kaninuman, gayundin ng kapinsalaan. Kaya hindi ipinahihintulot ang manalangin sa kanya o humingi ng saklolo sa kanya, bagkus ang panalangin at lahat ng mga uri ng Ibaadah (gawaing pagsamba) ay nararapat na iukol lamang para sa Allah, nang walang pagtatambal.

3 Ang pagdalaw sa Masjid Quba' (bahay-dalanginan sa Quba'): Ito ang unang Masjid na ipinatayo ng Islam bago ang pagpapatayo ng Propeta ﷺ sa kanyang Masjid, at itinatagubilin bilang isang mabuting gawain sa sinumang nasa Madinah na dumalaw sa Masjid Quba'. Sa katunayan, ang Sugo ng Allah ﷺ ay dumadalaw dito, at kanya ring sinabi: «Sinuman ang nagsagawa ng Taharah [paglilinis ng sarili] sa kanyang tahanan, pagkaraan ay nagtungo sa Masjid Quba' at nagsagawa ng isang Salaah dito, sasakanya ang gantimpala na katumbas ng isang Umrah». (Ibn Majah: 1412)




# *Ang Iyong Mga Pananalapi*
## *(at Mga Ugnayang-kalakalan)*



# 7

Itinalaga ng Islam ang lahat ng mga alituntunin at batas para sa kabutihan at kapakanan ng tao at ito ay nangangalaga rin para sa kanyang mga pananalaping ugnayan at mga propesyonal na karapatan, maging siya ay isang mayaman o mahirap, at tumutulong para sa pagkakaisa ng pamayanan, sa pagpapaunlad at pagsulong nito sa lahat ng aspeto ng buhay.

## Ang Mga Nilalaman Ng Kabanata:


**Sa Pangkalahatang Pananaw ng Islam, ang Lahat ng Ugnayang-Kalakalan [at Pananalapi] ay Ipinahihintulot**

**Ang Mga Bagay na Bawal Sanhi ng Likas na Karumihan Nito**

**Ang Mga Bagay na Bawal Sanhi ng Maling Pamamaraan ng Pagkamit [o Pagkatamo] Nito**

**Ang Riba (Ang Pagpapatubo):**

- Ang Pagpapatubo sa Mga Pautang
- Ang Pagpapatubo sa Mga Utang
- Ang Mga Alituntunin ng Islam Tungkol sa Riba
- Ang Panganib [O Masamang Idinudulot] ng Riba

**Ang Panlilinlang Sa Pamamagitan ng Kamangmangan at Kawalang Katiyakan**

**Ang Kawalang Katarungan at Pangangamkam sa Mga Yaman [o Ari-arian] ng Mga Ibang Tao**

**Ang Pagsusugal at Larong-sugal**

- Ang Mga Kapinsalaang Dulot ng Pagsusugal at Larong-Sugal sa Tao at sa Pamayanan [o Lipunan].

**Ang Mga Halimbawa ng Wastong Kalakalan na Ipinag-aanyaya ng Islam:**

- Ang Tiwala
- Ang Katapatan
- Ang Kasanayan [at Kahusayan sa Kalakalan]

# *Ang Iyong Mga Ugnayang Pangkalakalan at Pananalapi*

**Ipinag-uutos at ipinag-aanyaya ng Allah ang paghahanap-buhay sa mundong ito at ito ay binigyan ng paliwanag sa iba't ibang aspeto:**

- Katotohanang Kanyang ipinagbabawal ang panhingi ng yaman [o kabuhayan] sa mga tao hangga't ang tao ay may kakayahang gumawa at maghanap-buhay nang ayon sa kanyang sariling pagsisikap at paggawa, at Kanyang ipinaalam na ang sinumang humihingi ng yaman [o kabuhayan] sa mga tao, samantalang may kakayahan namang gumawa at maghanap-buhay, ay kanyang isinasadlak sa kawalan ng dangal ang kanyang sarili sa paningin ng Allah at maging sa paningin ng mga taong kanyang nakakasalamuha sa lipunan.

Sapagka't sinabi niya ﷺ : «Ang isang tao na patuloy na namamalimos nang walang dahilan ay kanyang makakaharap ang Dakilang Allah [sa Araw ng Paghuhukom] na walang laman ang [pisngi ng] kanyang mukha». (Al-Bukhari: 1405 – Muslim: 1040)

At sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ : «Sinuman ang dinapuan ng matinding karukhaan [o kahirapan] at ito ay kanyang iniasa sa mga tao, ang kanyang karukhaan [o kahirapan] ay walang katapusan, nguni't kung ito ay kanyang iniasa [at idinaing] sa Allah, mamadaliin ng Allah para sa kanya ang kasaganaan (kasapatan at kaluwagan)». (Ahmad: 3869 – Abu Daud: 1645)

- Kinikilala ng Islam ang lahat ng paghahanap-buhay [o mga gawaing pangkabuhayan] sa alinmang larangan, kalakal at industriya, mga paninilbihang-kalakal [general services] o pamumuhunan [o investment] bilang mararangal na gawain hangga't ito ay pinahihintulutan at hindi nasasangkot sa mga maling ugnayan. Sa katunayan, ipinaalam ng Islam na ang mga Propeta ay nagsipaghanap-buhay sa paraang marangal na laganap sa kanilang mga pamayanan. Batay sa sinabi ng Propeta ﷺ : «Walang propetang isinugo ang Allah maliban siya ay isang tagapag-alaga ng kambing». (Al-Bukhari: 2143), at si Propeta Zakariyya ay isang anluwage [karpintero] (Muslim: 2379). At gayundin naman ang iba pang mga Propeta, sila ay naghanap-buhay tulad ng gayong simple at marangal na hanap-buhay.



> **Kinikilala ng Islam ang lahat ng uri ng kalakalan na pinapahintulutan bilang marangal na gawain, walang anumang kamaliang nakaugnay rito.**

- Tunay na sinuman ang naghanap-buhay nang may layuning itaguyod ang sarili at pamilya at tumulong sa mga taong nangangailangan, ay gagantimpalan ng Allah nang kasaganaan nang dahil sa kanyang pagpupunyagi [at pagsisikap na mabuhay nang marangal]

## Sa Pangkalahatang Pananaw ng Islam, ang Lahat ng Kalakalan [at Pananalapi] ay Ipinahihintulot:

Sa pangkalahatang pananaw ng Islam, ang lahat ng kalakalan [at pananalapi] ay ipinahihintulot. Kabilang na rito ang pagtitinda, pamimili, pagpapaupa at ang lahat ng uri ng paninilbihang-kalakalan na kinakailangan ng tao sa kanyang pang-araw-araw na pamumuhay maliban na lamang sa mga bagay na ipinagbawal sanhi ng likas na karumihan nito o mga bagay na nakuha sa di-makatwiran o maling pamamaraan [tulad ng panlilinlang, pandaraya at pagkamkam].

## Ang Mga Bagay na Bawal Sanhi ng Likas na Karumihan Nito:

Ito ay ang mga bagay na ipinahayag ng Allah na bawal, sanhi ng likas na karumihan nito at sa gayon ay hindi dapat ipagbili, o bilhin, ipaupa, ipagawa [bilang isang produkto] at hindi rin nararapat na ipamahagi sa pagitan ng mga tao.

**Ang Mga Halimbawa ng Mga Bagay na Ipinagbabawal Sanhi ng Kanilang Karumihan:**

- Ang Laman ng Aso at Baboy.
- Ang Mga Patay na Hayop at Ang Alinmang Bahagi Nito.
- Ang Mga Alak at Mga Inuming Nakalalasing.
- Ang Mga (Bawal na) Gamot at Iba Pang Nakakapinsala sa Kalusugan
- Ang Mga Gamit na Nagpapalaganap ng Kalaswaan sa Pagitan ng Mga Tao, tulad ng Mga Malalaswang Tapes, Babasahin, at Mga Malalaswang websites.
- Ang Mga Idolo (Estatwa na itinuturing bilang mga diyos) at Anumang Bagay na Pinag-uukulan ng Pagsamba Bukod sa Allah.



**> Lahat ng utang o pautang na nagbibigay ng tubo sa nagpautang, ay isang uri ng Riba.**

## Ang Mga Bagay na Bawal Sanhi ng Maling Pamamaraan ng Pagkamit [o Paghango at Pagkatamo] Nito:

Ito ay mga bagay na likas na pinahihintulutan subali't ito ay naging bawal sanhi ng maling pamamaraan ng pagkuha o pagtamo nito, na nagdudulot ng pinsala sa tao at sa lipunan. Ang mga kalakalang ipinagbabawal tulad ng:

Ang Riba (Pagpapatubo), ang pandaraya at pagsusugal [o paglalaro].

At tayo ay magbibigay ng pagpapaliwanag, sa mga sumusunod na pahina:

**Ang Riba ay pagpapatong ng karagdagang bayad sa utang o pautang bukod sa hiniram na salapi, at sa gayon ang patong na karagdagan ay nagsisilbing kita [o tubo] na mahigpit na pinagbabawal sa Islam sanhi ng pinsalang idinudulot nito sa tao at kawalan ng katarungang nakaugnay dito.**

## > Ang Riba (Pagpapatubo)

Ang Riba ay mayroong iba't ibang uri, ang pinakamalubha nito at higit na ipinagbabawal ay ang Riba (pagpapatubo) sa mga utang at pautang.

At ito ay ang pagdaragdag sa puhunan ng yaman nang walang nagaganap na pagbibili o pagpapalitan ng gamit o kasangkapan sa pagitan ng magkabilang panig, at ito ay may dalawang uri:

- **Riba Ad-Dayn (pagpapatubo sa pautang):**

At ito ay ang pagdaragdag sa pautang sa oras na sumapit ang panahon ng pagbabayad, kapag hindi makayanang magbayad ng isang nakautang.

Ang halimbawa nito: Kung umutang si Said kay Khalid ng 1000 dolyar sa kasunduang ito ay kanyang babayaran pagkalipas ng isang buwan. Nang makalipas ang isang buwan at sumapit ang takdang pagbabayad, si Said ay walang kakayahang tumupad at magbayad ng utang. Kaya tinakdaan ng pinagkakautangan (Khalid) na ito ay nararapat niyang babayaran pagkalipas ng isang buwan ng 1100 dolyar, at kung hindi pa rin niya magawang bayaran pagkalipas ng dalawang buwan, ito ay magiging 1200 dolyar, at ganyan ang kalakarang iyan.

- **Riba Al-Qard (pagpapatubo sa utang):**

Ang ibig sabihin nito, siya ay uutang sa isang tao o sa banko ng ilang halaga ng salapi sa kasunduang ito ay kanyang babayaran na may patong na tubo, halimbawa sa kanilang pinagkasunduang 5% bahagdan taon-taon sa salaping inutang.

Ang halimbawa nito: Siya ay nagnanais bumili ng isang bahay sa halagang 100,000 libo at wala siyang sapat na salapi upang bilhin ito, kaya siya ay magtutungo sa banko upang umutang dito ng salaping nagkakahalaga ng (isang daang libo) para sa pagbili ng naturang bahay sa kasunduang babayaran niya ito sa banko ng 150,000 libo nang buwanang hulugan sa loob ng limang taon.

Ang Riba (pagpapatubo) ay ipinagbabawal sa Islam, at ito ay kabilang sa mga malalaking kasalanan hangga't ang pautang ay may tubo, maging ang utang ay gagamitin bilang puhunan para sa pagpapatayo ng isang kalakalan o industriya, o pamimili ng mga pansariling gamit, tulad ng bahay o lupa, o kasangkapang pambahay.

**Samantalang** ang pagbili ng isang kasangkapan sa pamamagitan nang hulugan na mas mataas sa halaga nito kaysa sa minsanang pagbabayad [ng salapi], ay hindi isinasaalang-alang bilang Riba.

Ang halimbawa nito ay tulad ng isang tao na bumibili ng isang kagamitang nagkakahalaga ng 1,000 na minsanang bayad [cash] o ng 1,200 na buwanang hulugan sa loob ng isang taon, sa bawa't buwan ay isang daan na dolyar ang kanyang ibabayad sa tindahan ng nagmamay-ari ng naturang kasangkapan. [Kaya, ito ay hindi Riba].

### Ang Hatol ng Batas ng Islam Tungkol sa Riba:

Ang Riba ay matinding ipinagbabawal ayon sa tuwirang pagpapahayag ng Banal na Qur'an at mga Hadith ng Propeta ﷺ, ito ay naibibilang sa malalaking kasalanan, sa katunayan, ang Allah ay hindi nagbanta o nagbabala ng matinding labanan sa sinumang makasalanan maliban sa mga lumalamon o gumagawa ng Riba. Ang gayong hatol ay hindi lamang ipinagbawal sa relihiyong Islam bagkus sa lahat ng mga naunang kapahayagan. Ang gayong pagbabawal ay binago pagkaraang dumanas ng maraming panunuligsa laban sa mga batas ng Allah. Ang Kataas-taasang Allah ay nagsabi bilang pag-

papaliwanag sa dahilan ng Kanyang pagpaparusa at pagkapoot sa mga tao mula sa lipon ng Angkan ng Kasulatan: {At sa kanilang pagtanggap ng Riba (patubuan sa pautang) bagaman sila ay pinagbawalan [sa gawaing] ito}. Surah An-Nisa' (4): 161

## Ang Kaparusahang Nakapataw sa Riba:

1 Yaong mga taong nakikisangkot sa gawaing Riba ay isinuong lamang ang kanilang mga sarili sa labanang ipinataw sa kanila ng Allah at ng Kanyang Sugo bilang parusa, kaya sila ay nagiging kaaway ng Allah at ng Kanyang Sugo. Ang Allah ay nagsabi: {Nguni't, kung ito ay hindi ninyo gagawin [ang talikdan ng Riba], magkagayon, humanda kayo sa isang [nagbabantang] digmaan laban sa Allah at sa Kanyang Sugo. Subali't kung kayo ay magsisi, [maaari ninyong] kuhaning muli ang inyong yamang [inyong ginawang puhunan]. Kaya, huwag kayong gumawa ng kamalian, at kayo ay hindi gagawan ng kamalian.} Surah Al-Baqarah (2): 279

Ito ay isang digmaang nag-iiwan ng masamang bunga sa pisikal at kaisipan. At ang mga di-mabilang na kalungkutan at pagkabalisa sa mga tao sa ngayon ay siyang bunga ng gayong labanan o digmaan na ipinahayag ng Allah sa mga sumuway sa Kanyang kautusan sa pamamagitan ng pakikipagsangkot sa mga gawaing Riba, kaya paano na kaya ang magiging bungang kahihinatnan nitong digmaan sa Huling Araw?

2 Yaong mga lumalamon ng Riba na nakikitungo rito ay isinumpa at pinagkaitan ng habag ng Allah, siya at ang sinumang nakipagtulungan sa kanya rito. Si Jabir ay nag-ulat, kanyang sinabi: «Isinumpa ng Sugo ng Allah ﷺ ang kumakain ng Riba, ang nagbibigay nito, ang tagasulat nito at ang dalawang saksi nito», at sinabi niya: «Silang lahat ay pawang makasalanan». (Muslim: 1598)

3 Yaong mga lumalamon ng Riba ay babangon sa Araw ng Muling Pagkabuhay na nasa karima-rimarim na anyo, tulad ng isang baliw na pasuray-suray, nanginginig dahil sa kabaliwan. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Yaong mga lumalamon ng Riba (pagpapatubo) ay hindi makatitindig (sa Araw ng Muling Pagkabuhay) malibang katulad ng pagtindig ng isang taong hinataw ni Satanas, na nagdulot sa kanya ng pagkabaliw}. Surah Al-Baqarah (2): 275

4 Ang pinagkitaang-tubo mula sa Riba gaano man ang kanilang pagsaalang-alang nito ay pinagkakaitan ng biyaya, at sinumang gumagawa nito ay walang matatagpuang katahimikan, kaligayahan at kapanatagan dito.
Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Pagkakaitan ng Allah ng pagpapala ang Riba (pagpapatubo), at pauunlarin Niya ang mga kawanggawa [mga mabubuting kalakalan]}. Surah Al-Baqarah (2): 276



> Ang Riba (pagpapatubo) ay isang dahilan ng pagkawala ng kayamanan at pagbagsak ng kabuhayan.

## Ang Mga Panganib o Nakakapinsalang Naidudulot ng Riba sa Tao at sa Lipunan:

At katotohanang lubos na hinigpitan ng Islam ang usaping Riba sanhi ng malaking kapinsalaang naidudulot na nagwawasak sa buhay ng tao at ng lipunan, at ang mga ilan dito ay:

**1 Ito ay nagdudulot ng masidhing kawalan ng kaayusan sa pamamahagi ng yaman at pinalalaki ang agwat sa pagitan ng mayayaman at mahihirap [sa mga pangunahing pangangailangan ng bawat isa]:**

Samakatuwid, ang Riba ay nagiging sanhi upang manatili ang yaman sa mga kamay ng iilang pangkat lamang mula sa mga kasapi ng isang lipunan, samantalang pinipigilan nito at ipinagkakait ito sa maraming pangkat ng tao sa lipunan, kung gayon ito ay kawalan ng kaayusan sa daloy ng kabuhayan at pamamahagi ng yaman, kaya ang lipunan ay magmimistulang isang maliit na pangkat ng mayayaman na ipinagkakait sa malaking bilang ng taong mahihirap ang trabaho at mga mahihirap na walang kabuhayan, at ito ay nagiging sanhi upang tumaas ang paglaganap ng krimen sa lipunan at mamayani ang poot sa pagitan ng mga tao.

**2 Ito ay nag-aanyaya ng walang kabuluhang pagtatapon ng yaman at pagmamalabis sa walang kapararakang gastusin.**

Kaya ang kaluwagan sa pagpapautang ng may tubo [Riba] ay nang-uudyok sa mga nakakarami upang magiging mapaglustay, mapag-aksaya at mawalan ng pagtitipid, sapagka't madali niyang natatagpuan sa mga nagpapautang sa kanya ang lahat ng kanyang pangangailangan, kaya hindi na niya nakukuha pang bilangin ang kanyang pangkasalukuyan at hinaharap na pananalaping pananagutan, bagkus siya ay walang pakundangang nangungutang hanggang magkatipun-tipon sa kanya ang mga utang at magipit ang kanyang buhay, at siya ay mananatili sa habambuhay na nakabaon sa mga utang na iyon.

**3 Ang Riba (pagpapatubo) ay pumipigil [at humahadlang] sa mga mayayamang namumuhunan mula sa mga mabubuti at kapaki-pakinabang na pamumuhunang kalakalan sa bansa:**

Sapagka't matatagpuan ng mayayamang namumuhunan sa pamamaraan ng pagpapatubo ang isang pagkakataon ng pagtamo ng isang tiyak na bahagdan ng pagkakakitaan mula sa pagpapatubo ng kanyang salapi, at ito ang maglilihis sa kanya sa pagpapalago ng kanyang yaman sa mga proyektong pang-industriya, pagsasaka at kalakalan gaano man kapaki-pakinabang ito sa lipunan, sapagka't kahit papaano ito ay may kalakip na panganib, at nangangailangan ng isang ibayong pagsisikap at manggagawa.


**4 Ang Riba ay isang dahilan ng pagkawala ng biyaya ng yaman at pagbagsak ng kabuhayan [ekonomiya].**

Kaya ang pagbagsak ng lahat ng mga kabuhayan [ekonomiya] at malaking pagkalugi sa mga bahay-kalakalan o sa mga tao ay sanhi ng pagmamalabis sa mga ipinagbabawal na Riba, ito ang isa sa mga masasamang bunga ng pagkakait sa pagpapala na siyang ipinabatid ng Allah. Ito ay kaiba sa kawanggawa at pagmamagandang-loob sa mga tao, sapagka't ito ay nagbibigay ng pagpapala sa yaman at kaunlaran. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Pagkakaitan ng Allah ng biyaya ang Riba (pagpapatubo ng salapi), at pauunlarin Niya ang mga gawaing kawanggawa [kalakalang nakakatulong sa kaunlaran]}.Surah Al-Baqarah (2): 276

## Ano ang hatol kapag siya ay yumakap sa Islam, samantalang siya ay nakatali sa isang kasunduang patubuan?

Kapag siya ay yumakap sa Islam, samantalang siya ay nakatali sa isang kasunduang Riba [patubuan], siya ay may dalawang pagpipilian:

1. **Kapag siya ang kumukuha ng patubo at pakinabang (lumalamon ng Riba),** sa gayon ay kukunin lamang niya ang puhunan ng kanyang salapi at hindi siya kukuha ng anuman mula sa patubo sa simula pa lang ng pagyakap niya sa Islam. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Subali't kung kayo ay magsisi, [maaari ninyong] kuhaning muli ang inyong yamang [inyong ginawang puhunan]. Kaya, huwag kayong gumawa ng kamalian, at kayo ay hindi gagawan ng kamalian.} Surah Al-Baqarah (2): 279
2. **Kapag siya naman ang nagbibigay ng patubo, sa gayon mayroon siyang dalawang mapagpipiliang kalagayan:**
   - Kung magagawa niyang ipawalang-saysay ang kasunduan na walang ibubungang pinsala sa kanya, marapat sa kanya na ito ay kanyang gawin.
   - Samantalang kung hindi niya magagawang ipawalang saysay ang naturang kasunduan maliban sa pamamagitan ng napakalaking kapinsalaan, sa gayon itutuloy niya ang kasunduan, datapuwa't kailangan niyang maging tiyak na hindi na niya babalikan ang ganito. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Kaya, sinumang dumating sa kanya ang paalaala [o babala] mula sa kanyang Panginoon at [siya ay] tumigil [mula sa gawaing-riba], magkagayon [siya ay walang pananagutan] para sa anumang kanyang naging nakaraang kaso. At siya at ang kanyang gawain [ay ipinaubaya] sa [pasiya ng] Allah. Subali't, sinuman ang nagbalik [sa gawaing ito] sila yaong mga maninirahan sa Apoy; sila ay mamamalagi roon nang walang hanggan}. Surah Al-Baqarah (2): 275



## *> Ang Panlilinlang sa Pamamagitan ng Kamangmangan at Kawalang Katiyakan*



**Ang isang kasunduan na batay sa kawalang katiyakan at kawalang-muwang ay isang uri na nababahiran ng isang panganib o panlilinlang na maaaring humantong sa hidwaan at di-pagkakasunduan sa pagitan ng magkabilang pangkat o ito ay maaaring makapagdulot ng kamalian ang isa sa kanila.**

At katotohanan, mahigpit na ipinagbawal ng Islam ang ganitong uri ng kasunduan upang hadlangan ang mga pamamaraang di-pagkakasunduan  at ang lahat ng uri ng kawalan ng katarungan at paniniil. Sa katunayan, ito ay ipinagbawal kahit pa man ito ay nakasanayan na o naging kaugalian na ng mga tao, sapagka't tunay na ipinagbawal ng Propeta ﷺ ang bilihan na kinasasangkutan ng panlilinlang. (Muslim: 1513)

### Ang Mga Halimbawa ng Bilihan na Kinasasangkutan ng Kawalang-kabatiran [o Kawalan ng Katiyakan]:

1. Ang bilihan ng mga bunga [tulad ng mga prutas o mga aanihing butil tulad ng palay, mais o trigo] bago pa anihin o mahinog at handa ng pitasin. Katunayan, ipinagbawal ng Propeta ﷺ ang pagbili ng bungang-datiles hanggang maging malinaw ang pagkahinog nito at angkop na para kainin sapagka't mayroong pagkakataon na ito ay makaranas ng pagkabulok at hindi mahinog.

2. Ang pagbabayad ng mga ilang halaga ng salapi upang bumili ng isang kahon na hindi nalalaman kung ano ang halaga ng mga laman nito, maaaring ito ay isang mamahaling bagay o walang halagang bagay.

### Ang Mga Pangyayari o [Mga Pagkakataong] Kung Saan ang Kawalang Kabatiran [o Kamuwangan] ay Makapagdulot ng Pag-aalinlangan sa Kasunduan.

Ang kawalang kabatiran at kawalang katiyakan [Gharar] ay nakapagdudulot lamang ng pag-aalinlangan sa kasunduan at itinuturing na bawal kapag ang kasunduan ay maramihan at kung ito ay nauukol sa nilalaman ng kasunduan.

Kaya ipinahihintulot sa isang Muslim na bumili ng isang bahay halimbawa, kahit hindi niya nalalaman ang uri ng mga materyales na ginamit sa pagkakatayo ng bahay o sa pagpipintura at ng nakakatulad nito, sapagka't ang kawalang kabatirang ito ay maliit lamang, at hindi ito nagbibigay ng alinlangan sa nilalaman ng kasunduan.

# > Ang Dhulm (Kawalang Katarungan o Katuwiran) at Pagkamkam ng mga Yaman at Ari-arian ng Mga Tao sa Paraang Di-makatuwiran

Ang Dhulm (kawalang katarungan at katuwiran) ay kabilang sa pinakamasamang gawain na binigyang-babala ng Islam. Sa katunayan, siya ﷺ ay nagsabi: «Ang isang Dhulm (kawalang katarungan o paniniil) ay nagiging kadiliman sa Araw ng Pagkabuhay na Muli». (Al-Bukhari: 2315 – Muslim: 2579)

Ang pagkamkam sa mga yaman ng mga tao nang di makatuwiran gaano man ito kaliit ay kabilang sa mga pinakamalaking kasalanan at binalaan ang mga gumagawa nito ng isang napakatinding kaparusahan sa Huling Araw. Batay sa sinabi niya ﷺ: «Sinuman ang di-makatarungang kumamkam ng isang dipang sukat ng lupa, ito ay ipupulupot sa kanyang leeg na ang haba nito ay katumbas ng pitong kalupaan sa Araw ng Pagbabangong Muli». (Al-Bukhari: 2321 – Muslim: 1610)

## Ang ilan sa mga halimbawa ng mga gawaing Dhulm (Kawalan ng Katarungan) sa mga kalakalan:

1 **Ang pamimilit:** Ang kalakalan na isinagawa sa ilalim ng pamimilit maging sa alin mang uri nito ay ipinawawalang-saysay ang kasunduan nito. Katotohanan, ang pagsasang-ayon ng magkabilang panig ay isang mahalagang sangkap ng kasunduan upang ang kalakalang namamagitan sa dalawang panig ay tanggapin at kilalanin. Batay sa sinabi niya ﷺ : «Ang bilihan ay kinikilala lamang bilang tunay na bilihan kung ito ay sinang-ayunan ng magkabilang panig [bilang pinagkaisang kasunduan]». (Ibnu Majah: 2185)

2 **Ang pandaraya at panlilinlang** sa mga tao upang kamkamin ang kanilang mga yaman sa di-makatarungang pamamaraan ay kabilang sa mga malalaking kasalanan. Batay sa sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: «Sinuman ang mandaya ay hindi nabibilang sa amin». (Muslim: 101). Ang dahilan ng pagkapahayag sa Hadith na ito ay nangyari nang minsan ang Sugo ng Allah ﷺ ay lumabas patungong pamilihan at kanyang napuna ang isang bunton na pagkain (ibig sabihin ay isang tumpok ng mga butil ng trigo) at kanyang ipinasok ang kanyang kamay sa loob ng bunton, kaya kanyang nasalat na ito ay mamasa-masa, at kanyang sinabi sa nagbibili: O Nagmamay-ari ng trigo! Ano ito? Siya ay nagsabi: Ito ay naulanan, O Sugo ng Allah! At kanyang ﷺ sinabi: Bakit hindi mo ilagay ang [mamasa-masang butil] sa ibabaw ng bunton ng pagkaing ito upang ito ay makita ng mga tao? At pagkatapos, kanyang sinabi: «Sinuman ang mandaraya ay hindi nabibilang sa amin [hindi kabilang sa pamayanang Muslim]». (At-Tirmidhi: 1315)



> Ang pagkamkam sa mga yaman ng mga tao nang walang katarungan gaano man kaliit ay kabilang sa mga pinakamalaking kasalanan at krimen.

3 **Ang Paglalaro [o Panlilinlang] sa Batas:** May mga mapanlinlang na tao na kapag nagsampa ng usapin [kaso] sa hukuman ay nagsasalita ng matatamis na pananalita at sa paraang kapani-paniwala upang kamkamin ang yaman sa pamamaraang paniniil o pandaraya [nang di-makatuwiran], hindi nila nababatid na kahit ang hatol ng Hukom ay para sa kanilang panig, hindi nila magagawang patotohanan ang kabulaanan. Batay sa sinabi niya ﷺ : «Katotohanang ako ay isa lamang tao, at ang mga nagsasampa ng usapin [o kaso] ay nagsisilapit sa akin upang ayusin ang kanilang di-pagkakasunduan. At maaari ang ilan sa inyo ay bihasa at kapani-paniwala sa paglalahad ng kanyang kaso kaysa sa kanyang kalaban, na kung saan ay maaari ko siyang panigan at magbaba ng hatol para sa kanya batay sa aking narinig. Kaya, kung ako man ay nagkamaling ibigay sa iba ang karapatan ng isang Muslim [samantalang nababatid nito [ng taong bihasa sa pangangatuwiran na siya ay mali] samakatuwid, sinumang nasa kamalian ay hindi dapat kuhanin ito, sapagkat magkagayon nga, ako ay nagbigay lamang sa kanya ng isang bahagi ng apoy [sa Impiyerno]». (Al-Bukhari: 6748 – Muslim: 1713)

4 **Ang Rishwah (Suhol):** Ito ay salapi o serbisyong ibinabayad upang kanyang maimpluensiya ang paghatol o ang gawa ng isang taong nasa panunungkulan upang sa gayong masamang pamamaraan ay kanyang matamo o makuha ang kanyang hinahangad na maaaring matapakan ang karapatan ng iba. Kaya ang suhol ay isang paraang masama at ito ay ipinagbabawal. Isinasaalang-alang ng Islam ang suhol bilang isa sa pinakamasamang uri ng paniniil o kawalang katarungan [Dhulm]) at isang matinding pagkakamali, sapagka't tunay na isinumpa ng Sugo ng Allah ﷺ ang Ar-Rashi (sinumang nagbabayad ng suhol) at ang Murtashi (sinumang tumatanggap nito). (At-Tirmidi: 1337)

At kapag ang suhol ay naging laganap at namayani bilang kalakarang nangingibabaw, ito ay sumisira sa haligi ng lipunan at pinipigil nito ang kaunlaran at pagsulong ng pamayanan.



**> Isinumpa ng Sugo ng Allah ang nagbibigay ng Rishwah (suhol) at ang tumatanggap nito.**

## Ano ang hatol ng Islam hinggil sa isang yumakap sa Islam na kumuha o tumatanggap ng yaman sa paraang di-makatuwiran noong panahon na hindi pa siya Muslim?

Sinuman ang yumakap sa Islam at nasa kanya pa rin ang mga ipinagbawal na yamang nagmula o nakuha sa pamamagitan ng suhol sa mga tao, pagsasamantala, at panlilinlang at ng nakakatulad nito; kinakailangan niyang ibalik ito sa mga nagmamay-ari kung sila ay kanyang nakikilala at magagawa niyang ibigay ito sa kanila nang walang idudulot na kapinsalaan laban sa kanya.

Sapagka't kahit pa man ito'y naganap bago ang pagyakap sa Islam, ang naturang yamang nakuha sa pamamagitan ng suhol, paniniil at kasamaan ay nananatili pa ring nasa ilalim ng kanyang kamay, kaya nararapat lamang na ibalik ang mga yamang iyon kung makakaya niyang gawin ito. Ayon sa sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Katotohanang ang Allah ay nag-uutos sa inyo na inyong ibalik ang mga ipinagkatiwalang bagay sa nagmamay-ari nito}. Surah An-Nisa' (4): 58

Datapuwa't kung hindi niya kakilala ang may-ari nito pagkaraan ng kanyang marubdob na paghahanap, maaari siyang makalaya sa pananagutang ito sa pamamagitan ng paggugol sa kawanggawa.

# > Ang Sugal at Larong-sugal

## Ano ang Sugal at Larong-sugal?

Ang pagsusugal ay isang gawaing pakikipagsapalaran ng salaping nakasalalay sa kinalabasan ng isang paligsahan o larong-pustahan. Sa pamamaraang ito, ipinakikipagsapalaran ng isang tao ang salapi batay sa kasunduan na siya at ang isa sa kanila ay tatanggap ng salaping halaga bunga ng isang naganap na paglalaro o pustahan. Kaya ang bawa't kalahok ay umiikot sa pagitan ng pagpapaligsahan o pustahan; na kanyang matamo ang salaping nagmula sa kanyang katunggali o siya ay matalo upang matamo naman nito ng kanyang katunggali.

## Ang Hatol o Kapasiyahan ng Islam Hinggil sa Sugal:

**Ang pagsusugal ay ipinagbabawal, kaya naman ang paghihigpit nito ay binigyang-diin ng Qur'an at Sunnah, ang mga ilan dito ay:**

1. Itinuring ng Allah ang bunga ng kasamaan ng pagsusugal at ang kapinsalaan nito nang higit na malaki kaysa sa kabutihan at kapakinabangan nito. Sapagka't ang Kataas-taasang Allah ay nagsabi: {Sila ay nagtatanong sa iyo [O Muhammad) tungkol sa Khamr (lahat ng nakalalasing na inumin) at pagsusugal. Sabihin mo: "Sa mga ito ay mayroong malaking kasalanan at ilang kapakinabangan sa mga tao; datapuwa't ang kasalanan nito ay higit na malaki kaysa sa kapakinabangan nito}. Surah Al-Baqarah (2): 219

2. Itinuturing ng Allah ang larong-sugal at sugal bilang isang uri ng karumihan at kasuklam-suklam dahil sa mga kapinsalaan idinudulot nito sa tao at sa lipunan, at Kanyang ipinag-utos ang pag-iwas dito, at itinakda Niya ito bilang isang dahilan ng pagkakawatak-watak at pagkapoot sa isa't isa, at siyang dahilan ng pagtalikod sa Salaah (pagdarasal) at Dhikr (paggunita). Sapagka't ang Kataas-taasang Allah ay nagsabi:

{O kayong mga naniwala, ang [lahat ng mga] inuming nakalalasing, sugal at ang [pag-aalay sa] mga altar sa iba pa bukod sa Allah at ang mga palaso ay mga dungis na nagmula sa gawang-kamay ng Satanas. Kaya, [mahigpit na] iwasan ito upang sakali kayo ay magsipagtagumpay. Nais lamang ng Satanas na maglagay ng matinding galit at poot sa inyong pagitan sa [pamamagitan ng] mga inuming nakalalasing at sugal at [upang] ilihis kayo sa pag-aalaala sa Allah at sa pagdarasal. Kaya, hindi ba kayo magsisitigil?} Surah Al-Ma`idah (5): 90-91



> Ang pagsusugal ang naglulublob sa nagsasanay nito sa pagkagumon.

## Ang Mga Kapinsalaan ng Pagsusugal at Larong-sugal sa Tao at sa Lipunan:

Ang Mga Kapinsalaan ng Pagsusugal ay mayroong malaking bunga para sa sarili at sa lipunan, ang mga ilan sa pinakamahalaga rito ay:

1 Ito ang nagtatanim ng galit at poot sa pagitan ng mga manunugal o manlalaro, sapagka't kapag ang mga magkakaibigan ay magsugal at ang isa sa kanila ay magwagi at makuha ang kanilang mga salapi, walang pag-aalinlangan na sila ay mapopoot sa isa't isa at magkakaiinggitan, at maaaring humantong sa higit pang kasamaan tulad ng pagbabalak na patayin ito. Ito ay tunay na nagaganap at nasasaksihan ng lahat, kaya sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Ang tanging hangad ni Satanas ay ang mag-udyok sa pagitan ninyo ng hidwaan at poot sa isa't isa sa pamamagitan ng lahat ng bagay na nakalalasing at pagsusugal}. Bukod pa rito, ito ay nakahuhumaling upang talikuran ang mga tungkulin, tulad ng pagdarasal at pag-aalaala sa Allah.

Batay sa sinabi ng Kapita-pitagang (Allah) at Kataas-taasan tungkol sa pagbanggit sa mga udyok ni Satanas sa kaakit-akit na gawaing pagsusugal at paglalaro para sa tao: {At kayo ay kanyang hahadlangan sa pag-aalaala sa Allah at sa pagdarasal}.

2 Ang pagsusugal ang paninira sa mga ari-arian at paglulustay ng mga yaman, at isinasadlak nito sa pagkagumon ang mga manunugal sa maraming pagkalugi.

3 Ang pagkahumaling at pagkahilig sa sugal at posibilidad ng pagkapanalo ay naghahatid ng pagkagumon, sapagka't kung siya ay kumita man at nanalo, madaragdagan naman ang kanyang pagkagahaman at pagkatakaw sa pagsusugal, kaya siya ay magpapatuloy sa paghahanap ng salapi kahit sa paraang ipinagbabawal [tulad ng pagnanakaw, pandaraya], at kung siya ay natalo, siya ay mananatili sa pagsusugal upang magbakasakaling kanyang maibalik ang mga natalo at nawalang salapi mula sa kanya, magkagayon man, ang kanyang pagkapanalo o pagkatalo ay naghahatid sa kanya sa kawalan ng sigla upang maghanap-buhay nang marangal at naghahatid sa pagkawasak ng lipunan.

## Ang Mga Iba't Ibang Uri ng Sugal

**Sadyang marami ang anyo at uri ng pagsusugal noon at ngayon, at ang ilan sa mga uri nito sa kasalukuyan ay:**

1. Ang pagsusugal ng isang laro na kung saan ang mga manlalaro ay magkakasundo na ang mananalo ay kanyang makukuha ang lahat ng itinayang salapi. Ang halimbawa nito'y maglalaro ang maraming bilang ng tao sa pamamagitan ng tiket, at ang bawa't isa sa kanila ay maglalagay ng ilang halaga ng pera at sinuman ang magwagi sa kanila sa pamamagitan ng palabunutan ay kanyang makukuhang lahat ang salaping nalikom bilang taya.
2. Ang mga larong-sugal [pustahan] ay isang gawain na kung saan ay ipinakikipagsalaparan ang kanyang itinayang salapi sa di-malamang kinalabasang pangyayari, bawa't manunugal ay pumupusta sa isang grupo [team] ng manlalaro [tulad halimbawa sa basketball o football], kaya yaong mga nagpupustahan ay maglalagay ng kasunduang salaping pagpupustahan, at ang bawa't isa ay pumupusta kung sino ang magwawagi sa naturang laro, at kung nanalo ang kanyang pinustahang grupo ay kanyang makukuha ang pinustahang salapi, nguni't kung natalo ang grupo, natalo ang kanyang salaping ipinusta.
3. Ang loterya ay isang uri ng pagsusugal na may sangkap na sapalaran [maaring panalo o talo]. Sa loterya, maraming bilang ng tiket ang ipinagbibili upang paglabanan, at mula sa di-mabilang na tiket ay bubunutin ang isang tiket na magwawagi na kadalasan ay malaking salapi ang nakataya. Halimbawa nito ay magbibili siya ng tiket na nagkakahalaga ng isang dolyar upang lumahok sa maaaring mapanalunang isang libong dolyar sa oras ng bunutan.
4. Lahat ng larong-sugal, maging sa mga websites sa internet, computer at electronic on-line na may kasangkot na salaping paglalabanan ng magkabilang pangkat na nakaharap sa dalawang posibilidad: ang magwagi o matalo ang isa sa kanila.




**> Lahat ng mga paglalarong sugal, maging sa mga websites, electrical at electronic o alin mang uri nito ay ipinagbabawal, at kabilang sa mga malalaking kasalanan.**

# *Ang Mga Wastong Pamamaraan ng Kalakalan na Binigyang-diin ng Islam*

**Tulad ng pagbigay-linaw ng Islam sa mga alituntunin ng mga usaping pananalapi at kalakalan. Ito ay nagpapatibay rin sa mga kalakalan ang ilan sa mga kagandahang ugali at asal, ang mga ilan dito ay:**




## Al-Amanah (ang Tiwala):

**Ang Amanah (tiwala) sa pangangalakal sa ibang tao, maging sila ay mga Muslim o di-muslim. Kabilang sa pinakadakilang katangian [at kaugalian] ng isang Muslim ay ang pagsunod sa Batas ng Allah, at matutunghayan ang pagpapahalaga na ito nang ayon sa mga sumusunod:**

- Ang Kataas-taasang Allah ay nagsabi: {Katotohanan, ang Allah ay nag-uutos sa inyo na inyong ibalik ang mga ipinagkatiwalang bagay sa nagmamay-ari nito}. Surah An-Nisa' (4): 58
- Ibinilang ng Sugo ng Allah ﷺ ang kawalan ng Amanah [tiwala] at ang pagtalu-sira at pagtaksil dito ay isa sa mga palatandaan ng pagkukunwari na kung saan ay kanyang sinabing: «Ang palatandaan ng isang mapagkunwari ay tatlo; kapag siya ay nagsasalita, siya ay nagsisinungaling, at kapag siya ay nangako, siya ay hindi tumutupad, at kapag siya ay pinagkatiwalaan, siya ay nagtatalu-sira [at nagtataksil]». (Al-Bukhari: 33 – Muslim: 59)
- Ang Amanah (tiwala) ay isa sa pinakamahalagang katangian ng mga naniniwala [mga Muslim]. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Katotohanang ang mga naniniwala ay nagkamit ng tagumpay}, hanggang sa sinabi Niyang {At sila yaong nangangalaga sa mga ipinagkatiwala sa kanila at (tumutupad) sa kanilang kasunduan}. Al-Mu'minun (23): 1-8

  At dahil dito, pinawalang-saysay ng Sugo ng Allah ﷺ ang Eeman [pananampalataya] ng sinumang nagtataksil [at nagtalu-sira] sa Amanah [o tiwalang ipinagkaloob sa kanya]. Siya ﷺ ay nagsabi: «Walang Eeman [paniniwala] ang sinumang walang angking Amanah». (Ahmad: 12567)
- At sa katunayan, bago pa man siya itinakda bilang Sugo ng Allah ﷺ, siya ay binansagan sa Makkah bilang isang matapat na mapagkakatiwalaan, sapagka't siya ay naging isang sagisag ng Amanah [pagiging mapagkatiwalaan] sa kanyang pakikipag-ugnayan at mga kalakalan.

2



## Ang Katapatan:

**Ang katapatan at kalinawan ay kabilang sa mga katangiang pinahahalagahan ng Islam:**

- Siya ﷺ ay nagsabi tungkol sa nagbibili at namimili: «At kung sila ay naging kapwang tapat at inilahad ang kakulangan at kabutihan ng mga gamit, ang kanilang kalakalan ay pagpapalain; datapuwa't kung sila ay nagsabi ng kasinungalingan o itinago ang bagay [na kakulangan nito] ang kanilang kalakal ay pagkakaitan ng biyaya». (Al-Bukhari: 1973 – Muslim: 1532)
- Siya (Muhammad ﷺ) ay nagsabi: «Kayo ay maging matapat, sapagka't ang katapatan ay nag-aakay tungo sa kabutihan, at ang kabutihan ay nag-aakay tungo sa Paraiso, at ang isang tao ay patuloy at nananatiling matapat hanggang siya makilala bilang isang taong matapat». (Muslim: 2607)
- Ang ilang mangangalakal ay kadalasan ay humahantong sa panunumpang may lakip na kasinungalingan na nagsasabing ang kanilang mga ipinagbibiling gamit ay mabuting uri upang mapilitan ang mamimili na bumili sa kanila. At itinuturing ng Islam ang gayong gawain bilang isang malaking kasalanan, batay sa sinabi niya (Muhammad ﷺ.): «Tatlong uri ng tao ang hindi kakausapin ng Allah sa Araw ng Pagbabangong Muli, at sila ay hindi Niya lilingunin o susulyapin, at sila ay hindi Niya padadalisayin, bagkus mapapasakanila ang isang napakasakit na kaparusahan, at nagbigay halimbawa ng isa sa kanila: At ang nagbibili ng kanyang gamit sa pamamagitan ng huwad na panunumpa [o ng kasinungalingan]». (Muslim: 106)


3



## Ang Kahusayan sa Paggawa:

**Maging anuman ang gawain ng isang Muslim, kinakailangan na ito ay gampanan niya nang buong husay sa abot ng kanyang kakayahan, maging mahusay sa kanyang tinatahak na simulain sa lahat ng kanyang pagsisikap at pagpupunyagi.**

- Sapagka't ang Allah [Tigib ng Kaluwalhatian] ay ipinag-utos ang paggawa ng kahusayan sa lahat ng bagay, at Kanyang ipinag-utos sa lahat ng mga kalakaran ng buhay, maging sa mga bagay na tila sa unang tingin ay hindi lubhang mahalaga tulad ng pangangaso at pagkakatay. Siya (Muhammad ﷺ) ay nagsabi: «Katotohanang ipinag-utos ng Allah ang paggawa nang mahusay sa lahat ng bagay, kaya kapag kayo ay papaslang, inyong pagbutihin ang inyong pagpaslang, at kapag kayo ay magkakatay, inyong pagbutihin ang pagkatay, at marapat na hasain ng isa sa inyo ang kanyang patalim upang maging mapayapa ang kanyang kakatayin [o hindi lubhang masaktan]». (Muslim: 1955)
- Minsan ang Propeta ﷺ ay dumalo sa isang libing ng isang tao, at ang kanyang iminungkahi sa kanyang mga Sahabah (kasamahan niya) ang pagsasaayos ng libingan at ang pagpapasan nito nang mahusay, at pagkaraan, siya ay bumaling sa kanila, at nagsabi: «Ito ay walang maidulot na kabutihan para sa namatay at hindi rin ito makapipinsala para sa kanya, datapuwa't kinalulugdan ng Allah sa isang manggagawa na kapag siya ay gumawa, ito ay kanyang pinaghuhusay [o pinagbubuti]». (Al-Baihaqi Fi Shu`abil Iman: 5315), at sa isang salaysay: «Katotohanang nais ng Allah na kapag ang isa sa inyo ay gumawa ng isang gawain, ito ay kanyang pinaghuhusay nang mabuti». (Abu Ya`la: 4386 – Shu`abil Iman: 5312). (Tunghayan ang iba pang mga kaugalian sa pahina 243)



# *Ang Iyong Pagkain at Inumin*



# 8

Ang Halaal (mga malilinis at pinahihintulutang) pagkain ay mayroong malaking kaugnayan at katayuan sa relihiyong Islam, sapagka't ang Halaal na pagkain ay nagsisilbing paraan upang tugunin ng Dakilang Allah ang panalangin at upang Kanyang pagpalain ang ating mga yaman at pamilya.

Ang Halal na pagkain ay pagkain na nakukuha mula sa mga paraang ipinag-uutos at ipinahihintulot na walang kinasangkutang anumang pagkakamali o pagkakasala sa pagkuha nito, at walang idinudulot na pang-aabuso sa karapatan ng iba o pandaraya mula sa sinuman. Ang mga Muslim ay lagi nang ginagamit na batayan ang pagiging Halaal ng isang pagkain upang magkaroon ng katiyakan na ito ay umaayon sa Batas ng Islam bilang pagkain.

## Ang Mga Nilalaman ng Kabanata:


Ang Pangkalahatang Alituntunin Tungkol sa Pagkain at Inumin

Ang Mga Pag-aanihan at mga Bunga

Ang Mga Inumin na Nakalalasing at ang Alkohol

Ang Mga (Bawal na) Gamot

Ang Mga Pagkaing-dagat [at Yamang-dagat]

Ang Mga [Maiilap at Mababangis na] Hayop sa Kalupaan:

- Ang Pagkatay Sa Paraang Marapat at Ipinag-utos.
- Ang Kapasiyahan [o Hatol] sa Mga Karne na Ipinagbibili sa Mga Karinderya at Tindahang Pag-aari ng Mga di-Muslim.

Ang Pangangaso Batay sa Pamamaraang Ipinag-utos ng Islam.

Ang Mga Magagandang asal [at Wastong Pag-uugali] sa Harap ng Pagkain at Pag-inom

# *Ang Iyong Pagkain at Inumin*

## Ang Pangkalahatang Alituntunin Tungkol sa Pagkain at Inumin

Sa pangkalahatang pananaw ng Batas na Islam, ang lahat ng pagkain at inumin ay Halaal (malilinis at pinahihintulutan) maliban sa anumang ipinagbawal nito sanhi ng kapinsalaang idinudulot nito sa tao, sa kanyang kalusugan, sa asal [at ugali] at sa kanyang relihiyon [o pananampalataya]. Sa katotohanan, ang Dakilang Allah ay nagpaalala sa atin na Siya ang lumikha ng lahat ng bagay na nasa kalupaan at nasa ibabaw nito upang ito ay ating pakinabangan maliban sa mga bagay na Kanyang ipinagbawal sa atin. Siya (ang Allah) ay nagsabi: {Siya ang lumikha ng lahat ng anumang nasa kalupaan para sa inyo}. Surah Al-Baqarah (2): 29

## *>Ang Mga Ani at Mga Bunga*

Lahat ng uri ng halaman na itinatanim ng mga tao o kanilang pinipitas o hinahango mula sa mga punong-kahoy o sa mga kagubatan o sa mga damo o kabute ay ipinahihintulot at maaaring kainin, maliban sa anumang nagdudulot ng kapinsalaan sa katawan at kalusugan, o nagdudulot ng kapinsalaan sa katinuan ng isip tulad ng mga inuming nakalalasing o mga (bawal na) gamot na tahasan at tuwirang pumipinsala sa katinuan o isipan ng tao.



# > Ang Mga Inuming Nakalalasing at ang Alkohol

Ito ay isang [inuming] nakalalasing at nakalalango [at nakakasira sa] isip: ibig sabihin – ang dating karaniwang halaal ay nahaluan, nabalutan at napangibabawan ng anumang sangkap na ipinagbabawal, at ito ay nagdudulot ng masamang bunga sa sinuman. Batay sa sinabi ng Sugo ng Allah  : «Lahat ng nakalalasing na inumin ay Khamr [Alak]at ang lahat ng Khamr [Alak] ay ipinagbabawal». (Muslim: 2003), maging ito ay hinango  o ginawa mula sa mga prutas tulad ng ubas, basa, igos  at pasas, o mga butil tulad ng trigo, barley o mais o bigas, o di kaya ay mga kendi [o minatamis] na hinango sa pulut-pukyutan. Kaya lahat ng nakalalango sa isip, ay [itinuturing bilang] Khamr na ipinagbabawal, maging anupaman ang katawagan o lumitaw na anyo nito, kahit ito ay inihalo at isinama sa pangkaraniwang katas o sa mga kendi at tsokolate.

## Ang Pangangalaga sa Isip:

Katotohanang ipinahayag ang dakilang relihiyong ito [ang Islam] upang bigyang paalala tungkol sa mga kapakanan ng mga tao sa mundo at sa kabilang buhay, at ang pinakamahalaga nito ay ang limang pangunahing pangangailangan: ang relihiyon [pananampalataya], ang buhay, ang isip, ang yaman [o ari-arian] at ang mga supling.

Samakatuwid, ang isip ang siyang batayan ng legal na pananagutan (manaat at-takleef), at ang pangunahing dahilan ng karangalan at kabutihang-loob para sa lahi ng sangkatauhan, kaya pinangalagaan ito ng Batas ng Islam at pinapanatili laban sa anumang maaaring makapagpahina nito at makasira nito.

## Ang Kapasiyahan tungkol sa Khamr (Lahat ng Uri ng Inuming Nakalalasing):

Ang mga inuming alkoholtulad ng alak ay kabilang sa mga pinakamalalaking kasalanan at ang pagbabawal nito ay mahigpit na ipinag-uutos sa Qur'an at sa Sunnah, at ang ilan dito ay ang mga sumusunod:

- Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {O kayong mga naniwala, ang [lahat ng mga] inuming nakalalasing, sugal at ang [pag-aalay sa] mga altar sa iba pa bukod sa Allah at ang mga palaso ay mga dungis na nagmula sa [karumal-dumal na] gawang-kamay ng Satanas. Kaya, [mahigpit na] iwasan ito upang sakali kayo ay magsipagtagumpay}. Surah Al-Ma`idah (5): 90 Samakatuwid, ito ay inilarawan ng Makapangyarihang Allah bilang isang uri ng karumihan at kasuklam-suklam na bagay mula sa mga gawain ni Satanas, at ipinag-utos sa atin ang tahasang pag-iwas dito upang ating matamo ang kaligtasan at tagumpay.
- Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: «Lahat ng nakalalasing ay Khamr (alak), kaya lahat ng nakalalasing ay ipinagbabawal. Sinuman ang uminon ng Khamr sa mundo at naging sugapa rito hanggang



> Pinangangalagaan ng Islam ang isip laban sa lahat ng maaaring makapinsala at makasisira nito.

siya ay mamatay, ay hindi makaiinom nito sa kabilang buhay». (Muslim: 2003)

- Siya ﷺ ay nagpaliwanag na ang pag-inom ng Khamr (alak) ay nakababawas ng Eeman [pananampalataya] at sumasalalungat dito ang kagandahang-asal kaya kanyang sinabi: «Sinuman ang umiinom nito ay itinuturing bilang hindi Muslim [di-naniniwala] sa oras ng kanyang pag-inom.» (Al-Bukhari: 5256 – Muslim: 57)
- Bilang babala, ang Dakilang Allah ay nagpataw ng matinding parusa sa mga nagsisiinom nito sapagka't ito ay nagiging sanhi ng kawalan ng dangal at kawalan ng paggalang sa lipunan na kinabibilangan.
- Siya ay nagbigay ng babala ng isang matinding parusa sa sinumang patuloy sa sugapang pag-inom ng Khamr (alak) at sa anumang maituturing bilang kaugnay nito, hanggang sa siya ay mamatay nang hindi napagsisihan ito. Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsasabi: «Katotohanan ang Kataas-taasan ay nagtakda ng isang pangako sa sinumang umiinom ng nakalalasing, na siya ay Kanyang paiinumin ng anumang nagmumula sa Thinatul Khabal". (Muslim: 2002) at ang Thinatul Khabal ay katas ng mga dumi, masangsang na pawis, nana [o mga nagnanaknak na sugat] na lumalabas mula sa katawan ng mga naninirahan sa Apoy.
- At sakop din sa babalang ito yaong mga sangkot sa anupamang pamamaraan ng paggawa at pag-inom ng alak maging siya man ay malapit na kamag-anak o malayo. Sa katotohanan «Isinumpa ng Sugo ng Allah ﷺ sa Khamr (alak) ang sampu: Ang gumagawa nito at ang nagpapagawa dito, gayundin ang umiinom nito at ang nagpapainom nito, ang nagdadala nito at ang nagpapadala nito, ang naghahain nito at ang nagpapahain nito, ang kumikita mula rito, at ang bumibili nito at ang nagpapabili nito». (At-Tirmidhi: 1295)

## > Ang Mga (Bawal na) Gamot

Ang paggamit o pagkuha ng mga gamot – maging ang pinagmulan nito ay nagmula sa sinangkapang halaman, at maging ang paggamit o pagkuha nito ay sa pamamagitan ng paglanghap o paglunok o pagturok – ay kabilang sa mga pinakamalaking kasalanan at pagkakasala, sapagka't bukod sa nakalalasing ito, pinipinsala o sinisira nito ang pisikal na katawan ng tao, at ang gumagamit nito ay dinadapuan ng iba't ibang uri ng mga sakit sa katawan at pag-iisip, at maaaring ito ay humantong sa kanyang kamatayan. Ang Kataas-taasang Allah ay nagsasabi, samantalang siya ang Pinakamahabagin sa Kanyang mga alipin: {At huwag ninyong patayin ang inyong mga sarili [Huwag kayong magpatayan sa isa't isa]. Katotohanang ang Allah ay Lubos na Mahabagin sa inyo}. An-Nisa' (4): 29

## >Ang Mga Pagkaing Hinango Mula sa Dagat

Ang Itinutuirng Bilang Mga Pagkaing-dagat ay ang Hindi Nabubuhay Maliban sa Tubig, at Hindi Maaaring Mabuhay at Manatili sa Lupa.

At ang tinutukoy na dagat ay ang malaking katawan ng tubig, kaya kabilang dito ang mga ilog, dagat-dagatan at mga sapa at ang iba pang may malaking tubig.

Samakatuwid, ang lahat ng mga naturang pagkaing-dagat, maging ito ay hayop o halaman na nakuha o natagpuang patay na, ay pinahihintulutan bilang pagkain hangga't ito ay hindi nagdudulot ng kapinsalaan sa kalusugan.

Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: { Ipinahihintulot para sa inyo ang panghuhuli [ng lamang-tubig] sa dagat at ang pagkain nito bilang panustos para sa inyo}. Surah Al-Ma`idah (5): 96

Ang panghuhuli [o pamimingwit at pangingisda] ay tumutukoy sa mga nahuhuling buhay dito, at ang mga 'pagkain' dito ay tumutukoy sa mga patay na hayop-dagat.

# > Ang Mga Hayop sa Kalupaan

**Para sa Mga Hayop sa Kalupaan Upang Maging Halal Bilang pagkain, dalawang patakaran ang kailangang ipatupad:**

1. Na ito ay Mga hayop na Ipinahihintulot Kainin.
2. Na ang Pagkuha Nito o Pagkatay Nito ay sa Pamamagitan ng Pamamaraang Itinakda ng Islam.

## Ano ang Mga Hayop na Ipinahihintulot?

**Sa pangkalahatang pananaw ng Batas ng Islam, ang lahat ng lamang-karne ng hayop ay Halaal (malilinis at pinahihintulutan) maliban sa anumang ipinagbabawal ng Qur'an at Sunnah.**

At ang Mga Ipinagbabawal ay tulad ng mga sumusunod:

1 Ang baboy: alinmang bahagi nito maging sa loob nito o inilalabas nito ay itinuturing na marumi sa relihiyong Islam. Batay sa sinabi ng (Allah) na Tigib ng Kaluwalhatian at Kataas-taasan: {Sa inyo ay ipinagbabawal ang mga patay na hayop (na hindi kinatay), ang dugo, ang laman ng baboy}. Al-Ma`idah (5): 3

At sinabi pa ng Kataas-taasang (Allah): {O laman ng baboy, sapagka't ito ay tunay na marumi}. Al-An`am (6): 145. Ang ibig sabihin ng marumi ay hindi malinis.

2 Ang lahat ng may pangil mula sa mga mababangis [o ligaw] na hayop: Ang tinutukoy dito ay ang lahat ng mga hayop na kumakain ng karne, maging ito ay malaki, tulad ng leon at tigre, o maliit tulad ng pusa at mga nakakatulad nito, at kabilang dito ay ang aso.

3 Lahat ng mga naninila [nandadagit] mula sa kawan ng mga ibon: Ito ay ang lahat ng ibon na kumakain ng karne, tulad ng palkon, agila, tagak-dagat at nakakatulad nito.

4 Mga insekto: Ang lahat ng mga insekto sa kalupaan ay hindi ipinahihintulot na kainin, sapagkat ang mga ito ay hindi nakakatay, maliban sa balang, at ito ay ipinahihintulot kainin. Batay sa sinabi niya (Muhammad ﷺ): «Ipinahihintulot sa atin para kainin ang laman ng dalawang patay [na hayop]: Ang isda at ang balang». (Ibn Majah: 3218)

5 Ang mga ahas, mga sawa at mga daga: Samakatuwid, ipinagbabawal ang pagkain nito, at ipinag-uutos sa atin ang pagpaslang dito. Siya (Muhammad ﷺ) ay nagsabi: «Limang hayop na mapanganib na dapat pinapatay sa labas at loob ng mga hangganan ng Makkah kahit siya ay nasa kalagayan ng Ihram [sa Hajj o Umrah]: Ang ahas, ang uwak na may kulay puti sa likuran at tiyan, ang mga daga, alakdan, ang mabagsik na aso, at lawing itim». (Al-Bukhari: 3136 – Muslim: 1198)

6 Ang mga alagang asno: Ito ay ang asno na ginagamit sa mga labas ng bayan upang sakyan at magdala ng mga gamit.



> **Lahat ng mga hayop ay ipinahihintulot kainin matapos ang pagkatay nito maliban sa mga ipinagbawal sa Qur'an at Sunnah.**

## Ang Mga Uri ng Mga Hayop na Ipinahihintulot:

Ang mga ipinahintulot ng Allah sa mga hayop na ito ay dalawang uri:

- Ang mga maiilap na hayop na nabubuhay sa mga kasukalan [hindi inaalagaan sa bahay o bukid] at tinatakbuhan ang tao at hindi madaling hulihin upang katayin: kaya ipinahihintulot ito sa atin sa pamamagitan ng pangangaso sa kanila sa Islamikong Pamamaraan.

- Ang mga inaalagaan at maamo maaaring hulihin: Ito ay hindi ipinahihintulot maliban sa pamamagitan ng Islamikong Pagkatay.




> Ipinahintulot ng Kataas-taasang Allah sa atin ang pagkain ng Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) hanggang ito ay kanilang isinasagawa sa pamamaarang itinakda ng Islam.

## Ang Islamikong Pagkakatay:

Ito ay ang pagkatay o pag-aalay na ang mga patakaran nito ay nagampanan o naipatupad nang ayon sa itinakdang pangangailangan.

**Ang mga Islamikong Pagkakatay:**

1. Ang magsasagawa ng pagkakatay ay nararapat na mula sa karapat-dapat magkatay, siya ay maaaring isang Muslim o mula sa lipon ng mga Angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano) na may tamang pag-iisip at may wastong nilalayon ng pagkatay.

2. Ang mga paggagamitang kasangkapan ng pagkakatay ay nararapat na akma para sa takdang layon ng pagkatay at nararapat na matalim upang maging maayos ang pagkatay at magpadaloy ng dugo, at madaling makapuputol, tulad ng kutsilyo, at ipinagbabawal ang paggamit sa pagpatay nito ng anumang bagay sa pamamagitan ng mabibigat na bato upang gamitin sa pagpukpok sa ulo ng hayop o sa pamamagitan ng pagsunog dito, tulad ng gamit na dekuryente.

3. Ang Ngalan ng Allah [Bismillaah) ay nararapat na sambitin o bigkasin sa sandali ng pagkakatay.

4. Ang pagputol ay nararapat na malalim sa pangunahing bahagi ng anumang itinatagubilin na putulin sa pagkatay, at ito ay: Ang lagukan (daanan ng pagkain at inumin), ang lalamunan (daanan ng hangin papuntang baga), at ang dalawang malaking ugat sa leeg, o tatlo sa apat na ito.

**Kaya kapag naisaalang-alang ang mga patakaran na ito, ipinahihintulot na ang kinatay, datapuwa't kapag nawala ang isa sa dalawang patakaran na ito, samakatuwid ang kinatay ay hindi ipinahihintulot.**

## Ang Mga uri ng Karne Sa mga Karinderya at mga Pamilihan:

1 Ang mga lamang-karne na kinatay ng isang di-Muslim at isang tao mula sa Angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano), tulad ng Budista, Hindu at Ateista, ito ay ipinagbabawal. At ito ay kinabibilangan ng mga karneng inihahain sa mga karinderya at mga tindahan ng bansa na ang nakararami sa mga tao nito ay hindi mga Muslim at Angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano), samakatuwid ang hatol dito ay ang pagbabawal hanggang sa mapatutunayan ang kasalungatan nito.

2 Ang karne mula sa mga hayop na pinatay ng isang Muslim o Angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano) sa Islamikong Pamamaraan, samakatuwid ito ay ipinahihintulot ayon sa napagkaisahang pasiya ng mga mapananaligang iskolar.

3 Ang karne mula sa mga hayop na pinatay ng isang Muslim o Angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano) sa pamamaraang hindi Islam, tulad ng pangunguryente o paglulunod o pagpukpok o pagbagok: Samakatuwid, ito ay walang pag-aalinlangan na ipinagbabawal.

4 Ang karne mula sa mga hayop na kinatay ng isang Angkan ng Kasulatan (Hudyo o Kristiyano) na walang alam sa kalagayan ng pagkakatay, gayundin ang anumang matatagpuan sa kanilang mga karinderya at mga tindahan. Ang pangkalahatang pananaw rito ay: ito ay kanilang mga kinatay, kaya ang tamang opinyon dito, ipinahihintulot ang pagkain nito nguni't nararapat na bigkasin o sambitin ang Bismillah (sa Ngalan ng Allah) sa sandaling kumain, nguni't ang higit na mainam ay ang paghanap ng Halaal (malinis, ipinahihintulot) na karne dito.



## > *Ang Pangangaso Ayon sa Batas ng Islam*

**Ang mga Muslim ay binigyan ng karapatan sa pangangaso ng mga hayop at mga ibon na ipinahihintulot kainin at hindi madaling hulihin para katayin, tulad ng iba't ibang uri ng mga ibon sa mga bukid at parang na hindi kumakain ng mga karne, gayundin ng mga usa at mga maiilap na kuneho sa disyerto at katulad nito.**

### At ang mga patakaran para sa pangangaso ng mga hayop at maiilap [o mababangis na hayop] ay nararapat na tuparin, kabilang ng mga sumusunod:

1. **Ang isang nangangaso** ay nararapat na nasa tamang pag-iisip at nararapat tuparin ang gawaing ito nang ayon sa kanyang layunin, maging Muslim man siya o Angkan ng Kasulatan (Hudyo o Kristiyano), samakatuwid hindi ipinahihintulot na kuhanin ang mga nakuha sa pangangaso ng isang Wathani (taong sumasamba sa mga diyus-diyusan) o baliw.
2. **Ang pangangaso ay** nasasaklawan lamang sa mga uri ng mga hayop na hindi madaling isagawa ang pagkatay sapagka't sila ay maiilap na tumatakbong papalayo sa tao, datapuwa't kung ang mga ito ay madaling katayin, tulad ng manok, kambing, at baka, samakatuwid hindi ipinahihintulot ang pangangaso para sa mga ito.
3. **Ang sandata sa pangangaso** ay nararapat makapatay nang dahil sa tulis o talim nito, tulad ng palaso, o bala, samantalang ang anumang ginamit na bagay na nakapapatay dahil sa bigat nito, tulad ng bato at ng nakakatulad nito, ay hindi ipinahihintulot ang pagkain ng laman nito maliban kung ito ay nagawang katayin bago nalagutan ng hininga ito.
4. **Ang nararapat sambitin** dito ay ang Ngalan ng Allah, at kanyang sasabihin: (Bismillaah) bago niya ikasa ang sandatang gagamitin para sa pagtudla ng hayop.
5. **Kapag naabutan niyang buhay** pa ang hayop o ang ibon matapos ang pangangaso nito, kinakailangan para sa kanya na ito ay kanyang patayin sa pamamagitan ng pagkatay nito.
6. **Ipinagbabawal ang pangangaso** ng hayop nang walang hangaring kainin ito, tulad ng isang tao na nangangaso ng hayop upang mag-aliw at magsaya, pagkatapos ay hindi niya kakain ang anumang nahuli niya sa kanyang pangangaso.

## > *Ang mga kagandahang asal sa pagkain at pag-inom*



**Itinakda ng Allah bilang batas ang ilang alituntuning nauukol sa kagandahang-asal hinggil sa pagkain at pag-inom, na umaakay sa atin upang matutunan ang mga kabanalang layunin nito tulad ng pagpapaalaala sa mga biyaya ng ipinagkaloob ng Dakilang Allah sa tao, at ang pag-iingat laban sa mga karamdaman [sanhi ng pagmamalabis at luho rito], at ang pag-iwas sa pag-aaksaya, at pagmamalaki.**

**At ang ilan sa mga magagandang asal na ito:**

1. Ang pag-iwas sa pagkain at pag-inom na gamit ang mga kagamitang yari sa ginto at pilak o binalutan ng ginto at pilak sapagka't ito ay isang uri ng pagmamalabis at luho na sumisira sa puso ng mga mahihirap. Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagpayo: "Huwag kayong uminom sa mga kagamitan na yari sa ginto o pilak, at huwag kayong kumain mula sa mga gintong plato, sapagka't ang mga ito ay para sa mga di-naniniwala sa mundong ito at [ang mga ito ay] para sa atin sa kabilang buhay". (Al-Bukhari: 5110 – Muslim: 2067)

2. Ang paghuhugas ng dalawang kamay bago kumain at pagkatapos nito, at ito'y higit na binibigyang-diin kung mayroong marumi sa mga kamay o mayroong nalalabing pagkain [sa alinmang bahagi ng kamay].

3. Ang pagsambit ng (Bismillaah [sa Ngalan ng Allah]) bago magsimulang kumain o uminom. At ang kahulugan nito: Ako ay humihiling ng biyaya at humihingi ng tulong sa Ngalan ng Allah, nguni't kung ito ay kanyang nalimutan at kanyang naalaala habang

siya ay kumakain, magkagayon siya ay magsasabi ng (Bismillaahi awwalihi wa aakhirih [sa Ngalan ng Allah, sa unahan at sa hulihan nito]).

At minsan, nakita ng Propeta ﷺ ang isang batang lalaki na hindi sumusunod sa mga kagandahang asal na nauukol sa pagkain, kaya siya ay nagsabi sa kanya bilang pagbibigay-aral: "O bata! [Kung ikaw ay kakain, magsimula ka sa pamamagitan ng] pagsambit mo sa Ngalan ng Allah, at ikaw ay kumain sa pamamagitan ng iyong kanang kamay, at ikaw ay kumain [abutin mo] kung ano ang malapit sa iyo". (Al-Bukhari: 5061 – Muslim: 2022)

4. Ang pagkain at pag-inom sa pamamagitan ng kanang kamay. Siya ﷺ ay nagsabi: "Huwag kayong kumain sa pamamagitan ng inyong kaliwang kamay, sapagka't si Satanas ay kumakain sa pamamagitan ng kanyang kaliwa". (Muslim: 2019)

5. Nakabubuti na huwag uminom o kumain nang nakatindig.

6. Ang kumain [abutin ang pagkaing] malapit sa iyo, sapagka't hindi kaaya-aya ang kumakain [at umaabot ng pagkaing] mula sa panig na kinakainan ng mga tao. Katotohanang ang Propeta ﷺ ay nagsabi sa isang batang lalaki: "At kumain [at abutin lamang ang pagkaing] malapit sa iyo".

7. Higit na makabubuting damputin ang isang kapirasong pagkain na nalaglag at linisin ito, punasan ang anumang dumikit na dumi dito at pagkaraan ay kainin, upang hindi masayang ang pagkaing ito.

8. Ang pag-iwas na pintasan, sirain at maliitin ito, maaari niyang purihin ito o di kaya naman ay hayaan ito nang walang sinasabi. "Sapagka't ang Sugo ng Allah ﷺ ay hindi kailanman pinintasan ang anumang pagkaing inihain sa kanya, ito ay kanyang kinakain kapag kanyang nagugustuhan ito; o kaya naman ito ay kanyang hinahayaan nang walang sinasabi. (Al-Bukhari: 5093 – Muslim: 2064)

9. Ang pag-iwas sa labis na pagkain at pagpapakasawa nito, sapagka't ito ay nagiging sanhi ng karamdaman at katamaran, samantalang ang kumain ng katamtaman ang siyang pinakamainam na dapat gawin. Batay sa sinabi niya ﷺ : "Walang lalagyan na pinupuno ng isang tao na nagdudulot ng kasamaan nito kaysa sa tiyan, sapat na sa anak ni Adam ang ilang subo na magtutuwid ng kanyang likod, at kung ito ay hindi maiwasan: magkagayon, ang ikatlong bahagi [ng kanyang tiyan] ay para sa kanyang pagkain, at ang ikatlo naman ay para sa kanyang inumin, at ang huling ikatlo ay para sa kanyang madaling paghinga". (At-Tirmidhi: 2380 – Ibnu Majah: 3349)

10 Ang pagpapasalamat [at pagkilala sa [mga biyaya ng] Allah sa pamamagitan ng pagsasabing: (Al-Hamdu lillaah [Ang lahat ng pagpupuri at pasasalamat ay sa Allah]), na Siyang naggawad sa akin sa panustos na ito, samantalang marami sa tao ang napagkaitan nito, at maaari ring dagdagan, at kanyang sasabihin: "Alhamdu lillaahil ladhee at`amani hadha, wa razaqani-hi, min ghayri hawlin minni wa laa quwwatin (Ang lahat ng pagpupuri ay sa Allah, na siyang naggawad sa akin ng panustos na ito at wala akong sariling lakas upang gawin ito, gayundin ng sariling kapangyarihan.



> **Sinabi niya ﷺ : "Katotohanang ang Allah ay tunay na nasisiyahan sa isang alipin [Muslim] na kumakain ng isang pagkain at Siya ay pinupuri nito, o umiinom ng isang inumin at Siya ay pinupuri nito". (Muslim: 2734)**



# *Ang Iyong Pananamit*
## *(Kasuutan)*



# 9

Ang pananamit [o kasuutan] ay isa sa mga di-mabilang na pagpapala ng Dakilang Allah sa mga tao. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang Allah:

{O mga anak ni Adan, katiyakan na Aming ibinaba sa inyo ang saplot [o ang kasuutan] upang takpan ang inyong mga maseselang bahagi [ng katawan] at bilang palamuti; nguni't ang saplot ng Taqwa [takot sa Allah] – iyan ang pinakamabuti. Iyan ay kabilang sa mga ayaat [aral, kapahayagan] ng Allah, upang sakali sila ay [matutong] makaalaala}. Surah Al-A`raf (7): 26

## Ang Nilalaman ng Kabanata:

**Ang Pananamit [o Kasuutan] sa Islam**

**Ang mga Pananamit [o Kasuutan] na ipinagbabawal:**

- Ang Anumang Naglalantad dito ng `Awrah (bahagi ng katawan na kailangang takpan)
- Ang Anumang Nakakahawig Nito sa Pagitan ng Dalawang Kasarian (lalaki at babae)
- Ang Anumang Nakakahawig nito sa mga hindi Muslim
- Ang Anumang May Bakas ng Pagmamalaki at Pagmamataas
- Kapag ang Kasuutan ay Mayroon Sutla o Ginto
- Ang Anumang may Pagmamalabis

# *Ang Pananamit (o Kasuutan ) sa Pananaw ng Islam*

Ang kasuutan ng isang Muslim ay nararapat na pagtuunang pansin ang maganda [maayos] at malinis na pananamit, lalung-lalo na sa kanyang pakikipag-ugnayan [o pakikiharap] sa mga tao at sa pagsasagawa ng kanyang Salaah (pagdarasal). Batay sa sinabi ng Kataas-taasang Allah:

{O mga anak ni Adan, magsuot kayo ng palamuti [maayos na damit sa pagtungo], sa bawa't Masjid (na inyong pagdarasalan]}. Surah Al-A`raf (7): 31

At katotohanan, [bilang Batas] itinagubilin ng Allah sa tao na siya ay dapat mag-ayos [o magpaganda] ng kanyang kasuutan at bikas, sapagka't ito ay kabilang sa paglalarawan [at palatandaan] ng mga biyaya ng Allah. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi:

{Sabihin mo [O Muhammad]: Sino ba ang nagbabawal sa palamuti ng Allah, na Kanyang inililitaw [ipinasusuot] para sa Kanyang mga alipin, at sa mga mabubuting [bagay na] nagmula sa panustos? Sabihin: "Ang mga ito ay para sa mga naniniwala sa makamundong buhay, [at] natatangi para sa kanila sa Araw ng Pagkabuhay na Muli." Ganyan Namin ipinaliliwanag [sa masusing paraan] ang ayaat [mga aral, tanda] para sa mga taong nakaaalam}. Surah Al-A`raf (7): 32

## Ang Pananamit ay Nagbibigay ng Maraming Bilang ng Mabuting Layunin

1. Tinatakpan nito ang ilan sa mga partikular na bahagi sa katawan ng tao mula sa paningin ng mga tao, sa pamamagitan ng pagsunod sa pamantayan ng kahinhinan. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {O mga anak ni Adan, katiyakan na Aming ibinaba sa inyo ang saplot [kasuutan] upang ikubli ang inyong mga maseselang bahagi [ng katawan] at bilang palamuti}. Surah Al-A`raf (7): 26

2. Pinangangalagaan nito ang katawan ng tao laban sa init, lamig at kapinsalaan, sapagka't ang lamig at init ay bunga ng pabagu-bago ng hangin, at ang kapinsalaan naman ay pag-aabuso sa katawan ng tao. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi tungkol sa kabutihan ng kasuutan: {... at Kanyang ginawa para sa inyo ang mga kasuutan upang kayo ay isanggalang laban sa init at [ginawa rin] ang mga kasuutang baluti upang kayo ay isanggalang mula sa inyong [mga kaaway] sa [panahon ng] digmaan. Kaya, ganyan Niya ginagawang ganap ang Kanyang pagpapala sa inyo upang sakali kayo ay tumalima [sa Kanyang kautusan]}. Surah An-Nahl (16): 81



**> Ang kasuutan ay nagbibigay sa tao ng mga di-mabilang na pakinabang [at kabutihan].**

## > *Ang Pangkalahatang Alituntunin Tungkol sa Kasuutan (Pananamit)*



> **Bagaman ang Islam ay nagbigay na malinaw na pamamaraan ng pagiging mapitagan at mababang kalooban, hindi ito nagtakda ng pamantayang uri ng kasuutan na dapat isuot ng isang Muslim. Nguni't maaaring magsuot ang Muslim ng kasuutang tulad ng karaniwang isinusuot ng mga mamamayan ng isang pamayanan, maliban sa mga kasuutang ipinagbawal ng Islam.**

**Ang Islam ay Relihiyon na naglalahad ng mga alituntunin batay sa likas ng tao - matwid na katwiran at katarungan.**

**At sa Pangkalahatang Pananaw ng Islam, ang lahat ng Pananamit [at Kasuutan] ay Ipinahihintulot:**

Samakatuwid, ang Islam ay hindi nagpasiya sa tao ng partikular na uri ng kasuutan, bagkus kinilala ang kabutihan ng lahat ng kasuutan, hangga't nananatiling naipatutupad ang pangangailangan nito nang walang pag-aabuso at pagmamalabis.

At ang Sugo ng Allah ay nagsuot ng mga kasuutang isinusuot noong kanyang kapanahunan, at hindi siya nag-utos ng partikular na kasuutan at hindi rin siya nagbawal ng partikular na kasuutan, bagkus siya ay nagbawal lamang sa ilang partikular na kasuutan sapagkat ang pangkalahatang pananaw ng Islam hinggil sa pakikitungo sa tao ay kinabibilangan din ng pananamit [o kasuutan]. Lahat ng bagay ay pinahihintulot maliban lamang sa patunay ng pagbabawal o sumasalungat sa mga Ibaadah (mga gawaing pagsamba) tulad ng pagdarasal at pag-aayuno na nakapailalim sa prinsipiyo ng paghihigpit, na ang isang responsableng Muslim ay hindi dapat magsagawa ng alinmang Ibadaah maliban na ito ay malinaw na nakatakda at pinagtibay ng Allah, na walang gawang pagsamba ang dapat isagawa na walang batayan mula sa Qur'an at Sugo ng Allah.

Sinabi ng Propeta ﷺ: "Magsikain kayo, magkawanggawa kayo at magsuot kayo ng mga kasuutan nang walang pagmamalabis at pagmamataas". (An-Nisaai: 2559)

## Ang mga Kasuutan na Ipinagbabawal:

1 **Ang anumang naglalantad ng `Awrah (bahagi ng katawan na kailangang takpan)**: Kaya't isinasatungkulin sa isang Muslim ang pagtatakip sa kanyang Awrah sa pamamagitan ng kasuutan. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Katiyakan na Aming ibinaba sa inyo ang saplot [o ang kasuutan] upang ikubli ang inyong mga maseselang bahagi [ng katawan] at bilang palamuti}. Surah Al-A`raf (7): 26

At hindi ipinahihintulot ang pagtatakip sa pamamagitan ng mga masisikip na kasuutan, na humahapit sa hubog ng mga bahagi ng katawan, gayundin ang manipis na nababanaag ang loob ng katawan, at dahil dito ay nagbigay ng babala ang Allah sa sinumang nagsusuot ng kasuutan na inililitaw ang kanyang Awrah. Sapagka't sinabi niya ﷺ : "Mayroong dalawang uri ng mga nananahan sa Impiyerno" at nabanggit niya: "at ang mga babae na nagsusuot nguni't halos hubo't hubad".

2 **Ang anumang kasuutang may pagkakahawig sa pagitan ng dalawang kasarian**: Ang ibig sabihin ay ang pagkakahawig ng mga lalaki sa mga kababaihan sa pamamagitan ng pagsusuot ng mga damit na natatangi o nakalaan lamang para sa mga kababaihan, at ang pagkakahawig ng mga babae sa mga kalalakihan, sapagka't ito ay ipinagbabawal na kabilang sa mga malalaking kasalanan, at napapaloob dito ang kanilang panggagaya sa pamamaraan ng kanilang mga pananalita, paglalakad at pagkilos. Sapagka't "Katotohanang isinumpa ng Sugo ng Allah ﷺ ang lalaki na nagsusuot ng kasuutang pambabae, at ang babae na nagsusuot ng kasuutang panlalaki". (Abu Daud: 4098) At gayundin na "Isinumpa ng Sugo ng Allah ﷺ ang mga lalaking gumagaya sa mga kababaihan at ang mga babaeng gumagaya sa mga kalalakihan". (Al-Bukhari: 5546) (Ang kahulugan ng 'sumpa' ay ang pagkataboy at paglayo mula sa habag ng Allah). Samakatuwid, nais ng Islam na ang likas na katangian ng lalaki at ang kanyang panglabas na anyo ay maging kakaiba,



> **Ipinagbabawal ang pagsusuot ng kasuutan o damit na may panggagaya sa mga di-muslim, o nagpapakita ng mga simbolo ng isang relihiyon [pananampalatayang] bukod sa Islam.**

at gayundin ang nais sa babae, sapagka't iyon ang kahilingan ng tumpak na kalikasan at wastong lohika.

3 **Ang anumang kasuutang may pagkakahawig sa mga di-**muslim na para lamang sa kanilang kasuutan, tulad ng kasuutan ng mga monghe at pari, at pagsusuot ng krus at gayundin ang anumang partikular na palatandaang sumasagisag sa isang relihiyon [pananampalataya], kaya ipinagbabawal ang pagsuot nito na kung saan ay sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ : "Sinuman ang nanggagaya sa isang lipon ng mga tao, magkagayon, siya ay kabilang sa kanila". (Abu Daud: 4031), at napapaloob sa naturang panggagaya ang kasuutan na naglalaman ng partikular na mga simbolo na sumasagisag sa isang pananampalataya at mali [at ligaw] na doktrina. Samakatuwid, ang panggagaya na ito ay isang patunay ng kahinaan ng pag-uugali at kawalan ng pagtitiwala sa sarili sa kung ano ang mayroon sa tao na karapatan.

At hindi kabilang sa panggagaya ang isang Muslim na nagsusuot ng kasuutang laganap sa kanyang sariling bansa maging ito man ay isinusuot ng karamihan mula sa lipon ng mga di-muslim; sapagka't ang Propeta ﷺ ay nagsuot din nang kasuutang tulad ng pagsusuot ng mga pagano mula sa lipon ng mga Quraish maliban sa mga kasuutang nailahad na bawal dito.

4 **Ang anumang kasuutang nagpapahiwatig ng pagmamalaki at pagmamataas. Sa katunayan, siya ﷺ ay nagsabi:** "Hindi makakapasok sa Paraiso ang sinumang mayroong pagmamalaki sa kanyang puso maging ito man ay kasing bigat lamang ng isang [butil ng] mais. (Muslim: 91)

At ito ang dahilan kung bakit ipinagbawal ng Islam ang pagkaladkad sa damit at paglaylay nito na lagpas sa ibabang bahagi ng mga bukung-bukong para sa mga kalalakihan, kapag ito ay dahil sa pagmamalaki at pagmamataas. Sapagka't sinabi niya ﷺ : "Sinuman ang



kumakaladkad ng kanyang damit bilang pagmamataas, hindi ibabaling sa kanya ang paningin ng Allah sa Araw ng Pagkabuhay na Muli". (Al-Bukhari: 3465 – Muslim: 2085)

At ipinagbawal din ang damit na makatawag-pansin [pagpapasikat], ito ay ang kasuutan na kapag isinuot ng isang tao, ay nakakatawag-pansin sa mga tao at siya ay pinag-uusapan, kaya makikilala [at magiging sikat] ang nagmamay-ari nito; at ito ay dahil sa pagiging nakakatawag-pansin nito, o dahil sa pandidiri ng mga tao rito dahil sa itsura nito o kulay nito na nagkakasalungatan, o dahil sa pinangingiralan ang nagsusuot nito ng pagkamakaako at pagmamalaki. Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: "Sinuman ang nagsuot ng damit na pangpasikat sa mundong ito, pasusuutan siya ng Allah ng damit na pang-aba sa Araw ng Pagbabangon Muli". (Isinalaysay ni Ahmad: 5664 – at ni Ibnu Majah: 3607)

5. **Kapag ito ay mayroong sutla o ginto para sa mga kalalakihan,** sapagka't ang mga ito ay ipinagbabawal ng Islam sa mga kalalakihan. Batay sa sinabi niya ﷺ tungkol sa ginto at sutla: "Katotohanan ang dalawang ito ay ipinagbabawal sa mga kalalakihan ng aking pamayanan, ipinahihintulot sa mga kababaihan nila". (Ibnu Majah: 3595 – Abu Daud: 4057)

At ang pinatutukuyan na ipinagbabawal na sutla sa mga kalalakihan ay: ang likas na sutla na nagagawa ng uod ng silkworm.




6 **Ang anumang may kasamang pagmamalabis rito at paglulustay.** Siya ﷺ ay nagsabi: “Magsikain kayo, at magsipagkawanggawa kayo, at magsipagsuot kayo nang walang pagmamalabis at pagmamataas”. (An-Nisaai: 2559)

At ito ay nagkakaiba nang ayon sa pagkakaiba ng kalagayan [o kakayahang pananalapi], kung gayon ang isang mayaman ay maaaring bumili ng damit na hindi nararapat na bilhin ng isang mahirap bilang paghahambing sa kanyang kayamanan at sa kanyang buwanang kita, at pangkabuhayang kalagayan, at iba pang mga karapatan na tungkulin niyang pangalagaan, samakatuwid ang isang damit ay maaaring ituring na isang pagmamalabis sa karapatan ng isang mahirap, subali’t hindi maaaring ituring na isang pagmamalabis sa karapatan ng isang mayaman.



> **Ipinagbabawal ang pagmamalabis sa [paggugol ng] pananamit, at ito ay nagkakaiba ayon sa pinagkakitaan ng isang tao at ng mga karapatang [pananalapi] na dapat niyang tupdin.**



# Ang Iyong Pamilya



# 10

Ang Islam ay sadyang labis na masigasig sa pagtatatag at pagpapanatili ng [isang huwarang] pamilya, gayundin sa pangangalaga rito mula sa lahat ng makasisira rito at mula sa mga nagbabanta ng paglihis sa mga pundasyon nito, sapagka't ang kabutihan ng pamilya at ang pagbuo nito ay nagsisilbing katiyakan tungo sa kabutihan ng bawat isa at ng pamayanan o lipunan sa pangkalahatang pananaw nito.

## Ang Nilalaman ng Kabanata:


**Ang Katayuan ng Pamilya sa Islam**

**Ang Katayuan ng Babae sa Islam:**

- Mga kababaihan na binigyang-diin ng Islam ang Pangangalaga sa kanila
- Walang lugar sa labanan sa pagitan ng dalawang kasarian
- Ang mga uri ng babae para sa lalaki.
- Ang mga Patakaran ng Ugnayan sa Pagitan ng Isang Lalaki at ng Isang Babaeng Dayuhan (Hindi kamag-anak)
- Ang Mga Hangganan ng Hijab (Pagsusuot ng belo)

**Ang Pag-aasawa sa Islam**

**Ang Mga Karapatan ng Asawang Lalaki at Asawang Babae**

**Ang Pag-aasawa Nang Higit sa Isa**

**Ang Diborsiyo [Paghihiwalay]**

**Ang Mga Karapatan ng Dalawang Magulang**

**Ang Mga Karapatan ng Mga Bata**

## > Ang Katayuan ng Pamilya sa Islam

**Nakikita ang Pangangalaga ng Islam sa Pamilya Nang Ayon sa Mga Sumusunod:**

1 Pinahalagahan ng Islam ang prinsipyo ng pag-aasawa at ang pagbuo ng pamilya, at ito ay itinuring bilang isa sa pinakadakilang gawain at isang kaparaanan ng mga Propeta. Batay sa sinabi niya ﷺ : "Nguni't ako ay nag-aayuno at kumakain (pagkaraan ng pag-aayuno, nagsasagawa ng Salaah (pagdarasal) at nagpapahinga, at gayundin ako ay nag-aasawa ng mga babae, kaya sinuman ang tumanggi sa aking Sunnah (kaparaanan), magkagayon siya ay hindi kabilang sa akin [sa aking Ummah]". (Al-Bukhari: 4776 – Muslim: 1401)

- Itinuring ng Qur'an na kabilang sa pinakadakila na mga biyaya at mga Tanda ang anumang nilikha ng Allah na kapanatagan, pag-ibig, habag at kagalakan sa pagitan ng lalaki at ng kanyang asawa. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi:{At kabilang sa Kanyang mga ayaat [palatandaan], na Kanyang nilikha para sa inyo ang mga asawang nagmula [rin] sa inyong mga sarili, upang inyong matagpuan sa kanila ang kapanatagan [ng loob] at Kanyang inilagay sa inyong pagitan ang pagmamahal at habag}. Surah Ar-Rum (30): 21

- At ipinag-utos nito na pagaanin ang pag-aasawa at tulungan ang sinumang nagnanais na makasal upang mapangalagaan ang kalinisang-puri ng kanyang sarili. Batay sa sinabi niya ﷺ : "Mayroong tatlong tao na tiyak na tutulungan ng Allah" at kabilang sa tatlong ito ay ang isang nagnanais mag-asawa upang kanyang pangalagaan ang kalinisan ng kanyang puri". (At-Tirmidhi: 1655)



> Itinuring ng Qur'an ang kapanatagan, pag-ibig at ang habag sa pagitan ng mag-asawa na kabilang sa pinakadakilang mga biyaya.

- Ipinag-utos nito sa mga kabataan ang pag-aasawa, sapagka't ang pag-aasawa ay siyang tamang lunas upang kanilang mapigilan ang kanilang masidhing pagnanasang sekswal at upang kanilang matagpuan ang katiwasayan mula sa kanilang mga asawa.

2 Ipinagkaloob ng Islam sa bawa't miyembro ng pamilya ang lubos na paggalang, maging ito man ay lalaki o babae:

Kaya itinakda ng Islam sa ama at ina ang dakilang tungkuling disiplinahin ang kanilang mga anak. Naiulat ni Abdullah ibn Umar (sumakanila nawa ang lugod ng Allah), na kanyang narinig sa Sugo ng Allah ﷺ na nagsasabi: "Ang bawa't isa sa inyo ay tagapag-alaga, at may pananagutan sa kanyang inaalagaan, kung gayon ang babae ay tagapag-alaga ng bahay ng kanyang asawa, kaya siya ay may pananagutan sa kanyang inaalagaan, gayundin ang isang tagapaglingkod sa ari-arian ng kanyang amo ay tagapangalaga, kaya siya ay may pananagutan sa kanyang inaalagaan". (Al-Bukhari: 853 – Muslim: 1829)


3 Sadyang masigasig ang Islam sa pagtatanim ng prinsipyo ng pagpapahalaga at paggalang para sa mga ama at mga ina, at ang pagtaguyod para sa pag-aalaga sa kanila at pagsunod sa kanilang pag-uutos hanggang sa kamatayan:

At kahit man lumaki na ang anak na lalaki o babae, ipinag-uutos sa kanila ang pagsunod sa kanilang mga magulang at maging mabuti sa kanila, sa katunayan, iniugnay ang kabaitan at paggalang sa kanila bilang pagsamba sa Kanya [sa Allah ang Tigib ng Kaluwalhatian], at ipinagbawal ang pagmamalabis sa salita at gawa sa kanilang dalawa, kahit pa man ito ay sa pamamagitan ng pagpapahayag ng salita o tinig na nagpapahiwatig ng kawalang paggalang sa kanila. Sinabi ng Allah na Tigib ng Kaluwalhatian at Kataas-taasan: {At ang iyong Panginoon ay nagtakda na wala kang sasambahin maliban sa Kanya, at maging mabuti [sa pakikitungo] sa mga magulang. Maging ang isa sa kanila o silang dalawa ay kapwa umabot na sa katandaang gulang. [Habang sila ay] nasa iyong piling, huwag kang mangusap sa kanila ng [salitang kawalang-galang tulad ng] "Uff" [salitang may pagkayamot], at huwag mo silang hiyawan [o sigawan] bagkus mangusap sa kanila ng salitang kapita-pitagan}. Surah Al-Isra' (17): 23

4 Ipinag-utos nito ang pangangalaga sa mga karapatan ng mga anak na lalaki at mga babae, at ipinag-utos ang pagiging makatarungan sa kanilang pagitan hinggil sa paggugol at maging sa mga bagay na materyal.

5 Ipinag-utos nito sa isang Muslim na pag-ibayuhin ang ugnayan ng pagkakamag-anak, ang kahulugan nito: Magpatuloy ang tao sa pagmamagandang-loob niya sa kanyang mga malalapit na kamag-anak sa panig ng kanyang ama at ina:

Tulad ng kanyang mga kapatid na lalaki at mga babae, mga tiyuhin niya at tiyahin sa panig ng kanyang ama, gayundin ang kanilang mga anak, mga tiyuhin niya at tiyahin sa panig ng kanyang ina, gayundin ang kanilang mga anak, at itinuring ito na kabilang sa pinakadakilang gawaing pagpapalapit at pagsunod, at ang pagtatakwil sa kanila o sa pang-aabuso sa kanila ay itinuring bilang isa sa mga malalaking kasalanan. Siya ﷺ ay nagsabi: "Hindi makapapasok sa Paraiso ang nagtatakwil sa pagkakamag-anak". (Al-Bukhari: 5638 – Muslim: 2556)



> **Itinanim ng Islam ang prinsipyo ng pagpapahalaga sa mga ama at mga ina.**

Ang Iyong Pamilya

# > Ang Katayuan ng Babae sa Islam

Pinarangalan ng Islam ang babae at pinalaya mula sa pagkaalipin ng lalaki, at pinalaya rin mula sa pagiging isang mumurahing kasangkapan na walang dangal at walang paggalang, at ang ilan sa mga halimbawa ng mga alituntuning may kaugnayan sa paggalang sa babae:

- Ipinagkaloob ng Islam sa babae ang kanyang karapatan sa mana sa pamamagitan ng pamamahaging makatarungan at marangal, pinagpapantay ang lalaki sa babae sa ilang kalagayan, at naiiba naman ang bahagi nito sa kanya sa ilang kalagayan, ayon sa kanyang pagkakaugnay bilang kamag-anak at sa katungkulang gastusin na nakatalaga sa kanya.
- Pinagpantay ang pagitan ng lalaki at babae sa maraming usapin na magkakaiba, at ang isa rito ay ang lahat ng mga pananalaping kalakalan, hanggang sa sinabi niya (sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan): "Ang mga kababaihan ay kapatid ng mga kalalakihan". (Abu Daud: 236)
- Ipinagkaloob sa babae ang kalayaang pumili ng magiging asawa, at siya ay itinalaga bilang isang may malaking bahagi sa pananagutan hinggil sa pagdisiplina ng mga anak. Siya ﷺ ay nagsabi: "At ang babae ay tagapag-alaga sa bahay ng kanyang asawa, at may pananagutan sa kanyang inaalagaan". (Al-Bukhari: 853 – Muslim: 1829)
- Pinanatili sa kanya ang kanyang pangalan at ang karangalan ng kanyang pag-anib sa kanyang ama, kaya hindi magbabago ang kanyang angkan matapos ang pag-aasawa, bagkus siya mananatiling nakaugnay sa kanyang ama at angkan.
- Ipinag-utos [bilang tungkulin] para sa asawang lalaki ang pag-aalaga sa mga kababaihan na nararapat sa kanyang pagtataguyod tulad ng asawa, ina at anak na babae nang walang anumang panunumbat sa mga kabutihang ipinagkakaloob ng lalaki
- Binigyang-diin ng karangalan at kahigtan ang sinumang naglilingkod sa mga mahihinang babae na walang nakakaramay ni isa man, kahit man lang hindi kamag-anak, at itinuring ito na kabilang sa pinakamainam na gawain sa (paningin ng Allah). Sapagka't siya ﷺ ay nagsabi: "Ang tagapagtaguyod sa mga balo at mahihirap ay nakakatulad ng isang nakikipaglaban [o nagpupunyagi] sa Landas ng Allah, katulad ng nagtataguyod nang walang sawa, at katulad nang nag-aayuno nang walang tigil". (Al-Bukhari: 5661 – Muslim: 2982)



## Mga kababaihan na Ipinag-utos ng Islam ang Pag-aalaga sa kanila:

Ang ina: Ayon sa naiulat ni Abu Hurayrah – sumakanya nawa ang lugod ng Kataas-taasang Allah – siya ay nagsabi: Dumating ang isang lalaki sa Sugo ng Allah ﷺ at nagsabi: O Sugo ng Allah! Sino po sa mga tao ang higit na karapat-dapat kong pakisamahan nang mabuti? Siya ay nagsabi: "Ang iyong ina", nagsabi siya ulit: Sino pa po? Siya ay nagsabi: "Ang iyong ina", nagsabi siya ulit: Sino pa po? Siya ay nagsabi: "Ang iyong ina", nagsabi siya ulit: Sino pa po? Siya ay nagsabi: "Ang iyong ama". (Al-Bukhari: 5626 – Muslim: 2548)

Ang anak na babae: Ayon sa naiulat ni `Uqbah ibn `Amir – sumakanya nawa ang lugod ng Allah – siya ay nagsabi: Narinig ko sa Sugo ng Allah ﷺ na nagsasabi: "Sinuman ang mayroong tatlong anak na babae at siya ay nagtiyaga sa kanila, sila ay kanyang pinakain, pinainom at binihisan [nang maayos] mula sa kanyang sariling hanap-buhay, sila ay kanyang magiging panangga laban sa Apoy sa Araw ng Pagkabuhay Muli". (Ibnu Majah: 3669)

Ang asawang babae: Ayon sa naiulat ni Aishah, siya ay nagsabi: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ : "Ang pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamabuti sa kanyang pamilya, at ako ang pinakamabuti sa aking pamilya". (At-Tirmidi: 3895)

> Ang ugnayan sa pagitan ng lalaki at babae sa Batas ng Islam ay ugnayang ganap, pinupunuan ng bawa't isa sa kanila ang kakulangan ng iba sa pagbuo ng isang huwarang Muslim komunidad.

## Walang puwang sa pagitan ng dalawang kasarian [lalaki at babae] upang sila ay maglaban sa isa't isa:


**Ang ideya ng labanan sa pagitan ng lalaki at babae, ito'y nagwakas na dahil sa pangingibabaw** ng lalaki sa babae tulad ng nasa ilang mga mangmang na komunidad, o dahil sa paghihimagsik ng babae at paglabas nito sa kanyang likas na talino at likas na siyang dahilan ng paglikha sa kanila, tulad ng nasa ibang mga pamayanang malayo sa pagsunod sa Batas ng Allah.

At ito ay naganap lamang bunga ng pagtalikod sa Batas ng Allah, kung saan ang Allah na Tigib ng Pagpapala at Kataas-taasan ay nagsasabi:

{At huwag ninyong pagnasaan ang anumang [biyayang] ipinagkaloob ng Allah sa iba sa inyo nang higit sa iba. Para sa mga lalaki, ay isang bahagi mula sa anumang kanilang pinagsumikapan, [gayon din naman] para sa mga babae, ay isang bahagi mula sa anumang kanilang pinagsumikapan. At inyong hingin sa Allah ang Kanyang biyaya.} Surah An-Nisa' (4): 32 , Kaya ang bawa't isa [lalaki at babae] ay pinarangalan. Ang mga lalaki ay mayroong sariling mga katangian, at mga maliwanag na tungkuling nagbibigay ng pagkakilanlan mula sa katangian ng babae, at ito ay hindi nagbibigay ng pagtangi-tangi ng isa sa dalawang kasarian nang higit sa isa sa kanila. At nagsisikap na itaguyod ang kabutihan ng tao sa buong lipunan.

**Kaya sa Islam walang puwang para magkaroon ng labanan sa pagitan ng dalawang kasarian (lalaki't babae),** at walang laban sa mga makamundong layunin; gayundin walang dapat pamimintas at paninirang umiral sa pagitan ng dalawang kasarian.

Ang lahat ng ito ay walang kabuluhan sa



Islam, at bunga lamang ng kakulangan sa pang-unawa sa mga tungkuling iniatang sa bawa't isa. Sa Islam, bawat isa ay may bahagi nang ayon sa kanilang sariling pinagsikapang matamo sa material at ispiritwal. Sa halip na mainggit, sila ay napag-utusang hanapin ang kasaganaan ng Allah sa pamamagitan ng mahusay na paggawa at pagdarasal.

## Ang mga uri ng babae para sa lalaki:

Ang babae para sa lalaki ay may mga uri:


### 1 Na ang babae ay magiging kanyang asawa:

At ipinahihintulot sa lalaki ang pagtingin at pagpapakaligaya sa kanyang asawa nang ayon sa kanyang nais, at ipinahihintulot din iyon sa babae sa kanyang asawa, at sa katunayan binansagan ng Allah ang asawang lalaki bilang isang saplot para sa asawang babae, at ang asawang babae bilang isang saplot para sa asawang lalaki, na wari bang isang magandang larawan ng sikolohiyang ugnayan, damdamin at pisikal sa pagitan nilang dalawa. Siya (ang Allah) ay nagsabi: {Sila ay inyong mga saplot [sa katawan at panangga] at kayo ay saplot rin para sa kanila.} Surah Al-Baqarah (2): 187 (Tingnan ang pahina: 230)

## 2 Na siya (ang babae) ay magiging isa sa kanyang mga Mahram:

At ang tinutukoy bilang mga Mahram ay ang lahat ng lalaki na ipinagbabawal ang pag-aasawa sa kanya nang habang buhay, at ang mga Mahram ay tulad ng mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| 1 | Ang ina o lola, sa panig ng ama o ina, tulad ng nanay ng ina at nanay ng ama at pataas. |
| 2 | Ang anak na babae, o anak na babae ng anak na lalaki, o anak na babae ng anak na babae at pababa. |
| 3 | Ang kapatid na babae na buo, o ang kapatid na babae sa ama, o ang kapatid na babae sa ina. |
| 4 | Ang tiyahin sa panig ng ama, at ito ay ang kapatid na babae ng ama na buo, o sa ama lamang, o sa ina lamang, at pasok dito ang tiyahin ng ama at tiyahin ng ina. |
| 5 | Ang tiyahin sa panig ng ina, at ito ay ang kapatid na babae ng ina na buo, o kapatid niya na babae sa ama lamang, o sa ina lamang, at pasok dito ang tiyahin ng ama at tiyahin ng ina. |
| 6 | Ang anak na babae ng kapatid na lalaki na buo, o sa ama lamang, o sa ina lamang, at pababa tulad ng anak na babae ng anak na lalaki ng kapatid na lalaki. |
| 7 | Anak na babae ng kapatid na babae na buo, o sa ama lamang, o sa ina lamang, at pababa tulad ng anak na babae ng anak na babae ng kapatid na babae. |
| 8 | Ang ina ng asawang babae (biyenan), maging ang asawang babae ay kapiling niya o nahiwalayan niya, sapagka't ang nanay nito ay kabilang sa tunay na mga Mahram, gayundin ang nanay ng nanay ng asawang babae (ang lola niya). |
| 9 | Ang anak na babae ng asawang babae na hindi sariling anak niya (lalaki). |
| 10 | Ang asawang babae ng anak na lalake at pababa (tulad ng apong lalake ng asawang babae) |
| 11 | Ina-inahan [ asawa ng kanyang ama ] at pataas, tulad ng asawang babae ng kanyang kapatid na lalaki (mula sa panig ng kanyang ama-amahan [asawa ng kanyang ina ] |
| 12 | Ang ina sa pagpapasuso, at ito ay ang babaeng nagpasuso sa kanya sa unang dalawang taon ng kanyang pagkakasilang, limang beses na nabusog, kaya itinakda ng Islam sa kanya ang isang karapatan dahil sa pagpapasuso niya sa kanya. |
| 13 | Ang kapatid na babae sa pagpapasuso, at ito ay ang anak na babae ng babaeng nagpasuso sa kanya sa panahon ng kanyang kamusmusan tulad ng nabanggit sa itaas, at gayundin ang lahat ng mga kamag-anak na babae sa pagpapasuso, sila ay ipinagbabawal tulad ng pagbabawal sa mga kamag-anak na babae sa angkan, katulad ng tiyahin sa panig ng ama at sa panig ng ina, gayundin ang anak na babae ng kapatid na lalaki, at ang anak na babae ng kapatid na babae sa pagpapasuso. |




Samakatuwid ang mga Mahram na iyon ay ipinapahintulot sa kanila na lumabas sa harapan niya ayon sa kung ano ang nakaugalian na maaring ilantad sa harapan ng mga kamag-anak, tulad ng braso, leeg, buhok at tulad nito, nang walang kakauntian o pagmamalabis sa hangganan.

## 3 Na ang babae ay hindi kaanu-ano para sa kanya:

Ang babaeng hindi kaanu-ano ay ang lahat na babae na hindi naibibilang sa kanyang mga Mahram, maging ito man ay kabilang sa mga kamag-anak niya, tulad ng anak na babae ng kanyang tiyuhin at tiyahin sa panig ng kanyang ama, o anak na babae ng kanyang tiyuhin at tiyahin sa panig ng kanyang ina, gayundin ang asawa ng kanyang kapatid na lalaki at mga kamag-anak ng pamilya, o ang mga hindi niya kamag-anak at walang nag-uugnay sa kanya sa mga ito na ugnayang pagkakamag-anak o pagkakaanib ng pamilya.

At sa katunayan ang Islam ay naglagay ng mga patakaran at mga batas na siyang maghahatol sa ugnayan ng isang Muslim sa isang babaeng banyaga, bilang pangangalaga sa dangal at nagsisilbing panangga sa mga pintuan ni Satanas laban sa tao, kaya sinuman ang lumikha sa tao ay Siyang higit na nakaaalam sa kung ano ang makabubuti para sa kanya. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Hindi baga Niya nababatid ang Kanyang nilikha? At Siya ang Tigib ng Kabaitan, ang Lubos na Nakababatid (sa lahat ng bagay)}. Al-Mulk (67): 14

At araw-araw ating nababasa ang mga ulat at mga statistiko ng mga kaso tungkol sa panggagahasa at mga makasalanang relasyon na sumisira sa maraming pamilya at mga lipunan na hindi nagpapatupad sa mga Batas ng Allah.

## Ang mga patakaran ng ugnayan sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babaeng banyaga (hindi kaanu-ano):

### 1 Ang pagbaba ng paningin:

Kaya kinakailangan para sa isang Muslim na huwag tumingin sa mga Awrah (maselang bahagi ng katawan), at huwag tumingin sa anumang pumupukaw ng pagnanasa sa sarili, at huwag tumingin nang matagal sa isang babae na hindi naman dapat kailangan.

At katotohanang ipinag-utos ng Allah sa dalawang kasarian (lalaki't babae) ang pagbaba ng kanilang mga paningin, sapagka't ito ay pamamaraan ng pananatili sa kalinisang-puri at pangangalaga sa mga dangal, kung saan ang pagpapahintulot ng paningin nang walang hangganan ay daan ng mga kasalanan at mga kahalayan. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi:

{Sabihin mo sa mga naniniwalang lalaki na kanilang ibaba ang kanilang mga paningin [sa mga bawal na bagay], at pangalagaan ang kanilang mga maseselang bahagi ng katawan [upang hindi makagawa ng kahalayan]. Iyan ay higit na dalisay para sa kanila. Katotohanan, ang Allah ay Lubos na Nakababatid sa anumang kanilang mga ginagawa.

At sabihin mo sa mga naniniwalang babae na kanilang ibaba ang kanilang mga paningin [sa mga bawal na bagay], at pangalagaan ang kanilang maseselang bahagi ng katawan, [upang hindi makagawa ng kahalayan]}. Surah An-Nur (24): 30-31

At kung mangyari man, at sa di-sinasadya ay napatingin ang isang babae, magkagayon kinakailangan para sa kanya na kanyang ilihis ang kanyang paningin sa babae, sapagka't katotohanan, ang pagbaba ng paningin ay sumasaklaw sa lahat ng bagay na maaaring umakay [o pumukaw] sa pagnanasang sekwal na ipinakikita sa mga media at internet.

## 2 Ang pakikitungo ayon sa kagandahang asal at pag-uugali:

Kaya maaari niyang kausapin ang babaeng hindi niya kaanu-ano, at maaari rin siyang kausapin nito, at kapwa silang makitungo sa isa't isa sa kagandahang asal at pag-uugali, kalakip ang paglayo sa lahat ng nakakapukaw ng mga pagnanasang sekswal sa pamamagitan ng anupamang pamamaraan, at dahil dito:

- Pinagbawalan ng Allah ang mga kababaihan mula sa mga malalambing at malalambot na pananalita kapag nakikipag-usap sa mga di-kaanu anong kalalakihan, at pinag-utusan na maging maliwanag sa salita. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {Kaya't huwag kayong maging malambing sa (inyong) pagsasalita (sa mga lalaki), at baka siya na ang puso ay may karamdaman (may hangarin ng kalaswaan, pagkukunwari) ay magnasa (ng kahalayan); datapuwa't mangusap kayo (sa kanila) ng marangal na salita}. Al-Ahzab (33): 32
- Ipinagbawal nito ang nakakaakit na mga galaw sa paglakad at pagkilos, at paglantad ng ilang mga uri ng pagpapalamuti. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {At huwag nilang hayaang ipadyak ang kanilang mga paa upang kanilang mailantad ang anumang kanilang ikinukubling palamuti [ganda]}.Surah An-Nur (24): 31

## 3 Ang pagbabawal sa Al-Khulwah (pag-iisa):

At ang kahulugan ng Khulwah ay ang pag-iisa ng lalaki at isang babaeng (hindi kaanu-ano) sa isang lugar na walang naka-kakita sa kanila rito na isa man, at tunay na ipinagbawal ng Islam ang Khulwah, sapagka't ito ay isa sa mga pintuan ni Satanas upang mahulog sa kahalayan. Siya ﷺ ay nagsabi: "Maging maingat! Huwag mapag-isa ang isang lalaki at isang babae maliban na ang kanilang ikatlo ay si Satanas". (At-Tirmidi: 2165)



## 4 Al-Hijab (Ang Pagsusuot ng Takip):

Ipinag-uutos ng Allah ang Hijab (pagsusuot ng takip) sa babae at hindi sa lalaki, sa dahilang ang babae ay nauugnay sa mga aspeto ng kagandahan at ng tukso, na naghahatid sa mga kalalakihan na makagawa ng mga gawaing makasalanan.

At katotohanang isinabatas ng Allah ang Hijab para sa ilang mga layunin, ang ilan dito:

- Upang kanyang malayang maipatupad ang kanyang mabubuting mithiin sa buhay at sa komunidad sa iba't ibang larangan ng agham at pag-aaral sa magandang pamamaraan kaalinsabay ng pangangalaga sa kanyang karangalan at kalinisang-puri.
- Upang kanilang masugpo ang mga oportunidad ng tukso at kaguluhan, sa gayon ay kanilang matiyak ang kalinisan ng pamayanan sa isang dako, at mapangalagaan ang karangalan ng babae sa kabilang dako.
- Upang kanilang matulungan ang mga kalalakihang tumitingin sa babae na magkaroon ng pagpigil sa kanilang mga sarili at sa gayon sila ay pakikitunguhan nang may paggalang at may karangalan at hindi sila ituring bilang isang kasangkapan na nang-aakit at nanunukso sa mga kalalakihan.

## Ang Mga Hangganan ng Hijab (pagsusuot ng Takip):

Ipinag-utos ng Allah [bilang tungkulin] para sa babae na makikipagharap sa mga di kaanu-anong kalalakihan na takpan ang lahat ng kanyang katawan maliban sa kanyang mukha at mga kamay. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {At huwag nilang iladlad ang kanilang palamuti [ganda] maliban sa [kailangang] ilitaw }. Surah An-Nur (24): 31

At ang kung ano ang marapat na nakalitaw: ito ay ang mukha at ang mga kamay, maliban kung may tukso sa paglalantad ng mukha at mga kamay, magkagayon sa sandaling iyon ay ipinag-uutos ang pagtatakip dito.

## Ang Mga Patakaran ng Hijab na pantakip:

Ipinahihintulot sa babae na magsuot ng anumang nais niyang kulay sa Hijab ayon sa mga sumusunod na patakaran:

1. Na ang Hijab ay nararapat na matakpan nito ang mga bahagi ng katawan na sadyang kailangang matakpan sa publiko.
2. Na ito ay nararapat na maluwag at hindi masikip [o nahahapit] upang hindi mababanaag ang hubog ng katawan.
3. Na ito ay hindi manipis na nababanaag ang hubog [at loob] ng katawan.



> Naglagay ang Islam ng mga batas na magpapatibay ng ugnayan sa pagitan ng lalaki at babae.

# > Ang Pag-aasawa sa Islam



> Ang pag-aasawa ay kabilang sa pinakamalaking mga pag-uugnayan na binigyang-diin ng Islam.

Ang pag-aasawa ay kabilang sa pinakamatatag na ugnayan na pinahahalagahan ng Islam at ipinanghihikayat ito, at ito ay itinuturing bilang Kaparaanan ng mga Sugo (Tunghayan ang pahina 218).

At katotohanan, binigyan ng pagpapahalaga ng Islam ang mga alituntunin, ang mga kagandahang asal nito, at ang mga karapatan ng mag-asawa sa paraang mapangalagaan nito ang katatagan ng ugnayang pag-aasawa at mapanatili nito ang isang matibay at matagumpay na pamilya na kung saan ang mga anak ay pinagyayaman sa kabutihang asal at katatagan ng isip at pagkamatuwid sa pananampalataya at pagkamit ng kahusayan sa lahat ng mga aspeto ng buhay.

### At ang ilan sa mga alituntuning binanggit ay ang mga sumusunod:

Nagtakda ang Islam ng mga patakaran na kinakailangan ng mag-asawa [lalaki't babae] upang maging maayos ang kanilang pag-aasawa at ugnayan, at ito ay ang mga sumusunod:

## Ang Mga Patakaran ng Islam sa Babaeng Pakakasalan:

1 Ang babae ay dapat isang Muslim o Angkan ng Kasulatan (Ibig sabihin ay Hudyo o Kristiyano) naniniwala sa kanyang relihiyon, nguni't ang Islam ay hinihimok tayo sa pagpili ng babaeng Muslim na may paniniwala [Eeman], sapagka't siya ay magiging isang ina na mag-aalaga ng kanyang mga anak, makatutulong sa iyo sa kabutihan at sa pagpapakatuwid. Batay sa sinabi ng Propeta ﷺ : "Datapuwa't piliin ang babaing may paniniwala [Eeman], at ikaw ay mapapaunlad". (Al-Bukhari: 4802 – Muslim: 1466).

2 Ang siya ay dapat na malinis na babae sapagka't, ipinagbabawal ang pag-aasawa sa nakilalang mahalay at walang dangal. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {At gayundin (na pinahihintulutan sa inyo sa pag-aasawa) ang mga malilinis na babae mula sa mga naniniwala [Muslim] at mga malilinis na babae mula sa mga pinagkaloob-ban ng Kasulatan [mga Hudyo at kristiyano]}." (Surah Al-Maa'idah, 5:5)

3 Ang siya ay hindi dapat kabilang sa kanyang mga Mahram na ipinagbabawal sa kanya na asawahin sa habang buhay. Batay sa naunang naipaliwanag (Pahina 223), at huwag pag-isahin sa kanyang pag-aasawa ang isang babae at ang kapatid nito, o ang kanyang tiyahin maging sa panig ng kanyang ama o ina.



## Ang mga Patakaran ng Islam sa Lalaking Mag-aasawa:

Ipinag-uutos [bilang tungkulin] sa lalaking mag-aasawa na siya ay isang Muslim at ipinagbabawal sa Islam na ang isang babaeng Muslim na mag-asawa ng hindi Muslim, maging anupaman ang relihiyon nito, maging Angkan man ng Kasulatan (Hudyo o Kristiyano) o hindi Angkan ng Kasulatan, at binigyang-diin ng Islam ang pagtanggap sa lalaking mag-aasawa kung nasa kanya ang dalawang patakaran:

- Ang matuwid na pagsunod sa pananampalataya.
- Maganda ang pag-uugali.

Siya ﷺ ay nagsabi: "Kapag hiningi sa inyo ang kamay ng inyong anak na babae [upang pakasalan] ng isang lalaking [Muslim] na inyong kinalulugdan ang kanyang Eeman [pananampalataya] at mabuting pag-uugali, magkagayon inyong tanggapin ang kanyang kahilingan, sapagkat kung hindi ninyo ito magawa, magkakaroon ng katiwalian sa ibabaw ng lupa". (At-Tirmidi: 1084 – Sunan Ibn Majah: 1967)

## > *Ang mga karapatan ng asawang lalaki at asawang babae*



> **Isinasatungkulin sa lalaki ang paggugol sa kanyang asawa at mga anak sa kabutihan.**

Ipinag-uutos ng Allah sa bawa't isa sa asawang lalaki at babae ang ilang mga karapatan, at sila ay Kanyang hinihikayat sa lahat ng bagay na magpapaunlad ng ugnayang pag-aasawa at ang pangangalaga rito, samakatuwid ang pananagutan ay nakapataw sa magkabilang panig, at tungkulin ng bawa't isa sa dalawang mag-asawa na lalaki at babae na huwag hilingin sa isa ang mga bagay na hindi abot kaya. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {At sila (mga kababaihan) ay mayroong mga karapatan na katulad ng karapatan (ng kanilang mga asawang lalaki) sa paraang makatuwiran}. Surah Al-Baqarah (2): 228. Kaya't kailangan ang pagpapaubaya at pagbibigayan upang mapagaan ang takbo ng buhay at maitaguyod ang marangal na pamilya.

## Ang mga karapatan ng asawang babae:

### 1 Ang paggugol at ang tahanan:

- Samakatuwid, tungkulin ng asawang lalaki na tustusan ang kanyang asawa sa pagkain nito, inumin, kasuutan at mga kaukulang bagay sa kanya, at nararapat na ihanda para sa kanya ang isang maayos na tahanan upang siya ay mamuhay rito, kahit pa man siya [ang babae] ay isang mayaman.

- Ang halaga ng paggugol: Tuusin [at bilangin] ang paggugol batay sa kakayahan nito [ng lalaki] nang walang pagmamalabis at walang pagkukulang. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Hayaang ang isang lalaking nakaririwasa na gumugol nang ayon sa kanyang kakayahan. At sa sinuman na ang panustos ay lubhang kapos - hayaan siyang gumugol nang ayon sa anumang ipinagkaloob sa kanya ng Allah. Hindi nagbibigay ng pasanin ang Allah sa isang tao maliban [nang ayon] sa anumang Kanyang ipinagkaloob dito. Ang Allah ay magkakaloob ng ginhawa pagkaraan ng kahirapan}. Surah At-Talaq (65): 7

- Siya ay nararapat na gumugol sa kanyang asawang babae nang may lakip na kabaitan, na walang panunumbat at panghahamak sa kanya ng anupaman, bagkus tulad ng inilarawan ng Allah – na Tigib ng Kapangyarihan at Kapita-pitagan. Katotohanan, ang pangangalaga sa kanya ay hindi isang pabor, bagkus isang tungkulin na dapat niyang tuparin para sa kanyang asawang babae.

- Ang paggugol sa asawang babae at pamilya sa Islam ay may dakilang gantimpala. Ang Propeta ﷺ ay nagsabi: "Kapag naggugol ang isang Muslim ng isang panustos sa kanyang pamilya habang siya ay naghahangad ng gantimpala rito, sasakanya ito bilang isang kawanggawa". (Al-Bukhari: 5036 – Muslim: 1002), at sinabi pa niya ﷺ : "At tunay na wala kang



Ang Iyong Pamilya

naigugugol na isang panustos na iyong hinahangad dito ang Mukha (Lugod) ng Allah kundi ikaw ay gagantimpalaan dito maging ang isang subo ng pagkain na iyong isinusubo sa bibig ng iyong asawa". (Al-Bukhari: 56 – Muslim: 1628), kaya sinuman ang tumanggi sa paggugol o nagkulang dito samantalang may kakayahan siya rito, tunay na siya ay nagkasala ng malaking kasalanan. Batay sa sinabi niya ﷺ : "Sapat na sa isang tao ang isang pagkakasala na magpabaya sa sinumang kanyang karapat-dapat tustusan [ang kanyang pamilya]". (Abu Daud: 1692)

## 2 Ang magandang pakikitungo:

Ang tinutukoy sa magandang pakikisama: Ang kagandahang pag-uugali, ang pagiging magiliw, pagkamalumanay na pananalita, pagpapaumanhin (mahabang pagpapasensya) sa mga pagkakamali at pagkukulang na walang sinumang nakakaalpas nito. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {At kayo ay [dapat] mamuhay sa kanila nang may kabaitan. Sapagka't kung sila ay inyong kinamumuhian marahil inyong kinamumuhian ang isang bagay. At ginagawa ng Allah dito ang maraming [kaakibat na] kabutihan}. Surah An-Nisa' (4): 19

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: "Ang nagtataglay nang may pinakaganap na Eeman [pananampalataya] sa mga Muslim ay ang isang nagtataglay ng pinakamahusay na pag-uugali sa kanilang mga kababaihan (asawa)". (At-Tirmidi: 1162)

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi pa: "Katotohanang ang nagtataglay nang may pinakaganap na Eeman [pananampalataya] sa mga Muslim ay ang isang nagtataglay ng pinakamahusay na pag-uugali, at ang isang pinakamagiliw sa kanyang pamilya". (At-Tirmidhi: 2612 – Ahmad: 24677).

At ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi pa: "Ang pinakamainam sa inyo ay ang pinakamabuti sa inyo sa kanyang pamilya, at ako ang pinakamabuti sa aking pamilya". (At-Tirmidi: 3895)

Ang isang Sahabah (kasamahan ng Propeta) ay nagtanong sa Sugo ng Allah, at kanyang sinabi: O Sugo ng Allah! Ano ang karapatan ng asawang babae sa isa sa amin na kailangang tupdin? Siya ay nagsabi: "Ang pakainin mo siya kapag ikaw ay nakakakain, at damitan siya kapag ikaw ay nakakapagdamit, at huwag mo siyang paluin sa mukha, at huwag mo siyang pagsalitaan ng masasama, at huwag mo siyang iwanan maliban sa bahay [maaari mo siyang huwag tabihan o sipingan]". (Abu Daud: 2142)

## 3 Ang pinamamahalaan at pagbabata (pagpapasan ng mga responsibilidad:

Kaya kinakailangan na pangalagaan ang likas na katangian ng babae na kaiba sa likas na katangian ng lalaki, at ang paghahanap upang suriin ang buhay sa lahat ng anggulo nito, sapagka't walang sinuman ang nakakaligtas sa mga kamalian, kaya kailangan natin ang pagtitiyaga at pagsusuri sa positibong paraan, at ang Kataas-taasang Allah ay nagbigay-babala sa dalawang mag-asawa sa pagsusuri sa mga positibong anggulo. Kaya Siya ay nagsasabi: {At huwag ninyong kalimutan na pairalin ang kabutihang-loob sa pagitan ninyo}. Surah Al-Baqarah (2): 237

At siya ﷺ ay nagsabi: "Huwag mapoot ang isang naniniwalang lalaki sa isang naniniwalang babae, kung kinamumuhian man niya ang isang pag-uugali nito, siya naman ay nalulugod sa kanya sa iba pa nitong pag-uugali". (Muslim: 1469)

At binibigyang-diin ng Propeta ﷺ ang pangangalaga sa mga kababaihan at ang pakikisama sa kanila sa kabutihan at kahusayan kabilang na rito ang babala na ang likas na katangian ng babae sa sikolohiya at damda-

min ay kakaiba sa lalaki, at ang pagkakaiba na ito ay isang kaganapan para sa pamilya, at kailangan na ang pagkakaiba na ito ay hindi maging dahilan ng pagkasira at paghihiwalay. Batay sa sinabi niya ﷺ : "Pagpayuhan ninyo ang mga kababaihan, katotohanan, ang babae ay nilikha mula sa tadyang, kailanman ay hindi siya maging matuwid sa iyo sa anupamang paraan, kaya kung ikaw man ay magpakaligaya sa kanya, ikaw ay makapagpapaligaya sa kanya datapuwa't nasa kanya pa rin ang pagkabaluktot, at kung ikaw ay humayo upang ituwid ito, siya ay iyong masisira, at ang pagsira sa kanya ay ang paghihiwalay sa kanya". (Al-Bukhari: 3153 – Muslim: 1468)

### 4 Ang pamamalagi [at pananatili sa kanya] sa gabi:

Kailangan para sa isang lalaki na mamalagi sa kanyang asawa, at ipinag-uutos sa kanya na hindi bababa sa isang araw sa bawa't apat na araw, gayundin na ipinag-uutos para sa kanya ang paghahati sa pagitan ng kanyang mga asawa ang ayon sa katarungan, kung siya ay may asawa na higit sa isa.

### 5 Ang pagtatanggol sa kanya, sapagka't siya ay tunay na iyong dangal at karangalan:

Kapag napangasawa ng isang lalaki ang babae, siya ay naging dangal na niya, kaya ipinag-uutos sa kanya ang pagtatanggol sa dangal na ito at karangalan, kahit pa humantong ito sa pagpatay sa kanya. Batay sa sinabi niya ﷺ : "Sinuman ang napatay sa pagtatanggol sa kanyang pamilya, magkagayon siya ay isang Shahid (martir)". (At-Tirmidi: 1421 – Abu Daud: 4772)

### 6 Hindi Nararapat na Ipinagkakalat ang mga Lihim ng Asawang Babae:

Samakatuwid, hindi ipinahihintulot sa isang lalaki na magsalaysay tungkol sa mga personal ng kanyang asawa at sa anumang nagaganap sa pagitan ng mag-asawa at ipagkalat ito sa mga tao. Batay sa sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ : "Katotohanang ang pinakamasamang tao sa paningin ng Allah sa Araw ng Pagbabangon Muli ay ang lalaki na nakikipagniig sa kanyang asawa at siya [ang asawang babae] ay nakikipagniig sa kanya, at pagkatapos ay kanyang ipinagkakalat ang lihim nito". (Muslim: 1437).

### 7 Hindi Ipinahihintulot ang Marahas at Pagmamalabis sa Babae:

At sa katotohanan, ang Islam ay naglagay ng ilang mga patakaran upang lunasan ang mga suliranin, ang mga ilan dito ay ang mga sumusunod.

- Dapat ang lunas ay sa pamamagitan ng talakayan, payuhan at pangangaral upang maituwid ang mga pagkakamali.
- Sa kaso ng paghihimagsik, kawalan ng galang at masamang ugali, ang asawang lalaki ang maaaring huminto sa pakikipag-usap sa kanya sa kondisyon na hindi lalagpas ng tatlong araw, at kung ito ay hindi pa rin nagbunga ng maayos, maaari niyang talikdan o huwag tabihan sa higaan at iwasang makipagtalik nguni't hindi dapat iwanan sa pamamahay.
- Si Aishah – sumakanya nawa ang lugod ng Allah, ay nagsabi: "Kailanman ay hindi nanakit ang Sugo ng Allah ﷺ mula sa kanyang mga kamay at hindi rin nanakit ng isang alipin at isang babae. Siya ay nanakit lamang kung siya ay nakikipaglaban sa Landas ng Allah".

### 8 Ang pagtuturo sa kanya at ang pagpapayo sa kanya:

Tungkulin ng isang lalaki na pag-utusan niya ang kanyang pamilya at pagbawalan, at maging masigasig siya sa lahat ng maghahatid sa kanila upang matamo ang karangyaan ng Paraiso, at iligtas sila mula sa Apoy sa pamamagitan ng pagpapagaan sa paggawa ng mga kautusan at paghihimok dito, gayundin ang pagbabawal sa mga kasamaan at paglayo rito. At tungkulin din

ng babae na pangalagaan ang pagpapayo sa kanyang asawa at patnubayan sa kung ano ang mayroong kabutihan, at pag-aalaga sa mga anak nang mahusay na pag-aalaga. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {O kayong mga naniniwala [Muslim]! Iligtas ang inyong sarili at ang inyong pamilya mula sa Apoy}. At-Tahrim (66): 6

At sinabi niya ﷺ : "At ang lalaki ay tagapag-alaga sa kanyang pamilya, at may pananagutan sa kanyang inaalagaan". (Al-Bukhari: 2416 – Muslim: 1829)

### 9 Ang pagiging masigasig sa mga patakaran [o pangangailangan] ng asawang babae:

Kapag hiniling ng isang babae bilang kasunduan ng kasal para sa kanyang sarili ang isang bagay na ipinahihintulot habang itinatatag ang kasunduan, tulad ng isang partikular na uri ng tirahan at gastusin, at tinanggap ito ng lalaki, magkagayon tungkulin niyang tuparin ito, at ito ay ilan lamang sa pinakamahalagang mga kondisyon na kailangan ang pagtupad at pagiging masigasig dito, at ito ay sa dahilang ang kasunduan sa pag-aasawa ay kabilang sa mga sagradong kasunduan at pananagutan. Batay sa sinabi niya ﷺ : "At sa lahat ng kasunduan na inyong nararapat tuparin, ang higit na karapat-dapat na inyong tuparin ay anumang [kasunduan ng kasalan] na nagbibigay sa inyo ng kapahintulutang upang makipagtalik sa kanya". (Al-Bukhari: 4856 – Muslim: 1418)



> **Isinasatungkulin sa asawang lalaki ang pagiging masigasig [sa pagtupad] sa mga kondisyon ng asawang babae na nabanggit sa kontrata.**

## Ang Mga Karapatan ng Asawang Lalaki:

1 **Ang tungkulin ng pagsunod sa kabutihan:**

Itinakda ng Allah ang lalaki bilang tagapagtaguyod para sa babae, siya ay may pananagutan sa kalagayan ng babae, sa pagpapatnubay sa kanya at pangangalaga sa kanya, tulad ng pagtataguyod sa lahat ng kanyang kinasasakupan, at sa anumang ipinag-utos sa kanya [bilang tungkulin] ukol sa mga pananalaping pananagutan. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {Ang mga kalalakihan ang tagapangalaga ng kababaihan, sa dahilang ang ilan sa kanila ay pinagkalooban ng Allah ng kahigtan sa iba, at sa dahilang sila ang nagtataguyod sa paggugol sa kanila (ng panustos) mula sa kanilang yaman}. An-Nisa' (4): 34

2 **Ang Kakayahan ng Asawang Lalaki sa Pakikipag-ugnayang-sekswal sa Kanyang Asawa:**

Kabilang sa karapatan ng lalaki sa kanyang asawa ang kakayahan nito sa pagpapakaligaya at pakikipagtalik, at nakabubuti sa kanya ang magpaganda at maghanda para sa kanya, at kapag tumanggi ang babae sa pagtugon sa kanyang asawa sa pakikipagtalik, siya ay nasadlak sa ipinagbabawal at nagkasala ng malaking kasalanan, maliban kung siya ay may makatuwirang dahilan tulad ng Hayd (regla), pag-aayuno na obligado, karamdaman at ng mga nakakatulad nito.

Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ : "Kapag inanyahan ng lalaki ang kanyang asawa tungo sa kanyang higaan [upang magtalik], at siya ay tumanggi, pagkatapos ay nakatulog ito na napopoot sa kanya, siya ay isinumpa ng mga anghel hanggang sa kinaumagahan". (Al-Bukhari: 3065 – Muslim: 1436)

3 **Ang huwag pahintulutan ang sinumang kinasusuklaman ng asawang lalaki na pumasok sa bahay:**

Kaya isa sa karapatan ng lalaki sa kanyang asawa na huwag papasukin sa kanyang tahanan ang sinumang kinasusuklaman niya.

Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ : "Hindi marapat sa isang babae na mag-ayuno at ang kanyang asawa ay kapiling niya maliban sa kanyang pahintulot, at huwag siya (babae) magpapahintulot sa kanyang tahanan maliban sa kanyang pahintulot". (Al-Bukhari: 4899)

4 **Ang huwag lumabas ng bahay maliban sa kapahintulutan ng asawang lalaki:**

Kabilang sa mga karapatan ng lalaki sa kanyang asawa ay ang tungkuling huwag lumisan ng bahay nang wala siyang pahintulot, maging ito man ay pansarili o isang pangkalahatang pangangailangan [tulad halimbawa ng paghahanap-buhay ng babae].

5 **Ang paglilingkod ng babae sa kanyang asawa:**

Nakabubuti sa babae ang paglilingkod sa kanyang asawa sa kabutihan, tulad ng paghahanda ng pagkain at mga kaukulang gawain sa bahay.

## > Ang Talaq (Diborsiyo)




Ang Islam ay nag-aanyaya sa pagpapatuloy ng ugnayang pag-aasawa, at ito ay binibigyang-diin, nguni't naglagay din ito ng mga batas ng pamamaraan ng diborsiyo, kapag ang dalawang mag-asawa ay kakailanganin ito.

Ang Islam ay nag-aanyaya na ang kasunduan ng pag-aasawa ay maging panghabang buhay, na ang pag-aasawa ay dapat manatiling itinataguyod sa pagitan ng mag-asawa, hanggang sila ay paghiwalayin ng kamatayan, at sa katunayan, tinagurian ng Allah ang pag-aasawa bilang isang mabigat na panunumpa, at hindi ipinahihintulot sa Islam ang pagtatakda ng oras ng pagtatapos ng ugnayang asawa.

Bagaman binigyang-diin ng Islam ang lahat ng ito, isinasaalang-alang din ang mga alituntunin at patakaran para sa tao na mayroong kahinaan na sadyang likas sa tao, kaya naman naglatag din ng mga alituntunin kung paano isagawa ang diborsiyo [paghihiwalay] pagkaraan ng maraming tangkaang pakikipagkasundo sa pagitan ng mag-asawa at wala nang iba pang paraan . Sa ganitong kalagayan, inaayos ang dalawa sa makatarungan at praktikal na pamamaraan. Kapag ang di-pagkakasunduan at hidwaan ay patuloy na nagiging malubha, ang diborsiyo ay nagiging pangangailangan para sa katiwasayan ng pamilya at katatagan ng bawat panig. Kaya ang kapasiyahan ng diborsiyo ay nagpapahiwatig ng kabiguan ng pag-aasawa na higit naman mabuti kaysa sa kasamaang higit pang idudulot ng pagsasama.

Ito ang dahilan kung bakit ipinahintulot ang diborsiyo bilang paraan ng pagputol ng di-matagumpay na pag-aasawa at bigyan ng pagkakataon ang bawat isa sa kanila na makatagpo ng iba para sa isang higit na mabuting ugnayan na hindi madama sa unang pag-aasawa. Kaya binigyan ng katotohanan ang sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Datapuwa't kung sila ay maghiwalay, ang Allah ay maglalaan ng kasaganaan sa bawa't isa sa kanila mula sa Kanyang Biyaya (makakapag-asawa rin ang bawa't isa sa kanila ng iba). At ang Allah ay Lagi nang Malawak (ang Biyaya), Tigib ng Karunungan}. Surah An-Nisa' (4): 130

**Nguni't nagtakda ito ng maraming alituntunin at mga patakaran hinggil sa diborsiyo, at ang ilan dito:**

- Bilang pangkalahatang alituntunin, ang diborsiyo ay nasa kamay ng lalaki at hindi sa kamay ng babae.
- Nguni't maaaring hilingin ng babae ang paghihiwalay mula sa hukuman kapag hindi niya kayang mamuhay sa piling ng kanyang asawa at ang asawang lalaki ay tumututol na siya ay hiwalayan nito., Sa gayong kalagayan, ang hukuman ay magsasagawa ng pagsusuri upang ipawalang-saysay ang kasunduang kasal kung ang sanhi ng paghihiwalay ay makatuwiran at katanggap-tanggap.
- Maaaring balikan ang babae pagkatapos ng kanyang diborsiyo sa dalawang ulit, samantalang kapag siya ay diniborsiyo sa ikatlong pagkakataon, magkagayon hindi niya maaaring pakasalang muli ito hanggang hindi siya nakakapag-asawa ng ibang lalaki na ganap na pag-aasawa.



## > Ang Mga Karapatan ng Mga Magulang



Itinuturing ang magandang pakikitungo sa mga magulang at pagmamagandang-loob sa kanila bilang isa sa mga pinakadakila at mabuting gawain at ito ang pinakamarami sa gantimpalang inilaan ng Kataas-taasang Allah, at tunay na ito ay iniugnay ng Allah sa pagsamba sa Kanya at sa Kanyang Kaisahan.

At itinakda Niya ang magandang pakikitungo para sa kanila at ang pagmamagandang-loob sa kanila bilang isa sa mga pinakadakilang kadahilanan ng pagpasok sa Paraiso, sapagka't sinabi niya ﷺ : "Ang magulang na lalaki ang pinakagitna ng mga tarangkahan ng Paraiso, kaya kung nais mo, maaari mong hahayaang mawala ang tarangkahan na iyon o pangalagaan ito". (At-Tirmidi: 1900)

- **Ang panganib ng pagsuway sa mga magulang at pang-aabuso sa kanila:**

Kabilang sa mga pinakamalaking kasalanan na pinagkaisahan ng mga Batas sa pagpipigil nito at pagbabala, ang ilan dito: ang pang-aabuso sa dalawang magulang. Batay sa sinabi ng Propeta ﷺ sa mga Sahabah (kasamahan): "Nais ba ninyong ipabatid ko sa inyo ang pinakamalaki sa mga malalaking kasalanan?" kanilang sinabi: Opo, O Sugo ng Allah. Siya ay nagsabi: "Ang pagtatambal sa Allah at ang pagsuway sa mga magulang". (Al-Bukhari: 5918)

- **Ang pagsunod sa kanila sa hindi pagkakasala sa Allah:**

Ipinag-utos [bilang tungkuin] ang pagsunod sa mga magulang sa lahat ng kanilang mga ipinag-uutos maliban kung ang kanilang ipinag-uutos ay pagkakasala sa Allah, magkagayon huwag silang sundin dito; sapagka't walang pagsunod sa isang nilalang sa pagkakasala sa Tagapaglikha. Ang Kataas-taasang Allah ay nagsabi: {At Aming ipinagtagubilin sa tao na maging mabuti sa kanyang mga magulang; datapuwa't kung sila ay magsikap upang ikaw ay magtakda ng katambal sa Akin (sa pagsamba), na rito ay wala kang anumang kaalaman, kung gayon, sila ay huwag mong sundin}. Surah Al-Ankabut (29): 8

- **Ang pagiging mabuti sa kanila, lalung-lalo na sa kanilang panahon ng katandaan [at kahinaan]:**

Ang Kataas-taasang Allah ay nagsabi: {At nag-utos ang iyong Panginoon na huwag kayong sumamba sa iba maliban sa Kanya, at maging mabuti sa inyong mga magulang. Kung ang isa sa kanila o silang dalawa ay sumapit na sa katandaan ng buhay, huwag kang mangusap sa kanila ng Uff (isang salita ng kalapastanganan), at sila ay huwag mong sigawan, bagkus mangusap sa kanila nang marangal na pangungusap}. Al-Isra' (17): 23

Samakatuwid, ipinababatid ng Kataas-taasang Allah na ito ay tungkulin, at ipinag-utos sa tao ang pagsunod sa kanyang mga magulang at huwag silang sigawan o hiyawan, lalung-lalo na sa panahon ng kanilang katandaan at kahinaan, at kahit pa ito ay pabulong-bulong lamang nang walang salita.

- **Ang Mga Magulang na Hindi Naniniwala (Hindi Mga Muslim):**

Ipinag-utos [bilang] tungkulin para sa isang Muslim ang magkaroon ng magandang pakikitungo sa kanyang mga magulang, ang pagsunod sa kanila at ang pagmamagandang-loob sa kanila, at kahit pa sila ay hindi Muslim. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {Datapuwa't kung sila ay kapwa magsikap upang ikaw ay magtambal ng iba pa sa Akin (sa pagsamba) sa mga bagay na wala kang kaalaman; sila ay huwag mong sundin, datapuwa't pakitunguhan mo sila sa mundong ito sa mabuting paraan}. Luqman (31): 15

At ang pinakapangunahin sa paggawa ng kabutihan at pinakadakila nito ay ang pag-aanyaya at pagtatanim ng pagmamahal sa kanila sa Islam sa pamamagitan ng mahusay na pamamaraan at magandang pakikitungo.



## > Ang Mga Karapatan ng Mga Anak

• **Ang pagpili ng mabuting** asawa upang maging isang huwaran at mabuting ina, at ito ang pinakamalaking pamana na inihahandog ng ama sa kanyang mga anak.

• **Ang pagbigay sa kanila ng** magagandang pangalan, sapagka't ito ay magiging isang nananatiling palatandaan ng anak na lalaki.

• **Ang pagbutihin ang pagdisiplina** sa kanila at pagtuturo sa kanila sa mga prinsipyo ng pananampalataya at ibunsod sa kanila ang pagmamahal dito. Sinabi niya ﷺ : "Lahat kayo ay tagapag-alaga, may pananagutan sa kanyang inaalagaan, samakatuwid ang pinuno na may katungkulan na mag-alaga sa mga tao, siya ay may pananagutan sa kanila, at ang lalaki ay tagapag-alaga sa mga naninirahan sa kanyang tahanan at siya ay may pananagutan sa kanila, at ang babae ay tagapag-alaga sa tahanan ng kanyang asawa at ng anak nito at siya ay may pananagutan sa kanila, at ang isang alipin ay tagapag-alaga sa kayamanan ng kanyang amo at siya ay may pananagutan sa kanya, katotohanan kung gayon, kayong lahat ay tagapag-alaga at kayong lahat ay may pananagutan sa kanyang inaalagaan". (Al-Bukhari: 2416 – Muslim: 1829)



Samakatuwid, dapat magsimula ang mga magulang sa pagdidisiplina nang ayon sa pinakamahalaga, at ang pinakamahalagang panimula ng pagdidisiplina sa kanila sa wastong pananalig na walang halong Shirk (pagtatambal sa Allah) at walang mga Bid`ah (wala sa katuruan), at pagkatapos ay ang tungkol sa mga Ibaadat (gawaing pagsamba) lalung-lalo na ang Salah (pagdarasal), pagkatapos ay sila ay turuan at disiplinahin mula sa mga magagandang kaugalian at mga kapuri-puring asal, at sa lahat ng gawaing mararangal at mabuti, at ito ang pinakadakilang gawain sa paningin ng Allah.

- **Ang paggugol:**

Ipinag-utos [bilang tungkulin] para sa ama ang paggugol sa kanyang mga anak, maging sa mga lalaki man o mga babae, at siya ay hindi maaaring magkulang dito at magpabaya, bagkus kailangan niyang itaguyod ito sa abot ng kanyang kakayahan at sinabi ng Sugo ng Allah : "Sapat na pagkakasala para sa isang tao ang magpabaya sa sinumang tungkulin niyang tustusan [o itaguyod]". (Abu Daud: 1692)

At sinabi pa niya ﷺ tungkol sa kaukulan ng pag-aalaga at paggugol sa mga batang babae lamang: "Sinuman ang dumaan sa pagsubok ng isang bagay hinggil sa mga batang babae na ito, at kanyang pinagbuti ang pag-aruga sa kanila, sila ay kanyang magiging panangga laban sa Apoy [ng Impiyerno]". (Al-Bukhari: 5649 – Muslim: 2629)

- **Ang pagiging makatarungan sa pagitan ng mga anak, maging mga lalaki man o mga babae.** Batay sa sinabi niya ﷺ : "Matakot kayo sa Allah at maging makatarungan kayo [at kayo ay makitungo ng pantay] sa pagitan ng inyong mga anak". (Al-Bukhari: 2447 – Muslim: 1623)

Samakatuwid, hindi maaaring nakalalamang ang mga babae sa mga lalaki, gayundin naman na hindi maaaring nakalalamang ang mga lalaki sa mga babae, sapagka't ito ay magdudulot ng mga kasiraan na tanging ang Allah lamang ang nakakaalam.





# Ang Iyong Pag- uugali
## (At Kagandahang-asal) sa Islam



# 11

Ang pag-uugali sa Islam ay hindi isang karangyaan at hindi rin isang kalabisan [o karagdagan] nguni't ito ay isang pangunahing bahagi na nakaugnay sa lahat ng aspeto ng relihiyon [ng Islam], kaya ang pag-uugali sa Islam ay nagtataglay ng mga pinakadakilang antas at pinakamataas na katayuan, at ito ay natutunghayan ng malinaw sa lahat ng mga alituntunin at mga batas ng Islam. Katunayan, ang Propeta ﷺ ay isinugo upang buuing ganap [at ilarawan] ang marangal na katangian ng pagkakaroon ng mabuting pag-uugali.

## Ang Nilalaman ng Kabanata:

### Ang Katayuan ng Pag-uugali sa Islam:

- Katotohanan, ito ang Pinakamahalaga sa Mga Layunin ng Pagsugo sa mga Propeta.
- Katotohanang ang Pag-uugali ay Isang Matibay na Bahagi ng Relihiyon (ng Islam) at ng Paniniwala at ng Pananalig
- Katotohanan, ang Pag-uugali ay Nakaugnay sa Lahat ng Uri ng Ibaadah (mga gawaing pagsamba)
- Ang Mga Dakilang Karangalan at Malalaking Gantimpala na Inilaan (at Inihanda) ng Allah Para sa Mga Nagtataglay ng Mabuting Pag-uugali.

### Ang Mga Kahigtan ng Pag-uugali sa Islam:

- Ang Kagandahang-asal (at Pag-uugali) ay hindi Nakahangga sa Isang Uri ng Mga Tao.
- Ang Kagandahang-asal ay Hindi lamang Nakahangga sa Tao.
- Ang Kagandahang-asal sa Lahat ng Mga Aspeto ng Buhay
- Ang Kagandahang-asal (at Pag-uugali) sa Lahat ng Mga Kalagayan.

### Larawan ng Talambuhay ng Propeta ﷺ :

- Ang Kababaang-loob
- Ang Habag
- Ang Katarungan
- Ang Pagmamagandang-loob at Pagiging Bukas-palad

# *Ang Katayuan ng Kagandahang-asal (at Pag-uugali) sa Islam*

**1 Katotohanan ito ang Pinakamahalaga sa Mga Layunin ng Pagsugo kay Propeta Muhammad ﷺ para sa sangkatauhan:**

Ang Kataas-taasang Allah ay nagsabi: {Siya na nagsugo sa [gitna ng] mga hindi nag-aral ng isang sugong nagmula sa kanilang [lahi] binibigkas sa kanila ang Kanyang ayaat [mga kapahayagan], at sila ay dinadalisay [mula sa kawalang-paniniwala], at sila ay tinuturuan ng Aklat [ang Qur'an] at ng karunungan [ang Sunnah]. At bagaman sila noon ay nasa [dating] hayag na kamalian}. Surah Al-Jumu`ah: (62) Kaya biniyayaan ng Allah ang mga naniniwala [mga Muslim] nang Kanyang isinugo ang Kanyang Sugo upang sila ay turuan ng Qur'an at sila ay padalisayin, at ang ibig sabihin ng padalisayin ay ang pagdalisay sa kanilang puso mula sa kasalanang Shirk (pagtatambal sa Allah) at masasama [o kasuklam-suklam na] pag-uugali, tulad ng pandaraya at pagkamainggitin, gayundin ang pagdalisay sa mga salita at mga gawa mula sa mga masasamang ugali at kaugalian. Sa katunayan sinabi niya nang maliwanag – [sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan] –: "Ako ay isinugo lamang upang buuing ganap [at ilarawan] ang [wastong] pag-uugali". (Al-Bayhaqi: 21301) Samakatuwid, ang isa sa mga pinakamahalagang layunin ng pagsugo ay upang paunlarin at pagyamanin ang Kagandahang-asal [at pag-uugali] ng bawa't tao at ng pangkalahatang pamayanan [o lipunan].

**2 Katotohanang ang Kagandahang-asal [at pag-uugali] ay isang matibay na bahagi ng Eeman at ng panalig:**

At nang tanungin ang Sugo ﷺ : Alin sa mga naniniwala [o sa mga Muslim] ang [nagtataglay ng] pinakamahusay na [antas ng] Eeman [pananampalataya]? Siya ﷺ ay nagsabi: "Siya na nagtataglay ng kagandahang-asal [at mabuting pag-uugali". (At-Tirmidhi: 1162 – Abu Daud: 4682)



> Ang Kaganapan ng Pag-uugali ang pinakamahalagang layunin ng pagsugo sa Propeta ﷺ.

Katotohanang tinawag ng Allah ang Eeman bilang bahaging nakaugnay sa Birr (pagiging mabuti at matwid), at sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Hindi isang Birr [pagiging mabuti at matwid] na inyong ibaling ang inyong mga mukha sa dakong silangan at kanluran [sa pagdarasal] bagkus, ang Birr [pagiging mabuti at matwid] ay ang paniniwala sa Allah, at sa Huling Araw, at sa mga anghel, at sa Aklat, at sa mga propeta…}. Surah Al-Baqarah (2): 177 At ang Birr (pagiging mabuti at matwid) ay isang katangian na sumasaklaw sa lahat ng uri ng kabutihan na dapat makita sa ugali, sa salita at sa gawa, at dahil dito ang Propeta ﷺ ay nagsabi: "Ang Birr (pagiging mabuti at matwid) ay [paglalarawan ng] kagandahang-asal [o mabuting pag-uugali". (Muslim: 2553).

At makikita nang maliwanag ang bagay na ito mula sa sinabi ng Propeta ﷺ : “Ang Eeman (Pananampalataya) ay binubuo nang mahigit na animnapung sangay, ang pinakamataas nito ay ang pagsabi ng Laa ilaaha illallaah (walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah) at ang pinakamababang sangay nito ay ang pag-alis ng nakapipinsalang bagay mula sa mga daan, at ang Hayaa [pagiging mahiyain] ay isa sa sangay ng Eeman”. (Muslim35).

## 3 Katotohanan, ang pag-uugali ay nakaugnay sa lahat ng uri ng Ibaadah (mga gawaing pagsamba):

Kaya, hindi mo matatagpuan ang Allah na nag-uutos ng isang Ibaadah maliban na Siya ay nagpaaalala tungo sa moral na layunin nito at nag-aakay tungo sa mabuting ibubunga nito sa sarili at sa lipunan [o pamayanan], at ang halimbawa nito ay marami, ang mga ilan dito ay:

**Ang Salaah (Pagdarasal):** {At isagawa mo ang Salaah (pagdarasal). Katotohanan, ang Salaah (pagdarasal) ay pumipigil sa paggawa ng mga kahalayan at masasamang gawa}. Al-`Ankabut (29): 45

**Ang Zakaah (Kawanggawa)**: {Kumuha [O Muhammad] mula sa kanilang yaman [para] sa kawanggawa upang sila ay iyong gawing malinis at [upang] sila ay pagpalain nito}. At-Taubah (9): 103 At bukod sa katotohanan na ang Zakah ay nagsisilbing daan ng pagmamagandang-loob para sa mga tao at pakikiramay sa kanila, ito rin ay siyang nagtuturo upang maging marangal sa sarili at upang padalisayin [at pawiin] nito ang mga masasamang ugali.

**Ang Siyaam (Pag-aayuno)**: {O kayong mga naniniwala! Itinatagubilin sa inyo ang pag-aayuno (Sawm) katulad ng tagubilin sa mga nauna sa inyo, upang kayo ay magkakaroon ng tunay na takot (sa Allah}. Al-Baqarah (2): 183 Samakatwid, ang layunin ng pagkakaroon ng Taqwa [o takot sa Allah] ay sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga kautusan at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal at dahil dito siya ﷺ ay nagsabi: “Sinuman ang hindi tumalikod sa pagsasabi ng kasinungalingan at sa paggawa nito, magkagayon hindi kailangan ng Allah na kanyang talikuran ang kanyang pagkain at inumin”. (Al-Bukhari: 1804) Kaya sinumang nag-ayuno na walang ibinungang maganda [o mabuting] pagbabago mula sa kanyang sarili at mula sa pakikitungo sa mga tao, magkagayon, hindi niya natamo ang tunay na layunin [at diwa] ng pag-aayuno.



> Ang magandang ugali ay kabilang sa mga pinakadakilang gawain sa [paningin ng] Allah, at pinagkakaloob nito ang tao ng katiwasayan at kasiyahan.

**4 Ang mga dakilang karangalan at malalaking gantimpala na inilaan ng Allah para sa mga nagtataglay ng magandang pag-uugali:**

At ang mga patunay dito ay marami mula sa Aklat (Qur'an) at sa Sunnah (mga katuruan ng Propeta), at ang mga ilan dito:

■ Katotohanang sa mga mabubuting gawain, ang magandang pag-uugali ang siyang pinakamabigat sa lahat ng gawain sa timbangan sa Araw ng Paghuhukom:

Ang Propeta ﷺ ay nagsabi: "Walang ilalagay na bagay sa Timbangan nang higit na mabigat kaysa sa magandang pag-uugali, sapagka't tunay na ang isang tao [Muslim] ay umaabot sa antas na katumbas ng isang nag-aayuno at nagdarasal nang dahil sa kanyang taglay na magandang pag-uugali". (At-Tirmidhi: 2003)

■ Katotohanang ito ang siyang pinakamalaking dahilan ng pagpasok sa Paraiso:

Ang Propeta ﷺ ay nagsabi: "Ang pinakamarami sa mga taong nakakapasok sa Paraiso ay bunga ng kanilang pagkakaroon ng [tunay na] takot sa Allah at ng kanilang taglay na kagandahang-asal [at mabuting pag-uugali]". (At-Tirmidhi: 2004 – Ibnu Majah: 4246)

■ Katotohanan, ang isang nagtataglay ng pinakamagandang ugali mula sa mga tao ang siyang pinakamalapit sa katayuan ng Sugo ng Allah ﷺ sa Araw ng Paghuhukom:

Batay sa kanyang ﷺ sinabi: "Katotohanan, ang pinakamamahal ko sa inyo at pinakamalapit sa akin sa lipon [ng aking pamayanan] sa Araw ng Paghuhukom ay yaong kabilang sa inyo na nagtataglay ng pinakamagandang pag-uugali". (At-Tirmidhi: 2018)

■ Katotohanang ang katayuan nito ay nasa kataas-taasang bahagi ng Paraiso ayon sa pagsaksi at pagpapatunay ng Sugo ng Allah ﷺ :

Sinabi niya ﷺ : "Ako ang [tumatayong] pinuno sa isang tahanan na nasa ibabang bahagi ng Paraiso para sa sinumang umiiwas sa pakikipagtalo kahit pa man siya ay nagsasabi ng katotohanan, at sa isang tahanan na nasa gitnang bahagi ng Paraiso sa sinumang umiiwas sa pagsisinungaling kahit pa siya ay nagbibiro lamang, at sa isang tahanan na nasa kaitaasang bahagi ng Paraiso sa sinumang nagtataglay ng pinakamagandang pag-uugali". (Abu Daud: 4800) At ang ibig sabihin ng pinuno ay siya ang tumatayong saksi o tagapagpatunay.



## *Ang Mga Kahigtan (o Katangian) ng Kagandahang-asal (at Pag-uugali) sa Islam*

**Ang Mga Katangian ng Pag-uugali na Matatagpuan Lamang sa Relihiyong Islam at ang ilan mga ilan dito ay:**

1. Ang magandang ugali ay hindi natatangi sa isang uri ng mga tao.

Bagaman nilikha ng Allah ang mga tao sa iba't ibang anyo, kulay at wika, sa Timbangan ng Allah, Kanyang itinakda na sila ay magkakapantay-pantay, hindi nakalalamang ang isa sa kanila mula sa iba maliban sa sukat ng kanyang Eeman, antas ng Taqwa [o takot sa Allah] at pagkamatuwid. Batay sa sinabi ng Makapangyarihan at Kataas-taasang Allah: {O sangkatauhan, kayo ay Aming nilikha mula sa lalaki at babae, at kayo ay Aming ginawang mga pamayanan at mga tribu, upang kayo ay mangagkakilala. Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa [paningin ng] Allah ay ang may [taglay na] takot [sa Kanya].} Al-Hujurat (49): 13

At ang magandang ugali ang nagbibigay ng kaibahan sa pakikipag-ugnayan ng isang Muslim sa lahat ng tao, walang pagkaiba sa pagitan ng isang mayaman sa isang mahirap, ng mataas sa mababa, gayundin ng itim sa puti, at ng isang arabo sa isang banyaga (hindi arabo).



**> Nakikitungo ang isang Muslim sa pamamagitan ng pagpapakita ng magandang ugali sa lahat ng mga tao sa kabila ng pagkakaiba ng kanilang mga lahi at mga pananampalataya [relihiyon].**

**Ang Ugali [na Dapat Ilarawan] sa mga Hindi Muslim:**

Ipinag-uutos sa atin ng Allah – [ang Ganap na Makapangyarihan at Tigib ng Karunungan], na magpakita ng kahusayan sa ugali sa lahat, sapagka't ang pagiging makatarungan, pagiging mabait at pagkamahabagin ay paglalarawan ng isang tunay na Muslim na siyang nagbibigay halimbawa sa kanyang pag-uugali at pananalita sa kapwa-Muslim at hindi Muslim. At ang magandang pag-uugaling ito ang siyang magiging daan upang mahikayat ang mga hindi Muslim [na yakapin at kilalanin] ang dakilang pananampalataya [o relihiyong] ito.

Ang Kataas-taasang Allah ay nagsabi: {Hindi kayo pinagbabawalan ng Allah na makipag-ugnayan nang mahinusay at makatarungan sa kanila – sila na hindi nakikipaglaban [o umuusig] sa inyo nang dahil sa inyong relihiyon at hindi nagtataboy sa inyo mula sa inyong mga tahanan. Katotohanang minamahal ng Allah ang mga mapaggawa ng katarungan}. Al-Mumtahanah (60): 8

Ang ipinagbawal lamang ng Allah sa atin ay ang maging tagapagtanggol [o ang makipag-ugnayan] sa mga hindi Muslim [laban sa kapwa-Muslim] at ang pagmamahal sa anumang kanila ginagawang Kufr (pagtakwil sa pananampalataya) at Shirk (pagtatambal sa Kaisahan ng Allah). Batay sa sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Ang ipinagbabawal lamang sa inyo ng Allah ay yaong mga nakipaglaban [umusig o tumuligsa] sa inyo nang dahil sa inyong relihiyon at nagtaboy sa inyo mula sa inyong mga pamamahay at yaong mga nakipagtulungan sa iba upang kayo ay maitaboy - [ipinagbabawal] na kayo ay makipagkaibigan sa kanila. At sinumang [kabilang sa inyo] ang nakikipagkaibigan sa kanila, sila yaong mga mapaggawa ng kamalian}. Al-Mumtahanah (60): 9

## 2. Ang Kagandahang-asal [at Pag-uugali] ay Hindi Natatangi sa Tao.

**Ang Kagandahang-asal sa Mga Hayop:**

Samakatwid, ipinababatid sa atin ng Sugo ng Allah ﷺ ang isang kasaysayan tungkol sa isang babae na nakapasok sa Apoy ng Impiyerno nang dahil sa kanyang pagkulong sa isang pusa at ito ay namatay sa gutom, sa kabilang dako, ipinababatid sa atin ang tungkol sa isang lalaki na ang kanyang mga kasalanan ay pinatawad sa kanya ng Allah nang dahil sa kanyang pagpapainom sa isang aso na dumanas ng labis na pagka-uhaw. Gayundin, siya ﷺ ay nagsabi: "Nakapasok ang isang babae sa Apoy ng Impiyerno nang dahil sa isang pusa na kanyang tinalian at hindi pinakain at hindi niya hinayaan makawala [upang] manginain mula sa mga kulisap [o mga halaman] ng lupa". (Al-Bukhari: 3140 – Muslim: 2619).

At sinabi niya – [sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan]: "Habang ang isang lalaki ay naglalakad sa isang daan, siya ay nakaranas nang matinding pagkauhaw, at siya ay nakatagpo ng isang balon. Siya ay bumaba rito at uminom, pagkatapos, siya ay muling umahon at lumabas at kanyang namataan ang isang aso na humihingal habang kinakain ang buhangin sa lupa nang dahil sa tinding uhaw nito, at ang lalaki ay nagsabi: Katotohanang inabot ng matinding uhaw ang asong ito tulad ng inabot kong pagka-uhaw, kaya siya ay muling bumaba sa balon at kanyang pinuno ng tubig ang kanyang sapatos, pagkatapos ay dinala niya ito [kinagat ang gilid ng sapatos na may tubig at itinaas] sa pamamagitan ng kanyang bibig hanggang siya ay makaahong paakyat at pinainom ang aso. Dahil dito, kinalugdan [at kinilala] ng Allah [ang kanyang ginawang kabutihan] kaya naman [bilang gantimpala], siya ay pinatawad ng Allah. Sila [mga nakikinig na kasamahan ng Sugo] ay nagsabi: O Sugo ng Allah! Tunay bang mayroon kaming tiyak na gantimpala

sa [pakikitungo namin sa] mga hayop? Siya ay nagsabi: "Sa bawa't buhay [na hayop na inyong tinutulungan] may nakalaang katumbas na gantimpala [para rito]". (Al-Bukhari: 5663 – Muslim: 2244)

**Ang Kagandahang-asal [at Pag-uugali] Upang Mapangalagaan ang Kapaligiran:**

Kaya ipinag-uutos sa atin ng Islam na pagyamanin ang paglinang [o pagsulong] sa lupa - ang ibig sabihin ay ang paggawa nito, pagpapaunlad nito, pagyabong at pagbuo rito ng isang makabuluhang kabihasnan kalakip ng pangangalaga nito upang mapanatili ang pagpapalang ito at ang pagbabawal sa pagsira nito at pagmamalabis sa mga [likas-yamang] mapagkukunan mula rito, maging ito man ay paninira na magdudulot ng kasamaan sa tao, sa hayop o sa mga pananim, sapagka't ito ang gawain na itinatakwil at kinamumuhian ng Islam, samakatwid ang Allah – [Tigib ng Kaluwalhatian] ay hindi kinalulugdan [o hindi minamahal] ang mga katiwalian sa lahat ng mga aspeto ng buhay. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang Allah: {Datapuwa't ang Allah ay hindi nagmamahal sa [lahat ng uri ng] katiwalian}. Al-Baqarah (2): 205

At umaabot ang pagpapahalaga na ito hanggang sa sandaling nagawang ipayo ng Propeta ﷺ sa mga Muslim ang paggawa ng kabutihan – [halimbawa ay] ang pagtanim ng halaman sa lupa maging sa mga pinakamahirap na kalagayan at sa mga sandali ng labis na pagkabahala, kaya siya ay nagsabi: "Kapag dumating na ang Oras at nasa inyo pang kamay ang isang Fasilah (sanga ng punong-kahoy na pinutol), magkagayon kung magagawa pa ninyong huwag tumindig hanggang sa inyong maitanim [ang sangang] ito, ito ay nararapat ninyong gawin". (Ahmad: 12981).



> Ang Islam ay humihimok sa pangangalaga ng kapaligiran

## 3. Ang Kagandahang-asal [at Magandang Pag-uugali] sa Lahat ng Aspeto ng Buhay:

**Ang Pamilya:**

Binibigyang-diin ng Islam ang kahalagahan ng ugali sa larangan ng pagtataguyod [at pakikitungo] sa pamilya sa bawa't miyembro nito, kaya siya ﷺ ay nagsabi: "Ang pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamabuti sa inyo sa [pakikitungo sa] kanyang pamilya, at ako ang pinakamabuti sa inyo sa [pakikitungo sa] aking pamilya". (At-Tirmidi: 3895)

■ At siya ﷺ ang pinakamainam sa lahat ng tao na nagtataguyod ng mga gawaing-bahay at tumutulong sa kanyang pamilya sa bawa't maliit at malaking gawain. Batay sa isinalaysay ng kanyang asawa na si Aishah – [sumakanya nawa ang lugod ng Allah], siya ay nagsabi: "Siya [ang Sugo ng Allah] ay lagi nang nasa gawain [ng pag-aasikaso] sa kanyang pamilya". (Al-Bukhari: 5048) Ibig sabihin siya ay tumutulong sa kanyang pamilya at kanyang itinataguyod ang anumang kanilang itinataguyod na mga gawaing-bahay.

■ At siya ay nakikipagbiruan at nakikipaglaro sa kanyang pamilya. Minsan ay nagsalaysay ang kanyang asawang si Aishah – [sumakanya nawa ang lugod ng Allah], siya ay nagsabi: "Lumabas ako kasama ng Propeta ﷺ sa ilan niyang paglalakbay at ako ay isa pang dalagita noon na wala pang laman [o payat] at hindi mataba, at siya ay nagsabi sa mga tao: Magsilapit kayo, kaya sila ay nagsilapit. Pagkatapos ay nagsabi sa akin: Halika at magpaligsahan tayo, kaya nakipagpaligsahan ako sa kanya at siya ay aking natalo, at siya ay nagsawalang-kibo sa akin hanggang nang ako ay magkaroon ng laman at tumaba, at nakalimutan ko na, ako ay lumabas kasama niya sa ilan niyang paglalakbay, siya ay nagsabi sa mga tao: magsilapit kayo, kaya sila ay nagsilapit. Pagkatapos, siya ay nagsabi [sa akin]: Halika at magpaligsahan tayo, kaya nakipagpaligsahan ako sa kanya, at natalo niya ako, kaya siya ay natawa habang sinasabi niya: Ito ay katumbas niyaon". (Ahmad: 26277)

**Ang Kalakalan:**

At maaaring ang pagkahumaling sa kayamanan ay mag-uumapaw sa tao, kaya siya ay maaaring lumagpas sa hangganan [ng katarungan] at siya ay masadlak sa ipinagbabawal, kaya dumating ang Islam upang bigyang-diin ang kahalagahan ng pagpigil dito sa pamamagitan ng magandang ugali, at ang ilan sa mga pagbibigay-diin na ito ay:

■ Ipinagbabawal ng Islam ang pagmamalabis at pandaraya sa mga timbangan at binabalaan ang sinumang gumawa nito ng napakatinding kaparusahan. Batay sa sinabi ng Tigib sa Pagpapala at Kataas-taasan: {Kasawian sa mga mandaraya, sila, na kapag tumatanggap ng sukat sa mga tao, ay kanilang hinihingi ang tamang sukat, datapuwa't kapag sila naman ang nagbibigay ng sukat o timbang sa kanila, sila ay hindi nagbibigay ng kaukulang timbang}. Surah Al-Mutaffifin (83): 1-3



■ Hinihimok nito ang pagpaparaya at pagiging mahinahon sa pagbibili at pamimili. Batay sa sinabi niya ﷺ : "Kinahabagan ng Allah ang isang lalaki na mahaba ang pagpapaumanhin kapag nagbibili at kapag namimili at kapag nagbayad". (Al-Bukhari: 1970)

**Ang Pagsisikap-Pangkabuhayan [o Industriya]:**

**Binibigyang-diin ng Islam** sa mga manggagawa ang ilang mga ugali at pamantayan. Ang ilan dito ay:

■ Ang kahusayan sa gawain at ang mailabas [maihango] ito sa pinakamagandang anyo. Batay sa sinabi niya ﷺ : "Katotohanang kinalulugdan ng Allah na kapag ang isa sa inyo ay gumawa, ito ay kanyang pinaghuhusay". (Abu Ya`la: 4386 – Al-Bayhaqi fi Shu`abil Iman: 5313)

■ Ang pagiging maagap [sa pagpapatupad] ng mga kasunduan na pinagtibay sa mga tao. Siya ﷺ ay nagsabi: "Ang palatandaan ng isang Munafiq (mapagkunwari) ay tatlo" at nabanggit niya rito: "At kapag siya ay nangako, siya ay hindi tumutupad". (Al-Bukhari: 33)

### 4. Ang Magandang Ugali sa Lahat ng Mga Kalagayan:

**Kaya walang kinaliligtaan** [o nilalaktawang] anupaman ang Islam tungkol sa [kahalgahan ng] pag-uugali, at ang isang Muslim ay pinag-uutusang magpatupad [at tumupad] sa Batas ng Allah at magpairal ng magandang ugali maging sa mga panahon ng digmaan at sa mahirap na kalagayan, samakatuwid ang kadakilaan ng layunin at mithiin nito ay hindi nagbibigay ng kapahintulutan na gumamit ng karahasan at masamang pamamaraan [upang maisakatuparan ang magandang layunin] at hindi nito pinagtatakpan ang anumang pagkakamali nito.

At dahil dito ang Islam ay naglagay ng mga malilinaw na tuntunin na siyang batayan sa paghatol ng isang Muslim at sa pagsasaayos ng kanyang mga kilos maging sa sandali ng pakikipag-away at pakikipagdigma, upang ang bagay na iyon ay hindi maging sanhi upang lunurin ang sarili sa pagbibigay kasiyahan sa pagnanasa ng poot [o galit], ng kalupitan, at ng pagkamakasarili.

## Ang Ilang Pag-uugali ng Islam sa [Panahon ng] Digmaan:

**1- Ang pag-uutos na maging makatarungan at maging makatuwiran sa mga kaaway, at ang pagbabawal sa mga gawaing paniniil at pag-aabuso sa kanila:**

Batay sa sinabi ng Kataas-taasang Allah: {At huwag hayaan na ang inyong poot sa ibang tao ay maghatid sa inyo upang kayo ay maging di-makatarungan. Maging makatarungan kayo; ito ang pinakamalapit sa kabanalan}. Al-Maidah (5): 8 Ibig sabihin ay huwag kayong magpadala sa inyong poot o galit sa inyong mga kaaway upang kayo ay masadlak sa pagmamalabis at gawaing di-makatarungan, bagkus panatiliin ninyo ang pagiging makatarungan sa inyong mga salita at mga gawa.

**2- Ang Pagbabawal sa Kataksilan at Pagtataksil sa Mga Kaaway:**

Samakatwid, ang kataksilan at pagtataksil ay ipinagbabawal maging sa mga kaaway. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Katotohanang ang Allah ay hindi nagmamahal sa mga taksil}. Al-Anfal (8): 58

**3- Ang Pagbabawal sa Labis na Pagpapahirap at ang Pagputul-putol sa katawan ng bangkay:**

Magkagayon, ipinagbabawal sa [relihiyon ng Islam] ang pagputul-putulin ang katawan ng mga patay. Batay sa sinabi niya ﷺ : "At huwag ninyong pagputul-putulin [ang katawan ng patay]". (Muslim: 1731)

**4- Ang Pagbabawal sa Pagpatay sa Mga Karaniwang Mamamayan na Hindi Sangkot sa Mga Digmaan, at sa Pagpapalaganap ng Kasamaan sa Kalupaan at Kapaligiran.**

At ito si Abu Bakr As-Siddiq – [sumakanya nawa ang lugod ng Allah], siya ang kinilalang Khalifah (tagahalili ng Propeta) para sa mga Muslim, at siya ang pinakamabuti [pinakamarangal] sa mga Sahabah (kasamahan ng Propeta), na naghabilin kay Usamah ibn Zayd nang siya ay suguin nito bilang pinuno ng mga sundalong patungo ng Sham: "..Huwag kayong pumatay ng paslit [na batang lalaki], ni matandang lalaki, ni babae, gayundin ay huwag kayong mambuwal ng puno ng datiles [o palmera] at manunog nito, at huwag kayong pumutol ng isang kahoy na namumunga, at huwag kayong magkatay ng tupa, ni baka o kamelyo maliban para sa inyong pagkain, at maaaring sa inyong [paglalakbay ay] inyong maraanan ang isang lipon ng tao na taimtim sa kanilang sarili sa silid-dasalan ng hermitanyo, magkagayon, sila ay inyong hayaan at ang anumang kanilang pinagkakaabalahan sa kanilang mga sarili". (Ibn Asakir: 50/2)



# *Ilan sa Mga Larawan ng Talambuhay ng Propeta ﷺ at Kanyang Pag-uugali*



> Siya – [sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan] ang siyang huwaran sa mga tao sa pag-uugali.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay isang halimbawa sa pinakamatayog at makataong pag-uugali, at dahil dito, inilarawan ng Qur'an ang kanyang pag-uugali bilang isang dakilang pag-uugali, at walang paglalarawan na natagpuan ang kanyang asawa na si Aishah – [sumakanya nawa ang lugod ng Allah], nang higit na naaangkop na paglalarawan tungkol sa kanyang pag-uugali, kaya siya ay nagsabi: (Ang kanyang ugali ay ang Qur'an). Ibig sabihin ay isang praktikal na halimbawa ng pagpapatupad sa mga katuruan ng Qur'an at ugali nito.

## Ang Kababaang-loob:

- Hindi kinalulugdan ng Sugo ng Allah ﷺ ang sinumang tumitindig sa kanya bilang pagdakila sa kanyang pagkatao, bagkus ito ay kanyang ipinagbabawal sa kanyang mga kasamahan na gawin ito; maging ang mga Sahabah (kasamahan niya) – [sumakanila nawa ang lugod ng Allah], sa tindi ng kanilang pagmamahal sa kanya, ay hindi tumitindig para sa kanya kapag siya ay kanilang nakikitang paparating, at ito ay walang dahilan kundi dahil sa kanilang nalalaman na ito ay tunay na kanyang kinasusuklaman. (Ahmad; 12345 – Al-Bazzar: 6637)
- Dumating sa kanya si Uday ibn Hatim – [sumakanya nawa ang lugod ng Allah], siya ay bagong yakap sa Islam, at siya ay isa sa mga taong kilala ng mga arabo na nagnanais malaman ang katotohanan ng kanyang Da`wah (pag-aanyaya), si Uday ay nagsabi: "Dumating ako sa kanya [sa Sugo ng Allah] at naroroon sa kanya ang isang babae at dalawang batang lalaki [o isang batang lalaki] – at nabanggit ng mga ito sa akin ang pagiging malapit nila sa Sugo ng Allah ﷺ – kaya aking napatunayan na siya ay hindi [katulad ng] hari ng Chosroes, na si Cesar (Caesar)". (Ahmad: 19381). Samakatuwid, ang kababaang-loob ay isang tanda ng pag-uugali ng lahat ng mga Propeta.

- Siya ay umuupong kasama ng kanyang mga kasamahan na wari bang siya ay isa lamang karaniwan sa kanila, at wala siyang inupuang pagtitipon na kung saan siya ay naiiba [o natatangi] sa sinumang nasa kanyang paligid. Kapag pumasok sa isang pagtitipon ang isang hindi nakakakilala sa kanya, hindi niya magagawang bigyan ng kaibahan ang Sugo ng Allah sa pagitan ng kanyang mga kasamahan, Kaya siya magtatanong: Sino sa inyo si Muhammad? (Al-Bukhari: 63)

- Si Anas ibn Malik – [sumakanya nawa ang lugod ng Allah], ay nag-ulat. Siya ay nagsabi: "Ang isang babaeng alipin mula sa mga alipin ng mga mamamayan ng Madinah ay lagi nang kinukuha ang kamay ng Sugo ng Allah ﷺ , at siya ay dinadala nito saan man niya nais". (Al-Bukhari: 5724). At ang ibig sabihin ng pagkuha sa kamay ay ang kanyang kagandahang-loob at kanyang pagiging mabait sa mga maliliit at mahihinang tao, at sa katunayan binibigyang-diin nito ang mataas na antas ng kanyang kababaang-loob ﷺ ; dahil sa kanyang pagbanggit ng babae sa halip na lalaki, at ng alipin sa halip na malayang tao, at siya ﷺ ay dinadala nito [ng alipin] saanman niya nais upang tulungan sa kanyang mga pangangailangan.

- Sinabi niya ﷺ : "Hindi makakapasok sa Paraiso ang sinumang sa kanyang puso ay mayroong pagmamalaking kasing bigat ng [isang butil ng] mais. " (Muslim: 91)

## Ang Habag:

- At katotohanang sinabi niya ﷺ : "Ang mga [taong] mahahabagin ay kinahahabagan ng Pinakamahahabagin [ang Allah], kaya inyong kahabagan ang sinumang nasa lupa, upang kayo ay kahabagan ng sinumang nasa langit". (At-Tirmidhi: 1924 – Abu Daud: 4941).



**At Nailalarawan ang Habag ng Propeta ﷺ sa Maraming Pagkakataon, ang ilan dito ay:**

## Ang Kanyang Habag sa Mga Bata:

- Dumating ang isang Bedouin [taong naninirahan sa disyerto] sa Propeta ﷺ at nagsabi: Hinahalikan ninyo ang inyong mga kabataan? Nguni't kami [mga Bedouin] ay hindi humahalik sa kanila, kaya siya ay sinagot ng Propeta ﷺ na nagsasabi: "Ako ba ay may kakayahang maglagay ng habag sa iyong puso kung ito ay tinanggal ng Allah mula sa iyo?" (Al-Bukhari: 5652 – Muslim: 2317).

At siya ay nakita ng iba na kanyang hinahalikan ang kanyang apong si Hasan ibn Ali, at ito ay nagsabi: Katotohanang mayroon akong sampung anak, ni isa sa kanila ay wala akong nahalikan, kaya siya [ang Sugo ng Allah] ay nagsabi: "Katotohanan, sinuman ang hindi nahahabag ay hindi kahahabagan". (Muslim: 2318)

- Nang minsang siya – [sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan] – ay nag-sagawa ng Salaah [pagdarasal] habang kanyang kilik-kilik ang kanyang apong babae na si Umamah na anak na babae ni Zainab, at kapag siya ay nagpapatirapa, ito ay kanyang inilalapag, at kapag siya ay tumitindig, ito ay kanyang binubuhat. (Al-Bukhari: 494 – Muslim: 543)

- Kapag siya ay nasa oras ng Salaah at siya ay nakarinig ng pag-iyak ng bata, kanyang pinabibilis ang pagsasagawa nito at ito ay kanyang pinagagaan. Si Abu Qatadah ay nag-ulat tungkol sa Propeta ﷺ nang siya ay nagsabi: "Katotohanang ako ay naghanda upang magsagawa ng Salaah, at nais ko sanang pahabain ito, nguni't ako ay nakarinig ng pag-iyak ng bata, kaya pinaikli ko ang aking pagdarasal, dahil sa kinamumuhian kong bigyan ng pasakit ang kanyang ina". (Al-Bukhari: 675 – Muslim: 470)



## Ang Kanyang Habag sa Mga Kababaihan:


Katotohanang siya ﷺ ay humihimok ng pag-aaruga sa mga batang babae at magandang pakikitungo sa kanila, at siya ay nagsabi: "Sinuman ang nakaranas ng pagsubok [ng Allah] mula sa kanyang mga anak na babae at kanyang inaruga [pinangalagaan at nilingap] ang mga ito, sila [mga anak na babae] ay magsisilbing kanyang panangga laban sa Apoy". (Al-Bukhari: 5649 – Muslim: 2629)

Karagdagan nito, siya ay mahigpit na nagtatagubilin tungkol sa karapatan ng asawang babae at sa pagpapahalaga ng mga bagay na nauukol sa kanya [sa babae], at sa pangangalaga ng kanyang mga kalagayan, at kanyang ipinag-utos sa mga Muslim na magpayuhan sila sa isa't isa tungkol dito. Siya ay nagsabi: "Magpayuhan kayo ng kabutihan para sa mga [kapakanan ng] kababaihan". (Al-Bukhari: 4890)

At siya ay nagbigay ng mga napakagandang halimbawa sa kanyang pagiging magiliw sa kanyang mga kasambahay, hanggang, minsan ay nakaupo siya sa kanyang kamelyo, at kanyang inilapag ang kanyang tuhod at tinapakan ni Sufiyyah – [sumakanya nawa ang lugod ng Allah] – ng kanyang paa ang tuhod nito upang siya ay makasasakay sa kamelyo. (Al-Bukhari: 2120) At kapag dumarating sa kanya ang kanyang anak na babae na si Fatihah – [sumakanya nawa ang lugod ng Allah] – kinukuha niya ang kamay nito at hinahalikan, at kanyang pinauupo sa lugar na kanyang kinauupuan. (Abu Daud: 5217)

## Ang Kanyang Habag sa mga Mahihina:

- At dahil sa kanyang habag, hinihimok ng Propeta ﷺ ang mga tao na kupkupin [lingapin at pagmalasakitan] ang isang ulila, at siya ay nagsasabi: "Ako at ang isang tagapagkupkop [tagapagkalinga] ng ulila ay ganito [ang magiging kalagayan]" sa Paraiso at sabay na itinaas ang kanyang hintuturo at hinggitnang daliri at kanyang pinaghiwalay ito nang kaunti. (Al-Bukhari: 4998)
- At kanyang itinuring ang tagapagtaguyod [at pangangalaga] ng mga balo at mga mahihirap na katulad [o katumbas] ng isang nakikibaka [o nakikipaglaban] sa landas ng Allah, at katulad [din] ng isang nag-aayuno sa araw at nagtataguyod [ng pagdarasal] sa gabi. (Al-Bukhari: 5661 – Muslim: 2982)
- Ipinag-utos niya ang pakikiramay sa mga mahihina at ang pagbibigay sa kanila ng kanilang mga karapatan bilang malaking dahilan upang magtamo ng [masaganang] panustos at magkamit ng tagumpay laban sa mga kaaway. Siya ﷺ ay nagsabi: "Ibigay ninyo ang tulong sa mga mahihina; sapagka't kayo ay binibigyan lamang ng panustos nang dahil sa mga mahihina mula sa inyo." (Abu Daud: 2594)



> Pinagpantay ng Sugo ng Allah (s.a.w.) ang [antas ng karangalan ng] isang mapaggawa ng kabutihan para sa mga balo at mahihirap at ng isang nagpupunyagi [o nakikibaka] para sa Landas ng Allah.



> **Nang makita niya ﷺ ang pagkabalisa ng isang ibon at ang ikinikilos nito sa paghahanap ng kanyang nawawalang sisiw na kinuha ng ilan sa mga Sahabah (kanyang kasamahan), siya [s.w.s] ay nagsabi: "Sino ang nagbigay ng pagkabalisa dito dulot ng [pagkawalay sa] kanyang anak? Ibalik ninyo ang anak nito sa kanya".**

## Ang Kanyang Habag sa Mga Hayop:

- At siya ay lagi nang nagpapayo sa mga tao na pairalin ang kagandahang-loob ng mga ito, at huwag bigyan ng mabigat na pasanin ang sinumang walang kakayahang gawin ito, at [nagpapayo rin na] huwag mananakit sa mga ito. Sapagka't ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: "Katotohanang itinagubilin ng Allah ang paggawa nang buong kahusayan sa lahat ng bagay, kaya kapag kayo ay papatay, pagbutihin ninyo ang pagpatay [i.e. pumatay kayo nang makatarungan], at kapag kayo ay magkakatay, pagbutihin ninyo ang pagkakatay [sa hayop], at inyong hasain nang maigi ang patalim ng isa sa inyo, at hayaan na maging maginhawa [at hindi dumanas ng lubhang hirap] ang inyong [hayop na] kinakatay". (Muslim: 1955)

- Sinabi ng isa sa mga Sahabah (kasamahan ng Propeta): At nakita niya na aming sinunog ang isang punso ng langgam. At siya ay nagsabi: "Sino ang sumunog nito?". Kami ay nagsabi: Kami ang sumunog, kaya kanyang sinabi [sa amin]: "Katotohanang walang dapat magpataw ng parusa sa pamamagitan ng apoy maliban sa [Allah ang] Panginoon ng Apoy". (Abu Daud: 2675)

## Ang Katarungan:

- At katotohanang siya ﷺ ay makatarungan, itinataguyod niya ang Batas ng Kataas-taasang Allah kahit sa pinakamalapit niyang mga kamag-anak bilang pagpapatupad sa Kanyang Kautusan: {O kayong mga naniniwala! Manindigan kayo nang matatag sa katarungan bilang mga saksi sa Allah, maging ito man ay laban sa inyong mga sarili, o sa inyong mga magulang, at sa malalapit na kamag-anak}. An-Nisa' (4): 135

- Nang dumating ang ilan sa kanyang mga Sahabah (kanyang mga kasamahan) na mamamagitan sa Propeta ﷺ upang hindi niya ipatupad ang pagpataw ng kaparusahan sa isang babaeng nagnakaw na may mataas na katayuan sa isang tribu: Sinabi niya – [sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan]: "Ako ay sumusumpa sa [Allah na] Siyang may tangan ng buhay ni Muhammad, kung si Fatimah na anak na babae ni Muhammad ay [napatunayang] nagnakaw, katiyakang puputulin ko ang kanyang kamay". (Al-Bukhari: 4053 – Muslim: 1688)

- Nang ipinagbawal niya ang Riba (pagpapatubo sa utang) sa mga tao, nagsimula siyang magbawal mula sa mga taong pinakamalapit sa kanya, tulad ng kanyang tiyuhin na si Al-Abbas. Siya ﷺ ay nagsabi: "Ang nangungunang Riba na aking itatakwil ay ang ating Riba, ang Riba ni Abbas ibn Abdul Muttalib, sapagka't ang lahat nang ito ay walang kabuluhan." (Muslim: 1218)

- Itinatag niya ang pamantayan ng kabihasnan para sa mga pamayanan at ang pagpapaunlad nito upang matamo at makamit ng mga mahihina rito ang kanyang karapatan mula sa mga malalakas nang walang takot at pag-aalinlangan. Siya ﷺ ay nagsabi: "Walang katarungan [o kabanalan] ang isang pamayanan [o lipunan] na ang mga mahihina rito ay walang kakayahang makuha ang kanilang mga karapatan nang walang nararanasang kapinsalaan [o kahirapan]". (Ibn Majah: 2426)




## Ang Pagmamagandang-loob at Pagiging Bukas-palad:

- Ang Propeta ﷺ ay pinakamapagbigay [at bukas-palad] sa mga tao sa paggawa ng kabutihan, at siya ay higit na nagiging mapagbigay [at bukas-palad] sa buwan ng pag-aayuno [ng Ramadhan] sa mga sandaling kinakaharap siya ni Anghel Gabriel. At sa bawa't gabi ng Ramadhan, siya ay kinakaharap ni Jibril – sumakanya nawa ang kapayapaan – hanggang sa lumisan ito. Ipinahayag niya sa Propeta ﷺ ang Qur'an, kaya kapag siya ay nakipagharap sa Anghel Jibril – sumakanya nawa ang kapayapaan – siya ang pinakamapagbigay [at bukas-palad] sa [gawaing] kabutihan nang higit kaysa sa humahagibis na hangin. (Al-Bukhari: 1803 – Muslim: 2308)

- Kailanman ay walang humingi sa kanya nang anuman maliban na ito ay kanyang ipinagkakaloob. Isang lalaki ang lumapit sa kanya at kanyang binigyan ito ng tupa [na ang bilang o uri nito ay [halos nagkakahalaga o mapuno] ang pagitan ng dalawang bundok, kaya bumalik ito sa kanyang mga tao at nagsabi: O kayong mga tao! Magsipagyakap kayo sa Islam sapagka't si Muhammad ay nagbibigay ng isang handog na hindi pinangambahan ang paghihikahos. (Muslim 2312).
- At may dinala sa kanya ﷺ na walumpung libong dirham [lumang salaping panukat ng arabo] at kanyang inilagay ito sa isang banig, pagkaraan ay kanyang binalingan ito at kanyang hinati-hating ipinamahagi, at wala siyang tinanggihang namamalimos hanggang ito ay kanyang maubos [sa kakapamigay]. (Al-Hakim: 5423)
- Dumating sa kanya ang isang lalaki at ito ay humingi sa kanya ng tulong. Siya ay nagsabi: "Wala akong anuman, nguni't bumili ka sa akin at kung may dumating sa amin ng anupaman, ito ay aming babayaran". (Ibig sabihin ay bilhin mo kung ano ang nais mo at ako na ang bahalang magbabayad). Si Umar ay nagsabi: "O Sugo ng Allah! Ikaw ay hindi pinipilit ng Allah kung ano ang hindi abot ng iyong kakayahan" datapuwa't iyon ay kinasuklaman ng Propeta ﷺ, kaya nagsabi ang lalaki: "Ikaw ay gumugol at huwag mong pangambahan ang paghihikahos mula sa Nagmamay-ari ng Trono". Kaya napangiti ang Propeta ﷺ at kanyang nabanaag ang kasiyahan nito sa kanyang mukha. (Hinango mula sa mga piling Hadith: 88)
- Nang bumalik ang Sugo ng Allah ﷺ mula sa digmaan sa Hunain, dumating ang mga taong naninirahan mula sa mga lambak at ang mga bagong yakap sa Islam na humihingi mula sa kanya ng mga biyayang ipinamimigay mula sa mga labi ng digmaan na kanilang napanalunan at sila ay nagsiksikan sa kanya hanggang siya ay kanilang sapilitang naitaboy sa isang punongkahoy, at sumabit dito (sa mga tinik ng punongkahoy) ang kanyang balabal, kaya tumigil ang Sugo ng Allah ﷺ at nagsabi: "Ibigay ninyo sa akin ang aking balabal, kung mayroon lamang sana akong kawan ng mga hayupan na kasing dami ng bilang ng mga tinik ng punongkahoy na ito, katiyakang ito ay aking paghahatiin sa pagitan ninyo, at pagkatapos, ako ay hindi ninyo matatagpuang isang kuripot [maramot], o sinungaling o naduduwag". (Al-Bukhari: 2979)

**Sa katotohanan, siya ﷺ ay nagbigay ng mga magagandang halimbawa tungkol sa pag-uugali sa lahat ng mga aspeto ng buhay.**





# Ang Iyong Bagong Buhay

# 12

Katotohanan, ang sandali ng pagpasok ng tao sa Islam ang siyang pinakadakilang sandali ng kanyang buhay, at sa katotohanan ito ang tunay niyang kapanganakan, na kung saan ay kanyang natutunan pagkaraan nito ang dahilan ng kanyang pagkakaroon ng buhay dito sa mundong ito, at paano siyang mabuhay at mamuhay nang ayon sa mapagparayang Batas ng Islam.

## Ang Nilalaman ng Kabanata:


**Paano Pumasok ang Tao sa Islam?**

**At-Tawbah (Ang Pagsisisi)**

**Ang Pagpapasalamat sa Biyaya ng Patnubay at Pagbabalik-loob [pagsisisi]**

**Ang Pag-aanyaya Tungo sa Islam:**

- Ang Kabutihan ng Pag-aanyaya Tungo sa Allah
- Ang Mga Katangian ng Wastong Pag-aanyaya
- Ang Pag-aanyaya sa Pamilya

**Ang Iyong Kapaligiran at Pamilya**

**Ang Buhay-Pamilya Matapos ang Pagpasok sa Islam:**

- Kapag Yumakap sa Islam ang Mag-asawa Nang Magkasabay
- Kapag Yumakap sa Islam ang Asawang Lalaki at Hindi Yumakap sa Islam ang Asawang Babae
- Kapag Yumakap sa Islam ang Asawang Babae at ang Asawa niya ay Hindi.
- Ang Pagyakap sa Islam ng Mga Bata

**Ang Pagpalit ng Pangalan Matapos ang Pagyakap sa Islam**

**Sunan Al-Fitrah (Ang Mga Likas na Kaugalian)**

## > *Paano Pumasok ang Tao sa Islam?*

Makakapasok ang tao sa Islam kapag siya ay nagpahayag ng Shahadatayn (dalawang pagsaksi), kanyang nauunawaan ang kahulugan nito nang may katiyakang pananalig dito, tumatalima [at sumusunod] sa mga alituntunin nito. At ang Shahadatayn ay ito:

1. **Ashhadu an laa ilaaha illallaah (Ang Kahulugan:** Ako ay sumasaksi at nananalig na walang sinasambang totoo maliban sa Allah, Siya lamang ang aking sinasamba, Siya ay walang katambal).

2. **Wa ashhadu anna Muhammadan Rasoolullaah (Ang Kahulugan:** Ako ay sumasaksi na si Muhammad ay tunay na Sugo ng Allah sa buong sangkatauhan, [at ako ay] sumusunod sa kanyang mga pag-uutos, umiiwas sa kanyang mga ipinagbabawal at ako ay sasamba sa Allah nang ayon sa kanyang pamamaraan). (Tunghayan ang pahina: 44 – 54)

### Ang Pagligo ng Bagong-Yakap sa Islam:

**Katotohanan,** ang sandali ng pagpasok ng tao sa Islam ang siyang pinakadakilang sandali sa kanyang buhay, at sa katotohanan, ito ang tunay niyang kapanganakan na kung saan ay kanyang nalaman pagkatapos nito ang dahilan ng pagkaroon niya sa buhay na ito, at ipinag-utos para sa kanya kaalinsabay ng kanyang pagpasok sa relihiyong Islam na siya ay nararapat maligo at kanyang ipalaganap nang lubusan ang tubig sa kanyang katawan. Kung paano niya dinalisay ang kanyang panloob mula sa Shirk (pagtatambal sa Allah) at sa mga pagkakasala, minamabuti para sa kanya na kanyang dalisayin ang kanyang panlabas sa pamamagitan ng pagpapaligo ng tubig.

At katotohanang inutusan ng Propeta ﷺ ang isa sa mga Sahabah (kasamahan niya) – na noon ay isa sa mga pinuno ng mga arabo – nang nais nitong pumasok sa Islam, siya ay pinag-utusang maligo. (Al-Baihaqi: 837)



## > At-Tawbah (Ang Pagsisisi)

Ang pagsisisi ay pagdulog at pagbabalik-loob sa Allah, kaya ang lahat nang kumalas sa kanyang kasuwailan at kawalan ng pananampalataya at nagbalik-loob sa Allah nang buong katapatan sa kanyang puso, katotohanang siya ay tunay na nagbalik-loob sa Allah.

At ang isang Muslim ay nangangailangan ng pagbabalik-loob at paghingi ng kapatawaran sa lahat ng kalagayan ng kanyang buhay dahil ang tao ay likas na mapagkamali, kaya sa tuwing siya ay nagkakamali itinatagubilin para sa kanya na humingi ng kapatawaran sa Allah at magbalik-loob sa Kanya.

### Ano ang Mga Patakaran ng Wastong Pagsisisi [at Pagbabalik-loob]?

Katotohanan, ang pagsisisi ay nauukol sa lahat ng mga kasalanan, at kabilang na rito ang Kufr [Kawalan ng Paniniwala] at Shirk [Pagtatambal sa Kaisahan ng Allah]. Kinakailangang tuparin dito ang mga patakaran ng pagsisisi upang ang pagsisisi ay tanggapin at maging wasto, at ang ilan sa mga patakaran nito:

#### 1 Ang Pagtigil [o Pagtalikod] Mula sa Mga Pagkakasala:

Kaya hindi tinanggap ang pagsisisi mula sa pagkakasala habang ang pagkakasalang ito ay patuloy na ginagawa sa oras ng pagsisisi. Sa kabilang dako, kapag kanyang inulit ang kasalanan pagkatapos ng kanyang wastong pagsisisi, magkagayun hindi mapapawalang-saysay ang kanyang naunang pagsisisi, subali't nangangailangan siya ng panibagong pagsisisi.

#### 2 Ang Mataos na Pagsisisi sa Mga Naunang mga Kasalanan at Pagkakasala:

At hindi mailalarawan ang [tunay na] Tawbah (pagsisisi) maliban sa isang mataos na nagsisisi, nakakaramdam ng lungkot at humihingi ng paumanhin sa kanyang mga nagawang pagkakasala, kaya naman hindi maituturing na isang mataos na nagsisisi ang sinumang nagkukuwento ng kanyang mga naunang pagkakasala, kanyang ipinagmamalaki ito at ipinagmamayabang. At dahil dito ang Propeta ﷺ ay nagsabi: «Ang pagkakaroon ng damdamin ng pagkalungkot ay [tanda ng] pagsisisi». (Ibn Majah: 4252)

#### 3 Ang Matatag na Pagpapasiya na hindi na ito babalikan pa:

Kaya hindi tinatanggap ang pagsisisi ng isang alipin na nagbabalak balikan ang naturang kasalanan matapos ang kanyang pagsisisi.

### Ang Mga Hakbangin Upang Mabigyan ng Katotohanan ang Matatag na Pagpapasiya:

- Siya ay nararapat mangako sa kanyang sarili na hindi na niya babalikan ang anumang kanyang nagawang pagkakamali maging sa anupamang kalagayan at mga balakid. Sa katunayan ang Propeta ﷺ ay nagsabi: «Tatlong bagay na sinuman ang nagtataglay nito, ay katiyakang kanyang matatagpuan rito ang tamis ng Eeman [pananampalataya]» at nabanggit niya ang isa rito «Ang kanyang pagkamuhing bumalik sa kawalan ng pananampalataya matapos na siya ay iligtas dito ng Allah tulad ng kanyang pagkamuhi na siya ay ihagis sa Apoy». (Al-Bukhari: 21 – Muslim: 43)
- Ang pag-iwas sa mga tao at mga lugar na magdudulot ng kahinaan sa kanyang Eeman [pananampalataya] at magsasadlak sa kanya sa pagkakasala.

- Ang madalas na panalangin sa Allah na Tigib ng Kapangyarihan at Kapita-pitagan – sa pagpapanatili sa Kanyang Relihiyon hanggang sa kamatayan, maging sa anumang salita at wika, at ang ilan dito ay nakasaad sa Qur'an at Sunnah:
    - {Aming Panginoon! Huwag Mong hayaan na malihis ang aming mga puso (sa katotohanan) pagkaraang kami ay Iyong mapatnubayan}. Al-`Imran (3): 8
    - «O [Allah, Ikaw ang] Tagapagbago ng mga puso, Iyong panatilihin ang aking puso sa Iyong Relihiyon». (At-Tirmidi: 2140)

## Ano Ang Kasunod na Hakbangin Pagkatapos ng Tawbah (Pagsisisi)?

Kapag ang isang tao ay nagsisi at nagbalik-loob, katotohanang ang Dakilang Allah ay nagpapatawad sa lahat ng mga kasalanan gaano man ito kalaki at naging sukdulan, sapagka't ang Kanyang Habag ay sumasaklaw sa lahat ng bagay. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Sabihin: «O Aking mga alipin na nagkasala sa kanilang mga sarili! Huwag kayong mawalan ng pag-asa sa Habag ng Allah; sapagka't katotohanang ang Allah ay nagpapatawad ng lahat ng mga kasalanan. Katotohanan, Siya ang Mapagpatawad, ang Mahabagin}. Az-Zumar (39): 53

Kaya pagkaraan ng makatotohanan at wastong pagsisisi, ang isang Muslim ay tila isang sanggol na walang bahid na kasalanan. Katotohanang ang Allah ay naggagawad sa mga taong matatapat, sumusunod sa Kanya nang may kapakumbabaan at nagsisisi ng tunay na pagsisisi ng isang dakilang kabutihan: Papalitan Niya ang kanilang mga kasamaan ng mga kabutihan. Batay sa sinabi Niya na Tigib ng Kaluwalhatian at Kataas-taasan: {Maliban sa mga nagsisi at naniwala at gumawa ng kabutihan, papalitan ng Allah ang kanilang mga kasamaan ng kabutihan, at ang Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, Mahabagin}. Al-Furqan (25): 70

At sinuman ang ganito ang kanyang kalagayan, marapat lamang na kanyang samantalahin ang pagsasaayos ng naturang pagsisisi at gugulin ang mahahalagang bagay tungo sa kabutihang asal upang siya ay hindi mahulog sa mga patibong ni Satanas na maghahatid sa kanyang kapahamakan.



> **Matatagpuan ng isang Muslim ang tamis ng Eeman [Pananampalataya], kapag kanyang kinamuhian ang pagbalik sa kawalan ng paniniwala, tulad ng kanyang pagkamuhi na siya ay ihagis sa Apoy.**

## Ang Tamis ng Eeman [Pananampalataya]:

Sinuman na ang kanyang pagmamahal sa Allah at sa Kanyang Sugo ay naging pinakadakilang pagmamahal para sa kanya, at ang kanyang pagmamahal sa iba ay ayon sa sukat ng kanilang pagiging malapit sa Allah at sa kawastuhan ng kanilang panniniwala at pagiging Muslim, at kanyang kinamumuhian ang pagbalik sa kung ano ang kanyang nakagawian mula sa kawalan ng paniniwala, Shirk (pagtatambal sa Allah) at pagkaligaw, tulad ng kanyang pagkamuhi na siya ay sunugin sa Apoy, sa gayon, katiyakang, kanyang matatagpuan ang tamis ng Eeman [pananampalataya] at kasiyahan sa kanyang puso sapagkat kanyang matatagpuan rito ang lugod [o kasiyahan] ng Allah, kapanatagan at kasiyahan sa batas ng Allah at sa biyayang ipinagkaloob sa kanya sa pamamagitan ng patnubay. Batay sa sinabi niya ﷺ : «Tatlong bagay na sinuman ang nagtataglay nito ay kanyang matatagpuan rito ang tamis ng Eeman [Pananampalataya]: Na ang Allah at ang Kanyang Sugo ang kanyang pinakamamahal nang higit kaysa sa iba, at kanyang mamahalin ang isang tao na hindi niya minamahal ito kundi alang-alang sa Allah, at kanyang kinamuhian na siya ay bumalik sa kawalan ng paniniwala matapos na siya ay iligtas ng Allah mula rito, tulad ng kanyang pagkamuhi na siya ay ihagis sa Apoy». (Al-Bukhari: 21 – Muslim: 43).



## > Ang Pasasalamat sa Biyaya ng Patnubay at Pagsisisi

Kabilang sa pinakadakilang gawain ng isang Muslim bilang pasasalamat sa biyaya ng Allah sa kanya ay sa pamamagitan ng tapat na pagsisisi at patnubay:



### 1 Ang matatag [o mahigpit] na paghawak sa Paniniwala at pagtitiis sa kapinsalaan dito:

Kaya sinuman ang nagmay-ari ng isang mamahalin na kayamanan, siya ay magiging masigasig sa pangangalaga rito laban sa mga mapang-aabuso at magnanakaw, at babantayan niya ito laban sa lahat na magtatangka rito, at ang Islam ang pinakadakilang pamamatnubay sa lahat ng tao, at ito ay hindi lamang kusang pamamatnubay na pangkaisipan o isang kinagigiliwang libangan ng tao kung kailan niya nais, bagkus isang pananampalataya na mangangasiwa sa lahat ng buhay niya, sa kanyang mga kilos at itinitigil, at dahil dito ang Allah na Maluwalhati at Kataas-taasan ay nagsabi sa Kanyang Sugo, na siya ay Kanyang inuutusan na maging mahigpit na pagsunod sa Islam at Qur'an at huwag siyang magpabaya rito, sapagka't siya ay tunay na nasa matuwid na landas: {Kaya't panghawakan nang mahigpit ang ipinahayag sa iyo [O Muhammad]. Katotohanang ikaw ay nasa Matuwid na Landas}. Az-Zukhruf (43): 43

At dapat ay hindi nawawalan ng pag-asa ang isang Muslim kapag siya ay nakakaranas ng isang uri ng masakit na pagsubok pagkaraan ng kanyang pagyakap sa Islam, sapagka't ito ay isang pamamaraan ng Allah bilang pagsubok, at sino nga ba ang pinakamabuti sa atin, na hindi dumaan sa mga matitinding pagsubok, at sila ay nagtiis at nagsumikap sa pagpupunyagi, kabilang dito ang mga Propeta ng Allah na ang kanilang kasaysayan ay isinalaysay sa atin ng Allah, at kung paano dumating sa kanila ang iba't ibang uri ng masasakit na pagsubok sa mga malalapit na kamag-anak bago ang malalayong kamag-anak, subali't sila ay hindi nanghina sa mga kahirapang dumating sa kanilang pagtataguyod para sa landas ng Allah, at sila ay hindi nagbago at nag-iba. Samakatuwid, ito ay isang pagsusulit mula sa Allah para sa katapatan ng iyong Eeman [paniniwala] at lakas ng iyong pananalig, kaya hayaan ang sarili na kumapit sa sukat ng pagsusulit na iyan, at humawak nang mahigpit sa pananampalataya na ito, at humiling sa Allah, tulad ng kinagawian ng Propeta ﷺ na madalas siyang nanalangin sa pamamagitan ng kanyang pagsabi: "O [Allah na] Tagapagbago ng mga puso, Iyong panatilihing matatag ang aking puso sa iyong Relihiyon". (At-Tirmidi: 2140)

At batay sa kahulugan na ito, ang Allah na Maluwalhati at Kataas-taasan ay nagsasabi: {Inaakala baga ng sangkatauhan na sila ay hahayaan lamang na magsasabi: "Kami ay naniniwala", at sila ay hindi na susubukan? At katotohanang Aming sinubukan ang mga (taong) nauna sa kanila, kaya tunay na nababatid ng Allah nang hayagan kung sino sa kanila ang naging tapat, at tunay na nababatid din Niya kung sino (sa kanila) ang mga sinungaling}. Al-`Ankabut (29): 2-3

## 2 Ang pagsusumikap sa pag-aayaya rito sa pamamagitan ng mahusay na karunungan at magandang pangangaral:

Ang Da'wah [paanyaya sa Islam] ay isa sa pinakadakilang paraan ng pagpapakita ng pasasalamat sa Allah sa pagkakaloob Niya ng biyaya ng Islam sa tao, gayundin na ito ay mabisang paraan ng pananatiling matatag sa pagsunod sa relihiyon ng Allah. At sinuman ang nakaligtas mula sa mapanganib na sakit na nagdudulot sa kanya ng pagdurusa at pagkaraan ay natagpuan niya ang mabisang lunas para sa kanyang sakit, katiyakang siya ay masigasig sa pagpapalaganap nito sa mga tao, lalo na sa pagitan ng kanyang pamilya at mga kamag-anak at sa kanyang pinakamamahal na tao, at ito ay ipaliliwanag sa mga sumusunod:



### Ang Mga Kabutihan ng Pag-aanyaya sa Allah:

Ang pag-aanyaya sa Allah ay isa sa mga pinakamainam na gawain upang mapalapit [sa Allah], at ito ay ipinagkakapuri ng Qur'an at Sunnah. At ang mga ilan dito ay:

1 **Ang Pag-aanyaya sa Allah** ay daan sa tagumpay at pagtatagumpay sa mundong ito at sa Huling Araw. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {At hayaang lumitaw mula sa lipon ninyo ang isang pangkat na nag-aanyaya tungo sa kabutihan (Islam), nag-uutos ng mabuti at nagbabawal ng masama. At sila yaong magsisipagtagumpay}. Al-`Imran (3): 104

2 **Ang Pananalita ng Da`iyah (Taga-pag-anyaya)** ang pinakamabuti sa mga pananalita at ipinagkakapuri at pinakamamahal ng Allah. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah) bilang papuri sa pananalita ng isang Da`iyah: {At sino pa kaya ang higit na may mabuting pananalita kaysa sa kanya na nag-aanyaya (sa sangkatauhan) tungo sa Allah, at gumawa ng matuwid, at nagsasabi: "Katotohanang Ako ay kabilang sa mga Muslim (sumusuko at tumatalima sa Allah)?}. Fussilat (41): 33

Kaya walang matatagpuan na pananalita na higit pang mabuti kaysa sa kanyang pananalita, sapagka't siya ay isang tagapagturo ng patnubay sa mga tao at kanilang gabay sa pagsamba sa kanilang Panginoon, na kanilang Tagapaglikha at Tagapangasiwa, at Siyang humahango sa kanila mula sa mga kadiliman ng Shirk (pagtatambal sa Allah) tungo sa liwanag ng Eeman.

3 **Ang Da`wah ay pagpapatupad** sa Kautusan ng Allah na Tigib ng Kaluwalhatian. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Anyayahan mo [O Muhammad] (ang sangkatauhan) sa Landas ng iyong Panginoon nang may Hikmah (karunungan at mahusay na pamamaraan) at mabuting pangangaral, at makipagtalo ka sa kanila sa paraan na higit na mainam}. An-Nahl (16): 125

Kaya ipinag-utos sa isang Da`iyah na mag-anyaya siya sa Islam nang may karunungan at ilagay ang mga bagay sa tamang kinalalagyan nito, sa pamamagitan ng kanyang pagkilala sa mga taong inaaanyayahan upang kanyang piliin ang akmang pamamaraan ng pag-anyaya at pakikipagtalakayan sa kanila sa pinakamagandang paraan.

4 **Tunay na ito ang tungkulin** ng lahat ng Sugo, at ang pinakahuli sa kawing ng mga Sugo ay ang Propeta natin na si Muhammad ﷺ. katotohanang isinugo siya ng Allah bilang saksi sa sangkatauhan, at bilang tagapaghatid ng magandang balita sa mga naniniwala tungkol sa Paraiso at gantimpala, at tagapagbabala sa mga di-naniniwala tungkol sa Apoy at kaparusahan, at bilang tagapag-anyaya sa Allah na nagpapalaganap ng liwanag sa lahat ng mga tao – sumakanya nawa ang pagpapala ng Allah at kapayapaan. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {O Propeta (Muhammad)! Katotohanang ikaw ay Aming isinugo bilang isang saksi at tagapaghatid ng magandang balita at tagapagbabala, at bilang tagapag-anyaya sa (Landas ng) Allah ayon sa Kanyang Kapahintulutan, at bilang isang nagliliwanag na ilaw, Kaya magbigay ng magandang balita sa mga naniniwala, na para sa kanila ay malaking biyaya mula sa Allah}. Al-Ahzab (33): 45-47

5 **Ang Da`wah ay pinagmumulan** ng walang katapusang kabutihan, kaya sa bawat taong inaanyayahan at tumugon sa Da`wah ay magkakaroon ng katulad na gantimpala para sa kanyang Salah, sa kanyang Ibaadah (pagsamba) at sa pagtuturo sa mga tao, samakatuwid napakadakila ang biyaya ng Allah sa isang Da`iyah. Sinabi niya ﷺ : "Sinuman ang nag-anyaya tungo sa patnubay, sasakanya ang gantimpalang katulad ng mga gantimpala ng sinumang sumunod sa kanya, hindi ibabawas iyon sa kanilang mga gantimpala kahit bahagya." (Muslim: 2674)

6 **Ang gantimpala ng Da`iyah** (tagapag-anyaya) sa Allah ay higit na mabuti kaysa sa lahat ng karangyaan ng mundong ito, samakatuwid ang gantimpala ng Da`iyah ay tungkulin ng Allah, at ito ay hindi matatamo mula sa mga alipin [o tao], at ito ang dahilan kung bakit napakadakila ng gantimpalang ito. Sapagka't ang mapagkaloob ay hindi nagbibigay sa kanyang minamahal kundi karangalan. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Datapuwa't kung kayo ay magsitalikod, magkagayon, wala akong hinihingi sa inyo na anumang gantimpala, ang aking gantimpala ay mula lamang sa Allah, at ako ay pinag-utusan na maging kabilang sa mga Muslim (sumusuko at tumatalima sa kalooban ng Allah)}. Yunus (10): 72

At ang Propeta ﷺ ay nagsabi: "Kapag pinatnubayan ng Allah sa pamamagitan mo ang isang tao, ito ay nakabubuti sa iyo nang higit kaysa sa pagkakaroon mo ng pulang kamelyo [ibig sabihin, ikaw ay magkakaroon ng mga pinakamainam na gantimpala]". (Al-Bukhari: 2847 – Muslim: 2406).


## Ang Mga Pangangailangang [Katangian na Dapat Taglayin] ng Wastong Da`wah:

Inilarawan ng Allah ang wastong Da`wah ayon sa mga katangian na nagbibigay sa kanya ng kahigtan bukod sa iba pa sa kanya. At ito ay ang mga sumusunod:

### 1 Ang Tamang Pananaw at Kaalaman:

Ang Da`iyah ay nararapat nagtataglay ng kaalaman tungkol sa kanyang ipinag-aanyaya, malinaw niyang nailalarawan ang mga kautusan para sa tao. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Sabihin mo [O Muhammad]: "Ito ang aking daan; ako ay nag-aanyaya para sa (patnubay ng) Allah batay sa malinaw na kaalaman [katibayan], ako at yaong mga sumusunod sa akin}. Yusuf (12): 108

Ibig sabihin ay O ikaw na Propeta, sabihin mo: Ito ang siyang aking pamamaraan at pamamatnubay, na ako ay mag-aanyaya sa Allah batay sa kaalaman at karunungan, at ito ang pamamaraan din niyaong mga sumunod sa akin mula sa mga Da`iyah.



At hindi kinakailangan para sa isang Muslim na maging maalam sa maraming mga bagay upang mag-anyaya sa Allah, datapuwa't kung siya ay magkaroon ng kaalaman ito ay dapat niyang ituro, samakatuwid kapag nagkaroon siya ng kaalaman sa Kaisahan ng Allah sa pagsamba, kinakailangang kanyang ipaabot ito sa mga tao, at kapag nagkaroon ng kaalaman sa mga kabutihan ng Islam, kinakailangang kanyang ipaabot ito sa mga tao, maging kahit ito ay isang talata mula sa Qur'an. Batay sa sinabi niya ﷺ : "Ipaabot ninyo ang anumang inyong natutuhan mula sa akin maging ito man ay isang talata [ng Qur'an]". (Al-Bukhari: 3274)

At ganyan ang mga Sahabah (kasamahan ng Propeta) – sumakanila nawa ang lugod ng Allah – kanilang pinag-aaralan ang mga prinsipyo ng relihiyon [Islam] at mga saligan nito, at pagkatapos ay humahayo sila sa kanilang mga mamamayan upang mag-aanyaya sa kanila sa Islam at kanilang hinihikayat sila na yamakap dito, at ang kanilang ugali ang pinakamainam na tagahikayat sa mga tao sa pagyakap sa Islam.

## 2 Ang Hikmah (karunungan at mahusay na pamamaraan) sa Da`wah:

Ang Kataas-taasang Allah ay nagsabi: {Anyayahan mo [O Muhammad] (ang sangkatauhan) sa Landas ng iyong Panginoon nang may Hikmah (karunungan at mahusay na pamamaraan) at mabuting pangangaral, at makipagtalo ka sa kanila sa paraan na higit na mainam}. An-Nahl (16): 125

At ang Hikmah: Ito ay ang pagkakaroon ng kakayahang magkaroon ng makatuwirang pagpapasiya at magbigay ng tamang payo sa tamang panahon at lugar batay sa kanilang karanasan at kaalamang taglay.

At dahil sa pagkakaiba sa pagitan ng mga tao tungkol sa kanilang kaugalian at kakayahan o antas ng pang-unawa, kailangan ng isang Da`iyah na pumili ng angkop na paraan para sa kanila, at pagkakataon upang kanyang maihatid ang mensahe sa kanilang puso.

At ang lahat ng ito ay nangangailangan ng kahinahunan, kabaitan, pagmamalasakit at magandang pag-anyaya at hindi nagdudulot ng ibayong galit. At ito ang dahilan kung bakit ipinapayo ng Allah sa Kanyang Sugo ﷺ na siya ay maging isang mahinahon at mapagpaumanhin sa mga tao, at kung siya ay naging mahigpit, marahas at matigas, katiyakang silang mga tao ay magsisipaglayo sa kanya. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {At dahil sa Habag mula sa Allah, ikaw [O Muhammad] ay naging mahinahon sa kanila. At kung ikaw ay naging marahas at matigas ang puso, katiyakang sila ay magsisilayo sa iyong paligid}. Al-`Imran (3): 159

## Ang Pag-aanyaya sa pamilya:

**Nararapat para sa sinumang pinatnubayan ng Allah na makapasok sa Islam na maging masigasig sa pag-aanyaya sa kanyang pamilya at mga kamag-anak, sapagka't sila [mga kamag-anak] ang pinakamalapit na tao at pinakamamahal sa kanya, at dapat na maging matiisin sa mga daranasin mula sa kanila at magsikap makapagbigay ng mahusay na pamamaraan para rito. Batay sa sinabi ng Allah na Tigib ng Pagpapala at Kataas-taasan: {At iyong iutos ang pagdarasal sa iyong pamilya, at maging matiyaga (sa anumang hirap na iyong daranasin) dito}. Ta-Ha (20): 132**

At maaaring matagpuan ng ilang mga Da`iyah ang pagtanggap ng kanyang paanyaya [Da'wah] mula sa mga di-kamag-anakan at hindi niya ito matagpuan sa kanyang mga malalapit na kamag-anak, kaya siya ay masasaktan at mawalan ng pag-asa, nguni't ang Da`iyah ay kailanman ay hindi nawawalan ng pag-asa; at siya ay laging nagsisikap na akayin sila sa katotohanan [ng Islam] sa pamamagitan ng paggamit ng iba't-ibang pamamaraan kaakibat ng pagdarasal sa Dakilang Allah na nawa'y sila ay patnubayan maging sa mga pinakamahirap na kalagayan.

Tulad ng ginawa ng Sugo ﷺ sa kanyang tiyuhin na si Abu Talib na tumutulong sa kanya at nagtatanggol sa kanya sa harap ng mga Quraish, nguni't hindi rin yumakap sa Islam, at nanatili ang Propeta ﷺ sa paggawa ng iba't ibang paraan sa pag-aanyaya sa kanya hanggang sa mga huling sandali ng buhay nito habang kanyang sinasabi: "O aking minamahal na tiyuhin! Sabihin mo ang Laa ilaaha illallaah (Walang ibang Diyos [na dapat sambahin] maliban sa Allah), isang Salita na ipangangatuwiran ko para sa iyo sa harapan ng Allah". (Al-Bukhari: 3671 – Muslim: 24), subali't hindi niya tinugunan ang paanyaya at siya ay namatay sa kawalan ng paniniwala. Kaya ibinaba ang Salita ng Kataas-taasang Allah: {Katotohanang hindi mo mapapatnubayan [O Muhammad] ang sinumang iyong naisin; datapuwa't ang Allah ang namamatnubay sa sinumang Kanyang naisin, at Siya ang higit na nakakaalam sa mga (taong) tumatanggap ng patnubay}. Al-Qasas (28): 56

Samakatuwid, kailangan sa Da`iyah na magsikap sa abot ng kanyang kakayahan, at patuloy na ipalaganap ang relihiyon [Islam], at gabayan ang mga tao tungo sa kabutihan, datapuwa't ang mga puso ay nasa Kamay ng Allah, pinapatnubayan Niya ang sinumang Kanyang nais tungo sa matuwid na landas.



## > Ang Iyong Kapaligiran at ang Iyong Pamilya



Tungkulin ng isang bagong Muslim sa sandaling siya ay yumakap sa relihiyong Islam na kanyang patibayin ang kanyang mga pakikipag-ugnayan at kanyang pabutihin ang kanyang pakikitungo at pag-uugali sa lahat ng kanyang mga kakilala at mga kamag-anak, maging mga Muslim o bukod sa kanila. Samakatuwid, ang Islam ay hindi nag-aanyaya tungo sa pagkawatak-watak at paghihiwalay ng mga kamag-anak o mga malalapit na tao.

At ang pagmamagandang-loob sa mga tao at magandang pakikitungo sa kanila ay isa sa pinakamahusay na pamamaraan ng pagpapakilala at pag-aanyaya sa pananampalatayang Islam na siya ring dahilan ng pagkasugo sa Kanyang marangal na Sugo ﷺ upang gawing ganap ang kagandahang asal at pag-uugali.

At ang ating mga kasambahay at pamilya, sila ang unang dapat pakitaan ng magandang pag-ugali, pagpaparaya at marangal na pakikipag-ugnayan. (Tunghayan ang pahina: 243)

At ito ang ilan sa mga Islamikong alituntunin na kakailanganin ng bagong Muslim sa kanyang pamilya.

## > Ang Pamilya Pagkaraang Yumakap sa Islam

### Kapag Yumakap sa Islam Nang Magkasabay ang Mag-asawa:

- Kapag yumakap sa Islam ang mag-asawa nang sabay, ang bisa ng kanilang kasal ay mananatili nang hindi nangangailangan ng pagbabago sa kasunduan ng kasal.

**Nguni't hindi kabilang dito ang mga kalagayang sumusunod:**

1. Kung siya ay ikinasal sa isa sa kanyang mga Mahram, [o bawal pakasalan] tulad ng kanyang ina, o kapatid na babae, o tiyahin sa kanyang ama, o tiyahin sa kanyang ina, kinakailangang sila ay paghiwalayin sa oras ng kanilang pagyakap sa Islam. (Tunghayan sa pahina: 173).

2. Kapag siya ay ikinasal sa isang babae at sa kapatid na babae nito, o sa isang babae at sa tiyahin nito sa ama, o sa isang babae at tiyahin nito sa ina. Dapat niyang hiwalayan ang isa sa kanila.

3. Kapag siya ay yumakap sa Islam, kasama ng kanyang mga asawa, at ang kanyang mga asawa ay higit sa apat na babae: Sa gayon hindi ipinahihintulot sa kanya na panatilihin ang higit sa apat, samakatuwid siya ay nararapat na pumili ng apat mula sa kanila at hihiwalayan ang ibang natitira.

## Nguni't ano ang hatol kapag ang lalaki ay yumakap sa Islam at hindi yumakap sa Islam ang kanyang asawa?

Sa ganitong kalagayan, dapat nating isaalang-alang ang relihiyong kinabibilangan ng babae: Maaari na siya ay kabilang sa Angkan ng Kasulatan [Hudyo o Kristiyano], o siya ay kabilang sa ibang relihiyon, tulad ng Buddista, Hindu, o pagano [sumasamba sa mga diyus-diyosan], o siya ay walang kinikilalang diyos at hindi naniniwala sa mga relihiyon.

### 1 Ang asawang babae ay Hudyo o Kristiyano:

Kapag yumakap sa Islam ang isang lalaki samantalang ang kanyang asawang Hudyo o kristiyano ay hindi yumakap, samakatuwid ang gayong bisa ng kasal nito ay mananatili, sapagka't ang pag-aasawa ng isang Muslim sa isang Kristiyano o Hudyo ay pinahihintulot .

Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {Sa Araw na ito, ipinahihintulot para sa inyo ang tayyibat [lahat ng mabuti at malinis na pagkain]. At ang pagkain niyaong mga pinagkalooban ng Kasulatan [mga Hudyo at Kristiyano] ay ipinahintulot para sa inyo at ang inyong [mga pagkain] ay ipinahihintulot din para sa kanila. At [ipinahihintulot para sa inyo upang pakasalan] ang mga malilinis na babae mula sa mga naniniwala at ang mga malilinis na babae mula sa mga pinagkalooban ng Kasulatan na nauna sa inyo}. Surah Al-Maidah (5): 5

Nguni't kailangan niyang maging masigasig sa pag-aanyaya rito at pamamatnubay sa lahat ng mga paraan at daan.

### 2 Ang Asawang Babae ay Hindi Hudyo o Kristiyano:

Kapag ang isang lalaki ay yumakap sa Islam at ang kanyang asawa ay tumangging yumakap sa Islam, at siya [asawang babae] ay hindi kabilang sa lipon ng Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano), bagkus siya ay isang Buddista, o Hindu, o pagano o bukod dito, samakatuwid dapat isaalang-alang ang sumusunod:

Magkagayon, siya ay dapat maghihintay sa Iddah [palugit na panahon] para sa isang hiniwalayan, at ang alituntunin nito ay tulad ng nasa katapat na talahanayan.

- At kung [ang babae] yumakap sa Islam habang nasa panahon ng Iddah [paghihintay] nito, magkagayon siya ay kanyang asawa pa rin at hindi na nangangailangan ng panibagong kasunduan sa kasal.
- Subali't kung [ang asawang babae] ay tumangging yumakap sa Islam hanggang matapos ang ibinigay sa kanya na palugit, ang kasal ay mawawalan ng bisa.


Nguni't kung kailan natapos ang Iddah [panahon ng paghihintay], saka siya yumakap sa Islam, magkagayon maaari niyang hinging muli ang kamay nito [para pakasalan] kung nais niya. Batay sa sinabi ng Allah na Tigib ng Kaluwalhatian at Kataas-taasan: {Gayundin naman, huwag ninyong panatilihin ang mga kasunduan (na namamagitan sa inyo at sa) mga babaeng di-naniniwala}. Al-Mumtahanah (60): 10

Ibig sabihin ay huwag ninyong panatilihin sa inyong pangangasiwa ang isang babaeng di-naniniwala na hindi kabilang mula sa lipon ng Angkan ng Kasulatan matapos ang pagyakap mo sa Islam.

## Ang Iddah (panahon ng paghihintay) ng babaeng hiniwalayan:

| | |
|---|---|
| 1 | Kung siya [babae] ay pinakasalan ng lalaki at siya [babae] ay hindi naangkin nito (o sila ay hindi nagtalik bagkus nagkaroon lamang ng kasunduan sa kasal): Magkagayon, mahihiwalayan niya ito at ang pakikipag-ugnayan niya rito ay nagwakas ng dahil sa diborsiyo, at sa oras ng kanyang pagyakap sa Islam. Ang Kataas-taasang (Allah) ay nagsabi: {O kayong mga naniniwala! Kapag inyong pinakasalan ang mga naniniwalang babae, at pagkatapos, sila ay inyong hiniwalayan (diniborsyo) bago pa ninyo sila sinipingan, kung gayon, hindi na kinakailangan na kayo ay magpalipas ng Iddah (panahon ng paghihintay) para sa kanila}. Al-Ahzab (33): 49 |
| 2 | Ang Iddah (panahon ng paghihintay) ng isang nagdadalang tao: Magtatapos ito sa oras na naipanganak niya ang kanyang dinadala, maging ito man ay mahaba o maikling panahon. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {At sa kanila na nagdadalang-tao, ang kanilang takdang panahon ay hanggang sa maipanganak nila ang kanilang dinadala}. At-Talaq (65): 4 |
| 3 | Kung siya ay hindi nagdadalang-tao at dinaratnan pa rin ng buwanang regla, ang kanyang Iddah ay tatlong magkasunod na pagreregla pagkaraan ng diborsiyo o pagkaraan ng pagyakap ng asawang lalaki sa Islam; ibig sabihin - ang kanyang paghihintay na panahon ay natatapos kapag siya ay nakapagligo matapos ang ikatlong kalinisan, magkagayon ang kanyang Iddah ay tapos na. Batay sa sinabi Niya, ang Kataas-taasang (Allah): {At ang mga nahiwalay na babae (diborsiyada) ay maghihintay sa kanilang sarili ng (palugit na) tatlong regla}. Surah Al-Baqarah (2): 228 |
| 4 | Kung siya ay hindi nakararanas ng pagreregla sanhi ng kanyang kabataan, o katandaan nito at pagtigil ng pagreregla, o ng sakit na panghabang-buhay, sa gayon ang kanyang Iddah ay tatlong buwan simula na siya ay idiborsiyo o simula ng pagyakap sa Islam ng kanyang asawa. Batay sa sinabi Niya na Kataas-taasang (Allah): {At sa inyong kababaihan na lumagpas na sa panahon ng kanilang buwanang dalaw (regla), kung kayo ay may alinlangan (tungkol sa kanilang panahon), magkagayon, ang kanilang Iddah (natatakdaang panahon) ay tatlong buwan, gayundin sa kanila na wala pang buwanang regla.} Surah At-Talaq (65): 4 |

## Kapag Hindi Yumakap sa Islam Ang Asawang Babae:



Siya ba ay isang Angkan ng Kasulatan (Hudyo o Kristiyano)?

**Hindi** / **Oo**

**Oo:** ang kasal ay mananatili sa kalagayan nito at hindi nangangailangan ng pagbago, at dapat sa lalaki na anyayahan ang kanyang asawa ayon sa lahat ng tamang mga pamamaraan.

**Hindi:** Kung siya ay hindi isang Angkan ng Kasulatan, magkagayon kanyang aanyayahan siya sa Islam, at pagkatapos ay titingnan natin, kung siya ba ay yumakap sa Islam sa panahon ng Iddah (Tunghayan ang Iddah sa talahanayan na katapat)?

**Hindi** / **Oo**

**Oo:** Siya ay asawa niya sa Islam at hindi sila nangangailangan ng panibagong kasunduan.

**Hindi:** Kung siya ay tumanggi sa Islam hanggang sa matapos ang Iddah, ang kasunduan ay nawalan na ng bisa, at kung kailan siya ay yumakap sa Islam, maaari silang magbalikan sa isa't isa sa panibagong kasunduan.

## Ano ang hatol kapag yumakap sa Islam ang babae at hindi yumakap sa Islam ang kanyang asawa?



Kapag yumakap nang magkasabay sa Islam ang mag-asawang di-Muslim: Sila ay mananatili sa kanilang kasal, kung hindi siya kabilang sa mga ipinagbabawal na mag-asawa sa kanya, sa pagiging isa siya sa kanyang Mahram, tulad nang kung siya ay kanyang kapatid na lalaki, o tiyuhin sa ama o tiyuhin sa ina (Tunghayan ang pahina: 223)

**Datapuwa't kapag yumakap sa Islam ang babae at tumangging yumakap sa Islam ang kanyang asawa:**

Magkagayon, sa sandali ng kanyang pagyakap sa Islam, ang kasunduan sa kasal ay pinawawalang-bisa, at ang asawang babae ay maaaring pumili:

- Siya ay maaaring maghihintay hanggang ang kanyang asawa ay yumakap sa Islam, at nararapat niyang gawin ang lahat ng paraan at paanyaya sa Kanya sa pagpapaliwanag sa relihiyong Islam at patuloy siyang manalangin sa Allah para sa kanyang patnubay, at kung yumakap sa Islam kahit matapos ang mahabang panahon, sa gayon siya ay makakabalik sa kanya batay sa unang kasal habang siya ay naghihintay sa kanya, datapuwa't hindi ipinahihintulot sa kanya na hayaan niyang makipagtalik sa kanya hanggang hindi ito yumayakap sa Islam.

- At kung magagawa niya, maaari niyang hilingin ang diborsiyo kapag napagalaman na niya na walang nang pag-asa sa paghihintay ng kanyang pagyakap sa Islam.

At sa dalawang kalagayan, hindi niya dapat hayaang makipagtalik sa kanya ang kanyang asawang hindi Muslim simula sa oras ng kanyang pagyakap sa Islam. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {At kung inyong napatunayan na sila ay naniniwala, magkagayon, sila ay huwag ninyong hayaang bumalik sa mga di- naniniwala. Sila (mga babaeng naniniwala) ay hindi pinahihintulutan para sa kanila (na maging asawa) at sila rin (mga di-naniniwala) ay hindi pinahihintulutan para sa kanila}. Al-Mumtahanah (60}:10

At batay dito, tungkulin ng babae sa simula ng pagyakap niya sa Islam na gawin ang mga sumusunod:

1. **Sa simula** ng kanyang pagyakap sa Islam, tungkulin ng babae na magmadali sa pag-aanyaya sa kanyang asawa sa Islam sa pamamagitan ng lahat ng mahuhusay na paraan at magandang pangangaral.

2. **Kung tumanggi** ang asawang lalaki sa Islam at hindi siya nagtagumpay sa paghikayat nito matapos ang iba't ibang pagsubok, at nawalan na rin ng pag-asa rito. Sa gayon, kailangan niyang magmadali at simulan ang mga alituntunin ng paghihiwalay at diborsiyo.

3. **Ang panahon** na iginugugol sa mga alituntunin ng diborsiyo – kahit pa tumagal ito – ay itinuturing pa rin ang kasunduan ng kasal sa kanilang dalawa na isang kasunduang ipinahihintulot, samakatuwid kung kailan man yumakap sa Islam ang kanyang asawa sa panahong ito at kahit hanggang sa pagkatapos na ng Iddah ay babalik siya sa kanya sa unang kasunduan, at kapag natapos ang mga alituntunin, magkagayon katotohanang ang kasunduan ay nawalan na ng bisa.

4. **Ipinahihintulot** sa babae ang manatili sa tahanan ng kanyang asawa sa panahon ng paghihintay bago matapos ang mga alituntunin ng diborsiyo, at ipinagbabawal sa kanya na makipagtalik sa kanyang asawang di-Muslim simula ng kanyang pagyakap sa Islam.

## Ang Pagyakap sa Islam ng Mga Kabataan:

Ayon sa katuruan ng Islam, ang lahat ng mga tao ay ipinanganak na Muslim, may likas na paniniwala sa Allah [ito ang tinatawag na Al-Fitrah (likas na paniniwala) nguni't sila ay iminulat at pinasunod lamang sa ibang mga relihiyon dahil ito ang iminulat ng mga magulang sa kanila. Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ : "Walang isa mang naipapanganak maliban na ipinanganak ito sa Al-Fitrah [ipinanganak na may likas ng paniniwala sa Allah]. Samakatuwid, ang kanyang mga magulang ang nagtakda sa kanya bilang isang Hudyo, o isang Kristiyano o isang Pagano". (Al-Bukhari: 1292 – Muslim: 2656).

Nguni't hinggil sa mga anak ng magulang na di-Muslim ating itinuturing sila bilang mga di-Muslim sa mundong ito; kung sila ay mamatay sa murang gulang, magkagayon ang Allah na Tigib ng Kapangyarihan at Kapita-pitagan ang Siyang pinakamakatarungang Tagapaghatol at Siya ang nakaaalam sa lihim at nakatago, at sila ay Kanyang idadaan sa pagsusulit at pagsubok sa Araw ng Pagbabangong Muli, at sinuman ang sumunod, siya ay makapapasok sa Paraiso, samantalang ang sinumang sumuway, ay papasok sa Apoy.

At nang tanungin ang Sugo ng Allah ﷺ tungkol sa mga anak ng mga Mushrikun (mapagtambal sa Kaisahan ng Allah). Siya ay nagsabi: "Ang Allah na Siyang lumikha sa kanila ang higit na nakaaalam sa kung ano ang kanilang lagi nang ginagawa". (Al-Bukhari: 1317).

## Nguni't kailan natin maaaring ituring ang mga anak ng mga magulang na di-Muslim bilang Muslim sa mundong ito?

**Upang mapapatunayan ito, mayroon itong iba't ibang kalagayan. Ang ilan dito ay:**

1. Kapag yumakap sa Islam ang dalawang magulang, o yumakap sa Islam ang isa sa kanila, magkagayon ang bata ay nararapat sumunod sa sinuman sa kanyang dalawang magulang na may pinakamabuting pananampalataya.

2. Kapag yumakap sa Islam ang isang bata na may wastong pag-iisip kahit wala pa sa tamang gulang at kahit hindi pa yumakap sa Islam ang kanyang mga magulang. Sa katunayan, may isang batang Hudyo na naglilingkod sa Propeta ﷺ at ito ay nagkasakit, kaya dumalaw sa kanya ang Propeta ﷺ at siya ay naupo sa bahaging ulo nito. Siya ay nagsabi sa kanya: "Tanggapin mo ang Islam", kaya siya [ang bata] ay tumingin sa kanyang ama na naroroon sa kanya, at ang ama naman ay nagsabi sa kanya: Sundin mo si Abu Al-Qasim ﷺ , kaya yumakap siya sa Islam, at lumabas ang Propeta ﷺ habang siya ay nagsasabi: "Ang lahat ng pagpupuri ay sa Allah na nagligtas sa kanya mula sa Apoy". (Al-Bukhari: 1290)

Ang kanya bang mga magulang ay sabay na yumakap sa Islam o ang isa lamang sa kanila?

Hindi | Oo

(Oo) Siya ay itinuturing bilang Muslim at siya ay dapat na pakitunguhan batay sa mga alituntuning nauukol sa mga Muslim.

(Hindi) Siya ba ay yumakap sa Islam nang malaya sa kanyang pamilya?

Hindi | Oo

(Oo) Ang mga Muslim maalam [iskolar] ay nagkaisang sumasang-ayon na siya ay itinuturing bilang isang Muslim kung kanyang nabibigyang kaibahan ang tama at mali, at ang gayong kaalaman ay makapagliligtas sa kanya sa kabilang buhay.

(Hindi) Hinggil sa mga anak ng magulang na di-Muslim ating itinuturing sila bilang mga di-Muslim sa mundong ito; kung sila ay mamatay sa murang gulang, magkagayon ang Allah na Tigib ng Kapangyarihan at Kapita-pitagan ang Siyang pinakamakatarungang Tagapaghatol at Siyang nakaaalam sa lihim at nakatago, at sila ay idadaan Niya sa pagsusulit at pagsubok sa Araw ng Pagbabangong Muli, at sinuman ang sumunod, siya ay makapapasok sa Paraiso, samantalang ang sinumang sumuway ay papasok sa Apoy.

## > *Nakabubuti bang magpalit ng pangalan matapos ang pagyakap sa Islam?*




Sa pananaw ng Islam, ipinahihintulot ang pananatili ng isang Muslim sa kanyang pangalan matapos ang pagyakap niya sa Islam nang walang pagpapalit, at ang pagbabago sa mga pangalan ay hindi kilala sa panahon ng mga Sahabah (kasamahan ng Propeta) – sumakanila nawa ang lugod ng Allah. Sa katunayan, maraming tao ang yumakap sa Islam, nguni't nanatili sila sa kanilang mga pangalan na hindi Arabik, maliban kung ito ay nagpapahiwatig ng masamang kahulugan, sa gayon ay dapat magpalit dahil sa masamang kahulugan nito.

### Samakatuwid, itinatagubilin ang pagpapalit ng pangalan sa mga sumusunod na kalagayan:

1 **Kapag ang pangalan ay nagpapahiwatig ng pagkaalipin sa iba bukod sa Allah o naglalaman ng kahulugan na sumasalungat sa Pananampalatayang Islam:**

Tulad ng pangalan na Abdul Masih (alipin ng Mesiyas) o Abdun Nabi (alipin ng Propeta) o malapit sa kahulugan nito, o di kaya ang kahulugan ng pangalan ay sumasalungat sa Pananampalataya, tulad ng pangalang Shunudah na nangangahulugan ng (anak ng Allah), Luwalhati sa Allah at Siya ay Mataas sa anumang iniaakibat nila sa Kanya.

O ang pagpapangalan ng isang pangalan na ito ay partikular na natatangi lamang sa Allah na Kataas-taasan, at sa Kanyang mga Katangian:

Tulad ng pag-aanib sa isang alipin sa isang bagay na natatangi lamang ito sa Allah na Tigib ng Kapangyarihan at Kapita-pitagan, tulad ng pagpapangalan ng Malik Al-Muluk (ang hari ng mga hari) at mga nakakatulad nito.

2 **Kung ang pangalan ay nakakasakit at nagpapahiwatig ng masamang asal na hindi kinalulugdan ng mga tao.**

Samantalang ang Allah na Kataas-taasan ay tunay na nagbawal sa atin ng mga marurumi sa mga pagkain at inumin at sa lahat ng bagay na nauukol sa buhay na ito, kaya hindi dapat nagpapangalan ng pangalan na marumi ang kahulugan at pahiwatig matapos ang pagyakap sa Islam. Batay sa sinabi ng Kataas-taasang (Allah): {Tunay na napakasamang tawagin [sa pangalang nagpapahiwatig ng] pagkasuwail matapos na magkaroon ng Eeman [pananampalataya]}. Surah Al-Hujurat (49): 11

## Nakabubuti ang pagpapalit sa pangalan:

Kapag ang bagong pangalan ay kaaya-aya sa Allah, tulad ng pagpapalit ng pangalang Abdullah (alipin ng Allah), Abdul Rahman (alipin ng Mahabagin) at anumang pagpapaalipin sa Allah na Tigib ng Kapangyarihan at Kapita-pitagan, at ito ay kabilang sa mga kaaya-ayang pangalan, nguni't iyon ay walang kaugnayan sa kanya sa pagpasok niya sa Islam.

- Ipinahihintulot sa kanya ang pagpalit sa kanyang pangalan nang walang pasubali at kahit walang dahilan, tulad ng pagpalit sa kanyang pangalang banyaga sa pangalang arabik, nguni't ito ay hindi kabilang sa mga kaaya-aya at hindi nakaugnay sa pagpasok niya sa Islam.



Ang kahulugan ba ng pangalan ay sumasalungat sa pananampalataya at pananalig?

Hindi → (susunod na tanong)

Oo → Kinakailangan ang pagpapalit ng pangalan na nagdadala ng kahulugang ito.

Ang pangalan ba ay may pahiwatig na pangrelihiyon mula sa mga di-Muslim, o tanyag sa pagitan ng mga relihiyoso sa lipon ng mga di-Muslim?

Hindi → (susunod na tanong)

Oo → Dapat palitan ito bilang pag-iwas sa Fitnah (mga tukso) at paglayo sa panggagaya.

Ito ba ay nagdadala ng masamang kahulugan at hindi sinasang-ayunan ng mga taong mararangal?

Hindi → (susunod)

Oo → Ikinabubuti ang pagpalit nito sa pangalan na nagdadala ng magandang kahulugan.

Kapag hindi nagdadala ng isa sa naunang mga kahulugan, magkagayon hindi kinakailangan ang pagpapalit nito, sapagka't sa katotohanan marami sa mga Muslim sa unang paglaganap ng Islam na nagpanatili sa kanilang mga pangalan na hindi arabik nang walang pagpapalit. At ipinahihintulot sa kanya ang pagpalit ng kanyang pangalan nang walang pasubali at kahit walang dahilan, sapagka't higit na nakabubuti kapag ang pagpapalit ay may mga kaaya-ayang kahulugan na kinalulugdan ng Allah, tulad ng pangalang Abdullah o Abdur-Rahman.

## > Sunan Al-Fitrah (Ang Mga Mabubuting Likas na Kaugalian)



> Nais ng Islam sa isang Muslim na siya ay nasa pinakamagandang hubog [at kaayusan].

### Ano ang tinutukoy na Sunan Al-Fitrah?

**Ang Sunan Al-Fitrah** ay ang mga gawaing likas na nilikha ng Allah para sa mga tao. Ito ang siyang nagbibigay kaganapan sa isang Muslim sa pamamagitan ng paggawa nito, upang lagi niyang taglayin ang mga pinakamainam na katangian at pinakamagandang hubog, sapagka't pinangalagaan ng Islam ang mga aspeto ng kagandahan at kaganapan para sa isang Muslim upang manatili sa kanya ang kabutihan na nakalantad at nakatago.

Sinabi niya ﷺ : "Ang Fitrah (likas na kaugalian) ay lima: Ang pagtuli, ang pag-ahit, ang paggupit ng bigote, ang pagputol ng mga kuko at ang pagbunot ng buhok sa kilikili". (Al-Bukhari: 5552 – Muslim: 257)

**Ang pagtuli:** Ito ay ang pagtanggal ng balat sa unahang bahagi ng ari [ng lalaki], at kadalasan ay isinasagawa ito sa unang mga araw ng pagkasilang.

At ito ay kabilang sa mga mabubuting gawain at kaaya-ayang kaugaliang likas sa lalaki, at mayroon itong ilang mga kabutihang pangkalusugan, nguni't ito ay hindi isang patakaran sa pagyakap sa Islam, at hindi pagkakasala para sa isang Muslim kung hindi man siya nakapagtuli sanhi ng kanyang pagkatakot rito, o sa anupamang ibang kadahilanan.

**Ang pag-ahit:** Ito ay ang pagtanggal ng mga balahibong tumutubo sa maselang bahagi ng isang tao at gayundin sa mga bahaging singit sa pamamagitan ng pag-ahit nito, o sa anupamang ibang pamamaraan.

**Ang paggupit ng bigote:** Ang pagkakaroon ng bigote ay kabilang sa mga ipinahihintulot, nguni't kung pananatilihin ito ng isang Muslim, kailangang huwag niyang hayaan na ito ay humaba nang labis, bagkus kailangang panatilihin ito sa takdang haba nito nang may kaukulan o wastong pagputol at pagbawas.


**Ang pagpapahaba ng balbas:** Ang Islam ay humihimok [sa mga kalalakihan ng] pagpapahaba ng balbas, at ito ay ang buhok na tumutubo sa magkabilang panga at baba.

At ang kahulugan na hayaan ito at panatilihin, at huwag gupitin ay tanda ng pagsunod sa Sunnah ng Propeta ﷺ .

**Ang pagputol ng mga kuko:** At ang isang Muslim ay nararapat na pinangangalagaan ang mga kuko sa pamamagitan ng pananatili nito sa tamang putol upang hindi magmistulang lugar ng mga dumi at kasalaulaan.

**Ang pagbunot nga mga buhok sa kilikili:** At ang isang Muslim ay nararapat na tanggalin ang buhok sa kilikili sa pamamagitan ng pagbubunot nito o ng iba pang nakapagtatanggal upang maiwasan ang di-kaaya-ayang amoy nito.






# *Ang Katapusan ng Aklat*

## Paano Ang Iyong Magiging Pangalawang Hakbang?

Sa pamamagitan ng iyong pagtatapos sa aklat na ito, iyong nabuo nang ganap ang unang hakbang sa pag-aaral mo ng mga [mahahalagang] kaalaman na iyong kakailanganin sa iyong pananampalataya [relihiyong Islam], magkagayon ang kulang na lamang sa iyo ay maging masigasig ka sa pagsasakatuparan ng lahat ng iyong natutunan at kaalinsabay nang pagsasabuhay mo nito, sapagka't ang kaalaman na wala sa gawa at walang pagsasakatuparan ay nagiging isang pabigat sa sinumang nagtataglay nitong [kaalaman] sa Araw ng Paghuhukom.

Karagdagan nito, ikaw ay nararapat na magsumikap para sa pag-aaral ng mga bagay na kakailanganin mo na maaaring hindi mo natagpuan sa pahina ng aklat na ito mula sa mga mapagkakatiwalaan [at mapananaligang] pinagkukuhanang kaalaman hinggil sa Islam.

At ang isang Muslim gaano man ang inabot ng kanyang Eeman [paniniwala] ay nangangailangan pa rin ng karagdagang patnubay. Kaya matutunghayan natin sa Al-Fatihah - ang pinakadakilang Surah (kabanata) ng Aklat ng Allah [Qurán] ang paulit-ulit na pagbigkas ng isang Muslim sa kanyang mga pagdarasal sa araw-araw nang maraming ulit [bilang pagsusumamo ng patnubay sa Allah]. {Patnubayan Mo po kami sa matuwid na landas}. Surah Al-Fatihah (1): 6

## Kaya Inyong Katakutan Ang Allah sa Abot Nang Inyong Makakayanan:

Kailanman ay hindi mo matatagpuan sa aklat na ito at maging sa iba pa rito ang isang lubusan [at kabuuang] kasagutan sa lahat ng mga kalagayan at kaganapan na iyong kinakaharap [sa ngayon at sa darating pang panahon]. Kaya bukod sa pagtatanong mula sa mga Maalam [mga Muslim iskolar], kailangan mong magsikap [sa iyong sarili] upang magkaroon ka ng [tunay na] takot sa Allah sa abot ng iyong makakaya sa mga pagbabago (na iyong mararanasan sa iyong buhay), sa mga kaganapan at iba't ibang pakikipag-ugnayan sa pang-araw-araw na hindi mo magagawang isangguni sa mga nakaaalam. Batay sa patunay mula sa isang marangal na talata ng Qur'an: {Kaya inyong katakutan ang Allah sa abot ng inyong makakayanan}. At-Taghabun (64): 16

**Pangalagaan mo ang iyong mga kapatid na Muslim at maging malapit ang iyong damdamin sa kanila:**

Maging malapit ka sa iyong mga kapatid na Muslim at gawing madalas ang iyong pagdalaw sa mga Islamikong Tanggapan at makihalubilo ka sa kanila sa kanilang mga kasayahan at [makiramay] sa kanilang mga kalungkutan. Sa katotohanan, inuutusan ng Dakilang Allah ang Propeta ﷺ :

{At panatilihin mo sa pagtitiis ang iyong sarili [O Muhammad] kasama niyaong mga nananalangin sa kanilang Panginoon sa umaga at hapon, na naghahangad ng Kanyang Mukha (Lugod}. Surah Al-Kahf (18): 28

Tulad ng babala ng Sugo ng Allah sa pagiging malayo mula sa kapatid na Muslim upang huwag na hindi matulad sa isang tupang nag-iisa [na maaaring lapain ng isang mabangis na lobo].

Sinabi ng Propeta ﷺ : «Dapat kayong magsama-sama, sapagka't ang lagi nang nilalapa ng lobo ay ang tupang nalalayo [o nawawalay mula sa kawan nito]». (Almustadrak 567).

At dahil dito, ang pagiging malapit ng isang Muslim sa kanyang mga kapatid na Muslim sa pangkalahatan at ang kanyang pananatili sa kanila ay isa sa mga pinakamagandang paraan ng pagtatamo ng kabutihan, ng patnubayan at ng katatagan [ng Eeman].

Kaya paano na lamang ang isang nagsisimula pa lang na tumahak [sa landas ng Islam] na nangangailangan ng isang katuwang at hahatak ng kanyang kamay (bilang gabay) tungo sa kabutihan.

Naway ipakita at ipagkaloob sa iyo ng Dakilang Allah ang Kanyang gabay habang buhay at ikaw ay Kanyang patatagin sa Kanyang relihiyon [sa pamamagitan ng pagpapalawak ng iyong kaalaman sa Islam] at Kanyang igawad sa iyo ang Kanyang mga pagpapala maging hayagan man o lihim sa mundong ito at sa kabilang buhay.




دليل المسلم الجديد

The New Muslim **Guide**

**Guide** du converti musulman

ለአዲስ ሰለምቴዎች መመሪያ

**Ang Gabay** Para sa Bagong Muslim

**Vodič** novom muslimanu

新改宗者のためのガイドブック

**La guida del nuovo musulmano**

**새내기 무슬림을 위한 지침서**

**Handbuch für den neuen Muslim**

नव मुस्लिम मार्गदर्शिका

**Guia para o novo muçulmano**

新穆斯林指南

**Руководство** для принявшего ислам

**Guía para el Nuevo Musulmán**


U.K -Birmingham
B11 1AR
Tel : +441214399144

K.S.A-Riyadh
Tel: +966112922240
Fax: +966112922205

www.newmuslimguide.com
www.guide-muslim.com
info@modern-guide.com